
# Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan

## Lorenzo Snow



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# LORENZO SNOW

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

**Serye ng mga Aklat na *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan***

*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (aytem bilang 36481 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (35554 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (35969 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (36315 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (36787 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (35744 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (35970 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (36786 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* (36492 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (35892 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (36500 893)

Para makakuha ng kopya ng mga aklat na ito, magpunta sa inyong lokal na distribution center o bisitahin ang store.lds.org. Makakakuha rin ng elektronikong kopya ng mga aklat sa LDS.org.

Ang iyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay pasasalamatan. Isumite po lamang ang mga ito sa Curriculum Development, 50 East North Temple Street, Room 2404, Salt Lake City, UT 84150-0024 USA.

E-mail: cur-development@ldschurch.org

Isulat lamang ang iyong pangalan, address, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang iyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan ng aklat at mga bahaging maaari pang pagandahin.

© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Pagsang-ayon sa Ingles: 8/02
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/02
Pagsasalin ng *Teachings of Presidents of the Church: Lorenzo Snow*
Tagalog
36787 893

# Mga Nilalaman


Pambungad . . . vii

Buod ng Kasaysayan . . . xi

Ang Buhay at Ministeryo ni Lorenzo Snow . . . 1

1 Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya . . . 39

2 Pagbibinyag at ang Kaloob na Espiritu Santo . . . 51

3 Habambuhay na Pagbabago: Patuloy sa Pagsulong sa mga Alituntunin ng Katotohanan . . . 65

4 Pinalakas ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo . . . 77

5 Ang Maluwalhating Tadhana ng Matatapat . . . 91

6 Pagiging Perpekto sa Harap ng Panginoon: "Mas Bumubuti sa Bawat Araw" . . . 103

7 Katapatan sa mga Oras ng Pagsubok: "Mula sa Kadiliman Tungo sa Maluwalhating Liwanag" . . . 119

8 "Siyasatin Mo Ako, Oh Dios, at Alamin Mo ang Aking Puso" . . . 133

9 Sagradong mga Pag-uugnayan ng Pamilya . . . 143

10 "Pumasok sa mga Templo" . . . 155

11 "Hindi Ko Pinaghahanap ang Aking Sariling Kalooban, Kundi ang Kalooban ng Ama" . . . 167

12 Ikapu, Isang Batas para sa Ating Proteksyon at Pag-unlad . . . 179

13 Relief Society: Tunay na Pag-ibig sa Kapwa at Dalisay na Relihiyon . . . 191

14 "Sa Diyos Lahat ng Bagay ay Posible" . . . 199


15 Tapat at Masigasig na Paglilingkod sa Kaharian ng Diyos . . . 209

16 "Upang Tayo ay Maging Isa" . . . 221

17 Priesthood—"para sa Kaligtasan ng Mag-anak ng Tao" . . . 233

18 Pamumuno sa Simbahan at Di-Makasariling Paglilingkod . . . 245

19 Gawaing Misyonero: "Maantig ang Puso ng Bawat Tao" . . . . . 255
20 Sumusulong ang Kaharian ng Diyos . . . . . 267
21 Pagmamahal sa Diyos nang Higit Kaysa Pagmamahal Natin sa Mundo . . . . . 281
22 Paggawa ng Mabuti sa Kapwa . . . . . 291
23 Si Propetang Joseph Smith . . . . . 299
24 Mga Paggunita sa Misyon ni Jesucristo . . . . . 311
Listahan ng mga Larawan . . . . . 321
Indeks . . . . . 323



Lorenzo Snow

# Pambungad

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpasimula ng seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* para tulungan kayong palalimin ang inyong pag-unawa sa ipinanumbalik na ebanghelyo at lalo kayong mapalapit sa Panginoon sa pamamagitan ng mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Sa pagdaragdag ng Simbahan ng mga aklat sa seryeng ito, makakakolekta kayo ng mga reperensyang aklat ng ebanghelyo sa inyong tahanan. Ang mga tomo sa seryeng ito ay nilayong magamit sa personal na pag-aaral at sa pagtuturo sa araw ng Linggo. Matutulungan rin kayo nitong ihanda ang iba pang mga aralin o mensahe at sagutin ang mga tanong tungkol sa doktrina ng Simbahan.

Tampok sa aklat na ito ang mga turo ni Pangulong Lorenzo Snow, na naglingkod bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Setyembre 13, 1898, hanggang Oktubre 10, 1901.

---

**Personal na Pag-aaral**

Habang pinag-aaralan ninyo ang mga turo ni Pangulong Lorenzo Snow, mapanalanging hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo. Ang mga tanong sa dulo ng bawat kabanata ay makatutulong upang maunawaan ninyo ang mga turo ni Pangulong Snow at maiangkop ang mga ito sa inyong buhay. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga turong ito, maaari ninyong isipin kung paano ninyo ito ibabahagi sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan. Palalakasin nito ang pag-unawa ninyo sa inyong binabasa.

## Pagtuturo mula sa Aklat na Ito

Ang aklat na ito ay nilayong gamitin sa tahanan at sa simbahan. Matutulungan kayo ng sumusunod na mga patnubay na magturo mula sa aklat.

### *Maghandang Magturo*

Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo habang naghahanda kayong magturo. Mapanalanging pag-aralan ang nakatalagang kabanata upang magkaroon kayo ng tiwala sa pagkaunawa ninyo sa mga turo ni Pangulong Snow. Makapagtuturo kayo nang mas taimtim at mabisa kapag personal kayong naimpluwensyahan ng kanyang mga salita (tingnan sa D at T 11:21).

Kung nagtuturo kayo ng aralin sa Melchizedek Priesthood o Relief Society, hindi ninyo dapat isantabi ang aklat na ito o ihanda ang mga aralin mula sa iba pang mga materyal. Mapanalanging piliin mula sa kabanata ang mga turong sa pakiramdam ninyo ay makatutulong nang malaki sa mga tinuturuan ninyo. Ang ilang kabanata ay naglalaman ng mas maraming materyal kaysa kaya ninyong talakayin sa oras ng klase.

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na pag-aralan ang kabanata bago ituro ang aralin at dalhin nila ang aklat. Kapag ginawa nila ito, magiging mas handa silang makilahok sa talakayan at patatagin ang isa't isa.

### *Pasimulan ang Kabanata*

Habang pinasisimulan ninyo ang kabanata, at sa buong aralin, sikaping lumikha ng kapaligiran na maaantig ng Espiritu ang mga puso at isipan ng inyong mga tinuturuan. Upang masimulan ang aralin, tulungan ang mga tinuturuan ninyo na magtuon sa mga turo sa kabanata. Pag-isipan ang sumusunod na mga ideya:

- Basahin at talakayin ang bahaging pinamagatang "Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow" sa simula ng kabanata.
- Talakayin ang isang larawan o banal na kasulatan na nasa kabanata.
- Sama-samang awitin ang isang kaugnay na himno.

- Ibahagi nang kaunti ang isang personal na karanasan tungkol sa paksa.

### *Pangunahan ang Talakayan Tungkol sa mga Turo ni Pangulong Snow*

Habang nagtuturo kayo mula sa aklat na ito, anyayahan ang iba na ibahagi ang kanilang iniisip, magtanong, at turuan ang isa't isa. Kapag aktibo silang nakikibahagi, magiging mas handa silang matuto at tumanggap ng personal na paghahayag. Hayaang magpatuloy ang magagandang talakayan sa halip na sikaping talakayin ang lahat ng turo. Upang makahikayat ng talakayan, gamitin ang mga tanong sa bawat kabanata. Ang mga tala sa kabuuan ng bawat kabanata ay tumutukoy sa mga tanong na iyon. Maaari din kayong gumawa ng sarili ninyong mga tanong na nauukol sa mga tinuturuan ninyo.

Ang sumusunod na mga opsiyon ay maaaring magbigay sa inyo ng karagdagang mga ideya:

- Ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang natutuhan nila mula sa kanilang personal na pag-aaral ng kabanata. Maaaring makatulong ang pagkausap sa ilang miyembro ng klase sa loob ng linggong iyon at papuntahin sila na handang ibahagi ang kanilang natutuhan.
- Atasan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling tanong sa dulo ng kabanata (nang isa-isa o sa maliliit na grupo). Ipahanap sa kanila ang mga turo sa kabanata na may kaugnayan sa mga tanong. Pagkatapos ay ipabahagi sa kanila sa grupo ang kanilang mga iniisip at ideya.
- Sama-samang basahin ang mga piling pahayag ni Pangulong Snow mula sa kabanata. Magpabahagi sa mga miyembro ng klase ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at mula sa sarili nilang karanasan na naglalarawan ng itinuro ni Pangulong Snow.
- Papiliin ng isang bahagi ang mga miyembro ng klase at ipabasa ito nang tahimik sa kanila. Anyayahan silang maggrupu-grupo na may dalawa o tatlong katao na iisang bahagi ang pinipili at talakayin ang kanilang natutuhan.

### *Maghikayat ng Pagbabahagi at Pagsasabuhay*

Ang mga turo ni Pangulong Snow ay magiging lubos na makahulugan sa mga miyembro ng klase na nagbabahagi nito sa iba at ipinamumuhay ito. Pag-isipan ang sumusunod na mga ideya:

- Itanong sa mga miyembro ng klase kung paano nila maiaakma ang mga turo ni Pangulong Snow sa kanilang mga responsibilidad bilang mga magulang o bilang mga home teacher o visiting teacher.
- Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang ilan sa mga turo ni Pangulong Snow sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan.
- Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang natutuhan nila at ibahagi ang kanilang mga karanasan sa simula ng susunod na klase.

### *Tapusin ang Talakayan*

Ibuod nang maikli ang aralin o ipabuod ito sa isa o dalawang miyembro ng klase. Patotohanan ang mga turo na inyong natalakay. Maaari din ninyong ipabahagi sa iba ang kanilang mga patotoo.

---

## Impormasyon Tungkol sa mga Pinagkunang Binanggit sa Aklat na Ito

Ang mga turo sa aklat na ito ay tuwirang sinipi mula sa mga sermon, inilathalang mga artikulo, liham, at journal ni Pangulong Lorenzo Snow. Sa lahat ng sipi mula sa kanyang mga liham at journal, ang pagbabantas, pagbabaybay, pagpapalaki ng mga titik, at pag-aayos ng mga talata ay inayon sa pamantayan.

Gayundin, madalas gamitin ni Pangulong Snow ang mga katagang tulad ng *kalalakihan, lalaki,* o *sangkatauhan* sa pagtukoy sa lahat ng tao, kapwa lalaki at babae. Karaniwan ito sa wikang ginamit sa kanyang panahon. Sa kabila ng mga kaibhan ng makaluma sa makabagong wika, angkop ang mga turo ni Pangulong Snow kapwa sa kababaihan at sa kalalakihan.

# Buod ng Kasaysayan

Ang sumusunod na cronolohiya ay nagbibigay ng maikling buod ng kasaysayan para sa mga turo ni Pangulong Lorenzo Snow na nakalahad sa aklat na ito.

| | |
|---|---|
| Abril 3, 1814 | Isinilang sa Mantua, Ohio, kina Rosetta Leonora Pettibone Snow at Oliver Snow. |
| 1832 | Narinig na mangaral si Propetang Joseph Smith sa Hiram, Ohio. |
| 1835 | Umalis ng bahay para mag-aral sa Oberlin College sa Oberlin, Ohio. Nakilala si Elder David W. Patten ng Korum ng Labindalawang Apostol sa daan. |
| 1836 | Umalis ng Oberlin College at lumipat sa Kirtland, Ohio, para mag-aral ng Hebreo. Tinanggap ang ipinanumbalik na ebanghelyo at nabinyagan at nakumpirma sa buwan ng Hunyo. Naorden kalaunan bilang elder. Tumanggap ng patriarchal blessing mula kay Joseph Smith Sr. sa buwan ng Disyembre. |
| 1837 | Nangaral ng ebanghelyo sa Ohio. |
| Oktubre 1838 hanggang Mayo 1840 | Naglingkod sa isa pang misyon, na nangangaral ng ebanghelyo sa Ohio, Missouri, Kentucky, at Illinois at nagtatrabaho bilang guro sa paaralan noong taglamig ng 1839–40. |

| | |
|---|---|
| Mayo 1840 | Umalis ng Nauvoo, Illinois, upang magmisyon sa England. Sa ilalim ng pamamahala ng Korum ng Labindalawang Apostol, namuno sa Simbahan sa London, England, at sa mga karatig na lugar. Naglathala ng isang polyetong pinamagatang *The Only Way to Be Saved*. |
| Abril 12, 1843 | Dumating sa Nauvoo, Illinois, kasama ang 250 nabinyagang mga Banal sa mga Huling Araw mula sa England. |
| Mga huling buwan ng 1843 at mga unang buwan ng 1844 | Nagturo sa paaralan sa Lima, Illinois. |
| 1844 | Namahala ng isang kampanya sa Ohio na iboto si Joseph Smith bilang pangulo ng Estados Unidos. Nagbalik sa Nauvoo matapos malaman na pinaslang sina Joseph at Hyrum Smith, na nangyari noong Hunyo 27. |
| Enero 1845 | Inatasan ni Pangulong Brigham Young na maglakbay papuntang Ohio at mangolekta ng mga donasyon para sa pagtatayo ng Nauvoo Temple. |
| 1845 | Nagkaroon ng mahigit sa isang asawa si Lorenzo Snow, tulad ng ginagawa sa Simbahan noon, nang pakasalan niya sina Charlotte Squires at Mary Adaline Goddard. |
| Pebrero 1846 | Umalis ng Nauvoo kasama ang mga miyembro ng pamilya at iba pang mga Banal sa mga Huling Araw matapos nilang matanggap ang mga endowment at mabuklod sa Nauvoo Temple. |

| | |
|---|---|
| 1846 hanggang 1848 | Nanirahan sila ng kanyang pamilya sa isang pamayanang tinatawag na Mount Pisgah sa estado ng Iowa. Namuno sandali sa pamayanan. Noong tagsibol ng 1848, namuno sa isang grupo ng mga Banal papuntang Salt Lake City. |
| Pebrero 12, 1849 | Naorden bilang Apostol sa Salt Lake City. |
| 1849 | Nangolekta ng mga donasyon para sa Perpetual Emigrating Fund. |
| 1849 hanggang 1852 | Nagmisyon sa Italy. Naglingkod din sa England, kung saan pinamahalaan niya ang paglalathala ng Aklat ni Mormon sa Italian, at sa Switzerland at Malta. Inilathala ang isang polyetong pinamagatang *The Voice of Joseph*. |
| 1852 | Nahirang sa Utah State Legislature. |
| 1853 | Tinawag ni Pangulong Brigham Young na mamuno sa isang pamayanan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Box Elder County, na nasa hilagang Utah. Pinangalanang Brigham City ang pangunahing lungsod. Naglingkod nang maraming taon bilang pinuno sa Simbahan at sa komunidad. |
| Marso 1864 hanggang Mayo 1864 | Kasama ang isang grupong pinamunuan ni Elder Ezra T. Benson ng Korum ng Labindalawa, nagmisyon sandali sa Hawaiian Islands. |
| Oktubre 1872 hanggang Hulyo 1873 | Kasama ang isang grupong pinamunuan ni Pangulong George A. Smith, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, nilibot ang mga bahagi ng Europe at Middle East, pati na ang Banal na Lupain. Naglakbay siya sa kahilingan ni Pangulong Brigham Young. |

| | |
|---|---|
| 1882 | Ipinasa ng United States Congress ang Edmunds Act, na ginagawang krimen ang pagkakaroon ng mahigit sa isang asawa [plural marriage] at pinagbawalan ang mga sangkot sa poligamya na bumoto, kumandidato, o maging hukom. |
| Agosto 1885 hanggang Oktubre 1885 | Nagmisyon sa mga American Indian sa hilagang-kanlurang Estados Unidos at sa estado ng Wyoming. |
| Marso 12, 1886, hanggang Pebrero 8, 1887 | Nakulong dahil sa pagkakaroon ng mahigit sa isang asawa. |
| 1887 | Ipinasa ng United States Congress ang Edmunds-Tucker Act, isa pang batas laban sa poligamya, na tinutulutan ang federal government na kumpiskahin ang malaking bahagi ng mga lupain ng Simbahan. Naging batas ito noong Marso 3, 1887. |
| Mayo 21–23, 1888 | Binasa ang panalangin ng paglalaan sa mga sesyon ng paglalaan ng Manti Utah Temple. Inilaan ni Pangulong Wilford Woodruff ang templo noong Mayo 17. |
| Abril 7, 1889 | Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. |
| Mayo 19, 1893, hanggang Setyembre 1898 | Naglingkod bilang unang pangulo ng Salt Lake Temple. |
| Setyembre 2, 1898 | Naging senior Apostle at namumuno ng Simbahan nang mamatay si Pangulong Wilford Woodruff. Tumanggap ng banal na paghahayag sa Salt Lake Temple, kung saan pinagbilinan siya ng Panginoon na ituloy ang muling pag-oorganisa ng Unang Panguluhan. |

| | |
|---|---|
| Setyembre 13, 1898 | Sinang-ayunan ng Korum ng Labindalawang Apostol bilang Pangulo ng Simbahan. Nagsimulang maglingkod bilang Pangulo. |
| Oktubre 9, 1898 | Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan sa pangkalahatang kumperensya. |
| Oktubre 10, 1898 | Itinalaga bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |
| Mayo 1899 | Naglakbay papuntang St. George, Utah, kung saan tumanggap siya ng paghahayag na ipangaral ang batas ng ikapu sa mga Banal. Sinimulang ibahagi ang mensaheng ito sa St. George at pinangunahan ang pagsisikap na ibahagi ito sa buong Simbahan. |
| Enero 1, 1901 | Inilathala ang isang pagpapahayag na pinamagatang “Greeting to the World” para salubungin ang ika-20 siglo. |
| Oktubre 10, 1901 | Namatay sa Salt Lake City, Utah, sa edad na 87. |

# Ang Buhay at Ministeryo ni Lorenzo Snow

Nang mangabayo ang 21-taong-gulang na si Lorenzo Snow paalis sa tahanan ng kanyang mga magulang isang araw noong 1835, nagtungo siya sa Oberlin College sa Oberlin, Ohio. Hindi niya akalain na sa maikling paglalakbay na ito, magkakaroon siya ng isang karanasang magpapabago sa takbo ng kanyang buhay.

Pagdaan niya sa lansangan ng kanyang bayang-sinilangang Mantua, Ohio, nakilala niya ang isang lalaking nakakabayo rin. Ang lalaking ito, na ang pangalan ay David W. Patten, ay naorden kamakailan lang bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo. Pabalik ito sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Kirtland, Ohio, matapos makapaglingkod sa isang misyon. Magkasamang naglakbay nang mga 30 milya (50 kilometro) ang dalawa. Kalaunan ay isinalaysay ni Lorenzo Snow:

"Napunta sa relihiyon at pilosopiya ang aming usapan, at dahil bata pa ako at nakapag-aral, noong una ay babalewalain ko sana ang kanyang mga opinyon, lalo na't mali-mali ang gramatika niya; ngunit habang patuloy niyang tapat at mapagpakumbabang binubuksan ang aking isipan tungkol sa plano ng kaligtasan, tila hindi ko mapaglabanang hindi tanggapin na siya ay isang taong maka-Diyos at totoo ang kanyang sinasabi."[1]

Si Lorenzo Snow ay hindi miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw nang makilala niya si Elder Patten, ngunit pamilyar siya sa ilang katuruan ng Simbahan. Sa katunayan, napuntahan na ni Propetang Joseph Smith ang tahanan ng pamilya Snow, at nabinyagan at nakumpirmang mga miyembro ng Simbahan ang ina at mga kapatid na babae ni Lorenzo na sina Leonora at Eliza. Gayunman, si Lorenzo, tulad ng sabi niya, ay "abala sa ibang mga bagay" noon, at ang gayong mga bagay ay "lubos na naalis sa [kanyang] isipan."[2] Nagsimulang magbago iyon



*Ama ni Lorenzo Snow, si Oliver Snow*

nang makausap niya si Elder Patten. Tungkol sa karanasang iyon, sinabi niya, "Ito ay napakahalagang sandali sa buhay ko."[3] Inilarawan niya kung ano ang nadama niya sa kanilang pag-uusap:

"Naantig ang puso ko. Malinaw na naunawaan niya ito, sapagkat halos ang huling sinabi niya sa akin matapos magpatotoo ay na dapat akong manalangin sa Panginoon bago matulog sa gabi at ako mismo ang magtanong sa kanya. Ginawa ko ito at magmula nang makilala ko ang dakilang Apostol na ito, lahat ng mithiin ko sa buhay ay lumaki at naging mas mabuti."

Ang "lubos na katapatan, kasigasigan at espirituwal na lakas" ni Elder Patten[4] ay nagkaroon ng walang-hanggang impluwensya sa binatang balang-araw ay maglilingkod bilang Apostol. At ang tahimik na pag-uusap na iyon ay humantong sa iba pang mga karanasang maghahanda kay Lorenzo Snow na maging Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang tagapagsalita ng Diyos sa lupa.

---

## Paglaki sa Isang Tahanang Puno ng Pananampalataya at Kasipagan

Nagkasama ang dalawang matatag na pamilya, sagana sa pananampalataya at tradisyon sa relihiyon, nang pakasalan ni Oliver Snow si Rosetta Leonora Pettibone noong Mayo 6, 1800. Ang magkasintahan ay mga inapo ng ilan sa pinakaunang Europeong nanirahan sa Estados Unidos—mga manlalakbay na mula sa Inglatera na tumawid ng Atlantic Ocean noong 1600s para takasan ang pang-uusig sa kanilang relihiyon. Nanirahan sina Oliver at Rosetta sa unang ilang taon ng kanilang pagsasama sa estado ng Massachusetts, kung saan isinilang ang mga anak nilang sina Leonora Abigail at Eliza Roxcy. Pagkatapos ay lumipat sila sa Mantua, Ohio, na noon ay isa sa mga pamayanan sa pinakamalayong kanluran sa Estados Unidos. Sila ang ikalabing-isang pamilyang lumipat sa lugar. Sa Mantua, dalawa pang anak na babae, sina Amanda Percy at Melissa, ang isinilang sa pamilya. Si Lorenzo, ang ikalima at unang anak na lalaki nina Oliver at Rosetta, ay isinilang sa Mantua noong Abril 3, 1814. Kalaunan ay nagkaroon siya ng dalawang nakababatang kapatid: sina Lucius Augustus at Samuel Pearce.[5]

Gamit ang mga tradisyon ng kanilang pamilya, itinuro nina Oliver at Rosetta sa kanilang mga anak ang kahalagahan ng pananampalataya, kasipagan, at edukasyon. Nang ikuwento nila ang mahihirap na naranasan nila para mabuo ang kanilang tahanan, natuto ang kanilang mga anak na huwag panghinaan ng loob at pasalamatan ang mga pagpapala ng Diyos sa kanilang buhay. Isinulat ni Eliza: "Talagang masasabi namin tungkol sa aming mga magulang na ang kanilang integridad ay hindi matatawaran, at mapagkakatiwalaan sila sa lahat ng pakikitungo sa buhay at pagnenegosyo; at maingat nilang tinuruan ang kanilang mga anak na magsipag, magtipid, at maging disente."[6] Nagpasalamat si Lorenzo na lagi nila siyang pinakikitunguhan nang buong "pagmamahal at magiliw."[7]

Nang lumaki na si Lorenzo, masigasig siyang gumawa sa temporal at intelektuwal na mga aktibidad. Kadalasan ay wala sa bahay ang kanyang ama, na naglilingkod sa komunidad "sa pagsisilbi sa publiko." Kapag wala si Oliver, si Lorenzo, ang kanyang panganay na anak na lalaki, ang namamahala sa sakahan—isang responsibilidad na sineryoso niya at matagumpay na isinagawa. Kapag hindi nagtatrabaho si Lorenzo, karaniwan ay nagbabasa siya. "Ang kanyang aklat," sabi ni Eliza, "ang lagi niyang kasama."[8]

Sa paggunita sa gumagandang personalidad ni Lorenzo, naobserbahan ni Eliza, "Bata pa ay nagpakita na [siya] ng kasigasigan at katatagan ng pagpapasiya na nakita rin sa buong buhay niya."[9]

---

## Pagdaig sa mga Hilig ng Kabataan

Sina Oliver at Rosetta Snow ay naghikayat ng tapat na pag-aaral tungkol sa relihiyon. Hinayaan nilang matuto ang kanilang mga anak tungkol sa iba't ibang simbahan, at binuksan ang kanilang pintuan sa "mabubuti at matatalinong tao sa lahat ng sekta." Sa kabila ng panghihikayat na ito, si Lorenzo ay "hindi gaano o ni hindi pinansin ang paksa ukol sa relihiyon, o hindi iyon sapat para makapagdesisyon kung aling sekta ang sasapian."[10] Ang pangarap niya ay maging pinunong-militar, at higit na nangibabaw ang pangarap na ito sa iba pang mga bagay sa buhay niya, "hindi dahil mahilig siya sa digmaan," pagsulat ng mananalaysay na si Orson F. Whitney, kundi dahil siya ay "naakit sa karangalan at kagitingan ng isang

militar."[11] Ngunit hindi nagtagal at napalitan ng iba ang ambisyong ito. Nilisan niya ang kanilang tahanan at nag-enroll sa kalapit na Oberlin College para mag-aral sa "kolehiyo."[12]

Nang mag-aral si Lorenzo sa Oberlin, nagkaroon siya ng panibagong interes sa relihiyon. Naimpluwensyahan pa rin ng pinag-usapan nila ni Elder Patten, hindi lamang niya pinagnilayan ang mga doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo kundi ibinahagi niya ang mga ito sa iba sa Oberlin—kahit sa mga nag-aaral para maging pastor. Sa isang liham sa kapatid niyang si Eliza, na naroon kasama ng mga Banal sa Kirtland, isinulat niya: "Sa mga pastor at magiging pastor ay matagumpay ako, iyan ang titiyakin ko sa iyo, sa pagtataguyod ng Mormonismo. Totoong kaunti pa lang ang nakukumbinsi kong sumapi, dahil ako mismo ay hindi pa sumasapi, subalit halos napaamin ko na ang ilan sa kanila na nakakita sila ng ilang [katalinuhan] sa inyong mga doktrina. Hindi madaling alisin



*Si Lorenzo Snow ay bininyagan at kinumpirma sa Kirtland, Ohio, noong Hunyo 1836, dalawang buwan matapos ilaan ang Kirtland Temple, na nakalarawan dito.*

ang matinding diskriminasyon laban sa Mormonismo sa isipan ng isang estudyante sa Oberlin."

Sa liham ding ito, sumagot si Lorenzo sa imbitasyong natanggap niya mula kay Eliza. Inayos ni Eliza ang lahat upang tumira si Lorenzo sa kanyang bahay sa Kirtland at mag-aral ng Hebreo sa klaseng dinadaluhan ni Propetang Joseph Smith at ng ilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabi niya: "Natutuwa akong malaman na labis kang nasisiyahan sa Kirtland; bagaman sa ngayon ay hindi ako interesadong lumipat sa lugar ninyo; subalit kung ang mga pagkakataong makapag-aral diyan ay pareho, palagay ko ay baka gustuhin ko nang lumipat diyan. Dahil, kung wala nang iba, matutuwa ako at marahil ay makikinabang sa pakikinig sa ipinangaral na mga doktrinang iyon na matagal ko nang pinagsisikapang ipagtanggol at suportahan dito sa Oberlin."

Kahit humanga si Lorenzo sa mga doktrina ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nag-atubili siyang sumapi sa Simbahan. Pero interesado siya. Sa kanyang liham kay Eliza, marami siyang tanong tungkol sa Simbahan. Sinabi niya na ang mga estudyante sa Oberlin na naghahandang maging pastor ay kailangang "maglaan ng pitong taon o mahigit pa para mag-aral nang husto bago sila payagang magsalita sa mga taong hindi naniniwala na may Diyos sa Langit, gaya ng isang abugado na dapat magkaroon ng ilang kwalipikasyon bago siya bigyan ng pahintulot na magsalita." Sa kabila nito, sinabi niya sa kanyang kapatid, "Palagay ko mas umaasa ang mga tao ninyo sa banal na tulong kaysa sa natututuhan sa kolehiyo, kapag nangaral kayo ng inyong mga doktrina." Nagpahayag siya ng hangaring maunawaan ang mga paramdam ng Espiritu, na tinatanong kung maaaring ipagkaloob ang Espiritu Santo sa mga tao "sa panahong ito." Kung maaaring matanggap ng mga tao ang Espiritu Santo, tanong niya, "lagi bang ipinagkakaloob ito ng Diyos sa pamamagitan ng ibang tao?"[13] Sa madaling salita, gusto niyang malaman kung kailangan ang awtoridad ng priesthood para matanggap ang Espiritu Santo.

Pinahahalagahan ni Lorenzo ang kanyang mga kaibigan at ang natutuhan niya sa Oberlin College, ngunit unti-unti siyang hindi nasiyahan sa mga turo doon tungkol sa relihiyon. Kalaunan nilisan niya ang kolehiyo at tinanggap ang imbitasyon ng kanyang kapatid

na mag-aral ng Hebreo sa Kirtland. Sinabi niya na klase lang sa Hebreo ang dinaluhan niya para makapaghanda siya sa pag-aaral sa isang kolehiyo sa silangang Estados Unidos.[14] Gayunman, napansin ni Eliza na bukod pa sa pag-aaral ng Hebreo, "marami rin siyang natutuhan tungkol sa walang-hanggang Ebanghelyo, at napuspos ang kanyang puso ng pananampalataya rito."[15] Hindi naglaon at natagpuan niya ang mga sagot sa mga tanong niya sa Oberlin College, at noong Hunyo 1836 bininyagan siya ni Elder John Boynton, isa sa orihinal na mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol sa dispensasyong ito. Nakumpirma rin siyang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Pagkaraan ng halos dalawang linggo tinanong siya ng isang kaibigan, "Brother Snow, natanggap mo na ba ang Espiritu Santo mula nang binyagan ka?" Paggunita niya, "Halos makadama ako ng pagkalito at kalungkutan sa tanong na iyon. Ang totoo ay, kahit natanggap ko na ang lahat ng kailangan ko, marahil ay hindi ko pa natanggap ang inaasam ko"—ibig sabihin ay bagaman nakumpirma na siya, hindi pa siya nakatanggap ng espesyal na paghahayag ng Espiritu Santo. "Hindi ako nasiyahan," wika niya, "hindi sa nagawa ko, kundi sa sarili ko. Taglay ang damdaming iyon pagsapit ng gabi ay nagpunta ako sa isang lugar kung saan ko nakasanayang manalangin sa Panginoon." Lumuhod siya para manalangin at agad na nakatanggap ng sagot sa kanyang mga panalangin. "Hinding-hindi iyon mabubura sa aking alaala hangga't may alaala ako," sabi niya kalaunan. ". . . Nakatanggap ako ng lubos na kaalaman na may isang Diyos, na si Jesus, na namatay sa Kalbaryo, ay Kanyang Anak, at na natanggap ng Propetang si Joseph ang awtoridad na sinasabi niyang taglay niya. Hindi maipaliwanag ang kasiyahan at kaluwalhatian ng paghahayag na iyon! Nagbalik ako sa aking tinitirhan. Mapatototohanan ko na ngayon sa buong mundo na alam ko, nang buong katiyakan, na ang Ebanghelyo ng Anak ng Diyos ay naipanumbalik na, at na si Joseph ay isang Propeta ng Diyos, binigyan ng karapatang magsalita sa Kanyang pangalan."[16]

Napalakas ng karanasang ito, inihanda ni Lorenzo ang kanyang sarili na maging misyonero. Sabi nga ng kapatid niyang si Eliza, ang kanyang pagbabago ay humantong sa pagbabago sa kanyang mga ambisyon at "nagbukas ng mga bagong oportunidad sa kanya."



*Elder Lorenzo Snow*

Sinabi niya, "Sa halip na katanyagang militar sa mundong ito, pumasok na siya sa labanan ng mga kampeon kasama ang mga hukbo ng langit."[17]

## Pagharap sa mga Hamon Bilang Full-Time Missionary

Sinimulan ni Lorenzo Snow ang kanyang misyon sa estado ng Ohio noong tagsibol ng 1837. Gaya ng desisyon niyang sumapi sa Simbahan, kinailangan niyang baguhin ang kanyang mga pananaw at plano nang magdesisyon siyang maglingkod bilang full-time missionary. Isinulat niya sa kanyang journal, "Noong 1837 lubos [kong] kinalimutan ang lahat ng gusto kong gawin."[18] Tinalikuran niya ang plano niyang makapag-aral ng "classical education" sa isang kolehiyo sa silangang bahagi ng Estados Unidos.[19] Pumayag din siyang maglakbay nang walang dalang supot o salapi—sa madaling

salita, humayo nang walang pera, na umaasa sa kabutihan ng iba na maglaan ng pagkain at tirahan. Lalong mahirap ito para sa kanya dahil noong kabataan niya lagi niyang nadarama na mahalagang mabuhay sa sarili, gamit ang perang kinita nila ng kanyang ama sa bukirin ng pamilya. Sabi niya: "Hindi ako sanay umasa kaninuman para sa pagkain o tirahan. Kung papunta ako sa malayo, titiyakin ng aking ama na marami akong pera para sa mga gastusin ko. At ngayon, napakahirap sa akin ang lumabas at manghingi ng makakain at matutulugan, dahil ibang-ibang iyon sa nakasanayan ko."[20] Siya ay "nagpasiyang gawin iyon," ngunit dahil lamang sa tumanggap siya ng "tiyak na kaalaman na iniutos iyon ng Diyos."[21]

Dumalo ang ilan sa mga tiyo, tiya, pinsan, at kaibigan ni Elder Snow sa mga unang pulong na idinaos niya bilang misyonero. Nang gunitain niya ang unang pagkakataong nangaral siya, sinabi niya: "Medyo mahiyain pa ako noon, at . . . hirap na hirap akong humarap at mangaral sa mga kaanak ko at kapitbahay na nagsidating doon. Naaalala ko na halos buong araw akong nanalangin bago noong gabing nagsalita ako. Lumabas akong mag-isa at hiniling ko sa Panginoon na ituro sa akin ang sasabihin. Sinabi sa akin ng tiya ko pagkatapos na halos manginig siya nang makita akong umakyat para magsalita, pero ibinuka ko ang aking bibig, at hindi ko nalaman kailanman kung ano ang aking sinabi, ngunit sabi ng tiya ko ay maganda raw ang sinabi ko sa loob ng halos 45 minuto."[22] Ginunita niya nang may pasasalamat: "Naniwala ako at natiyak ko na ibibigay ng Espiritu ng inspirasyon ang aking sasabihin. Nanalangin ako at nag-ayuno—nagpakumbaba ako sa harapan ng Panginoon, tumawag sa Kanya sa taimtim na panalangin na bahaginan ako ng kapangyarihan at inspirasyon ng banal na Priesthood; at habang nakatayo ako sa harapan ng kongregasyong iyon, bagaman hindi ko alam ang sasabihin, nang buksan ko ang aking bibig para magsalita, sumaakin ang Espiritu Santo, pinuspos ng liwanag ang aking isipan at binigyan ako ng mga ideya at wastong pananalitang ibabahagi ko sa kanila."[23] Nang lisanin niya ang lugar, nabinyagan at nakumpirma niya ang isang tiyo, isang tiya, at ilang pinsan at kaibigan.[24]

Matapos ibahagi ang ebanghelyo sa kanyang pamilya at mga kaibigan, patuloy na nagmisyon si Elder Snow sa ibang mga lungsod at bayan, sa loob ng mga isang taon. Iniulat niya, "Habang nasa

misyong ito, naglakbay ako sa iba't ibang bahagi ng Estado ng Ohio, at noon ay nabinyagan ko ang maraming taong nanatiling tapat sa katotohanan."[25]

Halos kauuwi pa lang ni Lorenzo Snow mula sa una niyang misyon nang madama niya ang pagnanais na muling ipangaral ang ebanghelyo. "Napakatindi ng diwa ng pagmimisyon sa aking isipan," wika niya, "kaya't nasabik akong magmisyong muli."[26] Sa pagkakataong ito ipinangaral niya ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa mga estado ng Missouri, Kentucky, at Illinois at muli sa Ohio.

Galit ang ilang tao kay Elder Snow at sa mensaheng kanyang ibinahagi. Halimbawa, ikinuwento niya ang isang karanasan niya sa Kentucky nang magtipon ang isang grupo ng mga tao sa bahay ng isang tao para pakinggan siyang mangaral. Pagkatapos niyang mangaral, nalaman niya na plano ng ilan sa mga tao na saktan siya pagkaalis niya. Naalala niya na "sa gitna ng pagsisiksikan ng mga tao" sa bahay, isa sa mga lalaki ang "hindi sadyang naipasok ang kanyang kamay sa isa sa mga bulsa ng amerikana ko, na bigla niyang ikinatakot." Nang may maramdamang matigas na bagay sa bulsa ni Elder Snow, agad niyang binalaan ang kanyang mga kaibigan na may baril ang misyonero. Kalaunan ay isinulat ni Elder Snow, "Sapat na iyon—kinalimutan ng mga salarin ang masama nilang balak." Medyo natutuwang idinagdag pa ni Elder Snow, "Ang inakala nilang baril na ikinatakot nila at nagprotekta sa akin, ay ang maliit kong Biblia, na isang mahalagang regalo sa akin ng pinakamamahal na Patriarch, si Amang Joseph Smith [Sr.]"[27]

Tinanggap ng ibang tao si Elder Snow at ang mensaheng ibinahagi niya. Sa isang pamayanan sa Missouri tinuruan niya ang limang taong nabinyagan sa gitna ng taglamig. Kinailangang basagin ni Elder Snow at ng iba ang yelo mula sa ilog para maisagawa niya ang ordenansa. Sa kabila ng lamig, ilan sa mga nagbalik-loob ang "umahon mula sa tubig, na pumapalakpak, at sumisigaw ng mga papuri sa Diyos."[28]

Ang unang dalawang misyon ni Elder Snow ay nagtagal mula tagsibol ng 1837 hanggang Mayo 1840. Inilarawan sa mga bahagi ng kanyang mga liham ang panahong ito ng paglilingkod sa Panginoon: "Ginugol ko ang natitirang mga araw ng taglamig [ng 1838–39] sa paglalakbay at pangangaral, . . . na iba-iba ang naging

tagumpay, at pakikitungo—kung minsan ay napakagalang nila at nakinig sila sa akin nang may malaking interes, at, sa ibang mga pagkakataon, ininsulto at nilait nila ako; ngunit kailanman ay hindi ako ginawan nang mas malala kaysa ginawa kay Jesus, na ipinapahayag kong aking sinusunod."[29] "Kapag ginugunita ko ang mga naranasan ko, . . . namamangha ako at nanggigilalas."[30] "Sumaakin ang Panginoon, at labis akong pinagpala sa pagganap sa aking mahihirap na tungkulin."[31]

## Misyon sa England

Noong mga unang araw ng Mayo 1840, sumama si Lorenzo Snow sa mga Banal sa Nauvoo, ngunit hindi siya nanatili roon nang matagal. Pinatawid siya ng Atlantic Ocean at pinaglingkod sa isang misyon sa England, at nilisan niya ang Nauvoo sa buwan ding iyon. Bago siya lumisan, binisita pa niya ang mga pamilya ng ilan sa siyam na Apostol na naglilingkod na sa England.

Nang bisitahin niya ang pamilya ni Brigham Young, nakita niya na ang bahay nilang yari sa troso ay walang hugpong sa mga puwang sa pagitan ng mga troso, kaya "nakalantad sila sa hangin at unos." Pagod si Sister Young dahil kababalik lang nito mula sa walang-kinahinatnang paghahanap sa baka ng pamilya. Sa kabila ng kanyang hirap, sinabi nito kay Elder Snow, "Nakikita mo ang sitwasyon ko, pero sabihin mo sa kanya [sa asawa ko] na huwag mag-abala, o mag-alala sa akin kahit kaunti—gusto ko siyang manatili sa kanyang ginagawa hanggang sa marangal siyang i-release." Naantig sa "dukha at kaawa-awang kundisyon" ni Sister Young, gustong tumulong ni Elder Snow: "Kakaunti lang ang pera ko—ni hindi sapat para makarating ako sa aking misyon, na walang maisip na mapagkukunan ng kapupunan ng perang kailangan ko, at paalis na ako kinabukasan. Dumukot ako ng kaunting pera sa bulsa ko, . . . ngunit tinanggihan niya ito; habang iginigiit kong kunin niya ito, at pilit siyang tumatanggi—sadya man at hindi, nalaglag ang pera sa sahig, at gumulong ito sa malalaking siwang ng sahig, na lumutas sa pagtatalo, at nang magpaalam ako, iniwan ko siya para pulutin iyon kung kailan niya gusto."[32]

Mula Illinois, naglakbay si Elder Snow patungong New York, kung saan sumakay siya ng barko upang maglayag patawid ng Atlantic Ocean. Sa loob ng 42-araw na paglalayag, tatlong malalakas na unos ang yumanig sa barko. Naliligiran ng takot at nag-iiyakang mga kapwa pasahero, nanatiling payapa si Elder Snow, na nagtitiwalang poprotektahan siya ng Diyos. Pagdaong ng barko sa Liverpool, England, ang puso ni Elder Snow ay "puno ng malaking pasasalamat sa Kanya na nagliligtas at tumutulong sa mga taong Kanyang tinawag at isinugo bilang mga ministro ng kaligtasan sa mga bansa ng daigdig."[33]

Matapos maglingkod bilang misyonero sa England nang mga apat na buwan, tumanggap ng dagdag na responsibilidad si Elder Snow. Hinirang siyang pangulo ng London Conference, isang tungkuling kapareho ng sa district president ngayon. Patuloy siyang nangaral ng ebanghelyo, at pinamahalaan din niya ang gawain ng mga lider ng priesthood, tulad ng mga branch president, sa lugar na iyon. Habang naglilingkod sa pamunuang ito, madalas siyang mag-ulat kay Elder Parley P. Pratt, isang miyembro ng Korum ng Labindalawa at pangulo ng misyon. Sumulat siya tungkol sa maraming tao na "nagtatanong kung paano magtamo ng kaligtasan," sa isang kuwartong "umaapaw sa dami ng tao" para sa isang pulong sa araw ng Linggo, at sa "kasiyahang magbinyag [ng mga nagbalik-loob] sa kawan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo." Sabik at maganda ang pananaw tungkol sa gawain, sinabi niya, "Kahit naliligiran ng lahat ng anyo ng walang-pakundangang kasamaan, nagsisimulang lumabas ang Sion, at, tiwala ako, hindi magtatagal at magiging maningning na ilaw ito sa lungsod na ito."[34]

Malaki ang iniunlad ng London Conference noong si Elder Snow ang pangulo. Habang tuwang-tuwa si Elder Snow sa tagumpay na ito, nahirapan din siya sa mga responsibilidad sa pamumuno. Sa isang liham kay Elder Heber C. Kimball ng Korum ng Labindalawa, inamin niya na ang mga hamong ito ang nagtulak sa kanya na "pangangasiwaan sa ibang paraan ang pamumuno kaysa rati."[35] Sinabi niya kay Elder Kimball: "Sinabi ninyo ni Elder [Wilford] Woodruff na dapat mapatunayan na ito ay isang makatuturang karanasan, na siya namang totoo. . . . Mula nang dumating ako rito may paisa-isang bagong pangyayari sa mga Banal. Hindi pa man natatapos ang isa

ay may iba na namang nangyayari." Ibinahagi niya ang katotohanan na madali siyang natuto sa mga bago niyang responsibilidad: "Hindi ko makakayanan ang mga hirap, [maliban kung] tulungan ako nang husto ng Diyos."[36] Gayon din ang damdaming ipinahayag niya sa isang liham kay Elder George A. Smith ng Korum ng Labindalawa: "Ang munting nagawa ko ay hindi ako ang may gawa kundi ang Diyos. Ang isang bagay na lubos kong natutuhan sa aking karanasan habang sinisikap na gampanan ang aking tungkulin bilang guro sa Israel, ibig kong sabihin, kung ako lang ay wala akong alam ni magagawa: malinaw ko ring nakikita na walang Banal na uunlad maliban kung sumunod siya sa mga tagubilin at payo ng mga taong tinawag na mamuno sa Simbahan. Tiwala ako na basta't sinusunod ko ang kanyang mga batas, tutulungan at susuportahan ako ng Diyos sa aking katungkulan. . . . Habang namumuhay ako nang may pagpapakumbaba sa kanyang harapan, bibigyan niya ako ng kapangyarihang magbigay at tumanggap ng payo sa kabutihan at diwa ng paghahayag."[37]

Bukod sa pangangaral ng ebanghelyo at paglilingkod bilang pangulo ng London Conference, sumulat si Elder Snow ng isang tract, o polyeto tungkol sa relihiyon para tulungan ang mga misyonero na ipaliwanag ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang polyetong ito, na tinawag na *The Only Way to Be Saved [Ang Tanging Paraan para Maligtas],* ay isinalin kalaunan sa ilang wika at ginamit sa buong huling kalahati ng ika-19 na siglo.

Si Elder Snow ay naglingkod sa England hanggang Enero 1843. Bago siya lumisan, tinupad niya ang isang gawaing iniatas sa kanya ni Pangulong Brigham Young. Sa gilid ng isang pahina sa kanyang journal, dito lamang niya binanggit ang tungkol sa gawaing ito: "Naghatid ng dalawang Aklat ni Mormon kina Queen Victoria at Prince Albert sa kahilingan ni Pangulong B. Young."[38]

Nang lisanin ni Elder Snow ang England, pinamunuan niya ang isang grupo ng mga Briton na Banal sa mga Huling Araw na nandarayuhan sa Nauvoo. Isinulat niya sa kanyang journal: "Pinamahalaan ko ang isang grupo ng dalawangdaan at limampu, at marami sa kanila ang matatalik kong kaibigan na pumasok sa tipan dahil sa aking pagtuturo. Ang sitwasyon ko ngayon sa muling pagtawid ng dagat na naliligiran ng mga kaibigan ay napakasaya kumpara



*Maraming sinaunang Banal ang nandayuhan mula sa Europe upang sumama sa mga Banal sa Estados Unidos ng Amerika.*

sa kalungkutang naranasan ko sa paglalakbay noong nakaraang dalawa at kalahating taon."[39] Ang mga karanasan ni Elder Snow sa barkong *Swanton* ay nagpakita ng kanyang galing sa pamumuno at pananampalataya sa Diyos. Ang sumusunod na salaysay ay hango sa kanyang journal:

"Tinipon ko [ang mga Banal] at sa pagsang-ayon ng lahat ay binuo ko sila sa mga dibisyon at subdibisyon, at naghirang ako ng mga wastong opisyal sa bawat isa, at nagtatag ng mga reglamento kung paano pamamahalaan ang grupo. Nalaman ko na may ilang High Priest, at mga tatlumpung Elder kaming kasama, at batid ang likas na hangarin ng maraming Elder na makagawa ng kahit maliit na bagay para kilalanin sila kahit kaunti, at kung hindi nila ito magawa sa isang paraan ay kahit sa ibang paraan, naisip ko sa huli na mas mabuting ako na lang ang magsabi sa kanila ng gagawin; kaya nga humirang ako ng marami hangga't maaari sa isang katungkulan o iba pa at binigyan ko silang lahat ng pananagutan. Nagtipon ang

buong grupo bawat gabi sa linggong iyon [para] manalangin. Nangaral kami nang dalawang beses sa isang linggo; nagpulong kami tuwing Linggo at nakibahagi sa sakramento.

"Ang aming kapitan, na nais kong maging kaibigan, ay mukhang masungit at walang kibo. . . . Nadarama ko na inis siya sa amin.—Mga dalawang linggo na kaming naglalayag, at wala pang mahalagang nangyayari maliban sa karaniwang nangyayari sa dagat, nang mangyari ang sumusunod.

"Naaksidente ang katiwala ng kapitan, isang bata pang German, at muntik na itong mamatay. Dahil napakabuti, mahinahon at matatag, at nakasama na ng kapitan [sa] ilang paglalayag, lubha siyang napamahal sa kapitan, sa mga opisyal at tripulante; lubha ring napalapit sa kanya ang mga Banal. Dahil dito ang posibilidad na mamatay siya . . . ay nagpalungkot at nagpadalamhati sa lahat ng nasa barko.

"Magdurugo ang bibig niya, kasabay ng matinding pamumulikat at pagkawala ng malay at panginginig. Sa wakas, matapos subukan ang iba't ibang remedyo nang walang resulta, naglaho ang lahat ng pag-asang mabubuhay pa siya. Hiniling ng kapitan sa mga marino, bago natulog ang mga ito, na isa-isang magpunta sa cabin para magpaalam sa kanya; na sinunod nila nang walang kahit katiting na pag-asa na makikita pa nila siyang buhay kinabukasan. Maraming matang lumuha paglabas nila mula sa cabin.

"Sinabi ni Sister Martin [isa sa mga Banal sa mga Huling Araw na sakay ng barko] sa katiwala, habang nakaupong mag-isa sa tabi ng kanyang kama, na maaari akong ipatawag para basbasan siya at baka sakaling gumaling siya. Masaya siyang pumayag. Natutulog ako sa aking higaan nang ipatawag ako, mga alas-dose na iyon ng gabi. Agad akong bumangon at tumuloy sa cabin, [at] sa daan ay nasalubong ko ang pangalawang pinuno sa barko, na kagagaling lang sa kanya. Pagdaan niya sa akin, nasalubong niya ang isang Brother Staines na nagsabi sa kanya na babasbasan ni Mr. Snow ang katiwala. 'Pero,' sabi niya (sa malungkot na tinig), 'wala nang saysay iyon; mamamatay na ang kawawang bata.' 'Ah,' sabi ni Elder Staines, 'mapapagaling siya ng Panginoon sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay para siya basbasan.' '. . . Siya nga?' tugon ng marino na walang kamalay-malay.



*Sa barkong* Swanton, *isang malubhang nasugatang lalaki ang agad gumaling matapos basbasan ni Elder Lorenzo Snow.*

"Habang naglalakad nasalubong ko ang kapitan sa pintuan ng cabin, na mukhang matagal nang umiiyak. 'Salamat at dumating ka, Mr. Snow,' sabi nito, 'kahit wala nang saysay iyan, dahil malapit nang mamatay ang katiwala.' Pumasok ako sa silid nito at naupo sa tabi ng kanyang kama. Kapos na siya sa paghinga at parang naghihingalo na siya. Hindi siya makapagsalita nang malakas, ngunit ipinaalam niya sa akin [na] dapat ko siyang basbasan. Nalaman ko na may asawa't dalawang anak siya sa Hamburg, Germany, na umaasa sa kanyang suporta. Tila alalang-alala siya tungkol sa kanila.

"Ipinatong ko ang aking mga kamay sa kanyang ulo, at hindi pa ako tapos sa pagbabasbas sa kanya nang umupo na siya sa kama, pinagdaop ang kanyang mga kamay, na humihiyaw ng papuri sa Panginoon sa kanyang paggaling; pagkatapos nito ay bumangon siya mula sa kanyang kama [at] lumabas sa cabin at lumakad sa kubyerta [ng barko].

"Kinabukasan nagulat ang lahat na makitang buhay ang katiwala, at namanghang makita siya na ginagawa ang dati niyang gawain. Sinabi ng lahat ng marino na iyon ay himala; alam ng mga Banal na himala nga ito, nagalak sila at pinuri ang Panginoon; matatag na pinaniwalaan iyon ng kapitan at labis itong nagpasalamat, at mula noon ay napalapit na kami sa kanyang puso. Ipinagkaloob niya ang lahat ng kailangan at kasiyahan namin na kaya niyang ipagkaloob, at laging sinisiguro na komportable kami; dumalo siya sa lahat ng pulong namin, binili at binasa niya ang aming mga aklat. Gayon din ang ginawa ng mga marino, at nang iwan namin sila sa New Orleans [Louisiana,] nangako sila na magpapabinyag sila. Nakatanggap ako ng liham mula sa punong marino pagkaraan ng halos isang taon, na ipinaalam sa akin na . . . natupad na nila ang kanilang pangako. Ipinahayag din ng kapitan ang balak niyang tanggapin ang ebanghelyo pagdating ng panahon at mamuhay sa piling ng mga Banal. Nabinyagan din ang katiwala pagdating namin sa New Orleans; at bago kami naghiwalay ay binigyan niya ako ng isang Biblia, na iniingatan ko ngayon."[40]

Isinulat ni Elder Snow: "Ilan sa mga marino ang umiyak nang tuluyan na kaming umibis ng *Swanton*. Sa katunayan, lahat kami ay malungkot."[41] Mula sa New Orleans, sumakay ng barko si Elder Snow at ang kapwa niya mga Banal at naglakbay sa Mississippi River. Dumating sila sa Nauvoo noong Abril 12, 1843.

---

## Patuloy na Katapatan sa Gawain ng Panginoon

Matapos maglingkod bilang full-time missionary nang halos pitong taon, nakita ni Lorenzo Snow na sumandaling nagbago ang kanyang mga pagkakataong maglingkod. Noong taglamig ng 1843–44, inalok siya ng mga namamahala ng isang lokal na paaralan na magtrabaho bilang guro. Tinanggap niya ang alok, kahit alam niya na marami sa mga estudyante ang "nagmamalaki na inaabuso nila ang mga guro at sinisira nila ang paaralan." Ipinasiya niya na ang paraan para igalang siya ng mga estudyante ay ang igalang sila. Isinulat ng kapatid niyang si Eliza: "Kinausap niya ang mga lalaking iyon na para bang kagalang-galang silang mga ginoo. . . . Sinikap niyang ipadama sa kanila na interesado siya sa kanilang

kapakanan" at hangad niyang "tulungan silang magpatuloy sa kanilang pag-aaral. . . . Sa ganitong paraan, sa pamamagitan ng kabaitan at panghihikayat, napanatag ang kanilang damdamin—nakuha niya ang kanilang tiwala, at sa pagtitiyaga at patuloy na pagsusumikap, ang magugulong kabataan ay naging magagalang na estudyante; at bago pa natapos ang pasukan, nakakagulat ang kanilang pag-unlad, at natuto silang mag-aral nang mabuti."[42]

Noong 1844 tumanggap siya ng bagong tungkulin sa Simbahan. Inatasan siyang maglakbay sa Ohio at pamahalaan ang isang kampanyang iboto si Joseph Smith bilang pangulo ng Estados Unidos. Hindi nagustuhan ng Propeta ang pagtrato ng pamahalaan ng Estados Unidos sa mga Banal sa mga Huling Araw, at sumulat siya sa tumatakbong mga kandidato noon sa pagkapangulo na pag-aralan ang pakikitungo nila sa Simbahan. Dahil hindi nasiyahan sa kanilang mga sagot, nagpasiya siyang tumakbo mismo sa pagkapangulo.

Hinirang ng Korum ng Labindalawa si Lorenzo Snow at ang iba pa upang "bumuo ng isang organisasyon sa pulitika sa buong estado ng Ohio para suportahan ang pagtakbo ni Joseph para sa Pagkapangulo."[43] Sa paggawa nito, naipaalam nila sa publiko kung paano nalabag ang mga karapatang pantao ng mga Banal ayon sa konstitusyon. Sinabi ni Lorenzo na siya ay "lubhang natuwa nang panahong iyon."[44] Matinding tinutulan ng ilang tao ang pagkandidato ng Propeta, samantalang nadama naman ng iba na mapapamunuan ni Joseph Smith ang bansa tungo sa tagumpay at kaunlaran.

"Sa gitna ng pagtatalu-talong ito," paggunita ni Lorenzo Snow, "biglang natapos ang aking gawain, nang matiyak ko ang ulat na pinaslang ang Propeta at ang kapatid niyang si Hyrum."[45] Nagbalik siya sa Nauvoo "na malungkot ang puso."[46]

Kahit nangyari ang trahedyang ito, masigasig na gumawa ang mga Banal para itayo ang kaharian ng Diyos. Sabi nga ni Lorenzo kalaunan, "Sa patnubay ng Makapangyarihang Diyos, sumulong ang kaharian."[47] Patuloy nilang ipinangaral ang ebanghelyo at pinalakas ang isa't isa, at sama-sama nilang tinapos ang pagtatayo ng templo sa kanilang lungsod.

Nang tipunin ni Lorenzo Snow ang mga Banal sa Nauvoo, napasiya niyang huwag nang mag-asawa, at sa halip ay ilaan ang

kanyang buhay sa pangangaral ng ebanghelyo. Sinabi ng kapatid niyang si Eliza kalaunan, "Ang ilaan ang kanyang oras, mga talento, at lahat-lahat sa ministeryo ang tanging hangad niya." Naisip niya na kahit paano ay "mababawasan ang maitutulong niya" sa gawain ng Panginoon kapag nag-asawa siya.[48]

Ang mga pananaw ni Lorenzo tungkol sa pag-aasawa at pagpapamilya ay nagsimulang magbago noong 1843 nang kausapin niya nang sarilinan si Propetang Joseph Smith sa baybayin ng Mississippi River. Pinatotohanan ng Propeta ang paghahayag na natanggap nito hinggil sa pagkakaroon ng mahigit sa isang asawa. Sinabi niya kay Lorenzo, "Binuksan ng Panginoon ang daan para matanggap at masunod mo ang batas ng Selestiyal na Kasal."[49] Sa payong ito, naunawaan ni Lorenzo na ang pag-aasawa ay isang utos ng Panginoon at isang mahalagang bahagi ng plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit.

Noong 1845, nagkaroon ng mahigit sa isang asawa si Lorenzo Snow, na ginagawa noon sa Simbahan, nang pakasalan niya sina Charlotte Squires at Mary Adaline Goddard. Kalaunan ay nabuklod siya sa iba pang mga babae. Ang katapatan niya sa kanyang mga asawa at mga anak ay naging bahagi ng kanyang katapatan sa gawain ng Panginoon.

Patuloy na itinayo ng mga Banal ang kaharian ng Diyos sa Nauvoo, ngunit nagpatuloy rin ang pang-uusig. Noong Pebrero 1846, sa ginaw ng taglamig, pinuwersa sila ng mga mandurumog na lisanin ang kanilang mga tahanan at templo. Nagsimula silang maglakbay papuntang kanluran tungo sa isang bagong tahanan.

## Pagtulong sa mga Banal na Magtipon sa Salt Lake Valley

Bagaman nilisan ni Lorenzo Snow at ng kanyang pamilya ang Nauvoo kasama ang mga Banal, nakarating lang sila sa Salt Lake Valley pagkaraan ng mahigit isang taon matapos dumating ang unang grupo ng mga pioneer. Gaya ng karamihan sa naunang mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw, nanatili sila sa pansamantalang mga tirahan sa kanilang paglalakbay. Sandaling nanatili si Lorenzo at ang kanyang pamilya sa isang pamayanan sa Iowa na tinatawag na Garden Grove, kung saan nagtayo sila ng mga bahay



*Si Lorenzo Snow ang nagsilbing kapitan ng mga grupo ng mga pioneer na dumating sa Salt Lake Valley noong 1848.*

na yari sa troso para sa mga Banal na susunod sa kanila. Mula roon ay lumipat sila sa isang pamayanan na tinatawag na Mount Pisgah, doon din sa Iowa.

Sa Mount Pisgah, nagtrabaho si Lorenzo at ang kanyang pamilya at iba pang mga Banal, at muling inilaan ang mga pangangailangan nila at ng mga susunod sa kanila papunta sa Salt Lake Valley. Nagtayo sila ng mga tahanang yari sa troso at nagtanim pa at naglinang ng mga pananim, batid na malamang na aanihin ito ng iba pa. Habang nasa Mount Pisgah sila, tinawag si Lorenzo na mamuno sa

pamayanan. Sa paglaganap ng lungkot, sakit, at kamatayan sa mga tao, pati na sa sarili niyang pamilya, masigasig siyang nagtrabaho upang tulungan ang mga tao na magkaroon ng pag-asa, mapalakas ang isa't isa, at manatiling masunurin sa mga utos ng Panginoon.[50]

Noong tagsibol ng 1848, nagbilin si Pangulong Brigham Young kay Lorenzo Snow na lisanin ang Mount Pisgah at maglakbay patungong Salt Lake Valley. Muling binigyan ng katungkulan sa pamumuno si Lorenzo, sa pagkakataong ito bilang kapitan ng mga grupo ng mga pioneer. Dumating ang mga grupo sa Salt Lake Valley noong Setyembre 1848.

## Paglilingkod bilang Miyembro ng Korum ng Labindalawa

Noong Pebrero 12, 1849, tumanggap ng mensahe si Lorenzo Snow na pinadadalo siya sa isang pulong ng Korum ng Labindalawang Apostol. Kaagad niyang itinigil ang kanyang ginagawa at nagpunta sa pulong, na nagsisimula na. Habang nasa daan, inisip niya kung bakit siya pinahaharap sa Korum ng Labindalawa. Nagtaka siya—pinaratangan ba siya na may ginawa siyang masama? Batid na naging tapat siya sa pagganap sa kanyang tungkulin, inalis niya ang pag-aalala. Pero hindi niya mawari kung ano ang naghihintay sa kanya. Pagdating niya, nagulat siyang malaman na natawag siyang maglingkod bilang miyembro ng korum. Sa pulong ding iyon, inorden siya at ang tatlong iba pa—sina Elder Charles C. Rich, Elder Franklin D. Richards, Elder Erastus Snow, isang malayong pinsan—bilang mga Apostol.[51]

Ang ordenasyon kay Lorenzo Snow sa pagka-apostol ay kitang-kita sa kanyang buhay. Ang kanyang tungkulin na maging isa sa "mga natatanging saksi sa pangalan ni Cristo" (D at T 107:23) ay nakaimpluwensya sa lahat ng ginawa niya. Kalaunan ay ipinahayag niya ang kanyang damdamin tungkol sa mga responsibilidad ng isang Apostol:

"Una, ang isang Apostol ay kailangang magtaglay ng Banal na kaalaman, sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Diyos, na si Jesus ay buhay—na Siya ang Anak ng buhay na Diyos.

"Ikalawa, kailangan siyang pahintulutan ng langit na ipangako ang Espiritu Santo; isang Banal na alituntuning naghahayag ng mga

bagay ng Diyos, na ipinaaalam ang Kanyang kalooban at mga layunin, na humahantong sa lahat ng katotohanan, at nagpapakita ng mga bagay na darating, ayon sa ipinahayag ng Tagapagligtas.

"Ikatlo, binigyan siya ng kapangyarihan ng Diyos na mangasiwa sa mga sagradong ordenansa ng Ebanghelyo, na pinagtitibay sa bawat tao sa pamamagitan ng Banal na patotoo. Libu-libong tao na naninirahan ngayon sa mga lambak ng kabundukang ito, na tumanggap ng mga ordenansang ito dahil sa aking pangangaral, ang mga buhay na saksi sa katotohanan ng pahayag na ito."[52]

Bukod sa responsibilidad ng kanyang tungkulin, matibay ang paniniwala ni Elder Snow sa kahalagahan ng pagiging miyembro ng Korum ng Labindalawa: "Kami, ang Labindalawa, ay determinadong talikuran ang lahat ng makagagambala sa aming tungkulin, nang kami ay magkaisa tulad ng pagkakaisa ng [Unang] Panguluhan, at nabibigkis ng alituntunin ng pagmamahal na nagbibigkis sa Anak ng Diyos sa Ama."[53]

Sa pagkaunawang ito sa kanyang personal na tungkulin at sa misyon ng Korum ng Labindalawa, inilaan ni Elder Lorenzo Snow ang kanyang buhay sa pagtulong na maitayo ang kaharian ng Diyos sa lupa. Tumugon siya sa tawag na maglingkod sa maraming iba't ibang paraan at lugar.

### *Ang Italian Mission*

Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1849, tinawag si Elder Snow na magtatag ng isang misyon sa Italy. Bagaman hindi siya pamilyar sa lupain at sa mga kultura at wika nito, hindi siya nag-atubiling tanggapin ang tungkulin. Wala pang dalawang linggo pagkatapos ng kumperensya, handa na siyang umalis, nang magawa na niya ang lahat para may mag-asikaso sa kanyang mga asawa at mga anak habang wala siya.

Habang naglalakbay siya at ang iba pang mga misyonero papunta sa silangang bahagi ng Estados Unidos, kung saan sasakay sila ng barko patawid ng Atlantic Ocean, natuon ang kanyang isipan sa kanyang pamilya at sa mga taong malapit na niyang paglingkuran. Sa isang liham sa kapatid niyang si Eliza, isinulat niya: "Nagtatalo ang aking damdamin. . . . Nagmamadali kaming makalayo mula sa humahatak sa amin nang malakas—ANG TAHANAN! ngunit

alam namin na ang ginagawa namin ay maghahatid ng liwanag sa mga nakaupo sa kadiliman, at sa Libis ng Lilim ng Kamatayan, at ang aming dibdib ay puno ng pagmamahal, at pinahiran ang aming mga luha."[54]

Nakarating si Elder Snow at ang kanyang mga kasama sa Genoa, Italy, noong Hulyo 1850. Nakita nila na mabagal ang pag-unlad ng gawain ng Panginoon. Isinulat ni Elder Snow: "Nag-iisa ako at isang dayuhan sa malaking lungsod na ito, na walong libong milya ang layo mula sa pinakamamahal kong pamilya, naliligiran ng isang lahi [na] ang mga kilos at pag-uugali ay hindi pamilyar sa akin. Narito ako para liwanagin ang kanilang isipan, at ituro sa kanila ang mga alituntunin ng kabutihan; ngunit wala akong makitang paraan para maisakatuparan ang adhikaing ito. Tila hindi mangyayari ito." Sa pag-aalala tungkol sa "mga kalokohan, . . . kasamaan, malaking kadiliman, at pamahiin" ng mga taong paglilingkuran niya, isinulat niya: "Hinihiling ko sa aking Ama sa Langit na kaawaan ang mga taong ito. O Panginoon, kahabagan po Ninyo sila, nang hindi sila masawing lahat. Patawarin po Ninyo ang kanilang mga kasalanan, at nawa'y makilala nila ako, nang Kayo ay makilala nila, at malaman na isinugo Ninyo ako upang itayo ang Inyong Kaharian. . . . Mayroon po ba Kayong ilang tao na pinili sa kanila kaya po ako isinugo para sa kanila? Ihatid po Ninyo ako sa kanila, at ang Inyong pangalan ay luluwalhatiin sa pamamagitan ni Jesus na Inyong Anak."[55]

Natagpuan ni Elder Snow ang "mga piling taong ito" sa isang grupo ng mga taong tinatawag na mga Waldenses. Ang mga Waldenses ay nakatira sa isang lambak sa bundok sa Piedmont, sa timog lang ng hangganan ng Italy at Switzerland at sa silangan ng hangganan ng Italy at France. Ang kanilang mga ninuno ay inusig at pinalayas sa lahat ng dako dahil naniwala sila sa awtoridad ng mga sinaunang Apostol at nais nilang sundin ang mga turo ng mga Apostol kaysa sumapi sa mga relihiyon sa panahong iyon.

Sa isang liham kay Pangulong Brigham Young, isinulat ni Elder Snow na ang mga Waldenses ay nagdusa noong mga panahon ng "kadiliman at kalupitan" at "halos hindi natinag, tulad ng batong hinahampas ng mga alon sa maunos na karagatan." Ngunit bago pa dumating ang mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw sa Italy, nagsimulang magtamasa ng "panahon ng katiwasayan" ang

mga Waldenses, at tila mas malaya na sila sa relihiyon kaysa iba pa sa Italy. "Sa gayon," pagpuna niya, "nabuksan ang daan sa loob lang ng maikling panahon bago nagsimula ang misyon, at wala nang iba pang bahagi ng Italy na gayon kaluwag ang mga batas."

Sa pagnanais na malaman pa ang tungkol sa mga taong ito, nagtungo sa silid-aklatan si Elder Snow para humanap ng aklat tungkol sa kanila. Isinalaysay niya: "Ipinaalam sa akin ng librarian na pinagtanungan ko na mayroon siya ng aklat na kailangan ko, ngunit may nakakuha na nito. Hindi pa siya tapos sa sinasabi niya nang pumasok ang isang babae na dala ang aklat. 'Ah,' sabi niya, 'pambihirang sitwasyon ito, nagtatanong pa lang ang ginoong ito tungkol sa aklat na iyan.' Hindi naglaon at nakumbinsi ako na karapat-dapat na matanggap ng mga taong ito ang unang pagpapahayag ng Ebanghelyo sa Italy."[56]

Sabik si Elder Snow at ang kanyang mga kasama na ipangaral ang ebanghelyo sa Piedmont, ngunit nadama nila na dapat silang mag-ingat, at makipagkaibigan at ipakita sa mga tao na mapagkakatiwalaan sila. Nang madama nila na maganda na ang relasyon nila sa mga tao, umakyat sila sa kalapit na bundok, umawit ng "mga papuri sa Diyos ng langit," at nanalangin, na inilalaan ang lupain ng Italy sa gawaing misyonero. Nagpahayag din sila ng kani-kanyang katapatan sa gawain, at nagbigay ng basbas ng priesthood si Elder Snow sa kanyang mga kasama na tulungan sila sa kanilang mga responsibilidad. Nabigyang-inspirasyon ng kanilang karanasan sa bundok, tinawag ni Elder Snow ang lugar na iyon na Mount Brigham.[57]

Kahit pagkatapos ng karanasang ito, halos dalawang buwan ang lumipas bago may taong nagpahayag ng hangarin na sumapi sa Simbahan. Noong Oktubre 27, 1850, tuwang-tuwa ang mga misyonero na makita sa wakas ang unang binyag at kumpirmasyon sa Italy.[58] Kalaunan ay iniulat ni Elder Snow: "Mabagal at mahirap ang gawain dito. . . . Gayunman, naitatag na ang Simbahan. Naitanim na ang puno at nag-uugat na ito."[59]

Isang gabi nagkaroon si Elder Snow ng panaginip na nakatulong sa kanya na maunawaan ang katangian ng kanyang misyon sa Italy. Sa panaginip, namimingwit sila ng kanyang mga kaibigan. "Natuwa kaming makita ang malaki at magandang isda sa ibabaw ng tubig, sa buong paligid, sa malayo," wika niya. "Nakita namin

ang maraming tao na naglalatag ng kanilang mga lambat at linya; ngunit tila hindi sila nagsisigalaw; samantalang kami ay patuloy na gumagalaw. Nang maraanan ko ang isa sa kanila, natuklasan ko na may nahuling isang isda sa bingwit ko, at naisip ko na baka magalit ang lalaking ito na parang naunahan ko siyang makahuli; gayunman, nagpatuloy kami, at nakarating sa pampang. Pagkatapos ay hinatak ko ang pisi ng bingwit ko, at nagulat ako at nahiya sa kaliitan ng nabingwit ko. Naisip ko na lubhang kataka-taka na, sa dami ng mas magaganda at malalaking isda, napakaliit ng nabingwit ko. Ngunit napawi ang lahat ng kabiguan ko nang matuklasan ko na napaka-pambihira ng mga katangian nito."[60]

Propesiya ang panaginip ni Elder Snow. Kakaunti ang nakita niyang nabinyagan sa Italy, at, ayon sa naobserbahan kalaunan ng isa pang misyonero, ang mga tumanggap sa ebanghelyo ay "hindi ang mayayaman at mararangal."[61] Gayunman, si Elder Snow at ang kanyang mga kasama ay naging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon sa pagdadala ng mga taong mabubuti at tapat sa kaharian ng Diyos—mga taong nagpasalamat na sila ay "nagsimulang lumakad sa landas ng bago at walang-hanggang buhay."[62] At dahil sa pamumuno ni Elder Snow, ang Aklat ni Mormon ay naisalin sa wikang Italian.

Makalipas ang halos isa at kalahating siglo, isa pang Apostol, si Elder James E. Faust, ang nagsalita tungkol sa mga lalaki at babaeng sumapi sa Simbahan dahil sa ginawa ni Elder Snow at ng kanyang mga kasama: "Ang ilan ay kasama sa unang mga handcart company na dumating sa Salt Lake Valley. . . . Marami sa kanilang mga inapo ang nag-alaga sa mga ubasan ng kapanunumbalik na simbahan at ngayon ay gumagawa ng malalaking kontribusyon sa simbahan sa iba't ibang dako ng mundo, na naniniwala, tulad ng kanilang mga ninuno, na hawak ng mga Apostol ang mga susing hinding-hindi kakalawangin."[63]

### *Pagtatatag ng Simbahan*

Kalaunan ay naglingkod si Elder Snow sa iba pang mga misyon, na ginagampanan ang kanyang tungkulin bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa na sikapin "sa ilalim ng pamamahala ng [Unang] Panguluhan ng Simbahan . . . na itayo ang simbahan,

at pamahalaan ang lahat ng gawain nito sa lahat ng bansa" (D at T 107:33).

Noong 1853 tinawag ni Pangulong Brigham Young si Lorenzo Snow na mamuno sa isang grupo ng mga pamilya sa isang pamayanan sa hilagang bayan ng Box Elder sa Utah. Ang naroong pamayanan ay maliit, hindi organisado, at mahina. Agad kumilos si Elder Snow, inorganisa ang mga tao alinsunod sa mga alituntunin ng batas ng paglalaan ayon sa itinuro ni Propetang Joseph Smith. Itinatag ng mga tao ang isang umuunlad na lungsod, na pinangalanan ni Elder Snow na Brigham City bilang papuri kay Pangulong Young. Nagtutulungan at nagsusuportahan, nagtayo ang mga mamamayan ng isang paaralan, mga pabrika, isang patubig, isang pamilihan, at maging ng isang pangteatrong samahan. Bagaman hindi nila ipinamuhay ang kabuuan ng batas ng paglalaan, ginabayan sila ng mga alituntuning ito, at ipinakita kung ano ang magagawa ng isang komunidad na nagtutulungan at masipag na gumagawa. "Walang tamad sa Brigham City," pagsulat ng anak ni Pangulong Snow na si Leslie. "Umiral ang isang panahon ng pagsulong at pag-unlad na marahil ay hindi napantayan kailanman sa kasaysayan ng anumang pamayanan sa estado."[64]

Nanirahan si Elder Snow at ang kanyang pamilya sa Brigham City sa loob ng maraming taon. Namuno siya sa mga Banal doon, na umaalis paminsan-minsan upang maglingkod sa maiikling misyon sa ibang lugar. Noong 1864, mga tatlong buwan siyang nawala, na naglilingkod sa isang maikling misyon sa Hawaiian Islands. Sumama siya kay Elder Ezra T. Benson, na noon ay miyembro rin ng Korum ng Labindalawa, at kina Elder Joseph F. Smith, Alma Smith, at William W. Cluff.[65] Noong 1872–73, sinamahan ni Elder Snow at ng iba pa si Pangulong George A. Smith, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, sa isang siyam-na-buwang paglilibot sa mga bahagi ng Europe at Middle East, pati na sa pagbisita sa Banal na Lupain. Pinasama sila ni Pangulong Brigham Young, na umasang makakatulong ang mabuti nilang impluwensya para maihanda ang iba pang mga bansa sa pagtanggap sa ipinanumbalik na ebanghelyo.[66] Noong 1885, pinapunta si Elder Snow sa ilang grupo ng mga American Indian sa hilagang Estados Unidos at sa estado ng Wyoming. Mula Agosto hanggang Oktubre, nagtatag siya ng mga misyon doon at



*Ginawa ang mga boots, sapatos, renda [ng hayop], at sumbrero sa gusaling ito sa Brigham City, Utah.*

nag-organisa ng mga lider ng Simbahan upang tulungan ang mga nabinyagan at nakumpirma.

### *Gawain sa Templo*

Napansin ni Pangulong Heber J. Grant, ang ikapitong Pangulo ng Simbahan, na si Pangulong Lorenzo Snow ay "inilaan ang kanyang buhay nang maraming taon sa paggawa sa Templo."[67] Ang pagmamahal na ito sa gawain sa templo ay nagsimula noong mga unang araw matapos mabinyagan si Pangulong Snow at lumalim pa nang maglingkod siya bilang Apostol. Dumalo siya sa mga pulong sa Kirtland Temple pagkatapos na pagkatapos siyang mabinyagan at makumpirma. Kalaunan masigasig niyang tinanggap ang isang tawag na mangolekta ng mga donasyon para maitayo ang templo sa Nauvoo. Nang maitayo na ang Nauvoo Temple, naglingkod siya bilang officiator doon, na tinutulungan ang mga Banal sa mga Huling Araw na tumanggap ng mga ordenansa ng endowment at pagbubuklod bago sila maglakbay patungong Kanluran. Nagpatuloy ang kanyang mga responsibilidad sa templo at naragdagan ito nang tawagin siyang maglingkod bilang Apostol. Nagsalita siya sa mga serbisyo ng paglalaan sa Logan Utah Temple. Matapos ilaan ni

Pangulong Wilford Woodruff ang Manti Utah Temple, binasa ni Pangulong Snow ang panalangin ng paglalaan sa mga sesyon noong sumunod na mga araw. Nang ilagak ang capstone [batong pinakaibabaw] sa tore ng Salt Lake Temple, pinangunahan niya ang isang malaking kongregasyon sa Sigaw ng Hosana. Matapos ilaan ang Salt Lake Temple, naglingkod siya bilang unang temple president doon.

Noong ika-80 kaarawan ni Pangulong Snow, isinama ng isang lokal na pahayagan ang papuring ito: "Sa huling bahagi ng kanyang buhay, [siya ay] abala at masigasig pa rin sa dakilang layunin na pinag-ukulan niya ng panahon noong kabataan niya, patuloy siya sa mga banal na gawain sa loob ng mga sagradong silid ng Templo na pinaglaanan niya at ng kanyang mga kasamahan ng kanilang buhay—mga gawaing napakahalaga sa mundong ito na pinahihirapan ng kasalanan at kamatayan."[68]

### *Paglilingkod sa mga Tao*

Habang palipat-lipat ng lugar si Pangulong Snow, na nagtuturo sa malalaking grupo ng mga tao, nag-ukol siya ng panahon sa paglilingkod sa mga tao at pamilya. Halimbawa, noong Marso 1891, nang naglilingkod siya bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa, nagsalita siya noon sa isang kumperensya sa Brigham City. Sa kalagitnaan ng kanyang pagsasalita, may naglagay ng sulat sa pulpito. Sinabi ng isang nakasaksi na siya ay "tumigil sa kanyang pagsasalita, binasa ang sulat at pagkatapos ay ipinaliwanag sa mga Banal na iyon ay isang tawag na bisitahin ang ilang tao na lubhang nalulungkot." Nagpaalam siya at bumaba sa pulpito.

Ang sulat ay nanggaling sa isang mamamayan ng Brigham City na ang pangalan ay Jacob Jensen. Sinabi roon na namatay na ang anak ni Jacob na si Ella matapos magkasakit ng scarlet fever nang ilang linggo. Isinulat iyon ni Brother Jensen para lamang ipaalam kay Pangulong Snow na patay na ang bata at para hilingin sa kanya na isaayos ang libing. Ngunit gustong bisitahin kaagad ni Pangulong Snow ang pamilya, kahit kinailangan niyang tapusin agad ang kanyang mensahe at lisanin ang pulong na pinamunuan niya. Bago nilisan ni Pangulong Snow ang pulong, nagpasama siya kay Rudger Clawson, na siyang pangulo noon ng Box Elder Stake.

Isinalaysay ni Jacob Jensen ang nangyari pagdating nina Pangulong Snow at President Clawson sa bahay niya:

"Matapos tumayo sa tabi ng kama ni Ella nang isa o dalawang minuto, nagtanong si Pangulong Snow kung may inilaang langis [consecrated oil] kami sa bahay. Gulat na gulat ako, ngunit sinabi ko sa kanya na mayroon at kinuha ko iyon para sa kanya. Iniabot niya ang bote ng langis kay Brother Clawson at pinapahiran nito ng langis si Ella. Pinagtibay [ni Pangulong Snow] ang pagpapahid ng langis.

"Habang isinasagawa ito lalo akong humanga sa ilan sa mga salitang ginamit niya at tandang-tanda ko pa ang mga iyon ngayon. Sabi niya: 'Mahal naming Ella, inuutusan kita, sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, na magbalik at mabuhay, hindi pa tapos ang iyong misyon. Mabubuhay ka pa upang isagawa ang isang dakilang misyon.'

"Sinabi niya na mabubuhay pa siya upang magkaroon ng malaking pamilya at magbigay-saya sa kanyang mga magulang at kaibigan. Tandang-tanda ko pa ang mga salitang ito. . . .

". . . Nang matapos na ni Pangulong Snow ang pagbabasbas, bumaling siya sa aming mag-asawa at sinabing; 'Ngayon, huwag na kayong magdalamhati o malungkot pa. Magiging maayos ang lahat. Abala kami ni Brother Clawson at kailangan na naming umalis, hindi kami maaaring magtagal, ngunit magtiyaga lamang kayo at maghintay, at huwag magdalamhati, dahil magiging maayos ang lahat.' . . .

"Nanatili si Ella sa ganitong kalagayan nang mahigit isang oras matapos siyang basbasan ni Pangulong Snow, o mahigit tatlong oras sa kabuuan ng pagkamatay niya. Nakaupo kami roon at nakamasid sa tabi ng higaan, kami ng kanyang ina, nang bigla niyang imulat ang kanyang mga mata. Tumingin siya sa paligid ng silid, nakita niya kaming nakaupo roon, ngunit may hinahanap pa rin siyang iba, at ang una niyang sinabi ay: 'Nasaan po siya? Nasaan po siya?' Itinanong namin, 'Sino? Nasaan sino?' 'Si Brother Snow po,' sagot niya. 'Pinabalik po niya ako.'"[69]

Noong nasa daigdig ng mga espiritu si Ella, nakadama siya ng malaking kapayapaan at kaligayahan kaya ayaw na niyang

magbalik. Ngunit sinunod niya ang tinig ni Pangulong Snow. Mula sa araw na iyon mismo, pinasaya niya ang mga miyembro ng kanyang pamilya at mga kaibigan, at tinulungan silang maunawaan na hindi nila kailangang magdalamhati para sa kanilang mga mahal sa buhay na pumanaw na.[70] Kalaunan ay nag-asawa siya, nagkaroon ng walong anak, at tapat na naglingkod sa kanyang mga tungkulin sa Simbahan.[71]

## Pamumuno sa Simbahan Bilang Propeta, Tagakita, at Tagapaghayag ng Panginoon

Noong Setyembre 2, 1898, namatay si Pangulong Wilford Woodruff matapos maglingkod bilang Pangulo ng Simbahan nang mahigit siyam na taon. Si Pangulong Lorenzo Snow, na noon ay naglilingkod bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nasa Brigham City nang mabalitaan niya ito. Sumakay siya kaagad ng tren papuntang Salt Lake City, batid na ang responsibilidad ng pamumuno sa Simbahan ay nasa Korum ng Labindalawa na.

Nadaramang hindi niya kaya ngunit handa siyang sundin ang kalooban ng Panginoon, nagpunta si Pangulong Snow sa Salt Lake Temple at nanalangin. Bilang sagot sa kanyang panalangin, binisita siya ng Panginoon. Kalaunan ay pinatotohanan ni Pangulong Snow na "talagang nakita niya ang Tagapagligtas . . . sa Templo, at kinausap Siya nang harapan." Sinabi sa kanya ng Panginoon na muling iorganisa kaagad ang Unang Panguluhan, na huwag nang maghintay na katulad ng ginawa nang mamatay ang naunang mga Pangulo ng Simbahan.[72] Sinang-ayunan ng Korum ng Labindalawa si Pangulong Snow bilang Pangulo ng Simbahan noong Setyembre 13, 1898, at nagsimula na siyang maglingkod bilang Pangulo. Sinang-ayunan siya ng mga miyembro ng Simbahan noong Oktubre 9 at itinalaga bilang ikalimang Pangulo ng Simbahan noong Oktubre 10.

Sa pamamagitan ng halimbawa ni Pangulong Snow at mga paghahayag na natanggap niya, nakilala siya ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang kanilang propeta. Iginalang din siya ng mga tao sa ibang relihiyon bilang isang taong totoong maka-Diyos.



*Ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol noong 1898. Itaas na hanay, kaliwa pakanan: Anthon H. Lund, John W. Taylor, John Henry Smith, Heber J. Grant, Brigham Young Jr., George Teasdale, Rudger Clawson, Marriner W. Merrill. Gitnang hanay: Francis M. Lyman, George Q. Cannon, Lorenzo Snow, Joseph F. Smith, Franklin D. Richards. Ibabang hanay: Matthias F. Cowley, Abraham O. Woodruff.*

### *Mga Pakikipag-usap sa mga Banal sa mga Huling Araw*

Madalas mamuno si Pangulong Snow sa mga stake conference noong siya ang Pangulo ng Simbahan. Sa pakikipagpulong niya sa mga Banal, ipinahahayag niya ang kanyang pagmamahal at paggalang sa kanila. Nakita sa kanyang mga salita na kahit alam niya ang kasagraduhan ng kanyang tungkulin, hindi niya itinuring na mas magaling siya kaysa sa mga taong pinaglilingkuran niya.

Sa isang stake conference, dumalo si Pangulong Snow sa isang espesyal na sesyon para sa mga bata sa stake. Pinapila nang maayos ang mga bata para isa-isa nilang malapitan ang propeta at makamayan ito. Bago nila ito ginawa, tumayo siya at sinabing: "Kapag kinamayan ko kayo gusto kong tingnan ninyo ang mukha ko, para lagi ninyo akong maalala. Hindi naman ako mas magaling kaysa ibang mga lalaki, ngunit binigyan ako ng mabibigat na responsibilidad ng Panginoon. Mula nang ipakilala sa akin ng Panginoon ang

Kanyang Sarili, nang lubusan, sinikap ko nang isagawa ang lahat ng tungkuling ibinigay sa akin. Dahil sa mataas na katungkulan ko kaya ko gustong maalala ninyo ako, maalala na nakamayan ninyo ang Pangulo ng Simbahan ni Jesucristo. Sana ay hindi ninyo malimutang ipagdasal ako at ang aking mga tagapayo na sina Pangulong Cannon at Smith, at ang mga Apostol."[73]

Ibinahagi ng anak ni Pangulong Snow na si LeRoi ang sumusunod na salaysay mula sa isang stake conference sa Richfield, Utah: "Nasa isang stake conference sina Pangulong Lorenzo Snow at Francis M. Lyman [ng Korum ng Labindalawa] sa Richfield. Matapos mag-awitan itinanong ng stake president kay Brother Lyman kung sino ang dapat niyang tawagin para mag-alay ng pambungad na panalangin. Sabi ni Brother Lyman: 'Tanungin mo si Pangulong Snow,' ibig sabihin ay itanong kay Pangulong Snow kung sino ang dapat mag-alay ng panalangin. Gayunman, sa halip ay pinakiusapan ng stake president si Pangulong Snow na mag-alay ng panalangin. Malugod na tumugon si Pangulong Snow at bago niya sinimulan ang panalangin ay nagpasalamat siya na matawag at sinabi na matagal na siyang hindi nagkakaroon ng ganitong magandang pagkakataon. Sinasabi na nag-alay siya ng napakagandang panalangin."[74]

### *Mga Pakikipag-usap sa mga Tao sa Ibang Relihiyon*

Ang impluwensya ni Pangulong Snow ay higit pa sa kapwa niya mga Banal sa mga Huling Araw. Kapag nakikipagkita sa kanya ang mga tao sa ibang relihiyon, iginagalang nila siya at ang Simbahang kinakatawan niya. Binisita ni Reverend W. D. Cornell, isang pastor sa ibang simbahan, ang Salt Lake City at nagkaroon ng oportunidad na makasama si Pangulong Snow. Isinulat niya:

"Pormal akong iniharap sa kanya ng kanyang magalang at magaling na secretary, at natagpuan ko ang aking sarili na kinakamayan ang isa sa mga kalugud-lugod at kaibig-ibig na lalaking nakilala ko—isang lalaking may kakaibang kakayahan na mapanatag ang kaharap niya—sanay makipag-usap, pambihira ang talino, kaya maipadarama niya sa inyo na malugod niya kayong tinatanggap.

"Si Pangulong Snow ay isang taong may pinag-aralan, sa isipan at kaluluwa at katawan. Siya ay mahusay magsalita, diplomatiko, palakaibigan, matalino. Makikita sa kanyang mga kilos na nag-aral

siya sa mahuhusay na paaralan. Ang kanyang kahinahunan ay tulad ng sa bata. Ipakikilala kayo sa kanya. Malulugod kayo sa kanya. Kakausapin ninyo siya, magugustuhan ninyo siya. Kung makakausap ninyo siya sa mahabang panahon, mamahalin ninyo siya." Sa pagsasalita sa kanyang mga mambabasa, na mukhang mali ang mga iniisip tungkol sa Simbahan, sinabi ni Reverend Cornell: "Subalit, siya ay isang 'Mormon!' Aba, kung sakaling magtagumpay ang 'Mormonismo' na gawing walang-galang at malupit si Pangulong Snow, talagang marami itong gagawin. Kung 'Mormonismo' ang naghubog sa mundo ng isang lalaking mahinahon, napakadisiplinado, at matalino, talagang may kabutihan nga sa 'Mormonismo.' "[75]

Isa pang ministro, si Reverend Prentis, ang sumulat tungkol sa pakikipag-usap niya kay Pangulong Snow: "Ang mukha na nagpapakita na naghahari ang Prinsipe ng Kapayapaan sa kanyang kaluluwa ang kanyang pinakamagandang katibayan. Paminsan-minsan sa isang buhay na ginugol sa pag-aaral tungkol sa mga tao, nakakita ako ng gayong katibayan. Gayon ang mukhang nakita ko ngayon. . . . Inasahan kong makakita ng katalinuhan, kabaitan, dangal, kahinahunan at lakas sa mukha ng Pangulo ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; ngunit nang ipakilala ako kay Pangulong Lorenzo Snow, sandali akong natigilan. . . . Ang kanyang mukha ay larawan ng kapayapaan; ang kanyang presensya ay panalangin para sa kapayapaan. Sa kapayapaang nasa kanyang mga mata hindi lamang 'tahimik na panalangin' ang makikita, kundi espirituwal na lakas. Habang nagsasalita siya tungkol sa 'lalong panatag na salita ng propesiya' at sa katiyakan ng kanyang pag-asa, at sa matibay na pananampalatayang nakadaig sa mga pagsubok at hirap ng buhay, minasdan ko ang damdaming nakalarawan sa kanyang mukha at nahalinang pag-aralan ang ekspresyon sa kanyang mukha na napakalinaw na nagpapakita ng ginagawa ng kanyang kaluluwa; at nangibabaw sa akin ang lubhang kakaibang damdamin, na 'nakatayo ako sa banal na lugar:' na ang lalaking ito ay hindi pinakikilos ayon sa karaniwang patakaran, interes, o layunin, kundi siya ay 'kumikilos nang kakaiba sa ibang tao.' . . . Kung ang Simbahang Mormon ay nakalilikha ng gayong mga saksi, hindi nito masyadong kailangan ang kakayahan ng isang mahusay na manunulat o ang kahusayang magsalita ng dakilang mangangaral."[76]

### *Paghahayag Tungkol sa Ikapu*

Kilalang-kilala marahil si Pangulong Lorenzo Snow dahil sa isang paghahayag na natanggap niya tungkol sa batas ng ikapu. Noong Mayo 1899 nadama niya na kailangan niyang magpunta sa St. George, Utah, kasama ang iba pang mga lider ng Simbahan. Bagaman hindi niya alam kung bakit kailangan nilang pumunta roon, agad silang tumugon ng kanyang mga kapatid sa dikta ng Espiritu, at sa loob ng mga dalawang linggo ay nasa St. George na sila. Noong Mayo 17, pagdating sa St. George, natanggap ni Pangulong Snow ang paghahayag na dapat niyang ipangaral ang batas ng ikapu. Kinabukasan ipinarating niya sa mga Banal ang sumusunod na pahayag: "Ang salita ng Panginoon sa inyo ay hindi na bago; ito lamang ay: NA DUMATING NA ANG PANAHON UPANG LAHAT NG BANAL SA MGA HULING ARAW, NA HANGAD MAGHANDA PARA SA HINAHARAP AT MATATAG NA TUMAYO SA WASTONG PUNDASYON, AY GAWIN ANG KALOOBAN NG PANGINOON AT MAGBAYAD NG KANYANG BUONG IKAPU. Iyan ang salita ng Panginoon sa inyo, at ito ang magiging salita ng Panginoon sa bawat pamayanan sa buong lupain ng Sion."[77]

Matapos ibigay ang mensaheng ito sa St. George, ibinahagi rin iyon ni Pangulong Snow at ng kanyang mga kasama sa paglalakbay sa mga bayan sa katimugang Utah at sa iba pang mga komunidad sa pagitan ng St. George at Salt Lake City. Nang makauwi na sila noong Mayo 27, nagdaos sila ng 24 na pulong kung saan nagbigay si Pangulong Snow ng 26 na mensahe at nakipagkamay sa 4,417 mga bata. Nilakbay nila ang 420 milya sakay ng tren at 307 milya sakay ng kabayo at karwahe.[78] Napalakas ng karanasang ito si Pangulong Snow at nasabik siyang ituloy ang pangangaral ng batas ng ikapu sa buong Simbahan. "Labis akong nasiyahan sa resulta ng pagbisitang ito," wika niya, "kaya iniisip kong maglakbay sa lahat ng stake sa Sion, sa malapit na hinaharap."[79] Namuno siya sa maraming stake conference, kung saan nangako siya sa mga Banal na ang pagsunod sa batas na ito ay maghahanda sa mga miyembro ng Simbahan na tumanggap ng mga pagpapalang temporal at espirituwal.[80] Nangako rin siya na ang pagsunod sa batas ng ikapu ay magpapalaya sa Simbahan mula sa pagkakautang.[81]

Sa buong Simbahan, tumugon ang mga miyembro sa payo ni Pangulong Snow nang may panibagong katapatan. Noong 1904,

isinulat ng mananalaysay na si Orson F. Whitney, na kalaunan ay maglilingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa: "Ang epekto ng payo na ito ay daglian. Kaagad na bumuhos ang maraming ikapu at handog na hindi pa nangyari sa nagdaang mga taon, at sa maraming paraan ay gumanda ang kundisyon ng Simbahan at lumiwanag ang hinaharap nito. Dati-rati ay taglay ni Pangulong Snow ang pagmamahal at tiwala ng kanyang mga miyembro, at ngayon ay lumago at nag-ibayo pa ang magagandang damdaming ito."[82] Si Pangulong Heber J. Grant, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawa, nang tumanggap si Pangulong Snow ng paghahayag tungkol sa ikapu, ay nagsabi kalaunan: "Tinawag si Lorenzo Snow sa panguluhan ng Simbahan noong siya ay walumpu't limang taong gulang, at kamangha-manghang isipin ang nagawa niya sa sumunod na tatlong taon ng kanyang buhay. . . . Sa tatlong maiikling taon ang lalaking ito, na napakatanda na sa tingin ng mundo para may magawa pa, ang lalaking ito na walang alam tungkol sa pananalapi, na naglaan ng kanyang buhay sa loob ng maraming taon sa paggawa sa Templo, ay pinamahalaan ang pananalapi ng Simbahan ni Cristo, sa ilalim ng inspirasyon ng buhay na Diyos, at sa tatlong taon na iyon ay binago ang lahat, tungkol sa pananalapi, mula sa kadiliman tungo sa liwanag."[83]

### *Pagpapatotoo sa mga Huling Araw ng Kanyang Ministeryo*

Noong Enero 1, 1901, dumalo si Pangulong Snow sa isang espesyal na pulong sa Salt Lake Tabernacle upang salubungin ang ika-20 siglo. Inimbitahang dumalo ang mga miyembro ng lahat ng relihiyon. Naghanda ng mensahe si Pangulong Snow para sa kaganapan, ngunit hindi niya nabasa ito dahil malubha ang kanyang sipon. Matapos ang pambungad na himno, panalangin, at pambansang awit na kinanta ng Tabernacle Choir, tumayo ang anak ni Pangulong Snow na si LeRoi at binasa ang mensahe, na pinamagatang "Pagbati sa Mundo ni Pangulong Lorenzo Snow."[84] Ang huling mga salita ng mensahe ay nagpahayag ng damdamin ni Pangulong Snow tungkol sa gawain ng Panginoon:

"Sa walumpu't pitong taon ng buhay ko sa lupa, puno ako ng matinding hangarin para sa kapakanan ng tao. . . . Itinataas ko ang aking mga kamay at idinadalangin na pagpalain ng langit ang mga naninirahan sa daigdig. Nawa'y ngumiti sa inyo ang sikat ng araw.

Nawa'y malayang sumibol ang mga yaman at bunga ng lupa para sa inyong kapakinabangan. Nawa'y pawiin ng liwanag ng katotohanan ang kadiliman sa inyong kaluluwa. Nawa'y mag-ibayo ang kabutihan at mawala ang kasamaan. . . . Nawa'y magtagumpay ang katarungan at mawala ang katiwalian. At nawa'y manaig ang kabanalan at kalinisang-puri at karangalan, hanggang sa madaig ang masama at malinis ang daigdig mula sa kasamaan. Paratingin ang mga damdaming ito sa buong mundo, bilang tinig ng 'mga Mormon' sa kabundukan ng Utah, at ipaalam sa lahat ng tao na ang ating hangarin at misyon ay para sa pagpapala at kaligtasan ng buong sangkatauhan. . . . Nawa'y luwalhatiin ang Diyos sa tagumpay laban sa kasalanan at kalungkutan at paghihirap at kamatayan. Sumainyong lahat ang kapayapaan!"[85]

Noong Oktubre 6, 1901, tumayo si Pangulong Lorenzo Snow upang magsalita sa kapwa niya mga Banal sa pangwakas na sesyon ng pangkalahatang kumperensya. Nagkasakit siya nang ilang araw, at nang makarating siya sa pulpito, sinabi niya, "Mahal kong mga kapatid, namamangha ako na nakapagsalita ako sa inyo ngayong hapon." Nagbahagi siya ng maikling mensahe tungkol sa pamumuno sa Simbahan. Pagkatapos ay sinabi niya ang mga huling salitang maririnig ng lahat ng miyembro ng Simbahan mula sa kanya: "Pagpalain kayo ng Diyos. Amen."[86]

Pagkaraan ng apat na araw, namatay sa pulmonya si Pangulong Snow. Pagkatapos ng burol sa Salt Lake Tabernacle, inilibing ang kanyang mga labi sa isang sementeryo sa pinakamamahal niyang Brigham City.

## *Mga Tala*

1. Lorenzo Snow, sa Lycurgus A. Wilson, *Life of David W. Patten, the First Apostolic Martyr* (1900), v.
2. Lorenzo Snow, "The Grand Destiny of Man," *Deseret Evening News,* Hulyo 20, 1901, 22.
3. Lorenzo Snow, sa *Life of David W. Patten, the First Apostolic Martyr,* v.
4. Lorenzo Snow, sa *Life of David W. Patten, the First Apostolic Martyr,* v.
5. Tingnan sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 1–2.
6. Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 2.
7. Lorenzo Snow, Journal and Letterbook, 1836–1845, Church History Library, 18.
8. Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 2–3.
9. Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 3.
10. Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 2, 3.
11. Orson F. Whitney, *History of Utah,* 4 na tomo (1892–1904), 4:223.

12. Tingnan sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 4.
13. Lorenzo Snow, Journal and Letterbook, 1836–1845, 57–62.
14. Tingnan sa Lorenzo Snow, Journal and Letterbook, 1836–1845, 32.
15. Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 6.
16. Lorenzo Snow, "The Grand Destiny of Man," 22. Para sa iba pa tungkol sa pagbabalik-loob ni Lorenzo Snow, tingnan sa kabanata 3.
17. Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 6.
18. Lorenzo Snow, Journal and Letterbook, 1836–1845, 33.
19. Lorenzo Snow, Journal and Letterbook, 1836–1845, 33; tingnan din sa "The Grand Destiny of Man," 22.
20. Lorenzo Snow, "The Grand Destiny of Man," 22.
21. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 15.
22. Lorenzo Snow, "The Grand Destiny of Man," 22.
23. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 16.
24. Tingnan sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 16, 19.
25. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 19.
26. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 30.
27. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 37–38.
28. Liham ni Lorenzo Snow kay Oliver Snow, sinipi sa isang liham ni Eliza R. Snow kay Isaac Streator, Peb. 22, 1839, Church History Library.
29. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 37.
30. Liham ni Lorenzo Snow kay Oliver Snow, sinipi sa isang liham ni Eliza R. Snow kay Isaac Streator, Peb. 22, 1839.
31. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 19.
32. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 47.
33. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 50–51. Para sa iba pa tungkol sa paglalakbay patungong England, tingnan sa kabanata 14.
34. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 58–59.
35. Liham ni Lorenzo Snow kay Heber C. Kimball, Okt. 22, 1841, sa Lorenzo Snow, Letterbook, 1839–1846, Church History Library.
36. Liham ni Lorenzo Snow kay Heber C. Kimball, Okt. 22, 1841, sa Lorenzo Snow, Letterbook, 1839–1846.
37. Liham ni Lorenzo Snow kay George A. Smith, Ene. 20, 1842, sa Lorenzo Snow, Letterbook, 1839–1846.
38. Lorenzo Snow, Journal and Letterbook, 1836–1845, 45.
39. Lorenzo Snow, Journal and Letterbook, 1836–1845, 65–66.
40. Lorenzo Snow, Journal and Letterbook, 1836–1845, 72–83.
41. Lorenzo Snow, Journal and Letterbook, 1836–1845, 91.
42. Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 74–75; tingnan din sa pahina 73.
43. Lorenzo Snow, Journal and Letterbook, 1836–1845, 49.
44. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 79.
45. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 79.
46. Lorenzo Snow, sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 79, 82.
47. Lorenzo Snow, sa "Laid to Rest: The Remains of President John Taylor Consigned to the Grave," *Millennial Star,* Ago. 29, 1887, 549. Para sa iba pang mga komento ni Lorenzo Snow tungkol sa pagpaslang kay Joseph Smith, tingnan sa kabanata 23.
48. Tingnan sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 84.
49. Joseph Smith, sinipi ni Lorenzo Snow sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 70.
50. Para sa iba pa tungkol sa karanasan sa Mount Pisgah, tingnan sa kabanata 7.
51. Tingnan sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 94–95.
52. Lorenzo Snow, "Address of Apostle Lorenzo Snow," *Millennial Star,* Peb. 15, 1886, 110.
53. Lorenzo Snow, *Deseret News,* Ene. 14, 1857, 355.
54. Liham ni Lorenzo Snow kay Eliza R. Snow, sa *The Italian Mission* (1851), 5.

55. Liham ni Lorenzo Snow kay Franklin D. Richards, sa *The Italian Mission,* 8–10.
56. Liham ni Lorenzo Snow kay Brigham Young, sa *The Italian Mission,* 10–11.
57. Tingnan sa liham ni Lorenzo Snow kay Brigham Young, sa *The Italian Mission,* 15–17.
58. Tingnan sa liham ni Lorenzo Snow kay Brigham Young, sa *The Italian Mission,* 17.
59. Liham ni Lorenzo Snow kay Franklin D. Richards, sa *The Italian Mission,* 20.
60. Liham ni Lorenzo Snow kay Orson Hyde, sa *The Italian Mission,* 23.
61. Liham ni Jabez Woodard kay Lorenzo Snow, sa *The Italian Mission,* 26.
62. Sinipi sa isang liham ni Jabez Woodard kay Lorenzo Snow, sa *The Italian Mission,* 26.
63. Sa Conference Report, Okt. 1994, 97; o *Ensign,* Nob. 1994, 74.
64. Leslie Woodruff Snow, "President Lorenzo Snow, as the Silver Grays of Today Remember Him," *Young Woman's Journal,* Set. 1903, 391.
65. Para sa iba pa tungkol sa karanasan ni Elder Snow sa Hawaiian Islands, tingnan sa kabanata 4.
66. Para sa iba pa tungkol sa karanasan ni Elder Snow sa Banal na Lupain, tingnan sa kabanata 24.
67. Heber J. Grant, sa Conference Report, Hunyo 1919, 10.
68. *Deseret Evening News,* Abr. 3, 1894, 4.
69. Jacob Jensen, sinipi sa LeRoi C. Snow, "Raised from the Dead," *Improvement Era,* Set. 1929, 884–86.
70. Tingnan sa LeRoi C. Snow, "Raised from the Dead," 886; LeRoi C. Snow, "Raised from the Dead (Conclusion)," *Improvement Era,* Okt. 1929, 975–79.
71. Tingnan sa LeRoi C. Snow, "Raised from the Dead (Conclusion)," 980.
72. Tingnan sa LeRoi C. Snow, "An Experience of My Father's," *Improvement Era,* Set. 1933, 677; tingnan din sa pagsusulatan nina Elder John A. Widtsoe at Noah S. Pond, asawa ni Alice Armeda Snow Young Pond, Okt. 30, 1945, at Nob. 12, 1946, Church History Library. Naghintay nang mahigit tatlong taon si Pangulong Brigham Young matapos paslangin si Propetang Joseph Smith bago niya inorganisang muli ang Unang Panguluhan; naghintay nang mahigit tatlong taon si Pangulong John Taylor pagkamatay ni Pangulong Young; naghintay nang halos dalawang taon si Pangulong Woodruff pagkamatay ni Pangulong Taylor. Para sa iba pa tungkol sa banal na paghahayag na natanggap ni Pangulong Snow sa templo, tingnan sa kabanata 20.
73. Lorenzo Snow, sa "President Snow in Cache Valley," *Deseret Evening News,* Ago. 7, 1899, 1.
74. Biographical Notes on Lorenzo Snow, tinipon ni LeRoi C. Snow, Church History Library, 2.
75. W. D. Cornell, sinipi sa "Mormonism in Salt Lake," *Millennial Star,* Set. 14, 1899, 579.
76. Reverend Prentis, sinipi sa Nephi Anderson, "Life and Character Sketch of Lorenzo Snow," *Improvement Era,* Hunyo 1899, 569–70.
77. Lorenzo Snow, *Millennial Star,* Ago. 24, 1899, 533; tingnan din sa *Deseret Evening News,* Mayo 17, 1899, 2; *Deseret Evening News,* Mayo 18, 1899, 2. Sinasabi sa *Millennial Star* na ibinigay ni Pangulong Snow ang mensaheng ito noong Mayo 8, ngunit ipinapakita ng iba pang pinagkukunan nang panahon ding iyon na ibinigay niya ito noong Mayo 18. Nagsalita rin si Pangulong Snow tungkol sa ikapu noong Mayo 17. Para sa mas kumpletong salaysay ng paghahayag tungkol sa ikapu, tingnan sa kabanata 12.
78. Tingnan sa "Pres. Snow Is Home Again," *Deseret Evening News,* Mayo 27, 1899, 1.
79. Lorenzo Snow, sa "Pres. Snow Is Home Again," 1.
80. Tingnan, halimbawa, sa *Deseret Evening News,* Hunyo 24, 1899, 3.
81. Tingnan, halimbawa, sa *Improvement Era,* Ago. 1899, 793.
82. Orson F. Whitney, *History of Utah,* 4:226.
83. Heber J. Grant, sa Conference Report, Hunyo 1919, 10.
84. Tingnan sa "Special New Century Services," *Deseret Evening News,* Ene. 1, 1901, 5.
85. Lorenzo Snow, "Greeting to the World by President Lorenzo Snow," *Deseret Evening News,* Ene. 1, 1901, 5.
86. Lorenzo Snow, sa Conference Report, Okt. 1901, 60, 62.


# Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya

*"Magpatuloy tayo, mga kapatid, na gumawa sa pangalan ng Panginoon nating Diyos; na nagtitipon ng karunungan at katalinuhan sa araw-araw, upang ang bawat nagaganap na pangyayari ay makatulong sa ating ikabubuti."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Kapag walang ginagawa ang batang si Lorenzo Snow sa bukirin ng pamilya, siya ay karaniwang nagbabasa—"subsob sa kanyang mga libro," sabi nga ng mga miyembro ng kanyang pamilya. Ayon sa kapatid niyang si Eliza, siya noon ay "palaging nag-aaral, sa tahanan man at sa paaralan."[1] Ang kagustuhan niyang matuto ay nadagdagan habang siya ay lumalaki. Sa katunayan, sinabi niya na edukasyon "ang panuntunan" ng kanyang kabataan.[2] Pagkatapos mag-aral sa mga pampublikong paaralan, nag-aral siya sa Oberlin College, na isang pribadong paaralan sa estado ng Ohio, noong 1835. Noong 1836, bago siya sumapi sa Simbahan, tinanggap niya ang imbitasyon ni Eliza na lumipat sa Kirtland, Ohio, kung saan siya nag-aral ng Hebreo sa isang klase na kinabilangan ni Propetang Joseph Smith at ng maraming Apostol.

Pagkatapos ng kanyang binyag at kumpirmasyon, mas nabaling ang kanyang pansin sa "edukasyong dulot ng Espiritu"[3] kaysa sa "matututuhan mula sa mga aklat."[4] Sa adhikaing ito, hindi nawawala ang kanyang pagkauhaw na matuto. Halimbawa, noong siya ay 80 taong gulang at naglilingkod bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, tumayo siya sa harap ng mga Banal sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1894. Sa pagsasalita tungkol sa mga talumpating ibinigay noong araw na iyon ng



*Habambuhay na hinangad ni Pangulong Lorenzo Snow na matuto "sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118).*

kanyang mga kapatid na kulang pa sa karanasan, sinabi niyang, "Ang ilang ideyang itinuro ay hindi ko kailanman naisip noon, at talagang kapaki-pakinabang ang mga ito."[5] Pagkaraan ng anim na taon, noong siya na ang Pangulo ng Simbahan, dumalo siya sa isang kumperensyang pinangasiwaan ng Sunday School organization. Pagkatapos marinig na nagsalita ang iba, sa wakas ay tumayo siya sa pulpito. Sinimulan niya ang kanyang mensahe sa pagsasabing: "Lubos akong namangha at nagulat sa nakita ko't narinig. . . . Talagang masasabi kong naturuan ako; at kung ako na walumpu't anim na taong gulang na ay maaaring maturuan, wala akong makitang dahilan kung bakit ang mga nasa hustong gulang ay hindi makikinabang at masisiyahan sa pagdalo sa inyong mga pulong."[6] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 48.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Kailangan ng pananampalataya, sikap, at tiyaga upang matuto.

Dito sa pundasyon ng relihiyon na tinanggap natin ay may kamangha-mangha at napakagandang bagay, at may bagong matututuhan sa bawat araw, na napakahalaga. At hindi lamang natin ito pribilehiyo kundi kailangang matanggap natin ang mga bagay na ito at matipon ang mga bagong ideyang ito.[7]

Ang buong ideya ng Mormonismo ay pagpapabuti—ng kaisipan, pangangatawan, moralidad at espirituwalidad. Hindi sapat ang dibuong edukasyon para sa mga Banal sa mga Huling Araw.[8]

Kapaki-pakinabang ang mabuhay nang matagal sa mundo at makamtan ang karanasan at kaalamang kaakibat nito: sapagkat sinabi sa atin ng Panginoon na anumang katalinuhan na makamit natin sa buhay na ito ay babangong kasama natin sa pagkabuhay na maguli, at kung mas marami ang kaalaman at katalinuhang nakamit ng isang tao sa buhay na ito magkakaroon siya ng labis na kalamangan sa daigdig na darating [tingnan sa D at T 130:18–19].[9]

May ilan na hindi natututo, at hindi bumubuti sa abot ng kanilang makakaya, dahil ang kanilang mga mata at kanilang mga puso ay hindi nakatuon sa Diyos; hindi sila seryoso sa pag-iisip, ni hindi nila nakakamit ang kaalaman na dapat sana ay makamit nila; hindi

nila natatanggap ang dapat sanang matanggap nila. Kailangan tayong magkaroon ng kaalaman bago tayo magkaroon ng walang hanggang kaligayahan; kailangang maalam tayo sa mga bagay na ukol sa Diyos.

Bagamat ipinagwawalang-bahala natin ngayon na pagbutihin ang ating panahon, pag-ibayuhin ang ating mga nalalaman, mapipilitan tayong gawin ang mga ito balang-araw. Napakarami nating kailangang gawin, at kung hindi natin matututuhan ang mga ito ngayon, mas marami tayong gagawin bukas.[10]

Kailangang hasain ang ating isip, pagbutihin ang mga talentong ibinigay sa atin ng Diyos; kailangang gamitin ang mga ito. Pagkatapos, dahil nabigyang-liwanag ng kaloob at kapangyarihan ng Espiritu Santo, maaari nating makuha ang mga ideya at katalinuhan at ang mga pagpapalang iyon na kailangan upang makapaghanda tayo para sa hinaharap, sa mga mangyayari o magaganap.

Ito rin ang alituntuning kailangan sa lahat ng ating mga ikinikilos na may kaugnayan sa mga bagay na ukol sa Diyos. Kailangan nating magsikap. . . . Ang pananatiling tamad sa halip na kumilos tayo ay walang kabutihang maidudulot sa atin; kung hindi tayo magkukusa, wala tayong maisasagawa. Bawat alituntuning inihayag mula sa kalangitan ay para sa ating kapakinabangan, para sa ating buhay, para sa ating kaligtasan, at para sa ating kaligayahan.[11]

Marahil iniisip natin na hindi natin kailangang magsikap para alamin kung ano ang hinihingi sa atin ng Diyos; o sa madaling salita, saliksikin ang mga alituntuning inihayag ng Diyos, kung saan maaari nating matanggap ang napakahalagang mga pagpapala. May mga alituntuning inihayag sa simple at malinaw na paraan na nilayon para dakilain ang mga Banal sa mga Huling Araw at iligtas sila sa maraming kaguluhan at mga bagay na nakayayamot, gayunman, sa kakulangan natin ng pagsisikap na matutuhan at sundin ang mga ito, hindi natin natatanggap ang mga pagpapalang kaakibat ng pagsunod sa mga ito.[12]

Magpatuloy tayo, mga kapatid, na gumawa sa pangalan ng Panginoon nating Diyos; na nagtitipon ng karunungan at katalinuhan sa araw-araw, upang ang bawat nagaganap na pangyayari ay



*"Ang edukasyong dulot ng Espiritu" ay nararapat na pag-ukulan ng "matamang pansin."*

makatulong sa ating ikabubuti at makadagdag sa ating pananampalataya at katalinuhan.[13] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 48.]

---

## Ang edukasyong dulot ng Espiritu ay nararapat na pag-ukulan natin nang matamang pansin.

May isang uri ng edukasyon na nararapat na pag-ukulan nang lubos ng lahat ng tao, at dapat itong gawin ng lahat—iyan ay ang edukasyong dulot ng Espiritu.[14]

Ang kaunting espirituwal na kaalaman ay tunay na mas mahalaga kaysa mga opinyon at haka-haka at ideya lamang, o kaysa mabusising mga katwiran; ang kaunting espirituwal na kaalaman ay napakaimportante at dapat pahalagahang mabuti.[15]

Hindi natin dapat kalimutan ang ating espirituwal na pag-unlad habang hinahangad natin ang yaman ng mundo. Tungkulin nating gawin ang lahat para umunlad tayo sa mga alituntunin ng liwanag at kaalaman, gayundin sa pagdaragdag ng ating mga temporal na pagpapala at kaginhawahan sa buhay na ito.[16]

Kung masyadong nakatuon ang ating isipan sa isang panig lamang, na masyadong binibigyang-pansin ang pagkakamit ng mga

bagay ng mundo, kung kaya't napapabayaan natin ang espiritu-wal na kayamanan, hindi tayo matatalinong katiwala.[17] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 48.]

---

### Nakabubuti sa atin ang paulit-ulit na pakikinig sa mga alituntunin ng ebanghelyo.

Marahil daan-daang beses na ninyong narinig [ang ilang mga alituntunin], ngunit gayon pa man tila kailangang paulit-ulit talagang ituro sa atin ang mga bagay na ito. Muli, ito ay parang katulad ng nakita ko sa pagbabasa sa Aklat ng Doktrina at mga Tipan. Sa tuwing mababasa ko ang isang paghahayag sa aklat na iyon nagkakaroon ako ng ilang bagong ideya, kahit maraming ulit ko nang nabasa ang pahayag na iyon. Palagay ko ganito rin ang karanasan ninyo; kung hindi, kakaiba ang karanasan ninyo kumpara sa akin.[18]

Para tayong mga bata na nag-aaral ng alpabeto. Sinasabi ng guro sa bata, "Ito ang letrang *a;* susubukan mo bang tandaan ito?" Sagot ng bata, "Opo, sisikapin ko pong tandaan." At ituturo ng guro ang susunod na letra, at sasabihing, "Ito ang letrang *b;* tingnan mo nga at sikaping tandaan ito." "Sige po," ang sagot ng bata. Pagkatapos ay babalikan ng guro ang letrang *a.* "Anong letra ito?" Nakalimutan na ito ng bata. Minsan pa, sasabihin ng guro sa bata na ito ang *a,* at babaling sa letrang *b,* at matutuklasan na nalimutan na rin ito ng bata, at kailangan na muling ituro ang letrang *b*. Ganito sa umaga. Pagsapit ng hapon muling tatawagin ang bata at tatanungin, at muling malalaman ng guro na nalimutan ng bata ang mga letra at kailangan itong turuang muli. Kaya't kailangang ulit-ulitin ang aralin, at kung hindi ito naranasan noon ng guro, at alam na ang dapat asahan, tiyak na panghihinaan siya ng loob. Ganito rin sa mga Banal sa mga Huling Araw. Kahit na maaari tayong magsawa sa pakikinig sa mga bagay na inuulit, kailangan pa rin ito para lubusan nating matutuhan ang mga ito. Kailangan nating matutuhan ang mga ito. Alam ko na sa bandang huli ay matututuhan din ng mga Banal sa mga Huling Araw ang lahat ng mga batas at kautusan ng Diyos, at matututong sundin nang mahigpit ang mga ito. Ngunit wala pa tayo sa puntong iyan.[19] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 48.]


**Kapag nagtitipon tayo para pag-aralan ang ebanghelyo, ang guro at nag-aaral ay kapwa kailangan ang patnubay ng Espiritu.**

Kapag ang [isang guro] ay nakatayo sa harap ng mga tao dapat alam niya na nakatayo siya sa kanilang harapan para iparating ang kaalaman, upang makatanggap sila ng katotohanan sa kanilang mga kaluluwa at lalo pang maging mabuti sa pamamagitan ng pagtanggap ng dagdag na liwanag, at sumulong sa kanilang edukasyon sa mga alituntunin ng kabanalan.

Hindi ito magagawa, kundi sa pamamagitan ng pag-iisip, lakas ng pananampalataya at buong pusong paghahangad sa Espiritu ng Panginoon nating Diyos. Ganyan din sa mga tagapakinig; maliban kung bigyang pansin talaga nila ang paulit-ulit na hinihingi sa kanila ng mga nagsasalita sa mga tao mula sa pulpitong ito, at maliban kung pakaisiping mabuti ng mga tao nang kanilang buong kakayahan at lakas sa kanilang mga panalangin sa Panginoon, hindi nila matatanggap ang kabutihan at kapakinabangan na dapat sana nilang tanggapin.[20]

Nais ko sa mga Banal sa mga Huling Araw na sa kumperensyang ito, sa pagtayo at pagsasalita sa atin ng mga Elder, ay pairalin ang ating pananampalataya at ipanalangin ang bawat nagsasalita, upang masabi niya ang kaukulang mga bagay, at upang mapasaatin ang espiritu nang ating matanggap ang mga bagay na kapaki-pakinabang sa ating lahat. Ito ay ating pribilehiyo at ating tungkulin. Hindi nagkataon lamang na napunta tayo dito; nagpunta tayo sa kumperensyang ito na umaasang tatanggap ng isang bagay na magiging kapaki-pakinabang sa atin.[21]

Dapat ninyong hilingin sa Panginoon na hayaan [ang mga tagapagsalita] na sabihin ang ilang bagay na nais ninyong malaman, na makapagmungkahi sila ng bagay na makabubuti sa inyo. Kung nais ninyong malaman ang mga bagay na hindi ninyo nauunawaan, manalangin na sana mabanggit [nila] ang bagay na magbibigay-liwanag sa bagay na bumabagabag sa inyong isipan, at magkakaroon tayo ng isang napakaganda at maluwalhating Kumperensya, na higit na mainam kaysa mga nagdaang kumperensya. Bagamat tila kataka-taka, ang ating huling Kumperensya ang palaging tila




*Kailangang "ihanda natin ang ating mga puso na tumanggap at makinabang sa" mga mensaheng ibinabahagi sa pangkalahatang kumperensya at iba pang mga pulong.*

pinakamainam, at sana ay gayon nga; at kayo mga kapatid, iangat ang inyong mga puso sa Panginoon at pairalin ang pananampalataya habang nagsasalita sa inyo ang ating mga kapatid. Hindi tayo mabibigo, at hindi kayo uuwi, hindi ninyo iiwan ang Kumperensyang ito nang hindi nadaramang nabiyayaan kayo nang husto.[22]

Sa tingin ko marami sa mga tagapakinig ngayon na nasa harap ko ang nagmula pa sa malayong lugar upang makasama natin dito sa pangkalahatang kumperensyang ito; at na nadama ng lahat na magpunta dito dahil sa mga dalisay na layunin—sa hangaring pagbutihin pa at gawing perpekto ang kanilang sarili sa mga bagay na nauukol sa maitutulong nila sa kaharian ng Diyos. Upang hindi tayo mabigo sa inaasahan natin, kailangang ihanda natin ang ating mga puso na tumanggap at makinabang sa mga mungkahing ibibigay ng mga tagapagsalita sa Kumperensya, na maaaring ipahiwatig ng Espiritu ng Panginoon. Naisip ko, at naiisip ko pa rin, na ang pagpapatibay sa ating sarili ay hindi lamang nakadepende sa tagapagsalita kundi maging sa ating sarili mismo.[23]

Kapag nagtitipun-tipon tayo . . . , nagkakaroon tayo ng pribilehiyong tumanggap ng tagubilin mula sa mga taong nagsasalita sa

atin, at kung hindi man tayo makatanggap, karaniwan ay tayo na rin ang may kasalanan.[24]

Napansin ko ang itinuturing kong kahinaan sa ilang mga tao. Nagtitipun-tipon sila na mas layon ng ilan sa kanila na masiyahan sa husay ng pagbigkas ng tagapagsalita, sa layon na hangaan ang estilo ng kanyang pananalita, o kaya'y nagtitipon sila para makita ang tagapagsalita o tingnan ang kanyang pagkatao . . . sa halip na hangaring tumanggap ng mga tagubilin na kapaki-pakinabang sa kanila at magpapabuti sa kanilang pagkatao. . . .

. . . Kung hindi natin gagamitin ang mga kakayahang ibinigay sa atin at madarama ang Espiritu ng Panginoon, kakaunting impormasyon lamang ang matatanggap natin mula sa mga tagapagsalita, kahit na napakahalaga at makabuluhan ang mga ideyang nais iparating. Bagamat maaaring hindi napakahusay ng paghahatid ng mga ideya, kung pagsisikapang mabuti ng mga tao, . . . malalaman nila na hindi sila aalis sa pulong nang hindi nakikinabang nang husto mula sa mga tagapagsalita.[25]

Hindi palaging ang mahahabang mensahe ang nagdudulot ng pinakamalaking pakinabang sa mga Banal sa mga Huling Araw; sa halip ay maaari tayong makapulot ng ilang ideya sa iba't ibang hatid na mensahe, o maaaring bigla na lamang nating maunawaan ang ilang alituntunin na magiging nakapahalaga sa atin pagkatapos.[26]

Nagtipon tayo sa layon na sambahin ang Diyos at pag-usapan ang mga bagay na kailangan sa pagsusulong o pagpapalaganap ng katotohanan sa lupa. Ang mga detalye ng mga tagubilin ay mababatay nang malaki sa kondisyon ng ating isipan. Dapat nating alisin sa ating isipan ang sekular na gawain at ituon ang ating pansin sa layunin ng Kumperensyang ito.[27]

Para sa ating kabatiran at espirituwal na kaalaman lubos tayong nakaasa—dama nating labis tayong nakaasa—sa Panginoon. At batay sa lakas ng ating pananampalataya tayo nakatatanggap ng impormasyon, na ipinararaan sa mga lingkod ng Panginoon. . . . Nagsasalita Siya sa atin, sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod, na nagsasalita sa atin sa ganitong paraan kapag sama-sama tayong sumasamba sa ating Diyos.[28] [Tingnan ang mungkahi 5 sa pahina 48.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Repasuhin ang mga pahina 39–41, na naglalarawan sa habambuhay na pagsisikap ni Pangulong Snow na matuto. Ano ang umaakay sa isang tao upang patuloy na matuto habang siya ay nabubuhay? Isipin ang sarili ninyong pamamaraan para matuto, at pag-isipan ang mga paraan upang patuloy kayong matuto habang kayo ay nabubuhay.
2. Pag-aralan ang payo ni Pangulong Snow tungkol sa pagsisikap at pagtitiyaga na malaman ang tungkol sa ebanghelyo (tingnan sa mga pahina 41–43). Sa paanong mga paraan nagbabago ang inyong pagkatuto kapag talagang nagsikap kayo? Paano natin matutulungan ang mga bata at kabataan na magsikap mismo na matuto?
3. Hinikayat ni Pangulong Snow ang mga Banal na sikaping matanggap ang "edukasyong dulot ng Espiritu" (pahina 43). Ano ang ibig sabihin nito sa inyo? Ano ang magiging bunga kapag ang ating pag-aaral ay labis na nakatuon sa temporal na yaman?
4. Paanong nauugnay ang halimbawa ng pag-aaral ng isang bata ng alpabeto (pahina 44) sa ating mga pagsisikap na malaman ang ebanghelyo? Habang pinag-aaralan ninyo ang mga salita ng mga sinauna at makabagong propeta, anong mga alituntunin ang nakita ninyong inulit?
5. Sa paanong paraan natin maihahanda ang ating puso upang matuto sa mga klase at miting sa Simbahan? Paano natin mahihimok ang ating sarili na matuto, kahit na nakikinig lamang tayo sa isang mensahe sa sacrament meeting o sa kumperensya? (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga pahina 45–47.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 2 Nephi 9:28–29; 28:30; Mosias 2:9; D at T 50:13–22; 88:118, 122; 136:32–33

*Tulong sa Pagtuturo:* "Upang matulungan tayo sa pagtuturo mula sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw, gumawa ang Simbahan ng mga manwal ng aralin at iba pang mga materyal. Kaunti lamang ang pangangailangan para sa mga komentaryo o iba pang materyal na sanggunian" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin: Mapagkukunang Gabay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo* [2000], 63).

## *Mga Tala*

1. Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 3.
2. Sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 28.
3. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mar. 31, 1868, 2.
4. Sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 28.
5. "Glory Awaiting the Saints," *Deseret Semi-Weekly News,* Okt. 30, 1894, 1.
6. "Tithing," *Juvenile Instructor,* Abr. 1901, 214–15.
7. Sa Conference Report, Abr. 1898, 13.
8. "'Mormonism' by Its Head," *The Land of Sunshine,* Okt. 1901, 257.
9. Sa "Old Folks Are at Saltair Today," *Deseret Evening News,* Hulyo 2, 1901, 1; mensaheng inihanda ni Lorenzo Snow at binasa ng kanyang anak na si LeRoi.
10. *Deseret News,* Okt. 21, 1857, 259.
11. *Deseret News,* Ene. 28, 1857, 371.
12. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 16, 1878, 1.
13. *Deseret News: Semi-Weekly,* Dis. 7, 1869, 7.
14. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mar. 31, 1868, 2.
15. *Deseret News,* Nob. 22, 1882, 690.
16. *Deseret News,* Hulyo 19, 1865, 330.
17. *Deseret News,* Hulyo 19, 1865, 330.
18. *Deseret Semi-Weekly News,* Mar. 30, 1897, 1.
19. *Deseret Semi-Weekly News,* Hulyo 28, 1899, 10; idinagdag ang italics.
20. *Deseret News,* Ene. 28, 1857, 371.
21. Sa Conference Report, Okt. 1899, 2.
22. Sa Conference Report, Okt. 1900, 5.
23. Sa Conference Report, Okt. 1898, 1–2.
24. Sa Conference Report, Abr. 1898, 61.
25. *Deseret News,* Ene. 28, 1857, 371.
26. Sa Conference Report, Abr. 1899, 2.
27. *Deseret Evening News,* Abr. 11, 1888, 200; mula sa isang detalyadong pakahulugan ng isang diskursong ipinahayag ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1888.
28. *Salt Lake Daily Herald,* Okt. 11, 1887, 2.



*Ipinakita sa atin ni Jesucristo ang halimbawa nang Siya ay mabinyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig.*

# Pagbibinyag at ang Kaloob na Espiritu Santo

*"Ito . . . ang kaayusan ng Ebanghelyo noong panahon ng mga apostol, paniniwala kay Jesucristo, pagsisisi, pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at pagpapatong ng mga kamay para matanggap ang Espiritu Santo. Nang maunawaan ang kaayusang ito at nabigyan ng matamang pansin, sumunod kaagad ang kapangyarihan, mga kaloob, pagpapala, at maluwalhating mga pribilehiyo."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Kahit nakatanggap na ng patotoo na si Joseph Smith ay isang propeta, nahirapan pa rin si Lorenzo Snow sa desisyon na pagsapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nalaman niya na kung magiging miyembro siya ng Simbahan, kailangan niyang talikuran ang ilan sa kanyang mga nais kamtin sa mundo. Ngunit pagkatapos maranasan ang tinawag niyang "pinakamahirap na pakikibaka ng kanyang puso at kaluluwa," pumayag siyang magpabinyag. Isinalaysay niya: "Sa tulong ng Panginoon—dahil talagang dama kong tinulungan nga Niya ako—inialay ko sa altar ang aking pagmamataas, ambisyon at hangarin, at, sa pagpapakumbabang gaya ng sa isang bata ay lumusong ako sa tubig ng binyag, at tinanggap ang mga ordenansa ng ebanghelyo. . . . Natanggap ko ang pagbibinyag at ang ordenansa ng pagpapatong ng mga kamay ng isang taong nagsasabing siya ay nagtataglay ng banal na awtoridad."[1]

Pagkatapos niyang matanggap ang pagpapalang ito, nasabik siyang ibahagi ito sa iba. Sa isang liham na isinulat niya bilang

misyonero sa Italy, sinabi niyang: "Sa maraming bansa ang pagbubukas ng pintuan ng kaharian ng Diyos ay may kahalong hirap at pag-aalala. Kami mismo ay maraming naranasang tulad nito. Kaya't tuwang-tuwa ako nang lumusong ako sa tubig kasama ang unang kandidato sa buhay na walang hanggan. Hindi kailanman naging matamis sa amin ang wikang Italian na gaya ng napakagandang sandaling ito, nang isagawa ko ang sagradong ordenansang ito, at mabuksan ang isang pintuang *hindi maisasara ng sinumang tao.*"[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 62.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Tumatanggap tayo ng mga pagpapala mula sa Diyos kapag sinusunod natin ang itinakda Niyang mga alituntunin.

May partikular na mga alituntuning itinakda ang Diyos, na kapag naunawaan at sinunod ay magbibigay sa mga tao ng espirituwal na kaalaman, mga kaloob, at pagpapala. Noong bago pa lang ang daigdig, gayundin noong panahon ng mga apostol, napasakamay ng mga tao ang mga espirituwal na kapangyarihan at iba't ibang pribilehiyo sa pamamagitan ng pag-unawa at matapat na pagsunod sa mga patakarang itinakda ng Panginoon. Tulad ni Abel, na isa sa mga anak ni Adan, nang malaman na ang pag-aalay ng mga hain ay isang sistemang itinakda ng Diyos, na sa pamamagitan nito ang mga tao ay makatatanggap ng mga pagpapala, siya ay kumilos, sinunod ang utos, isinagawa ang pag-aalay, kung saan maluwalhating nagpakita sa kanya ang Kataas-taasang Diyos [tingnan sa Genesis 4:4; Mga Hebreo 11:4].

Muli, nang maging masama ang mga Antediluvian [mga taong nabuhay bago ang malaking baha], at nang paparating na ang panahon ng kanilang pagkalipol, inihayag ng Panginoon ang isang landas kung saan maaaring makatakas sa pagkalipol ang mabubuting tao; alinsunod dito, lahat ng nakaunawa at sumunod sa landas ay nakamit ang ipinangakong pagpapala [tingnan sa Genesis 6–8].

Si Joshua, bago mapasakanya ang Jerico, ay kinailangang sumunod sa mga hakbanging itinakda ng Diyos. Nang masunod nang wasto ang mga hakbang, sang-ayon sa kautusan, ang pakay, o ang Jerico, ay kaagad na napasakanyang mga kamay. [Tingnan sa Josue 6.]

Isa pang pagkakataon: ang kaso ni Naaman, na kapitan ng hukbo ng Asiria;—tila, dahil sa sakit niyang ketong at nang madinig ang tungkol kay Eliseo, na propeta, ay nagpunta siya kay Eliseo para maalis ang karamdaman. Ang propeta, na may presensya ng Espiritu Santo, na siyang [nagpapabatid] sa Kaisipan ng Diyos, ay sinabi sa kanya na sa pamamagitan ng paghuhugas sa mga tubig ng Jordan nang pitong beses, siya ay gagaling. Noong una, naisip ni Naaman na napakasimple nito at hindi siya nasiyahan at ayaw niyang sumunod—ayaw niyang sundin ang napakasimpleng paraan. Gayunman, pagkatapos na makapag-isip-isip, nagpakumbaba siya, humayo siya at sumunod sa mga patakaran; at masdan! kaagad na sumunod ang pagpapala. [Tingnan sa II Mga Hari 5:1–14.] . . .

Nang pasimulan ang dispensasyon ng Ebanghelyo, ang mga kaloob at pagpapala ay nakamtan sa gayunding mga alituntunin; sa pamamagitan ng pagsunod sa itinakdang mga patakaran. Binanggit pa ng Panginoon ang ilang gagawin, na nangangako ng partikular na mga pribilehiyo sa lahat ng susunod sa mga ito; at kapag ginawa ang mga iyon—na sinusunod ang bawat detalye—ang ipinangakong mga pagpapalang iyon ay tiyak na makakamtan.[3]

---

## Ang panlabas na mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon ay hindi maaaring ihiwalay sa panloob na mga gawa ng pananampalataya at pagsisisi.

Walang-saysay ang pag-iisip ng ilan na sa dispensasyon ng Ebanghelyo, ang mga kaloob at pagpapala ay hindi nakakamtan sa pamamagitan ng panlabas na pagsunod, o mga panlabas na gawa, kundi sa pamamagitan lamang ng pananampalataya at pagsisisi, sa pamamagitan ng pag-iisip, na walang kinalaman sa pisikal. Ngunit, sa pagsasantabi sa mga tradisyon, pamahiin, at mga kredo ng mga tao, titingin tayo sa salita ng Diyos, kung saan matutuklasan natin na ang panlabas na mga gawa, o panlabas na mga ordenansa, sa ilalim ng dispensasyon ng Ebanghelyo, ay hindi maaaring ihiwalay sa panloob na mga gawa, na pananampalataya at pagsisisi. Bilang patunay nito, ilalahad ko ang sumusunod na obserbasyon:—

Sinabi ng Tagapagligtas, "Bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?" [Lucas 6:46.] Muli; sinasabi niya, "Ang bawa't dumirinig ng aking



*Sa araw ng Pentecostes, mga 3,000 tao ang nabinyagan.*

mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato." [Tingnan sa Mateo 7:24.] At, "Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas." [Marcos 16:16.] Gayundin sinabi niya, "Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios." [Juan 3:5.] Hinihiling ng mga kasabihang ito ng ating Tagapagligtas na magsagawa ng panlabas na gawain ang mga tao upang matanggap nila ang kanilang kaligtasan.

Sa araw ng Pentecostes, sinabi ni Pedro sa mga tao sa paligid, "Mangagsisi kayo at mangagbautismuhan ang bawa't isa sa inyo sa . . . ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." [Tingnan sa Mga Gawa 2:38.] Sa pahayag na ito ng propeta, nalaman natin na dapat magsagawa ng panlabas na gawain ang mga tao, ang pagbibinyag sa tubig, upang matanggap nila ang kapatawaran ng mga kasalanan, at pagkatapos ay matanggap ang kaloob na Espiritu Santo. Ngunit, bago gawin ang panlabas na gawa, kailangan munang gawin ang panloob na gawa—pananampalataya at pagsisisi. Ang pananampalataya at pagsisisi ay nauuna sa pagbibinyag; at ang pagbibinyag ay nauuna sa kapatawaran ng mga kasalanan at sa pagtanggap ng Espiritu Santo. . . .

Sinasabi ng ilan na mali ang ibilang ang binyag sa mahahalagang alituntuning inorden ng Diyos, na kailangang gawin upang makamtan ang kapatawaran ng mga kasalanan. Bilang sagot, sinasabi natin na gayon ang ginawa ng Tagapagligtas at ng mga apostol na nauna sa atin; dahil dito, obligasyon nating sundin ang kanilang halimbawa. . . . Pagbibinyag . . . ngayon ang nag-aalis sa ating mga kaluluwa ng mga kasalanan at polusyon, sa pamamagitan ng pananampalataya sa dakilang pagbabayad-sala. . . .

Malinaw na isinasaad na kailangang gawin ang mga panlabas na gawa, gayundin ang pananampalataya at pagsisisi, upang matanggap ang mga pribilehiyong dulot ng Ebanghelyo.[4] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 62.]

---

**Ang pagbibinyag ay isinasagawa sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, at ang kaloob na Espiritu Santo ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay.**

Mapapansin natin na dahil sa ang binyag sa tubig ay bahagi ng Ebanghelyo ni Cristo, tiniyak ng mga lingkod ng Diyos noong unang panahon na naisasagawa ito nang wasto. . . .

Sandali natin ngayong sisikapin na magkaroon ng wastong pananaw ukol sa paraan ng pagsasagawa ng binyag. Malinaw na iisa lamang ang paraan ng pagsasagawa ng ordenansang ito, at ang paraang iyon ay naipaliwanag ng mga apostol at mahigpit na sinunod sa lahat ng kanilang mga pangangasiwa. Upang magkaroon tayo ng wastong palagay sa paksang ito, kailangang tingnan ang mga kalagayan nang isagawa ang pagbibinyag.

Sinasabi na si Juan [Bautista] ay nagbinyag sa Enon, sapagkat maraming tubig doon [tingnan sa Juan 3:23]; kung pagwiwisik ang paraan, mahirap namang isipin na pupunta pa siya sa Enon, dahil sa maraming tubig sa lugar na iyon, dahil sa kaunting tubig lamang ay maaari nang mawisikan ang buong Judea, na maaari niyang makuha nang hindi na maglalakbay pa papuntang Enon. Sinabi rin sa atin na nagbinyag siya sa Jordan, at na pagkatapos maisagawa ang ordenansa sa ating Tagapagligtas, umahon siya mula sa tubig, na malinaw na nagpapahiwatig na galing siya sa paglusong sa tubig, upang maisagawa ang ordenansa sa wastong paraan [tingnan

sa Mateo 3:16]. Muli; binabanggit nito ang bating (o Eunuch), na kasama ni Felipe na lumusong sa tubig, at sila ay umahon sa tubig [tingnan sa Ang Mga Gawa 8:26–38]; ngayon dapat kilalanin ng lahat ng nagsasabing may batayan sila na kung sapat na pala sa pagbibinyag ang pagwiwisik ng kaunting tubig sa noo, ang mga taong iyon ay hindi na sana lumusong pa sa tubig para tanggapin ang ordenansa. Si Pablo, sa pagsulat sa mga banal, ay nagbigay ng malinaw na patotoo na sumusuporta sa paglulubog sa tubig. . . . Binanggit doon ng apostol na ang mga banal ay nailibing na kasama ni Cristo sa pamamagitan ng binyag [tingnan sa Mga Taga Roma 6:4; Colosas 2:12].

Malinaw na hindi sila maaaring ilibing sa pamamagitan ng binyag kung hindi sila lubusang napaliligiran o nakalubog sa tubig. Ang isang bagay ay hindi masasabing nakabaon kung may nakalitaw na anumang bahagi nito; kaya't gayundin na ang isang tao ay hindi maililibing sa tubig maliban kung nakalubog ang kanyang buong katawan sa tubig. Ang paliwanag na ito ng apostol ukol sa paraan ng pagbibinyag ay talagang tugma o naaayon sa ibinigay ng ating Tagapagligtas na, Maliban na kayo'y ipanganak ng tubig, atbp. Ang maipanganak ng isang bagay ay nangangahulugan ng pagkalagay sa bagay na iyon; at ang paglitaw, o paglabas mula rito. Ang maipanganak ng tubig, ay mangangahulugan din ng pagkalagay sa loob ng mga tubig at pag-ahon mula rito.

Naniniwala ako na sapat na ang nasabi upang makumbinsi ang bawat makatuwiran at walang kinikilingang isipan na ang paglulubog sa tubig ang paraan ng pagsasagawa ng ordenansa ng binyag noong mga unang araw ng Kristiyanismo, nang ipahayag ang Ebanghelyo sa kadalisayan at kabuuan nito, at dahil dito, tatapusin ko na ang aking mga puna sa puntong ito.

Nalaman natin mula sa ika-6 [na kabanata] ng Mga Hebreo na ang pagpapatong ng mga kamay ay kabilang sa mga alituntunin ng Ebanghelyo. Alam ng lahat na ang ordenansang ito, gayundin ang pagbibinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, ay talagang ipinagwawalang-bahala sa mga simbahang Kristiyano sa panahong ito; dahil dito umaasa ako na ang ilang puna tungkol sa paksang ito ay makatutulong. Mayroon tayong ilang pagkakataon kung saan ipinatong ni Cristo



*Natatanggap natin ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay.*

ang kanyang mga kamay sa mga maysakit at pinagaling sila; at sa kanyang utos sa mga apostol, sa huling kabanata ng Marcos, sinabi niyang, Lalakip ang mga tandang ito sa nagsisisampalataya; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila'y magsisigaling, atbp. Ipinatong ni Ananias ang kanyang mga kamay kay Saulo, na kaagad nakakita o pinanumbalikan ng kanyang paningin pagkatapos maisagawa ang ordenansang ito [tingnan sa Ang Mga Gawa 9:17–18]. Si Pablo, noong masira ang barkong sinakyan niya sa pulo ng Melita, ay ipinatong ang kanyang mga kamay sa ama ni Publio, na pangulo ng pulo, at pinagaling ang kanyang lagnat [tingnan sa Ang Mga Gawa 28:8]. Malinaw na ipinakikita ng ilang pananalitang ito na itinakda ng Diyos ang pagpapatong ng mga kamay bilang [paraan] ng pagtanggap ng mga pagpapala ng langit.

Bagamat ang pagpapapagaling ng maysakit ay may kaugnayan sa pagsasagawa ng ordenansang ito, gayunman, kapag pinag-aralan pa nating lalo ang paksa, matutuklasan natin na may mas malaki pang

pagpapala na nauugnay sa ordenansang ito. Sinabi sa atin, na sa lungsod ng Samaria, ang kalalakihan at kababaihan ay nangabinyagan ni Felipe, na naging sanhi ng malaking kagalakan sa kanila na nangabinyagan. Malamang na nagalak sila dahil sa pagkatanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan, sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsisisi, at binyag, at pagtanggap ng bahagi ng Banal na Espiritu ng Diyos, na sadyang sumunod na nangyari sa kanila, pagkatapos makamtan ang kalinisan ng budhi sa pagkakapatawad ng kanilang mga kasalanan. Sa pamamagitan ng bahaging ito ng Banal na Espiritu, na napasakanila, nagsimula nilang makita ang kaharian ng Diyos. Dahil muling magugunita na sinabi ng ating Tagapagligtas na, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos; at sa kasunod na talata, sinabi niyang, Hindi siya makakapasok dito, maliban na ipanganak siya nang dalawang beses; una ay ng tubig, pagkatapos ay ng Espiritu [tingnan sa Juan 3:3–5].

Ngayon ang mga taong iyon sa Samaria ay naipanganak ng tubig—natanggap nila ang unang pagsilang, samakatwid, nasa katayuan sila na maaari nilang makita ang kaharian ng Diyos, na makikita nang may mata ng pananampalataya ang maraming pagpapala, pribilehiyo, at mga kaluwalhatian; ngunit dahil hindi pa sila ipinapanganak sa ikalawang pagkakataon, ibig sabihin, ng Espiritu, hindi pa sila nakapasok sa kaharian ng Diyos—hindi pa nila natanggap ang kabuuan ng mga pribilehiyo ng Ebanghelyo. Nang marinig ng mga apostol sa Jerusalem ang tagumpay ni Felipe, pinapunta nila sina Pedro at Juan sa Samaria, sa layon na isagawa ang pagpapatong ng mga kamay. Alinsunod dito, pagdating nila sa Samaria, ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga taong nabinyagan, at natanggap nila ang Espiritu Santo. [Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:5–8, 12, 14–17.][5] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 62.]

---

## Ang mga pagpapala ng binyag at kumpirmasyon ay dumarating lamang kapag naisagawa ng wastong awtoridad ang mga ordenansang iyon.

Maliban na [ang mga ordenansa] ay maisagawa ng isang taong talagang isinugo ng Diyos, hindi susunod ang mga pagpapalang iyon. Ang mga apostol at pitumpu ay inorden ni Jesucristo na mangasiwa

sa mga ordenansa ng Ebanghelyo, upang sa pamamagitan nito ay matamasa ang mga kaloob at pagpapala ng mga daigdig na walang hanggan. Kaya't sinabi ni Cristo sa mga apostol, Sinomang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila; at sinomang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad [tingnan sa Juan 20:23]: ibig sabihin, bawat taong lumalapit nang may pagpapakumbaba, na taos-pusong nagsisisi ng kanyang mga kasalanan, at tatanggap ng pagbibinyag mula sa mga apostol ay mapapatawad sa kanyang mga kasalanan sa pamamagitan ng nagbabayad-salang dugo ni Jesucristo, at sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ay matatanggap ang Espiritu Santo; ngunit ang mga taong tatangging tumanggap sa kaayusang ito ng mga bagay-bagay mula sa mga apostol ay mananatili sa kanila ang kanilang mga kasalanan. . . . Ang kapangyarihan at awtoridad na ito ng pangangasiwa ng Ebanghelyo ay ipinagkaloob ng mga apostol sa ibang tao; upang hindi lamang ang mga apostol ang mayhawak ng tungkuling ito na may pananagutan. . . . Ngayon, hangga't walang taong mayhawak ng ganitong katungkulan, isang taong may karapatang magbinyag at magpatong ng mga kamay, hindi obligado ang sinuman na tanggapin ang mga ordenansang iyon, ni hindi nila kailangang asahan ang mga pagpapala, maliban kung isinagawa ito ng taong may awtoridad.

. . . Ang karapatang magsagawa ng mga ordenansa ng Ebanghelyo ay nawala sa loob ng maraming siglo. . . . Ang simbahang itinatag ng mga apostol ay unti-unting nawala, naligaw sa ilang, at nawalan ng awtoridad, ng priesthood, at dahil nagbago at hindi na ayon sa orden ng Diyos, nawala din ang mga kaloob at biyaya nito; nilabag nito ang mga batas at binago ang mga ordenansa ng Ebanghelyo; ginawang pagwiwisik ang paglulubog sa tubig, at talagang kinaligtaan ang pagpapatong ng mga kamay; kinutya ang propesiya at hindi naniwala sa mga tanda. . . .

Si Juan, sa kanyang [aklat na] Apocalipsis, na nakakita at nagsalita tungkol sa pagkaligaw ng simbahan tungo sa kadiliman, . . . ay nagsalita, sa [kabanata 14, talata 6], tungkol sa panunumbalik ng Ebanghelyo. "Nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita [ang walang hanggang Ebanghelyo] sa mga nananahan sa lupa;"

kaya't malinaw na matutupad ang propesiyang iyon balang-araw bago ang ikalawang pagdating ng ating Tagapagligtas.

. . . Ako ngayo'y nagpapatotoo, taglay ang pinakamatibay na katiyakan sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Diyos, na ang propesiyang ito ay natupad na, na isang Anghel mula sa Diyos ang dumalaw sa tao sa mga huling araw na ito at ipinanumbalik ang matagal nang nawala, maging ang priesthood,—ang mga susi ng kaharian,—ang kabuuan ng walang hanggang Ebanghelyo.[6] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 63.]

---

## Kapag tinutupad natin ang tipan sa binyag at hinahangad ang patnubay ng Espiritu Santo, tiyak na susunod ang ipinangakong mga pagpapala.

Ito, kung gayon, ang kaayusan ng Ebanghelyo noong panahon ng mga apostol, paniniwala kay Jesucristo, pagsisisi, pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at pagpapatong ng mga kamay para matanggap ang Espiritu Santo. Nang maunawaan at sinunod ang orden na ito, ang kapangyarihan, mga kaloob, pagpapala, at maluwalhating mga pribilehiyo ay kaagad na sumunod; at sa bawat panahon, kapag sinusunod ang mga hakbang na ito at ginagawa sa wastong lugar at kaayusan ng mga ito, tiyak na kasunod ang mga pagpapala ring iyon; ngunit kapag hindi ginawa, ang kabuuan man o bahagi nito, mawawala ang lahat ng mga pagpapalang iyon, o kaya'y malaki ang magiging kabawasan ng mga ito.

Si Cristo, nang tawagin niya ang mga apostol, ay nagsalita tungkol sa ilang kahima-himalang kaloob na natanggap ng mga taong sumunod sa orden o kaayusang ito ng mga bagay [tingnan sa Marcos 16:15–18]. Si Pablo . . . ay nagbigay ng mas buong salaysay tungkol sa maraming kaloob na hatid ng kaganapan ng Ebanghelyo; binanggit niya ang siyam sa mga ito at sinabihan tayo na ang mga ito ay epekto o bunga ng Espiritu Santo [tingnan sa 1 Corinto 12:8–10]. Ngayon ay ipinangako ang Espiritu Santo sa lahat, maging sa lahat ng tatawagin ng Panginoon [tingnan sa Ang Mga Gawa 2:37–39]. Ang kaloob na ito, na hindi nagbabago sa likas na katangian at gamit nito, at hindi maaaring mahiwalay dahil sa pangakong kaakibat ng huwaran o orden ng mga bagay, ay makatwiran,

naaayon, at batay sa Banal na Kasulatan ay dapat lamang asahan ang mga kaloob at pagpapala ring ito. Nariyan si Noe, na pagkatapos maitayo ang Arka ay maaaring makamtan ang kanyang temporal na kaligtasan sang-ayon sa pangako [tingnan sa Moises 7:42–43]. Nariyan si Josue, na matapos palibutan ang Jerico ayon sa binanggit na bilang ay nakaakyat sa bumagsak na mga pader at nabihag ang mga naninirahan doon [tingnan sa Josue 6:12–20]. Ang mga Israelita, matapos ihain ang ipinag-utos na mga alay, ay napatawad sa kanilang mga kasalanan pagkatapos [tingnan sa Levitico 4:22–35]. Si Naaman, matapos sumunod sa utos ni Eliseo na maghugas nang pitong beses sa mga tubig ng Jordan ay nahingi at nakamtan ang kanyang paggaling [tingnan sa II Mga Hari 5:1–14]. Sa huli ay nariyan ang lalaking bulag, na matapos maghugas sa tangke ng Siloe ay nakamtan niya ang ipinangakong gantimpala [tingnan sa Juan 9:1–7]. Dahil dito ay masasabi ko nang may katumpakan at katiyakan na sa tuwing isasantabi ng tao ang kanyang pagkiling, at mga paniniwala ng ibang sekta, at mga maling tradisyon, at aayon sa buong orden o kaayusan ng ebanghelyo ni Jesucristo, walang anumang bagay sa ilalim ng mga mundong selestiyal na makahahadlang sa pag-angkin at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo at sa lahat ng mga pagpapalang kaugnay ng Ebanghelyo sa panahon ng mga apostol.

Upang makamtan ang relihiyon na magliligtas sa atin sa presensya ng Diyos, kailangan nating makamtan ang Espiritu Santo, at upang makamtan ang Espiritu Santo, kailangan tayong maniwala sa Panginoong Jesus, pagkatapos ay pagsisihan ang ating mga kasalanan, ibig sabihin, talikuran ang mga ito, at sumulong at mailubog sa tubig para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at pagkatapos ay matanggap ang pagpapatong ng mga kamay.[7]

Nang matanggap natin ang Ebanghelyong ito, nakipagtipan tayo sa Diyos na paaakay tayo, na pasasakop tayo, at susundin ang mga mungkahi ng Banal na Espiritu, na susundin natin ang mga mungkahi ng alituntunin na nagbibigay-buhay, na nagbibigay ng kaalaman, na nagbibigay ng pang-unawa sa mga bagay na ukol sa Diyos, na nagpapaalam sa kaisipan ng Diyos; at na magsisikap tayo para maisakatuparan ang mga layunin ng Diyos sa kaligtasan ng sangkatauhan, na ipinamumuhay ang motto na, “Ang Kaharian

ng Diyos, o wala." Kung gaano natin natupad ang mga tipang ito . . . at nasunod ang mga pahiwatig ng Banal na Espiritu, tayo na mismo ang hahatol. Kung nagawa natin ito, natanggap natin ang mga pagpapala ng Makapangyarihang Diyos, at ang ating isipan ay naliwanagan, lumawak ang ating pang-unawa, at nakasulong tayo sa landas ng kabanalan, sa landas tungo sa pagiging perpekto. . . . Kung nagkulang tayo sa ating katapatan, . . . ibig sabihin hindi tayo nagtagumpay sa gawaing sinimulan natin upang makamtan sana ang buhay na walang-hanggan, upang magkaroon ng sapat na karunungan at kaalaman at banal na katalinuhan upang mapaglabanan ang kasamaan at mga tuksong nakapaligid sa atin. At ayon sa pagsunod natin sa mga mungkahi nitong banal na Espiritu, nakadama tayo ng kapayapaan at kagalakan sa ating mga kaluluwa, nadaig natin ang kaaway, nakapag-imbak tayo para sa ating sarili ng mga kayamanan na hindi kinakain ng kalawang, nakasulong tayo sa landas ng kahariang selestiyal.[8] [Tingnan sa mungkahi 5 sa kasunod na pahina.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Habang binabasa mo ang mga salaysay sa mga pahina 52–53, isipin ang sarili mong binyag at kumpirmasyon o ang isang pagkakataong nakita mong tinanggap ng isang tao ang mga ordenansang ito. Ano ang ginawa mong mga tipan nang matanggap mo ang mga ordenansang ito? Paano naimpluwensyahan ng mga tipang ito ang iyong buhay?

2. Bakit hindi sapat ang pananampalataya at pagsisisi kung walang mga ordenansa? Bakit hindi sapat ang mga ordenansa kung walang pananampalataya at pagsisisi? Habang pinag-iisipan mo o tinatalakay ang mga tanong na ito, repasuhin ang mga itinuro ni Pangulong Snow tungkol sa panloob na mga gawa at ng panlabas na mga ordenansa (mga pahina 53–55).

3. Pag-aralan ang mga turo ni Pangulong Snow sa mga pahina 55–58, na pinapansin ang binanggit niyang mga talata.

Sa paanong paraan nadagdagan ng mga talatang ito ang iyong pang-unawa ukol sa pangangailangan ng paglubog sa tubig? Bakit sa palagay mo "mas malaking pagpapala" ang pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo kaysa sa pagpapatong ng mga kamay para basbasan ang maysakit?


4. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 59. Ano ang "mga kaloob at biyaya" na nasa inyong buhay dahil sa naipanumbalik na ang priesthood?
5. Pag-aralan ang huling dalawang talata ng kabanata. Ano ang ibig sabihin sa iyo ng paakay at pamunuan ng "mga mungkahi ng Banal na Espiritu"?
6. Paano nauugnay ang Doktrina at mga Tipan 68:25–28 sa mga itinuturo sa kabanatang ito? Ano ang magagawa ng mga magulang upang matulungan ang kanilang mga anak na maunawaan ang pananampalataya, pagsisisi, pagbibinyag, at ang kaloob na Espiritu Santo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 2 Nephi 31:12, 17–20; Mosias 18:8–10; Alma 5:14; D at T 20:37; 36:2; 39:6; 130:20–21

*Tulong sa Pagtuturo:* "[Iwasan] ang tuksong talakayin ang napakaraming materyal. . . . Nagtuturo tayo ng mga tao, hindi lamang ng paksa; at . . . bawat balangkas ng lesson na nakita ko na ay tiyak na mas maraming nilalaman kaysa sa maituturo natin sa itinakdang oras" (Jeffrey R. Holland, "Pagtuturo at Pag-aaral sa Simbahan," *Liahona,* Hunyo 2007, 59).

## *Mga Tala*

1. "How He Became a 'Mormon,'" *Juvenile Instructor,* Ene. 15, 1887, 22.
2. "Organization of the Church in Italy," *Millennial Star,* Dis. 15, 1850, 373.
3. *The Only Way to Be Saved* (polyeto, 1841), 2–3; inalis ang italics sa orihinal; isinunod sa pamantayan ang pagbabantas. Isinulat ni Lorenzo Snow ang polyetong ito walong taon bago siya tinawag na maglingkod bilang Apostol. Isinalin ito kalaunan sa iba pang mga wika, kabilang ang Italian, French, Dutch, Danish, German, Swedish, Bengali, Turkish Armenian, at Turkish Greek. Paulit-ulit itong inilimbag sa nalalabing panahon ng 1800s, noong kanyang ministeryo bilang Apostol.
4. *The Only Way to Be Saved,* 3–4, 6; inalis ang italics sa orihinal.
5. *The Only Way to Be Saved,* 6–9.
6. *The Only Way to Be Saved,* 10–12; inalis ang italics sa orihinal.
7. *The Only Way to Be Saved,* 9–10.
8. Sa Conference Report, Abr. 1880, 79–80.



*"Kailangan nating pag-aralan pang mabuti ang mga bagay na ukol sa Diyos, ilatag ang ating pundasyon sa ibabaw ng bato, hanggang sa marating natin ang tubig na magsisilbi sa atin bilang walang katapusang bukal ng buhay na walang hanggan."*

# Habambuhay na Pagbabago: Patuloy sa Pagsulong sa mga Alituntunin ng Katotohanan

*"Ang ating relihiyon ay dapat nakalangkap sa ating sarili, isang bahagi ng ating pagkatao na hindi maaaring alisin."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Si Lorenzo Snow ay nabinyagan at nakumpirma noong Hunyo 1836. Sa paggunita sa kanyang lumalagong patotoo, sinabi niya kalaunan: "Naniwala ako noon na nasa kanila [mga Banal sa mga Huling Araw] ang tunay na relihiyon, at sumapi ako sa Simbahan. Noong panahong iyon, ang aking pagbabalik-loob ay nababatay lamang sa katwiran."[1] Paggunita niya, "Talagang nasiyahan ako na nagawa ko ang inaakala kong dapat kong gawin sa gayong mga kalagayan."[2] Bagamat pansamantala siyang nakuntento sa ganitong pag-unawa, hindi nagtagal ay hinangad niya ang natatanging pagpapamalas ng Espiritu Santo. Sabi niya, "Wala pa akong nakita o namalas, ngunit umasa akong magkakaroon ako nito."[3]

"Ang pagpapamalas na ito ay hindi kaagad sumunod pagkatapos akong mabinyagan, gaya ng inasahan ko," paggunita niya. "Ngunit, bagamat natagalan bago ito dumating, nang matanggap ko na ito, mas ganap, tunay at kahima-himala ang katuparan nito kaysa sa aking inaasahan. Isang araw, habang nag-aaral ako, mga dalawa o tatlong linggo pagkatapos akong mabinyagan, napag-isip-isip ko ang katotohanan na wala akong *alam* sa katotohanan ng gawain—na hindi ko natanto ang katuparan ng pangakong: 'Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo;' [tingnan sa Juan 7:17] at nagsimula na akong hindi mapalagay.

"Itinabi ko ang aking mga libro, umalis ng bahay at naglakad-lakad sa bukid dama ang kalungkutan at kawalan ng pag-asa, habang tila nababalot ako ng hindi maipaliwanag na mabigat na pakiramdam. Nakasanayan ko na, pagkatapos ng maghapon, na lihim na manalangin sa isang kakahuyan, na hindi kalayuan sa aking tahanan, ngunit sa sandaling ito ay wala akong hangaring gawin ang gayon.

"Lumisan ang diwa ng panalangin, at para bang nagsara ang kalangitan. Sa huli, nang matanto ko na oras na para sa lihim na panalangin, nagpasiya ako na hindi ko tatalikuran ang nakagawian kong pananalangin, at, para maging pormal, lumuhod ako para manalangin, at sa aking nakasanayang lugar, ngunit wala ang dating pakiramdam.

"Hindi ko pa man naibubuka ang mga labi ko para manalangin nang bigla akong may narinig na tunog, sa uluhan ko lamang, na gaya ng lagaslas ng mga batang yari sa seda, at kaagad na bumaba sa akin ang Espiritu ng Diyos, na bumalot sa buo kong pagkatao, na pumuspos sa akin mula sa tuktok ng aking ulo hanggang sa aking talampakan, at napakatindi ng kagalakan at kaligayahang nadama ko! Walang salitang makapaglalarawan sa biglaang pagbabago ng pakiramdam mula sa makapal na ulap ng kadiliman sa isipan at espiritu tungo sa busilak na liwanag at kaalaman, tulad ng ipinagkaloob sa aking pang-unawa sa oras na iyon. Pagkatapos ay nakatanggap ako ng ganap na kaalaman na buhay ang Diyos, na si Jesucristo ang Anak ng Diyos, at na naipanumbalik ang Banal na Priesthood, at ang kabuuan ng ebanghelyo.

"Iyon ay kumpletong binyag—isang pisikal na paglulubog sa makalangit na alituntunin o elemento, ang Espiritu Santo; at mas totoo at pisikal ang mga epekto nito sa bawat bahagi ng aking katawan kaysa paglulubog sa tubig; na habampanahong inaalis, habang nasa wastong kaisipan at may alaala ang isang tao, ang lahat ng posibilidad ng pag-aalinlangan at pangamba sa katotohanang ipinabatid sa atin ng kasaysayan, na ang 'Sanggol ng Bet-lehem' ang tunay na Anak ng Diyos; gayundin ang katotohanan na Siya ay inihahayag ngayon sa mga anak ng tao, at nagbibigay ng kaalaman, gaya noong panahon ng mga apostol. Lubos ang aking kasiyahan, gaya



*Kaagad pagkatapos mabinyagan at makumpirma, natanggap ni Lorenzo Snow ang payapa at nakapagpapabago ng buhay na pagpapamalas ng Espiritu Santo.*

ng nararapat kong madama, dahil natupad ang mga inaasahan ko, palagay ko'y masasabi kong walang katapusan ang kasiyahan ko.

"Hindi ko masabi kung gaano katagal ako nanatili sa impluwensya ng labis na kasiyahan at banal na kaliwanagang ito, ngunit mga ilang minuto rin bago dahan-dahang nawala ang selestiyal na damdaming pumuspos at pumalibot sa akin. Sa pagtayo ko mula sa aking pagkakaluhod, habang nag-uumapaw ang aking puso sa malaking pasasalamat sa Diyos na halos hindi ko ito maipaliwanag, nadama ko—*alam ko* na ipinagkaloob niya sa akin ang bagay na tanging ang Makapangyarihang Nilalang ang maaaring magkaloob—ang bagay na higit na mahalaga kaysa lahat ng kayamanan at papuring maibibigay ng mga daigdig."[4]


Si Lorenzo Snow ay nanatiling tapat sa patotoong natanggap niya noong araw na iyon, at nagsikap siyang mabuti upang madagdagan ang kanyang espirituwal na kaalaman at tinulungan ang iba na gawin din ang gayon. "Magmula noon," sabi niya, "sinikap kong mamuhay sa paraan na hindi mawawala ang Kanyang Banal na Espiritu, bagkus ay patuloy akong magabayan nito, sinisikap na alisin ang aking pagkamakasarili at anumang maling ambisyon, at sinikap na guwawa para sa Kanyang layunin."[5] Sinabi niya, "Hangga't mayroong alaala at may kawastuhan ng isipan, hindi ko kailanman papayagan na manahimik lamang ang malakas na patotoo at kaalaman na ipinaalam sa akin noon."[6] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 74.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Ang pagkakaroon ng patotoo ay mabuting simulain para sa mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang pundasyong pinagsaligan ng ating pananampalataya ay malaki at maluwalhati. Alam ko ito mismo. Bago pa lamang ako noon sa Simbahan nang matagumpay na napasaakin ang pinakaperpektong kaalaman na mayroong Diyos, na mayroong Anak, si Jesucristo, at na kinilala ng Diyos si Joseph Smith bilang Kanyang propeta. Iyon ay kaalaman na hindi maipababatid ng sinumang tao. Dumating ito sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Makapangyarihang Diyos. Iyan ay napakabuting panimula para sa isang Banal sa mga Huling Araw, at kahit paano ito ay isang bagay na kakailanganin ng bawat tao na may hangaring sumulong sa landas na ito. Bawat tao ay malalagay sa katayuan na kakailanganin niya ng lakas, at ang lakas na iyon ay magmumula sa kaalaman ng katotohanan na ang landas na kanyang tinatahak ang maghahatid sa kanya sa pinakamataas at pinakamainam niyang mga hangarin.[7]

Mga kapatid, may mga bagay tayong dapat pag-isipan. Dumating na ang panahon na kailangang malaman ng bawat lalaki at bawat babae sa kanilang sarili ang pundasyon na kanilang kinatatayuan. Dapat magsikap tayong lahat na mas mapalapit sa Panginoon. Kailangang sumulong tayo nang kaunti at magkaroon ng lubos na kaalaman sa mga bagay na dapat higit nating nauunawaan. Ito ay



*"Maaaring dagdagan ng kalalakihan at kababaihan ang kanilang espirituwal na kaalaman; mas mabuti ang kanilang pag-unlad habang nagkakaedad sila."*

pribilehiyo ng bawat Banal sa mga Huling Araw.[8] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 75.]

---

## Madaragdagan natin ang ating pananampalataya at espirituwal na kaalaman.

Maaaring dagdagan ng kalalakihan at kababaihan ang kanilang espirituwal na kaalaman; mas mabuti ang kanilang pag-unlad habang nagkakaedad sila.[9]

Nadarama ko na sumusulong ang mga Banal sa mga Huling Araw; na sila ay nakatatanggap ng edukasyon. Pataas tayo nang pataas. Sumusulong tayo sa mas mataas na katayuan at kalagayan at sa mas mataas na lugar, at tumatanggap tayo ng edukasyon kung kaya't ang karunungan ng mundo at lahat ng nakakamtan nito at mga maling doktrina at alituntunin, ay walang epekto sa mga Banal sa mga Huling Araw, dahil mas mataas sila kaysa mga teoriya

at kuru-kuro ng mga naiimbento ng tao at namamayagpag sa mga bagay ng katotohanan na nag-aangat sa kaisipan, dumadakila sa pang-unawa, at lalo silang tumatatag sa totoong mga alituntunin ng buhay at kaluwalhatian. Puspos sa ganitong mga katotohanan ang ating mga puso at hindi natin masasabi ang araw o ang oras kung kailan nadagdagan ang ating pananampalataya, ngunit nadarama natin, kapag nilingon natin ang nakaraang linggo, buwan, o taon, na nadagdagan ang ating pananalig at kaalaman sa pananampalataya at sa kapangyarihan ng Diyos; alam natin na mas napalapit tayo sa ating Diyos at nadarama nating malapit tayo sa Diyos na ating Ama.[10] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 75.]

---

**Kung nais nating madagdagan ang ating pananampalataya at espirituwal na kaalaman, kailangan nating dagdagan ang ating pagsisikap.**

Bawat tao ay kailangang matutong umasa sa kanyang sariling kaalaman; hindi niya ito maaaring iasa sa kanyang kapwa; kailangang makatayo sa sariling paa ang bawat tao; kailangan siyang lubusang umasa sa kanyang Diyos. Nasa kanya na kung lalampasan niya ang gulo at mapagtatagumpayan ang mga balakid na inilagay sa landas ng buhay upang hadlangan ang kanyang pag-unlad. Ang isang tao ay makakukuha ng impormasyon sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at malalapit siya sa Diyos at madaragdagan ang kanyang pananampalataya batay sa kanyang sigasig o pagsisikap.[11]

Imposibleng sumulong sa mga alituntunin ng katotohanan, madagdagan ang makalangit na kaalaman, [maliban kung] gagamitin natin ang ating kakayahang mag-isip at magsisikap nang husto sa mabuting paraan. May isang pagkakataon na nakatala sa Doktrina at mga Tipan tungkol sa hindi pagkaunawa ni Oliver Cowdery, hinggil sa alituntuning ito. Ipinangako ng Panginoon sa kanya ang kaloob na maisaling-wika ang mga sinaunang tala. Tulad ng marami sa atin ngayon, mali ang kanyang mga palagay tungkol sa paggamit sa kaloob. Inakala niya na ang kailangan lamang niyang gawin, yamang ipinangako sa kanya ng Diyos ang kaloob na ito, ay hayaang maghintay ang kanyang isipan nang walang kahirap-hirap, hanggang sa kusa na lamang itong gumana. Ngunit nang ilagay sa kanyang harapan ang mga talaang iyon, walang ibinigay na kaalaman, nanatiling

nakapinid ang mga ito, gaya ng dati, sapagkat hindi dumating sa kanya ang kapangyarihang magsaling-wika.

Bagamat ang kaloob na makapagsaling-wika ay naipagkaloob, hindi niya magawa ang gawain, dahil nabigo siyang kumilos sa harapan ng Diyos sa pag-asang mapaunlad ang kaloob na nasa kanya; at labis siyang nasiphayo, at ang Panginoon, sa kanyang kabutihan at biyaya, ay ipinaalam sa kanya ang kanyang pagkakamali, gamit ang kasunod na salita—

"Masdan, hindi mo naunawaan; inakala mo na aking ibibigay ito sa iyo, gayong wala kang inisip maliban sa ito ay itanong sa akin; subalit, masdan, sinasabi ko sa iyo, na kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan; pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama, at kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab," atbp. [Tingnan sa D at T 9.]

Gayundin sa atin, isaalang-alang ang mga bagay na ating ginagawa. Kung umaasa tayong bubuti, na susulong kaagad sa gawaing nasa ating harapan, at sa huli ay makamtan ang mga kaloob at kaluwalhatiang iyon, makarating sa inaasam nating kalagayan ng kadakilaan, kailangan tayong mag-isip at magnilay-nilay, kailangang maging masigasig tayo, at gawin iyan sa abot ng ating makakaya.[12]

Dapat . . . mapasaatin mismo ang Espiritu, at huwag masiyahan na lumakad sa liwanag na taglay ng ibang tao; dapat mailakip ang Espiritung ito sa ating espiritu. . . .

Ang isang taong nagsisimulang mag-aral na tumugtog ng plauta ay nahihirapan sa una na patunugin ang mga nota, at upang matugtog nang wasto ang himig ay kailangan ang malaking pagsisikap at tiyaga. Kailangan niyang magpatuloy, tumigil sandali, bumalik sa una at muling magsimula, ngunit sa paglipas ng panahon ay makakaya niya, sa pamamagitan ng matinding pagpupunyagi, na mahusay na tugtugin ang himig. Kapag hinilingang tugtugin ang himig pagkatapos niyon, hindi na niya kailangan pang tandaan kung saan ilalagay ang mga daliri, dahil kusa na niya itong matutugtog. Hindi iyon natural o likas sa una; kailangan ang matinding tiyaga at pagsisikap, bago niya likas na natugtog ang himig.

Gayundin sa mga bagay na nauukol sa Diyos. Kailangan tayong magsikap nang mabuti at unti-unting matanggap ang bawat biyaya,

upang ang batas ng pagkilos ay malangkap sa ating sarili, upang likas o kusa nating magawa ang mga bagay na hinihiling sa atin.[13] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 75.]

---

### Habang pinag-aaralan nating mabuti ang mga bagay na ukol sa Diyos at nananatiling tapat, ang ating relihiyon ay nagiging bahagi ng ating pagkatao.

May panganib kapag nasisiyahan tayo sa paimbabaw na pagsulong, na pakunwari lamang na sumusulong. Pinag-uusapan natin ang paglakad sa liwanag ng Espiritu at ang pagkadama nito sa ating buhay, ngunit ginagawa ba natin ang mga bagay na ito? Kailangan nating pag-aralan pang mabuti ang mga bagay na ukol sa Diyos, ilatag ang ating pundasyon sa ibabaw ng bato, hanggang sa marating natin ang tubig na magsisilbi sa atin bilang walang katapusang bukal ng buhay na walang hanggan.[14]

May ilan tayong kasamahan na minsang kinasihang mabuti ng Espiritu ng Makapangyarihang Diyos, na ang mga balakin ay minsang naging kasingbuti at kasing-dalisay ng sa mga anghel, at nakipagtipan noon sa Diyos na maglilingkod sila sa Kanya at susundin ang Kanyang kautusan kahit ano pa ang mangyari. . . . Ngunit kumusta na ngayon ang ilan sa mga Elder na iyon? Wala na sa kanila ang patotoong iyon. Ang kanilang damdamin ay nakatuon sa mga bagay ng daigdig na itinulot ng Panginoon na mapasakanila, na naghihintay sila ngayon hanggang sa tawagin sila, at sa maraming pagkakataon kapag tinawag sila, higit ang pagsunod nila sa hangarin na mapanatili ang kanilang katayuan at kalagayan, sa halip na buong pusong maglingkod sa katungkulang ibinigay sa kanila.

Ganito ang katayuan ng lahat ng tao, kahit gaano pa kaganda ang kanilang pagsisimula, na hinahayaan ang kanilang isipan at damdamin na sumunod sa agos ng mundo, at ito ay malinaw at hindi mapabubulaanang katibayan na kapag ganito ang situwasyon ng mga tao higit ang pagmamahal nila sa mundo kaysa pagmamahal nila sa Panginoon at sa Kanyang gawain sa lupa. Dahil sa pagtanggap sa liwanag ng walang hanggang Ebanghelyo, at sa pakikibahagi sa mabubuting bagay ng kaharian, at sa pagiging binhi ni Israel at mga tagapagmana sa mga dakila at maluwalhating pangako, dapat tayong gumawa nang buong katapatan at pagsisikap upang

maisakatuparan ang nilayon ng Diyos na gawin sa pamamagitan natin. Dapat tayong maging mga lalaki at babae ng pananampalataya at kapangyarihan gayundin ng mabubuting gawa, at kapag natuklasan nating pabaya o may kinikilingan tayo kahit paano, dapat sapat na ito upang ituwid ang ating mga landas at bumalik sa landas ng pagtupad sa tungkulin.[15]

Wala nang mas hangal na ideya kaysa sa paghuhubad ng isang tao ng kanyang relihiyon na para lang itong balabal o damit. Walang taong maghuhubad ng kanyang relihiyon nang hindi hinuhubad ang kanyang sarili. Ang ating relihiyon ay dapat nakalangkap sa ating sarili, isang bahagi ng ating pagkatao na hindi maaaring alisin. Kung mayroon mang taong maghuhubad ng kanyang relihiyon, sa sandaling gawin niya iyon ay nalalagay siya sa katayuan na wala siyang kaalam-alam, ipinauubaya niya ang kanyang sarili sa mga kapangyarihan ng kadiliman, wala siya sa kanyang sariling teritoryo, wala siyang magagawa roon. Ang ideya na nagmumura, nagsisinungaling at naglalasing ang mga Elder sa Israel ay masyadong alangan sa kanila; hindi sila dapat naiimpluwensyahan ng gayong mga bagay. Alisin natin sa ating sarili ang bawat kasamaan at mamuhay ayon sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos [tingnan sa D at T 98:11]. Gampanan natin ang bawat tungkuling inatas sa atin taglay ang pangarap at lakas upang mapasaatin ang diwa o espiritu ng ating Diyos, upang patuloy na mapasaatin ang liwanag ng katotohanan at mga paghahayag ni Jesucristo.[16]

Manatili sa barko ng Sion. Kung magpunta man sa gilid ang mga bangka, na naggagandahan ang mga kulay at may napakagagandang pangako, huwag lisanin ang barko para magpunta sa pampang sakay ng ibang bangka; sa halip ay manatili sa barko. Kung nasasaktan man kayong mabuti ng sinumang nakalulan sa barko, na hindi nagtataglay ng tamang diwa, tandaan na ang barko mismo ay tama. Hindi natin dapat hayaang magkaroon ng galit sa ating isipan dahil sa maaaring gawin sa atin ng mga taong lulan ng barko; ayos ang barko, at ayos din ang mga opisyal nito, at magiging maayos din ang kalagayan natin kung mananatili tayo sa barko. Tinitiyak ko sa inyo na dadalhin kayo nito sa lupain ng kaluwalhatian.[17]

May [ilalahad] akong halimbawa tungkol sa pagkakaroon ng gayong diwa sa ating sarili, at sa pagiging lubos na tapat upang kapag

nariyan na ang mga tukso at pagsubok ay hindi tayo maligaw ng landas. Maglagay ng isang pipino sa isang bariles ng suka at kaunti lang ang epektong dulot nito sa unang oras, at sa unang 12 oras. Suriin ninyo ito at makikita ninyo na sa balat lamang ang epekto nito, dahil kailangan ng mas mahabang panahon para gawin itong pickle o atsara. Ang pagkabinyag ng isang tao sa simbahang ito ay may epekto sa kanya, ngunit hindi ang epekto na magiging atsara siya kaagad. Hindi nito maipauunawa sa kanya ang batas ng karapatan at ng tungkulin sa unang 12 o 24 na oras; dapat siyang manatili sa simbahan, tulad ng pipino na nakababad sa suka, hanggang sa mapuno siya ng tamang diwa o espiritu, hanggang sa maging atsara siya sa 'Mormonismo,' sa batas ng Diyos; dapat malangkap sa ating sarili ang mga bagay na iyon.

. . . Mga kapatid, iniiwan ko . . . ang paksa para suriin ninyong mabuti, isaalang-alang at pagnilayin, dumadalangin sa Panginoong Diyos ng ating mga ninuno na ibuhos ang Kanyang Espiritu sa Kanyang mga tao. Kayo ang mga pinili ng Panginoon na lumuwalhati sa Kanya sa Kanyang harapan, at nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon at puspusin kayo ng Kanyang Espiritu, at nawa'y maging malinaw ang inyong paningin upang mahiwatigan ang mga bagay na may kinalaman sa inyong kaligtasan. At kung mayroon mang lalaki o babae na medyo hindi pa gising, nawa'y dumating agad ang panahon na mapasakanila ang Espiritu at ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, upang maituro nito sa kanila ang mga bagay ng nakalipas, ng kasalukuyan, at ng hinaharap, at sa tulong ng Panginoon ay maitanim ang kabutihan at ang alituntunin ng katotohanan sa kanilang mga sarili, upang maging handa sila sa paparating na mga unos.[18] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 75.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Repasuhin ang karanasan ni Lorenzo Snow na nakatala sa mga pahina 65–68. Paano naging tunay ang iyong patotoo? Isiping ibahagi ang inyong karanasan sa isang miyembro ng pamilya

o sa isang kaibigan, gaya ng isang pinaglilingkuran mo bilang home teacher o visiting teacher.

2. Sinabi ni Pangulong Snow na ang pagkakaroon ng patotoo ay "napakagandang simulain para sa isang Banal sa mga Huling Araw" (pahina 68). Bakit simula lamang ang isang patotoo—hindi ang huling patutunguhan?
3. Sa bahaging nagsisimula sa ibaba ng pahina 69, inihambing ni Pangulong Snow ang edukasyon ng mundo sa "mas mataas" na edukasyong iniaalok ng Panginoon. Paano natin sisikaping makamit ang "mas mataas na edukasyong" ito? Ano ang mga pagpapalang dumating sa inyo sa paggawa nito?
4. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 70. Kailan mo kinailangang "umasa sa [iyong] sariling kaalaman"? Ano ang maaaring gawin ng mga magulang at mga guro para matulungan ang mga bata at kabataan na umasa sa kanilang sariling kaalaman?
5. Repasuhin ang payo ni Pangulong Snow sa huling bahagi ng kabanata (mga pahina 72–74). Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng "pag-aralang mabuti ang mga bagay ukol sa Diyos"? Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng "ilangkap sa ating sarili" ang ating relihiyon?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 2 Nephi 31:20; Mosias 5:1–4, 15; Alma 12:9–10; 3 Nephi 9:20; Moroni 10:5; D at T 50:24

*Tulong sa Pagtuturo:* "Ang ilang pagtuturong ginagawa sa Simbahan ay masusi, ito ay parang lektyur. Hindi tayo gaanong tumutugon sa mga lektyur sa mga silid-aralan. Nauunawaan natin ito sa sacrament meeting at mga kumperensya, ngunit maaaring pagpapalitan ng mga ideya ang pagtuturo upang maaari kayong magtanong. Madali kayong makapagtatanong kapag nasa klase" (Boyd K. Packer, "Mga Alituntunin ng Pagtuturo at Pag-aaral," *Liahona,* Hunyo 2007, 87).

## *Mga Tala*

1. Sa Frank G. Carpenter, "A Chat with President Snow," sinipi sa *Deseret Semi-Weekly News,* Ene. 5, 1900, 12.
2. "The Grand Destiny of Man," *Deseret Evening News,* Hulyo 20, 1901, 22.
3. Sa "A Chat with President Snow," 12.

4. *Juvenile Instructor,* Ene. 15, 1887, 22–23.
5. "The Object of This Probation," *Deseret Semi-Weekly News,* Mayo 4, 1894, 7.
6. *Millennial Star,* Abr. 18, 1887, 242.
7. "Glory Awaiting the Saints," *Deseret Semi-Weekly News,* Okt. 30, 1894, 1.
8. *Millennial Star,* Abr. 18, 1887, 244.
9. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mar. 31, 1868, 2.
10. *Salt Lake Daily Herald,* Okt. 11, 1887, 2.
11. *Deseret Evening News,* Abr. 11, 1888, 200; mula sa detalyadong pakahulugan ng isang diskursong ibinigay ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1888.
12. *Deseret News,* Hunyo 13, 1877, 290.
13. *Deseret News,* Ene. 28, 1857, 371.
14. *Deseret News,* Ene. 28, 1857, 371.
15. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ago. 15, 1882, 1.
16. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mar. 31, 1868, 2.
17. *Deseret Semi-Weekly News,* Mar. 30, 1897, 1.
18. *Deseret News,* Ene. 28, 1857, 371.


# Pinalakas ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo

*"Magpasiya kayong mamuhay nang may pagpapakumbaba at sa paraan na palaging kaibigan ninyo ang Espiritu ng Panginoon."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Sa kanyang unang mensahe sa pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, itinuro ni Lorenzo Snow na, "Umaasa tayo sa Espiritu ng Panginoon na tutulong sa atin at magpapahiwatig sa atin sa tuwina kung ano ang kailangan nating gawin sa pambihirang mga kalagayan na maaaring pumalibot sa atin."[1] Baka hindi na nabuhay si Pangulong Snow para gawin ang pahayag na iyon kung hindi umasa ang dalawa sa kanyang mga kaibigan sa Espiritu ng Panginoon sa isang kakaibang kalagayan 34 na taon bago nangyari iyon.

Noong 1864, sina Elder Lorenzo Snow at Ezra T. Benson ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagmisyon sa Hawaiian Islands. Kasama nila ang tatlo pang mga misyonero: sina Elder Joseph F. Smith, William Cluff, at Alma L. Smith. Nang iangkla ang kanilang barko malayo sa baybayin ng isla ng Maui, silang lahat, maliban kay Joseph F. Smith, ay sumakay sa mas maliit na bangka papunta sa dalampasigan. Habang papalapit sila sa isla, humampas ang malalaking alon, kaya't nawalan ng kontrol sa bangka ang mayhawak ng timon. Tumaob ang bangka, at tumilapon sa tubig ang lahat ng nakasakay. Hindi nagtagal ay lumutang ang lahat maliban kay Elder Snow. Isang grupo ng mga taga-isla ang nagmamadaling tumulong, at isinama sina William Cluff at Alma L. Smith sa isang lifeboat para hanapin ang kanilang kaibigan. Ikinuwento ni Elder Cluff:



*Gawaing misyonero noong una sa Hawaiian Islands*

"Ang una kong nakita kay Brother Snow ay ang nakalutang niyang buhok sa tubig sa isang dulo ng nakataob na bangka. Nang maisampa namin siya sa aming bangka, sinabi namin sa mga namamangka na hangga't maaari ay bilisan ang pagsagwan papunta sa dalampasigan. Matigas ang kanyang katawan, at parang wala nang buhay.

"Magkatabi kaming nakaupo ni Brother A. L. Smith. Inihiga namin si Brother Snow sa aming kandungan, at, habang papunta sa dalampasigan ay tahimik namin siyang binasbasan at hiniling sa Panginoon na iligtas ang kanyang buhay, upang makabalik siya sa kanyang pamilya at tahanan.

"Pagdating sa dalampasigan, binuhat namin siya at dinala sa malalaking bariles na nasa mabuhanging dalampasigan. Pataob namin siyang inihiga sa isa sa mga ito, at iginulung-gulong siya hanggang sa mailabas niya ang nalunok niyang tubig. . . .

"Pagkatapos sikaping buhayin siya, nang walang anumang palatandaan na mabubuhay pa siya, sinabi ng mga taong naroon na wala nang magagawa pa para sa kanya. Ngunit hindi namin nadama na dapat na kaming sumuko, at nanalangin pa rin kami at sinikap pa rin naming buhayin siya, taglay ang katiyakan na pakikinggan at sasagutin ng Panginoon ang aming mga panalangin.

"Sa wakas nakadama kami ng impresyon na itapat ang aming bibig sa kanyang bibig at sikaping lagyan ng hangin ang kanyang mga baga, na halinhinang umiihip at nagpapalabas ng hangin, na ginagaya hangga't maaari ang likas na proseso ng paghinga. Ito ang pinagtiyagaan naming gawin hanggang sa matagumpay naming malagyan ng hangin ang kanyang mga baga. Pagkatapos ng ilang sandali, nakakita kami ng kaunting palatandaan na muli siyang mabubuhay. Ang bahagyang pagkurap ng mata, na hanggang sa sandaling iyon ay nakadilat at parang patay, at ang kaunting ingay sa lalamunan, ang unang mga sintomas ng pagbabalik ng lakas. Unti-unti itong lumakas, hanggang sa lubusan nang magbalik ang kanyang ulirat."

Sa pagbabalik-tanaw sa karanasang ito, alam nina Elder William Cluff at Elder Alma L. Smith kung bakit nila nailigtas ang buhay ni



*Nang magmisyon si Elder Lorenzo Snow sa Hawaiian Islands, ang kanyang buhay ay naligtas sa pamamagitan ng inspiradong pangangasiwa ng kanyang mga kompanyon.*

Elder Snow. "Hindi lamang namin ginawa ang karaniwang gagawin sa gayong kalagayan," sabi niya, "kundi maging ang tila ibinubulong sa amin ng Espiritu."[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 88.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow


### Sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo, inaakay tayo sa lahat ng katotohanan at pinalalakas ang ating pananampalataya.

Mayroong isang partikular na pagpapala na nauugnay lamang sa pagsunod sa ebanghelyo, iyon [ay] ang kaloob na Espiritu Santo. . . .

Ang Tagapagligtas, na walang dudang nakaaalam na mabuti tungkol sa likas na katangian ng kaloob na ito, ay nagsabi na aakayin nito ang mga taong tatanggap nito sa lahat ng katotohanan at ipakikita sa kanila ang mga bagay na darating [tingnan sa Juan 16:13]. Ang kaloob na Espiritu Santo ay dapat higit pa kaysa sa espiritung nagmumula sa Diyos, na pumupuno sa kalawakan at nagbibigay liwanag sa bawat taong dumarating sa daigdig [tingnan sa D at T 84:46]; ang kaloob na Espiritu Santo ang dapat umakay tungo sa lahat ng katotohanan, at ipakita sa kanila ang mga bagay na darating.

Dagdag pa rito, sa pagsasalita tungkol sa mga epekto nito, sinabi ni Apostol [Pablo] na: "Sa bawa't isa ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan naman. Sa iba'y ang pananampalataya, sa gayon ding Espiritu." [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:7, 9.] Hindi isang karaniwan, ordinaryong pananampalataya, na kunwaring taglay ng ilan sa ngayon; kundi isang pananampalatayang nagbibigay ng kakayahan sa mga nagtataglay nito na malagari, maitapon sa mga yungib ng mga leon, naglalagablab na mga pugon, at dumanas ng lahat ng uri ng pagpapahirap at pananakit. Ito ang uri ng pananampalatayang ipinagkakaloob ng Espiritu Santo sa mga taong nagtataglay nito, na nagbibigay kakayahan sa nagtataglay nito na matiis ang bawat paghihirap, labanan ang bawat oposisyon o pagsalungat at ibuwis ang kanyang buhay, kung kinakailangan, para sa itinataguyod niyang layunin. May makapangyarihang inspirasyon sa pananampalatayang ito, na ibinigay ng Panginoon sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na hindi maipadarama ng iba pang alituntunin. Sa isa ay ibinigay ang pananampalataya, sa isa ay karunungan [tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 12:8], hindi iyong nakakamtan sa pagbabasa lamang ng mga aklat, kundi kaalamang mula sa Makapangyarihang Diyos. Nasa kanila ang alituntuning nagbibigay ng inspirasyon, na tunay, na nagbibigay sa kanila ng kaalaman tungkol sa itinataguyod nilang adhikain. Alam nila sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Diyos na ang sinunod nilang layunin ay totoo, na inihayag ito sa kanila sa paraang hindi nila mapag-aalinlanganan, at alam nila sa kanilang sarili. At sila ay naitatag . . . sa ibabaw ng bato ng paghahayag.[3]

Sinabi ni Pedro sa pangangaral sa mga tao, "Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa



*"Karapatan nating matanggap ang mga pagpapahiwatig ng Espiritu sa bawat araw ng ating buhay."*

ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya." [Ang Mga Gawa 2:38–39.] Ang kaloob na ito ng Espiritu Santo ay kakaibang alituntunin sa alinmang nakikita natin sa sekta ng mga relihiyon. Ito ay alituntunin ng katalinuhan, at paghahayag. Ito ay alituntuning naghahayag ng mga bagay ng nakaraan, ng kasalukuyan at ng hinaharap, at ang mga kaloob na ito ng Espiritu Santo ay matatanggap sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hinihingi ng ebanghelyo na

ipinahayag noong panahong iyon at ipinahahayag ng mga Elder ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa panahong ito. Sa batong ito dapat nakasalig ang kanilang pananampalataya; mula dito nila dapat matanggap ang kaalaman tungkol sa doktrinang itinataguyod nila, at sinabi sa atin ng Tagapagligtas na "ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa kanila." [Tingnan sa 3 Nephi 11:39.] . . .

. . . Ang pundasyong kinasasaligan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang bato ng paghahayag—sa ibabaw ng bato na sinabi ni Jesus na pagtatayuan Niya ng Kanyang simbahan, at ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban dito [tingnan sa Mateo 16:17–18]. Hindi natin natanggap ang kaalamang ito sa pamamagitan ng laman at dugo, hindi natin natanggap ang patotoong ito mula sa tao, hindi natin ito natanggap sa pamamagitan ng pagbabasa ng Biblia . . . o ng Aklat ni Mormon, kundi natanggap natin ito sa pamamagitan ng mga pagkilos ng Espiritu Santo, na nagtuturo ng mga bagay ukol sa Diyos, mga bagay ng nakaraan, ng kasalukuyan, at ng darating pa lamang, at itinuturo niyan ang mga bagay ukol sa Diyos, kaya't malinaw na naipakikita sa atin ang mga ito. Hindi ninyo maiaalis sa amin ang kaalamang ito sa pamamagitan ng pagbibilanggo o ng anumang uri ng panguusig. Paninindigan namin ito hanggang kamatayan.[4] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 89.]

---

## Maaaring mapasa bawat Banal sa mga Huling Araw ang Espiritu Santo bilang isang kaibigan na magpapayo.

May paraan para mapanatiling malinis ng mga tao ang kanilang konsiyensya sa harap ng Diyos at ng tao, at iyan ay sa pamamagitan ng pananatili sa kanila ng Espiritu ng Diyos, na siyang diwa ng paghahayag sa bawat lalaki at babae. Ihahayag nito sa kanila, maging ang mga pinakasimpleng bagay, kung ano ang dapat nilang gawin, sa pamamagitan ng pagmumungkahi sa kanila. Dapat nating sikaping alamin ang likas na katangian ng Espiritung ito, upang maunawaan natin ang mga iminumungkahi nito, at pagkatapos ay palagi nating magagawa ang tama. Ito ay malaking pribilehiyo ng bawat Banal sa mga Huling Araw. Alam nating karapatan nating matanggap ang mga pahiwatig ng Espiritu sa bawat araw ng ating buhay.

Ang mga tao ay masyadong nasasabik na makatanggap ng payo tungkol sa ilang paksa o sa iba pa. Hindi sila kailangang lumapit sa akin palagi (pero sa ilang pagkakataon ay marapat lang na gawin ito), sapagkat nasa kanila ang Espiritu upang gumawa ng mabuti at isagawa ang mga layunin ng Diyos. . . . Hindi sila kailangang palaging lumapit sa Pangulo ng Simbahan, o sa Labindalawa, o sa mga Elder ng Israel, para humingi ng payo; maaari nila mismong makamtan ang kailangan nila; may isang kaibigan na nakaaalam ng dapat sabihin sa kanila. Mula nang tanggapin natin ang Ebanghelyo, lumusong sa mga tubig ng binyag at pagkatapos ay ipinatong ang mga kamay sa ating uluhan para sa kaloob na Espiritu Santo, nagkaroon na tayo ng isang kaibigan, kung hindi natin ito itataboy sa pamamagitan ng paggawa ng mali. Ang kaibigang iyan ay ang Banal na Espiritu, ang Espiritu Santo, na nakikibahagi sa mga bagay ng Diyos at ipinakikita ang mga ito sa atin. Ito ay napakagandang paraan na ibinigay sa atin ng Panginoon, upang malaman natin ang liwanag, at hindi patuloy na mangapa sa dilim.[5] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 89.]

---

### Ang Espiritu Santo ay makapagdudulot sa atin ng kaligayahan at kapayapaan ng isipan.

Ang Panginoon ay naglagay ng mga likas na hangarin at damdamin sa ating kalooban, at gayundin sa buong sangkatauhan, sa buong pamilya ng tao. Nakatanim at nakalangkap sa kanilang pagkatao ang mga hangarin at kakayahan para masiyahan, mga hangarin sa partikular na mga bagay na nilayong magtaguyod ng ating kapayapaan at para sa ating kapakanan, na sagot sa kanilang damdamin at nagtataguyod ng kanilang kaligayahan, ngunit ang pagkakamit ng kasiyahan sa mga kakayahan at hangarin ay hindi batid at hindi nauunawaan ng mundo, ngunit nakita ng Panginoon na marapat na ilagay tayo sa posisyon na maunawaan ang mga bagay na iyon sa pamamagitan ng pagiging matapat at paglakad sa liwanag ng Banal na Espiritu at pagtanggap ng katotohanan.[6]

Pribilehiyo ng mga Banal sa mga Huling Araw na ipamuhay ang Ebanghelyo sa paraan na madarama nilang katanggap-tanggap sila sa Diyos. Siyempre, nakagagawa tayo minsan ng mga bagay na ikinahihiya natin kapag inisip natin ang mga ito, ngunit pinagsisisihan

natin ang mga ito sa ating puso at nagpapasiyang hindi na gagawin pa ang mga ito. Iyan lamang ang hinihingi sa atin ng Panginoon; at ang kalalakihan at kababaihan na namumuhay sa gayong paraan ay namumuhay nang hindi isinusumpa. Sila ay matuwid at nagagalak sa Espiritu Santo.[7]

Kung pananatilihin natin sa ating sarili ang liwanag ng Espiritu, makalalakad tayo sa ebanghelyo na nagtatamasa ng kapayapaan at kaligayahan sa daigdig na ito; at habang patuloy tayo sa paglalakbay, na sinisikap na manatiling payapa at maligaya sa ating landas, sa di kalayuan, tayo ay magkakaroon ng payapang kaisipan na hindi matatamasa ng iba maliban ng mga taong napupuspos ng Banal na Espiritu.[8] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 89.]

---

### Kailangan natin ang tulong ng Espiritu Santo habang tinitiis natin ang mga pagsubok, ginagampanan ang ating mga tungkulin, at naghahanda para sa selestiyal na kaluwalhatian.

Maraming mahahalagang bagay ang hinihiling sa atin, at maraming bagay tayong magagawa, kapag tinulungan ng Espiritu ng Panginoon, na kung minsan ay tila imposibleng maisagawa.[9]

Nais kong ipaalala sa aking mga kapatid . . . na ang ating kabatiran at katalinuhan ay nakasalalay sa Espiritu ng Diyos, na maaaring nasa atin, kung malilinang nang wasto, isang diwa ng inspirasyon, ng paghahayag, upang malinaw na maipabatid sa ating pang-unawa ang kaisipan at kalooban ng Diyos, na nagtuturo sa ating mga tungkulin at obligasyon, at kung ano ang ipinagagawa sa atin. . . . Kailangan natin ang tulong. May pananagutan tayo kapag ginawa natin ang bagay na aakay sa atin tungo sa kaguluhan at kadiliman, at ang mga bagay na hindi para sa ating ikabubuti, ngunit sa tulong ng tagaalo na iyon na ipinangako ng Panginoon sa mga Banal, kung maingat nating susundin ang mga bulong nito, at uunawain ang wikang gamit nito, maaari nating maiwasan ang maraming kaguluhan at matinding paghihirap.[10]

Lubos tayong nakaasa sa diwa o espiritu ng inspirasyon, at kung mayroon mang panahon, simula nang manirahan si Adan sa Halamanan ng Eden, kung kailan mas kailangan ang Espiritu ng Diyos kaysa sa panahong ito, hindi ko na alam ito. Ang mga palatandaan

ng panahon, ang mabilis na pagdating ng mga pangyayaring susubok sa puso ng mga Banal sa mga Huling Araw at sa kanilang integridad, ay nangangailangan ng masigasig na paghahangad sa Espiritu ng Diyos *ngayon*, at sa Banal na tulong, sapagkat talagang kakailanganin ito sa mga pangyayaring mabilis na ngayong dumarating. Alam nating kinailangan natin ito noon. Madali nating makikita na kung wala sa atin ang Espiritu ng Diyos upang gabayan tayo sa maraming pinagdaanan natin, hindi natin matatamasa ang ating kasalukuyang pag-asa sa kadakilaan at kaluwalhatian, at hindi sana ganito kaganda ang ating katayuan. At kung kinailangan natin noon ang Banal na Espiritu, tunay na mauunawaan natin na kakailanganin ito sa hinaharap.[11]

Dapat nating maunawaan—at sa palagay ko nauunawaan nating lahat—na ang gawaing ipinunta natin dito sa buhay na ito para isagawa ay hindi maisasagawa para sa ikaluluwalhati ng Diyos o sa ikasisiya ng ating sarili kung gagawin lamang ito sa pamamagitan ng sarili nating katalinuhan. Nakaasa tayo sa Espiritu ng Panginoon na tutulong sa atin at magpapaunawa sa atin sa tuwi-tuwina kung ano ang kailangan nating magawa o maisakatuparan sa hindi pangkaraniwang mga kalagayan na maaaring nakapaligid sa atin.[12]

Talagang malaking kahangalan na asahang makasunod ang mga Banal sa mga Huling Araw sa panahong ito sa selestiyal na batas, sa batas na nagmumula sa Diyos, at sa kanyang mga layunin na iangat ang mga tao at mapunta sa kanyang piling, maliban na tinulungan sila ng isang hindi pangkaraniwan [makalangit] na kapangyarihan. Ipinangako ito ng ebanghelyo. Ipinapangako nito ang kaloob na Espiritu Santo, na likas ang kabanalan, at hindi natatamasa ng iba pang klase ng mga tao, at sinabi sa atin ng Tagapagligtas na aakay tungo sa lahat ng katotohanan, at bibigyang-inspirasyon ang mga nagtataglay nito, at bibigyan sila ng kaalaman tungkol kay Jesus, ng kaalaman tungkol sa Ama, at ng mga bagay na nauukol sa daigdig na selestiyal. Bibigyang-inspirasyon nito ang mga taong nagtataglay nito ng kaalaman ng mga bagay na darating, at ng mga bagay ng nakaraan; at bibigyan sila ng inspirasyon hanggang sa matamasa nila ang mga kaloob na hindi pangkaraniwan—ang kaloob na mga wika at propesiya, ang pagpapatong ng mga kamay sa ulo ng taong maysakit, na sa pamamagitan nito sila ay mapagagaling.

Ipinangako sa mga tumanggap ng ebanghelyong ito ang pambihirang [mga] kapangyarihan at kaloob na ito, at ang kaalaman sa kanilang mga sarili, upang hindi sila umasa sa kaninumang tao, hinggil sa katotohanan ng relihiyon na natanggap nila. Sa halip, dapat silang tumanggap ng kaalaman mula sa Ama na ang relihiyon ay nagmula sa kanya, na ang ebanghelyo ay nagmula sa kanya, at na ang kanyang mga tagapaglingkod ay may karapatan at awtoridad na isagawa ang mga ordenansang iyon, upang hindi sila mayanig o maalis ng anumang doktrina sa landas na kanilang tinatahak; upang sila ay maging handa para sa kaluwalhatian na dapat mahayag, at maging kabahagi ng mga iyon; upang mapagtiisan nila ang anumang pagsubok o pagpapahirap nang sa gayon ang kalooban ng Diyos ay mapasakanila, upang higit silang maihanda para sa selestiyal na kaluwalhatian; upang hindi sila lumakad sa kadiliman, kundi sa liwanag at kapangyarihan ng Diyos, at maiangat at madaig ang mga bagay ng mundo, at mangibabaw sa mga bagay na nakapaligid sa kanila. Ito ay upang malaya silang makalakad sa ilalim ng mundong selestiyal, at sa paningin ng Diyos at ng kalangitan, bilang mga taong malaya, na tumatahak sa landas na ipinakita sa kanila ng Espiritu Santo, sa landas na iyon na kung saan ay maiaangat nila ang kanilang sarili sa kaalaman at kapangyarihan. At sa pamamagitan nito, maihahanda ang kanilang sarili na tanggapin ang kaluwalhatiang sinabi ng Diyos na ipagkakaloob sa kanila, at marating nila ang dakilang kalagayan na nilayon ng Diyos para sa kanila.[13]

Dapat tayong mamuhay sa paraan na malalaman natin na ang landas ng ating buhay ay katanggap-tanggap sa Diyos. Dapat nating maunawaan ang tinig at mga bulong ng Banal na Espiritu. Sa araw na hindi natatakpan ng mga ulap ang kalangitan, natutuklasan natin ang mga bagay sa paligid, ang kanilang kariktan at layunin. Kaya't nakaasa tayo sa Espiritu ng Diyos para sa kaliwanagan tungkol sa mga alituntunin ng katotohanan at kaligtasan. Hindi matatamasa ng sinumang nagsasabing siya ay Banal sa mga Huling Araw ang anumang antas ng kaligayahan maliban kung namumuhay siya sa gayong paraan, at sa gayon ay inilalagay ang kanyang sarili sa ilalim ng patnubay ng langit.[14] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 89.]

### Kapag namumuhay tayo nang may pagpapakumbaba, tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na sumulong sa ating landasin.

Magpasiya na mamuhay nang may pagpapakumbaba at sa paraan na palaging mapapasainyo ang Espiritu ng Panginoon bilang inyong kaibigan, upang makapagmungkahi sa inyo sa tuwina kapag kinakailangan sa mga hindi pangkaraniwang kalagayan na maaari ninyong maranasan. . . .

. . . Gaano katagal pa ako mabubuhay, hindi ko alam, at hindi ako nag-aalala tungkol dito. Talagang hinahangad ko, at ito ay isang bagay na dapat ninyong hangarin, na taglayin ang pagpapakumbabang iyon, at ang kababaan ng kalooban na iyon, at ang kasimplihang iyon upang matamasa ang diwa ng paghahayag. Pribilehiyo ninyo, ng bawat isa sa inyo, na magkaroon ng sapat na diwa ng paghahayag upang malaman talaga kung ano ang nararapat ninyong gawin. Pribiliheyo ninyo gaya ng pribilehiyo ko rin na malaman kung ano ang gagawin bukas, pagsapit ng bukas, para sa pangkalahatang kapakanan ng Simbahan.[15]

Dapat nating sikapin, hangga't maaari, na kalimutan ang lahat ng makamundong bagay na bumabagabag at nagpapahirap sa atin, at ituon ang ating mga isipan sa Panginoon, habang taglay ang Kanyang Banal na Espiritu upang magawa nating tanggapin ang gayong kaalaman at mga mungkahing tutulong sa atin sa pagsulong sa ating landas.[16] [Tingnan sa mungkahi 5 sa kasunod na pahina.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Habang nirerepaso ninyo ang salaysay sa mga pahina 77–80, isipin ang mga pagkakataon na pinagpala kayo dahil sumunod ang isang tao sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo. Isipin din ang mga pagkakataon na sumunod kayo sa isang pahiwatig na tulungan ang ibang tao.

2. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 80. Ano sa inyong palagay ang ibig sabihin ng "naitatag . . . sa ibabaw ng bato ng paghahayag"? (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga pahina 80–83.) Paano tayo mabibigyan ng personal na paghahayag ng lakas na "matiis ang bawat paghihirap" at "labanan ang bawat oposisyon o pagsalungat"?
3. Sinabi ni Pangulong Snow na matutulungan tayo ng Espiritu Santo na "matamasa ang kapayapaan at kaligayahan sa mundong ito" (pahina 85). Kailan kayo natulungan ng Espiritu Santo na maging maligaya at makadama ng kapayapaan? Ano ang iba pang paraan na matutulungan tayo ng Espiritu Santo? (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga pahina 85–87.)
4. Habang pinag-aaralan ninyo ang simula ng bahagi sa pahina 85, isipin kung paano ninyo natutuhang maramdaman ang mga pahiwatig mula sa Espiritu Santo. Paano ninyo matutulungan ang isang miyembro ng pamilya o kaibigan na matutuhang makilala ang mga pahiwatig ng Espiritu?
5. Kasama sa kabanatang ito ang dalawang pagtukoy sa Espiritu Santo bilang isang kaibigan (mga pahina 84 at 88). Sa inyong palagay bakit kailangan natin ang pagpapakumbaba at kasimplihan para mapasaatin ang Espiritu Santo bilang ating kaibigan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Lucas 12:12; Juan 14:26–27; Mga Taga Roma 14:17; I Mga Taga Corinto 12:4–11; Mga Taga Galacia 5:22–25; 1 Nephi 10:17–19; 2 Nephi 32:5

*Tulong sa Pagtuturo:* "Para makahikayat ng talakayan, gamitin ang mga tanong sa bawat kabanata. . . . Maaari din kayong gumawa ng sarili ninyong mga tanong para sa mga tinuturuan ninyo" (mula sa pahina viii ng aklat na ito).

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1898, 2.
2. Tingnan sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 276–79.
3. *Deseret News,* Ene. 24, 1872, 597.
4. *Deseret News: Semi-Weekly,* Dis. 2, 1879, 1.
5. Sa Conference Report, Abr. 1899, 52.
6. *Deseret News,* Okt. 21, 1857, 259.
7. *Deseret Weekly,* Nob. 4, 1893, 609.

8. *Deseret News,* Okt. 21, 1857, 259.
9. Sa Conference Report, Abr. 1898, 12.
10. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 16, 1878, 1.
11. *Deseret Semi-Weekly News,* Hunyo 4, 1889, 4.
12. Sa Conference Report, Okt. 1898, 2.
13. *Deseret News,* Ene. 14, 1880, 786.
14. *Millennial Star,* Okt. 31, 1895, 690–91; mula sa detalyadong pakahulugan ng isang diskursong ibinigay ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1895.
15. Sa "Anniversary Exercises," *Deseret Evening News,* Abr. 7, 1899, 9.
16. *Millennial Star,* Nob. 25, 1889, 737; mula sa detalyadong pakahulugan ng isang diskursong ibinigay ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1889.

K A B A N A T A   5

# Ang Maluwalhating Tadhana ng Matatapat


*"Napakalaking kasiyahan ang makapagsalita tungkol sa mga dakilang bagay na layon ng Diyos na ipagkaloob sa Kanyang mga anak na lalaki at babae, at na makakamtan natin ang mga ito kung tayo ay tapat."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Noong tagsibol ng 1840, si Lorenzo Snow ay nasa Nauvoo, Illinois, naghahandang lumisan para magmisyon sa England. Dumalaw siya sa tahanan ng kanyang kaibigan na si Henry G. Sherwood, at hiniling niyang ipaliwanag ni Brother Sherwood ang isang talata ng banal na kasulatan. "Habang pinakikinggang mabuti ang kanyang pagpapaliwanag," paggunita kalaunan ni Pangulong Snow, "damang-dama kong napasaakin ang Espiritu ng Panginoon—nabuksan ang mga mata ng aking pang-unawa, at nakita ko nang kasinglinaw ng sikat ng araw sa katanghaliang-tapat, nang buong panggigilalas at pagkamangha, ang landas ng Diyos at ng tao. Nabuo ko ang kasunod na taludturang tula (couplet) na naglalarawan sa paghahayag, gaya ng ipinakita sa akin. . . .

"Kung ano ang tao ngayon, gayon ang Diyos noon:
"Kung ano ang Diyos ngayon, ang tao ay maaaring maging gayon."[1]

Dama na nakatanggap siya ng "sagradong komunikasyon" na dapat pakaingatan, hindi itinuro ni Lorenzo Snow sa publiko ang doktrinang ito hanggang sa malaman niyang itinuro ito noon ni Propetang Joseph Smith.[2] Nang malaman niyang alam na ng publiko ang doktrina, madalas na siyang nagpatotoo tungkol dito.



*"Napakalaking kasiyahan ang makapagsalita tungkol sa mga dakilang bagay na layon ng Diyos na ipagkaloob sa Kanyang mga anak na lalaki at babae."*

Bukod sa ginawang tema o paksa ang katotohanang ito sa marami sa kanyang mga pangangaral, ginawa niya rin itong tema ng kanyang buhay. Sinabi ng kanyang anak na si LeRoi, "Tumimo kay Lorenzo Snow ang katotohanang ito marahil nang higit kaysa sa iba; nagkaroon ito ng malaking epekto sa kanyang kaluluwa kung kaya't naging inspirasyon ito ng kanyang buhay at binigyan siya nito ng malawak na pang-unawa sa kanyang dakilang hinaharap at sa malaking misyon at gawain ng Simbahan."[3] Ito noon ang kanyang "tanglaw at gabay sa tuwina" at "isang napakaliwanag na bituin sa kanyang harapan sa lahat ng oras—sa kanyang puso, sa kanyang kaluluwa, at sa buo niyang pagkatao."[4]

Sa kabanatang ito, itinuturo ni Pangulong Snow ang doktrina na maaari tayong maging katulad ng ating Ama sa Langit. Sa kabanata 6, binibigyan niya tayo ng praktikal na payo kung paano natin maipamumuhay ang doktrinang ito.

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Dahil tayo ay may angking kabanalan, maaari tayong maging katulad ng ating Ama sa Langit.

Isinilang tayo sa wangis ng Diyos na ating Ama; nilikha niya tayong tulad sa kanya. May likas na katangian ng pagkadiyos sa ating espirituwal na pagkatao; sa ating espirituwal na pagsilang binigyan tayo ng ating Ama ng mga kakayahan, kapangyarihan at kasanayan na taglay niya mismo, tulad ng taglay ng isang sanggol sa sinapupunan ng ina nito, bagamat hindi pa maunlad, ang mga kakayahan, kapangyarihan at damdamin ng magulang nito.[5]

Naniniwala ako na tayo ay mga anak ng Diyos, at na ipinagkaloob Niya sa atin ang kakayahan na magkaroon ng walang hanggang karunungan at kaalaman, dahil ibinigay Niya sa atin ang bahagi ng Kanyang Sarili. Sinabihan tayo na nilikha tayo sa Kanyang sariling wangis, at natuklasan natin na mayroong sangkap ng imortalidad sa kaluluwa ng tao. May isang espirituwal na organismo sa loob ng tabernakulong [ang pisikal na katawan] ito, at ang espirituwal na organismong iyon ay may taglay na kabanalan sa kanyang sarili mismo, bagamat marahil sa musmos pang kalagayan; ngunit may taglay itong kakayahan na bumuti pa at sumulong, gaya ng



*Habang pinag-aaralan natin ang mga banal na kasulatan, nalalaman natin ang tungkol sa ating banal na katangian.*

sanggol na tumatanggap ng ikabubuhay mula sa ina nito. Bagamat maaaring ignorante o walang kaalam-alam ang sanggol, gayunman may mga posibilidad ito na sa pamamagitan ng pagdanas ng iba't ibang pagsubok mula pagkabata hanggang sa pagtanda ay makaangat at mangibabaw na siyang tunay na kahanga-hanga, kumpara sa kawalang-muwang nito noong sanggol pa.[6]

Mayroong kabanalan sa ating kalooban; may sangkap ng imortalidad sa ating sarili; ang ating espirituwal na organismo ay walang-kamatayan o imortal; hindi ito masisira; hindi ito malilipol. Mabubuhay tayo mula sa kawalang-hanggan tungo sa lahat ng kawalang-hanggan.[7]

Napakalaking kasiyahan ang makapagsalita tungkol sa mga dakilang bagay na layon ng Diyos na ipagkaloob sa Kanyang mga anak na lalaki at babae, at na makakamtan natin ang mga ito kung tayo ay tapat. . . . Ang paglalakbay natin dito sa landas ng kadakilaan ay maghahatid sa atin ng kaganapan ng ating Panginoong Jesucristo, upang makatayo sa harap ng ating Ama, upang matanggap ang Kanyang kaganapan, upang masiyahan sa pagdami ng ating mga

inapo sa mga daigdig na walang katapusan, upang masiyahan sa magagandang pagsasamahan natin sa buhay na ito, upang mapasaatin ang ating mga anak, ang ating asawa, napaliligiran ng kasiyahan na maipagkakaloob ng langit, ang ating mga katawan ay niluwalhating tulad ng sa Tagapagligtas, malaya sa mga karamdaman at sa lahat ng kasamaan ng buhay, at malaya sa mga pagkasiphayo at hinanakit at hindi kanais-nais na mga pagsasakripisyong ginagawa natin dito ngayon.[8]

Sa pamamagitan ng patuloy na pag-unlad natanggap ng ating Ama sa Langit ang kadakilaan at kaluwalhatian at itinuturo niya sa atin ang landas ding iyon at, yayamang nadaramitan siya ng kapangyarihan, awtoridad at kaluwalhatian, ang sabi niya'y, "halina't lumakad at tanggapin din ang kaluwalhatian at kaligayahang aking taglay."[9]

Ang mga tao ng Diyos ay mahalaga sa Kanyang paningin; ang Kanyang pag-ibig para sa kanila ay mananatili sa tuwina, at sa Kanyang lakas at kapangyarihan at pagmamahal, sila ay mananaig at magtatagumpay. Sila ay Kanyang mga anak, nilikha sa Kanyang wangis at sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga batas ay nakatadhanang maging katulad Niya. . . .

. . . Ito ang mataas na patutunguhan ng mga anak na lalaki ng Diyos, sila na nagtagumpay, na masunurin sa Kanyang mga kautusan, na pinadadalisay ang kanilang sarili na tulad Niyang dalisay. Sila ay magiging katulad Niya; makikita nila Siya kung ano Siya; makikita nila ang Kanyang mukha at maghaharing kasama Niya sa Kanyang kaluwalhatian, magiging katulad Niya sa lahat ng bagay.[10] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 101.]

---

## Itinuturo ng mga banal na kasulatan ang tungkol sa ating banal na potensiyal.

Binigyan tayo ng Panginoon ng napakagandang insentibo na makahihikayat sa atin. Sa mga paghahayag na ibinigay ng Diyos, nalaman natin ang maaaring marating ng isang tao na maglalakbay sa landas na ito ng kaalaman at magagabayan ng Espiritu ng Diyos. Hindi pa ako [natatagalan sa pagiging miyembro] ng Simbahang ito nang malinaw na ipinakita sa akin ang maaaring marating ng isang

tao sa patuloy na pagsunod sa Ebanghelyo ng Anak ng Diyos. Ang kaalamang iyan ay patuloy na gumagabay sa akin, at dahil diyan ay sinisikap kong mabuti na gawin ang tama at katanggap-tanggap sa Diyos. . . . Tila, matapos ituro sa atin ang lahat tungkol sa mga bagay na nauukol sa mga daigdig na selestiyal, na may ilang mga Banal sa mga Huling Araw na lubhang nasisiyahan na kahit malaman lang nila na totoo ang gawain kung kaya't kapag kinausap ninyo sila tungkol sa ating dakilang hinaharap ay tila nagugulat sila, at iniisip na wala itong kinalaman sa kanila. Sinabi ni Juan, ang Tagapaghayag, sa ikatlong kabanata ng kanyang unang liham na:

"Ngayon ay mga anak tayo ng Dios." [I Juan 3:2.]

. . . At pagpapatuloy niya:

"At hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo: [ngunit] nalalaman natin, na kung Siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad Niya; sapagka't Siya'y ating makikitang gaya ng Kaniyang sarili.

"At sinomang mayroon ng pag-asang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman [ng Diyos na] malinis." [Tingnan sa 1 Juan 3:2–3.]

. . . Ipinahiwatig sa atin ng Espiritu ng Diyos na may mga ganitong uri ng tiyak at sagradong mga katotohanan. Si Pablo, sa pagsasalita sa mga taga Filipos, ay nagmungkahi na linangin nila ang hangarin na talagang hindi pamilyar sa mga tao sa panahong ito, bagamat pamilyar dito ang mga Banal sa mga Huling Araw, lalo na ang mga hindi nasisiyahan na manatili silang sanggol sa kaalaman tungkol sa Diyos. Sabi niya:

"Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman:

"Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios." [Mga Taga Filipos 2:5–6.]

. . . Ito ang itinuro ni Pablo, at naunawaan niya kung ano ang sinasabi niya. Siya ay dinala o tinangay sa ikatlong langit at nakarinig ng mga bagay, na sinasabi niya sa ating hindi marapat na bigkasin ng tao [tingnan sa II Mga Taga Corinto 12:1–7]. . . . Mali ba ang hilingin natin sa mga tao rito na magkaroon ng gayong uri



*Sa kanyang mga liham, si Apostol Pablo ay nagpatotoo sa ating potensiyal na maging katulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.*

ng ambisyon o pangarap? Maraming kasabihan sa Biblia, lalo na sa Bagong Tipan, na tila hindi pamilyar sa mga taong hindi nagtataglay ng Espiritu ng Panginoon.

"Ang magtagumpay ay magmamana ng mga bagay na ito." [Apocalipsis 21:7.]

Anong klaseng pahayag iyan? Sino ang naniniwala rito? Kung sasabihin ng isang ama sa kanyang anak, "Anak ko, maging matapat ka, at sundin ang mga payo ko, at kapag nasa hustong edad ka na ay mamanahin mo ang lahat ng ari-arian ko," may kahulugan ito, hindi ba? Kung totoo ang sinabi ng ama, mahihikayat ang anak na maging matapat. Gusto ba tayong linlangin ni Jesus nang sambitin niya ang pahayag na ito? Tinitiyak ko sa inyo na walang panlilinlang sa mga salitang iyon. Talagang gagawin Niya ang sinabi Niya. Muli, sinabi ni Jesus:

"Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa [K]aniyang luklukan." [Apocalipsis 3:21.]

Napakagandang salita niyan. May katotohanan ba dito? Totoo ang lahat ng ito. Ang Panginoong Makapangyarihan ang nagsabi nito. Sinabi sa atin sa mga Banal na Kasulatan ni Apostol Pablo:

"Sapagka't nalalaman namin na kung masira ang aming bahay na tabernakulong ukol sa lupa, ay mayroon kaming isang gusaling mula sa Dios, bahay na hindi gawa ng mga kamay, walang hanggan, sa sangkalangitan." [II Mga Taga Corinto 5:1.]

Naniniwala ako diyan. At sa pagsasabi niya na si Jesus ay "magbabago ng katawan ng ating pagkamababa, upang maging katulad ng katawan ng kaniyang kaluwalhatian" [Mga Taga Filipos 3:21] naniniwala din ako diyan. Pinaniniwalaan ba ng mga Banal sa mga Huling Araw itong mga sinasabi ko? Dapat lang na paniwalaan ninyo ang mga ito. Heto pa:

"Sapagkat siya na tumatanggap sa aking mga tagapaglingkod ay tinatanggap ako;

"At siya na tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang aking Ama;

"At siya na tumatanggap sa aking Ama ay tinatanggap ang kaharian ng aking Ama; kaya nga lahat ng mayroon ang aking Ama ay ibibigay sa kanya." [D at T 84:36–38.]

Mayroon pa bang maiisip ang sinuman na maibibigay na hihigit pa rito? . . . Naunawaang mabuti ni Pablo ang mga bagay na ito, sapagkat sinabi niya "nagtutumulin ako sa hangganan sa gantingpala ng dakilang pagtawag ng Dios na kay Cristo Jesus." [Tingnan sa Mga Taga Filipos 3:14.]

Sa mga sinabi ko maaaring may makita tayong isang bagay na may kinalaman sa likas na katangian ng dakilang pagtawag na ito kay Cristo Jesus. . . .

. . . Hindi ko alam kung gaano karami sa mga narito ang tunay na nakakaalam sa mga bagay na ito sa kanilang puso. Kung may nalalaman kayo, sasabihin ko sa inyo ang magiging mga epekto nito. Gaya ng sinabi ni Juan:

"At sinomang mayroon ng pag-asang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman [ng Diyos na] malinis." [Tingnan sa I Juan 3:3.]

. . . Itinuro ng Diyos ang mga bunga ng paglalakbay sa landas na ito tungo sa kaluwalhatian at kadakilaan at tunay ang mga pangako. Alam na alam ng Panginoon ang maaari Niyang gawin. Alam Niya ang mga materyal na kailangan Niya para makakilos, at alam na alam Niya kung ano ang sinabi Niya. Kung gagampanan natin ang bahaging iniatas Niya sa atin, at mapananatili ang ating ikalawang kalagayan, tiyak na makakamtan natin ang bawat pangako, at nang higit kaysa makakaya nating unawain.[11] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 101.]

---

### Sa pag-alaala natin sa mga pagpapalang inihanda ng Panginoon para sa atin, nakadarama tayo ng kagalakan sa gitna ng mga alalahanin at hinanakit sa buhay.

Bawat Banal sa mga Huling Araw na nakaririnig sa aking tinig ay tiyak na may potensiyal na bumangon sa umaga ng unang pagkabuhay na mag-uli at luluwalhatiin, dadakilain sa presensya ng Diyos, taglay ang pribilehiyo na makipag-usap sa ating Ama tulad ng pakikipag-usap natin sa ating ama sa lupa.[12]

Wala nang potensiyal na ibibigay sa mga tao na higit na maluwalhati kaysa ibinibigay sa mga Banal. Wala nang mahihiling pa ang mortal na tao na hihigit pa o sa huli'y mapatutunayang higit na kasiya-siya. Lahat ng nauukol sa ganap na kapayapaan, kaligayahan, kaluwalhatian at kadakilaan ay nasa mga Banal sa mga Huling Araw na. Dapat tayong masiyahan sa kahulugan ng potensiyal na ito, at panatilihin ito sa ating isipan. Hindi natin dapat hayaang madimlan ang ating mga potensiyal sa anumang paraan sa pamamagitan ng paggawa ng bagay na hindi katanggap-tanggap sa Panginoon.[13]

Ang pag-asa ko hinggil sa buhay sa hinaharap ay talagang napakalaki at maluwalhati, at sinisikap kong panatilihing maliwanag ang mga potensiyal na ito sa tuwina; at iyan ang pribilehiyo at tungkulin ng bawat Banal sa mga Huling Araw.[14]

Hindi lahat sa atin ay lubusang nakauunawa sa mga pagpapala at pribilehiyong inihanda sa ebanghelyo para tanggapin natin. Hindi

natin lubusang nauunawaan at hindi natin nakikita ang mga bagay na naghihintay sa atin sa mga daigdig na walang hanggan, ni ang mga bagay na naghihintay sa atin sa buhay na ito at nilayon para itaguyod ang ating kapayapaan at kaligayahan at sagot sa mga hangarin ng ating puso. . . .

Kadalasan, dahil sa dami ng mga alalahaning nakapaligid sa atin, ay nagiging makakalimutin tayo at hindi natin iniisip ang mga bagay na ito, pagkatapos ay hindi natin nauunawaan na ang ebanghelyo ay talagang nilayon upang ipagkaloob sa atin ang mga bagay na maghahatid sa atin ng kaluwalhatian, dangal at kadakilaan, na magdudulot sa atin ng kaligayahan, kapayapaan at kaluwalhatian. Nalilimutan natin ang mga bagay na ito sa gitna ng mga alalahanin at mga hinanakit sa buhay, at hindi natin lubos na nauunawaan na ito ay ating pribilehiyo, at inilapit ito ng Panginoon sa atin upang hangarin ang ebanghelyong iyon na magbibigay sa atin ng patuloy na kapayapaan sa ating kalooban. . . .

May dahilan ba para maghinagpis? May dahilan ba para malungkot ang mga Banal? May dahilan ba para tumangis o magreklamo? Walang dahilan; kundi buhay o kamatayan ang nasa ating harapan; mapapasaatin ang mga kapamahalaan at kapangyarihan kung patuloy tayong magiging tapat; kalungkutan at pagkawala kung babalewalain natin ang ebanghelyo.

Ano pa ang maaari nating hilingin na hindi pa kasama sa ating relihiyon? Kung mananatili tayong matatag sa ibabaw ng bato at susundin ang Espiritu na inilagay sa ating kalooban, kikilos tayo nang tama sa pagtupad sa ating mga tungkulin, kikilos tayo nang nararapat sa mga taong inilagay upang mamuno sa atin, kikilos tayo nang wasto sa liwanag man o sa dilim.

Nasaan ang taong magsasantabi at magtatapon sa mga potensiyal na nakapaloob sa ebanghelyong ating tinanggap? Dito ay may kasiyahan, mayroong kagalakan, mayroong katatagan, mayroong tuntungan ang ating mga paa, may tiyak na pundasyong mapagsasaligan at kung saan ay maibibigay natin sa Diyos ang hinihiling sa atin.[15]

Huwag nating hayaan kailanman na madimlan ang ating mga potensiyal; hayaang maging sariwa ang mga ito sa ating isipan sa araw at sa gabi, at tinitiyak ko sa inyo na kung gagawin natin ito magiging kagila-gilalas ang ating pag-unlad sa bawat araw at bawat taon.[16]

Tayong lahat ay naghahangad ng selestiyal na kaluwalhatian, at ang karingalan ng mga potensiyal na nasa ating harapan ay hindi kayang ilarawan sa wikang gamit ng tao. Kung kayo ay mananatiling tapat sa gawaing kinabibilangan ninyo, makakamtan ninyo ang kaluwalhatiang ito, at habampanahong magagalak sa piling ng Diyos at ng Kordero. Sulit na pagsikapan ito; sulit ang magsakripisyo para dito, at mapalad ang lalaki o babae na matapat na ninanais na makamit ito.[17] [Tingnan sa mungkahi 3 sa ibaba.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x].

1. Madalas ituro noon ni Pangulong Lorenzo Snow na tayo ay mga anak ng Diyos (mga pahina 93–95). Paano maiimpluwensyahan ng katotohanang ito ang nadarama natin tungkol sa ating sarili at sa iba? Paano natin matutulungan ang mga bata at kabataan na maalaala na sila ay mga anak ng Diyos?
2. Ano ang naiisip ninyo tungkol sa mga talatang binanggit ni Pangulong Snow para ituro ang tungkol sa ating banal na potensiyal? (Tingnan sa mga pahina 95–99.)
3. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 99. Paano tayo maaakay ng "mga alalahanin at mga hinanakit sa buhay" na kalimutan ang mga walang hanggang pagpapala ng ebanghelyo? Ano ang maaari nating gawin upang mapanatiling "sariwa" at "palaging nasa ating isipan" ang ating potensiyal? Sa paanong paraan maaaring makaapekto sa paraan ng ating pamumuhay ang pag-alaala sa ating kahihinatnan?
4. Sa pag-aaral ninyo ng kabanatang ito, ano ang natutuhan ninyo tungkol sa inyong Ama sa Langit? Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa inyong kahihinatnan bilang anak ng Diyos?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Roma 8:16–17; I Mga Taga Corinto 2:9–10; Alma 5:15–16; Moroni 7:48; D at T 58:3–4; 78:17–22; 132:19–24

*Tulong sa Pagtuturo:* "Magpatotoo kapag [hinikayat] kayo ng Espiritu na gawin ito, hindi lamang sa katapusan ng bawat aralin. Magbigay ng mga pagkakataon sa mga tinuturuan ninyo na makapagbigay ng kanilang mga patotoo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 55–56).

## *Mga Tala*

1. Sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 46; tingnan din sa "The Grand Destiny of Man," *Deseret Evening News,* Hulyo 20, 1901, 22.
2. Tingnan sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 46–47; "Glory Awaiting the Saints," *Deseret Semi-Weekly News,* Okt. 30, 1894, 1.
3. LeRoi C. Snow, "Devotion to a Divine Inspiration," *Improvement Era,* Hunyo 1919, 656.
4. LeRoi C. Snow, "Devotion to a Divine Inspiration," 661.
5. *Deseret News,* Ene. 24, 1872, 597.
6. Sa Conference Report, Abr. 1898, 63.
7. Sa "Anniversary Exercises," *Deseret Evening News,* Abr. 7, 1899, 10.
8. *Millennial Star,* Ago. 24, 1899, 530.
9. *Deseret News,* Okt. 21, 1857, 259.
10. *Deseret Semi-Weekly News,* Okt. 4, 1898, 1.
11. "Glory Awaiting the Saints," 1.
12. Sa Conference Report, Okt. 1900, 4.
13. Sa Conference Report, Okt. 1898, 3.
14. Sa Conference Report, Okt. 1900, 4.
15. *Deseret News,* Okt. 21, 1857, 259.
16. Sa Conference Report, Abr. 1899, 2.
17. Sa "Prest. Snow to Relief Societies," *Deseret Evening News,* Hulyo 9, 1901, 1.

# Pagiging Perpekto sa Harap ng Panginoon: "Mas Bumubuti sa Bawat Araw"

*"Huwag umasang maging perpekto kaagad. Kung ganito ang aasahan ninyo, panghihinaan kayo ng loob. Maging mas mabuti ngayon kaysa kahapon, at maging mas mabuti bukas kaysa ngayon."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Minsan ay dumalo si Pangulong Lorenzo Snow sa isang priesthood meeting kung saan ang isang kinatawan ng bawat korum ng mga elder ay tumayo at nagreport tungkol sa nagawa ng kanyang korum. Habang pinakikinggan ni Pangulong Snow ang mga kalalakihang ito, naalala niya ang sarili niya maraming taon na ang nakalilipas. Nang tumayo siya para magsalita, sinabi niyang:

"Kung maaari, gusto kong sabihin ang isang bagay na hindi ninyo malilimutan, at sa palagay ko ay magagawa ko ito.

"Nakikita ko, gaya ng palagi kong nakikita kapag magkakasama ang mga batang Elder, at sa katunayan kapag magkakasama rin ang mga may-edad nang Elder, ang isang uri ng pag-aatubili na magsalita sa harap ng mga tao. Nakita ko ito dito ngayong umaga sa mga binatang tumayo para ipahayag ang kanilang sarili at upang magbigay ng impormasyon tungkol sa partikular nilang gawain.

"Marahil, hindi naman mali kung magkukuwento ako nang kaunti sa inyo tungkol sa karanasan ko, nang magsimula akong magsalita sa harap ng maraming tao, noong bago pa ako naging Elder. Naaalala ko noong unang tawagin ako para ibigay ang aking patotoo. . . . Iyon ay isang bagay na talagang kinatatakutan ko, ngunit gayon pa man nadama kong tungkulin kong tumayo, pero



*Sa Sermon sa Bundok, sinabi ng Tagapagligtas na, "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal" (Mateo 5:48).*

naghintay pa ako na mauna ang iba. Nagpatotoo ang isa, may isa pang nagbigay ng kanyang patotoo, at may sumunod pa, at halos tapos na sila, ngunit takot pa rin akong tumayo. Hindi pa ako nakapagsalita sa harap ng maraming tao. . . . Sa [wakas] nagpasiya ako na oras na para tumayo ako. Iyon nga ang ginawa ko. Sa palagay ninyo gaano kaya ako katagal nagsalita? Sa palagay ko mga kalahating minuto —imposibleng lumampas pa iyon sa isang minuto. Iyon ang una kong pagsisikap; at ang pangalawa, palagay ko, halos ganoon din. Mahiyain ako noon, . . . ngunit nagpasiya ako, nang buong katatagan, na sa tuwing tatawagin akong gampanan ang aking tungkulin na tulad nito o ang iba pa, gagawin ko iyon kahit ano pa ang maging resulta. Bahagi iyan ng pundasyon ng aking tagumpay bilang Elder sa Israel."

Sinabi ni Pangulong Snow sa mga kabataang lalaki na hindi nagtagal pagkatapos ng karanasang ito, ginanap niya ang kanyang unang pulong bilang full-time missionary. "Sa buong buhay ko ay wala akong kinatakutang pulong kundi ang pulong na iyon," paggunita niya. "Maghapon akong nagdasal, nagpasiyang mapag-isa at nanalangin sa Panginoon. Hindi pa ako kailanman nakapagsalita sa harap [ng maraming tao] maliban sa mga pulong na iyon ng patotoo. Kinatakutan ko iyon. Sa palagay ko wala pang taong natakot nang gayon sa mga gawain nang higit sa akin sa sandaling iyon. Sinimulan na ang pulong, at halos puno ng mga tao ang silid. . . . Nagsimula akong magsalita at sa palagay ko mga apatnapu't limang minuto ang inubos ko."[1] Sa isa pang salaysay tungkol sa pulong ding iyon, itinala niya: "Nang tumayo ako sa harap ng kongregasyong iyon, bagamat wala akong alam na sasabihin kahit isang salita, pagkabukas ko ng aking bibig para magsalita, napuspos ako ng Espiritu Santo, napuno ang aking isipan ng liwanag at mga ibabahaging ideya at wastong pananalita kung paano ko iyong sasabihin sa kanila. Nagulat at humanga ang mga tao at humiling ng isa pang pulong."[2]

Ibinahagi ni Pangulong Snow ang aral na nais niyang matutuhan ng mga kabataang lalaki mula sa kanyang karanasan: "Mahal kong mga batang kaibigan, may pagkakataon kayong maging dakila—katulad ng nais ninyo. Sa umpisa ng inyong buhay maaaring matuon ang inyong mga puso sa mga bagay na napakahirap makamtan,

ngunit marahil ang mga ito ay abot-kamay ninyo. Sa inyong mga unang pagsisikap na bigyang kasiyahan ang inyong mga hangarin ay maaaring mabigo kayo, at ang inyong patuloy na pagsisikap ay maaaring matawag na kabiguan. Ngunit kung talagang tapat kayo sa inyong mga pagsisikap, at kung talagang nakasalig sa kabutihan ang inyong mga hangarin, ang makakamit ninyong karanasan habang sinisikap na makamit ang mga hangarin ng inyong puso ay magiging kapaki-pakinabang sa inyo, at kahit ang inyong mga pagkakamali, kung makagagawa man kayo ng mga pagkakamali, ay magiging kapaki-pakinabang para sa inyo."[3]

Ito ay paboritong paksa o tema noon ni Pangulong Snow. Madalas niyang ipaalala noon sa mga Banal ng Panginoon ang utos na maging perpekto o ganap, at tiniyak niya sa kanila na sa pamamagitan ng kanilang kasigasigan at sa tulong ng Panginoon, masusunod nila ang utos na iyon. Itinuro niya, "Dapat nating madama sa ating puso na ang Diyos ang ating Ama, at na habang nakagagawa tayo ng mga pagkakamali at mahina tayo gayon pa man kung halos perpekto ang ating pamumuhay magiging maayos ang lahat sa atin."[4]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

---

### Sa pamamagitan ng pagsusumigasig, pagtitiyaga, at tulong mula sa langit, masusunod natin ang utos ng Panginoon na maging perpekto.

"At nang si Abram ay may siyam na pu't siyam na taon, ay napakita ang Panginoon kay Abram at sa kaniya'y sinabi, Ako ang Dios na Makapangyarihan sa lahat; lumakad ka sa harapan ko, at magpakasakdal ka." [Genesis 17:1.]

Kaugnay nito ay babanggitin ko ang bahagi ng mga salita ng Tagapagligtas sa kanyang sermon sa Bundok, gaya ng nakasaad sa huling talata ng ika-5 kabanata ng Mateo.

"Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal." [Mateo 5:48.] . . .

Nalaman natin na nagpakita ang Panginoon kay Abraham at gumawa ng mga dakilang tipan sa kanya, at na bago siya inihanda sa pagtanggap sa mga ito ay may kinailangan siyang gawin, na siya

[si Abraham] ay dapat maging perpekto sa harap ng Panginoon. At gayon din ang hiniling ng Tagapagligtas sa kanyang mga Disipulo, na sila ay maging perpekto o ganap, tulad ng Siya at ang Kanyang Ama sa Langit ay perpekto. Naniniwala ako na ang paksang ito ay ipinag-aalala ng mga Banal sa mga Huling Araw; at gusto kong magbigay ng kaunting mensahe na mga mungkahi lamang, para pag-isipan ng mga kinauukulan.

Iminumungkahi ng Panginoon na ibibigay Niya ang pinakamataas na mga pagpapala sa mga Banal sa mga Huling Araw; ngunit, tulad ni Abraham, kailangan nating ihanda ang ating sarili para sa mga ito, at para magawa ito ang batas ding ito na ibinigay sa kanya ng Panginoon ay ibinigay sa atin para sundin natin. Hinihiling din na maging perpekto tayo sa harap ng Panginoon; ang Panginoon sa situwasyong ito, tulad din sa iba, ay hindi hihingin ang bagay na hindi makakayang sundin, ngunit sa kabilang banda, ibinigay Niya sa mga Banal sa mga Huling Araw ang paraan na gagamitin upang makasunod sila sa Kanyang banal na utos. Nang hingin ito ng Panginoon kay Abraham, ibinigay Niya sa kanya ang paraan kung saan magiging kuwalipikado siyang sundin ang batas na iyon at lubusang maisagawa ang kinakailangan. Nasa kanya ang pribilehiyo na makasama ang Banal na Espiritu, gaya ng sinabi sa atin na ipinangaral ang ebanghelyo kay Abraham, at sa pamamagitan ng ebanghelyong iyon makakamit niya ang banal na tulong na iyon na magiging daan para maunawaan niya ang mga bagay na ukol sa Diyos, at kung wala ito ay hindi ito mauunawaan ng sinumang tao; kung wala ito hindi mararating ng tao ang perpektong kalagayan sa harap ng Panginoon.

Ganito rin sa mga Banal sa mga Huling Araw; hindi nila mararating ang gayong moral at espirituwal na pamantayan kung wala ang kahima-himalang tulong mula sa langit. Ni hindi natin inaasahan na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay kaagad na makasusunod sa batas na ito sa lahat ng pagkakataon at kalagayan. Kailangan ng panahon; kailangan ng mahabang pagtitiyaga at disiplina ng puso't isipan upang masunod ang kautusang ito. At kahit maaaring mabigo tayo sa una nating mga pagtatangka, gayunman hindi nito dapat pahinain ang kalooban ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pagsisikap na magkaroon ng determinasyon na sundin ang



*Inutusan ng Panginoon si Abraham na, "Lumakad ka sa harapan ko, at magpakasakdal ka" (Genesis 17:1).*

kinakailangang sundin. Si Abraham, bagamat maaaring nagkaroon siya ng pananampalataya na lumakad sa harap ng Panginoon batay sa kanyang banal na batas, gayunman ay may mga pagkakataon na sinubukang mabuti ang kanyang pananampalataya, ngunit hindi pa rin siya pinanghinaan ng loob dahil ipinakita niya ang determinasyong sundin ang kalooban ng Diyos.

Maaaring isipin natin na hindi natin masusunod ang batas na maging perpekto, na ang pagperpekto sa ating sarili ay napakahirap. Maaaring totoo ito kahit paano, ngunit naroon pa rin ang katotohanan na ito ay isang utos ng Makapangyarihang Diyos sa atin at hindi natin ito maaaring ipagwalang-bahala. Kapag dumaranas tayo ng mga pagsubok, iyon ang panahon para gamitin natin ang dakilang pribilehiyo na manalangin sa Panginoon at humingi ng lakas at pang-unawa, katalinuhan at biyaya upang sa pamamagitan niyon ay madaig natin ang kahinaan ng laman na patuloy nating dapat paglabanan.[5] [Tingnan sa mga mungkahi 1 at 2 sa mga pahina 116–117.]

**Kapag sumusunod tayo sa hinihiling ng Panginoon, tayo ay perpekto sa aspetong iyon.**

Si Abraham ay tinawag upang iwanan ang kanyang mga kamag-anak at bansa [tingnan sa Abraham 2:1–6]. Kung hindi niya sinunod ang hinihinging ito, hindi sana siya kinasihan ng Panginoon. Ngunit sumunod siya; at habang nililisan niya ang kanyang tahanan walang alinlangan na masunurin niyang ipinamumuhay ang banal na batas na ito ng pagiging perpekto. Kung nabigo siya rito tiyak na hindi sana niya nasunod ang mga hinihingi ng Makapangyarihang Diyos. At habang paalis siya sa bahay ng kanyang ama, habang dinaranas niya ang pagsubok na ito ay ginagawa niya ang sinasabi ng kanyang budhi at ng Espiritu ng Diyos na makatwiran niyang gawin, at walang sinumang makagagawa nang higit pa rito, maliban kung may ginawa siyang mali habang isinasagawa niya ang gawaing ito.

Nang matanggap ng mga Banal sa mga Huling Araw ang ebanghelyo sa iba't ibang panig ng mundo, at nang sabihin sa kanila ng tinig ng Makapangyarihang Diyos na lisanin ang lupain ng kanilang mga ninuno, na iwan ang kanilang mga kamag-anak gaya ng ginawa ni Abraham, sa tuwing sinusunod nila ang hinihinging ito, sila ay sumusunod sa batas na ito, at sila'y perpektong gaya ng ibang tao sa gayong mga kalagayan at sa lugar na kanilang ginagalawan, hindi ko sinasabing perpekto sila sa kaalaman o kapangyarihan, atbp.; kundi sa kanilang damdamin, sa kanilang integridad, mga layunin at determinasyon. At habang tinatawid nila ang malalim na karagatan, kung hindi sila bumubulong-bulong o nagrereklamo, at sa halip ay sumunod sa mga payong ibinigay sa kanila at sa lahat ng paraan ay maayos na kumilos, sila ay perpekto na gaya ng hinihingi sa kanila ng Diyos.

Layon ng Panginoon na dalhin tayo sa kahariang selestiyal. Ipinaalam Niya sa pamamagitan ng direktang paghahayag na tayo ay Kanyang mga anak, na isinilang sa mga daigdig na walang hanggan, na naparito tayo sa mundong ito para sa natatanging layuning ihanda ang ating sarili upang matanggap ang kabuuan ng kaluwalhatian ng ating Ama kapag babalik na tayo sa Kanyang piling. Dahil dito, kailangan nating hangaring magkaroon ng kakayahang sundin ang batas na ito upang mapadalisay ang ating mga layunin,

hangarin, at damdamin upang tayo ay maging dalisay at banal at ang ating kalooban sa lahat ng bagay ay mapailalim sa kalooban ng Diyos, at hindi na magkaroon ng sariling hangarin kundi ang gawin ang kalooban ng ating Ama. Ang gayong tao ay perpekto sa kanyang kilos, at makakamtan niya ang pagpapala ng Diyos sa lahat ng kanyang ginagawa at saan man siya magpunta.

Ngunit nakagagawa tayo ng mga kahangalan, dahil sa kahinaan ng laman at humigit-kumulang tayo ay ignorante, at dahil diyan ay maaaring makagawa ng pagkakamali. Oo, ngunit hindi iyan dahilan upang hindi natin hangaring sumunod sa utos na ito ng Diyos, lalo na at nakikita natin na ibinigay niya at abot-kamay na natin ang paraan upang maisagawa ang gawaing ito. Sa pagkaunawa ko ito ang ibig sabihin ng salitang pagiging perpekto, gaya ng sinabi ng ating Tagapagligtas at ng Panginoon kay Abraham.

Ang isang tao ay maaaring maging perpekto sa ilang bagay at hindi sa iba. Ang taong matapat na sumusunod sa word of wisdom ay perpekto kung ang batas na iyon ang pag-uusapan. Nang pagsisihan natin ang ating mga kasalanan at nabinyagan para sa kapatawaran ng mga ito, tayo ay naging perpekto hinggil sa bagay na iyon.[6] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 117.]

---

**Sa halip na panghinaan ng loob kapag nabibigo tayo, maaari tayong magsisi at hilingin sa Diyos na bigyan tayo ng lakas na makagawa pa nang mas mabuti.**

Ngayon ay sinabi sa atin ni Apostol Juan, na "mga anak tayo ng Dios, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo: nalalaman natin na kung siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad niya; sapagka't siya'y ating makikitang gaya ng kaniyang sarili. At sinomang mayroon ng pag-asang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman [ni Cristo na] malinis." [Tingnan sa I Juan 3:2–3.] Umaasa ang mga Banal sa mga Huling Araw na mararating nila ang estadong ito ng pagiging perpekto; umaasa tayong maging gaya ng ating Ama at Diyos, mga anak na karapat-dapat mamuhay sa kanyang piling; umaasa tayo na kapag nagpakita ang Anak ng Diyos, matatanggap natin ang ating katawan na pinanibago at niluwalhati, at na "magbabago [ang] katawan ng ating pagkamababa, upang



*Dapat tayong magsikap sa araw-araw na pagbutihin ang ating pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng ating pamilya.*

maging katulad ng katawan ng kaniyang kaluwalhatian." [Tingnan sa Mga Taga Filipos 3:21.]

Ito ang ating mga inaasahan. Ngayon hayaang itanong ito ng lahat ng narito sa kanyang sarili: May basehan ba ang ating mga inaasahan? Sa madaling salita, hinahangad ba nating gawing dalisay ang ating sarili? Paano madarama ng isang Banal sa mga Huling Araw na siya ay nabigyang-katwiran maliban kung hangad niyang dalisayin ang kanyang sarili na gaya ng Diyos, maliban na hangad niyang panatilihing malinis ang kanyang budhi sa harap ng Diyos at ng tao sa bawat araw ng kanyang buhay? Walang duda na marami sa atin ang lumalakad sa harap ng Diyos sa bawat araw at sa bawat linggo, at sa bawat buwan, na nadaramang siya ay hindi isinumpa, na wasto ang ating mga kilos at masigasig at buong pagpapakumbabang hinahangad ang Espiritu ng Diyos upang gabayan ang ating gawain sa araw-araw; gayunman may mga pagkakataon sa ating buhay na napakarami nating pagsubok at marahil ay nabibigatan na; kahit ganito, walang dahilan para hindi natin subukang muli, at gawin iyan nang may ibayo pang lakas at determinasyon upang maisagawa ang ating pakay.[7]

Nais ng Panginoon na magpakita ng kaluwagan sa Kanyang mga anak sa lupa, ngunit hinihiling Niyang magsisi silang tunay kapag nakagawa sila ng kasalanan o kapag nabigo silang gampanan ang anumang tungkulin. Umaasa Siyang magiging masunurin sila at sisikapin nilang talikuran ang lahat ng kasalanan, upang mapadalisay ang kanilang sarili at talagang maging Kanyang mga tao, Kanyang mga Banal, upang maihanda sila sa pagpasok sa Kanyang kinaroroonan, matulad sa Kanya sa lahat ng bagay at magharing kasama Niya sa Kanyang kaluwalhatian. Upang magawa ito kailangan nilang lumakad sa tuwid at makipot na landas, gawing mas maliwanag at mas mabuti ang kanilang buhay, puspos ng pananampalataya at pag-ibig sa kapwa-tao, na siyang dalisay na pag-ibig ni Cristo, at matapat na gampanan ang bawat tungkulin sa Ebanghelyo.[8]

Kung mababasa lamang natin ang detalye ng buhay ni Abraham o ang buhay ng iba pang mga dakila at banal na kalalakihan walang duda na makikita natin na ang kanilang mga pagsisikap na maging mabuti ay hindi palaging puno ng tagumpay. Kaya't hindi tayo dapat panghinaan ng loob kung madaig man tayo sa sandali ng kahinaan; bagkus, kaagad na pagsisihan ang maling nagawa natin, at hangga't maaari ay ayusin ang kasiraang dulot nito, at pagkatapos ay humiling sa Diyos ng panibagong lakas na makapagpatuloy at gumawa nang mas mabuti.

Perpekto ang ikinikilos ni Abraham sa harap ng Diyos sa araw-araw nang paalis na siya sa bahay ng kanyang ama, at nagpakita siya ng higit na nakauunawa at napaka-disiplinadong isipan sa iminungkahi niya nang makipag-away ang kanyang mga pastol sa mga pastol ng pamangkin niyang si Lot [tingnan sa Genesis 13:1–9]. Gayunman dumating sa buhay ni Abraham ang isang pagkakataon, na marahil ay napakalaking pagsubok; sa katunayan mahirap isipin na mayroong hihigit pa rito; ito ay noong iutos sa kanya ng Panginoon na ialay ang kanyang pinakamamahal at nag-iisang anak, maging siya na inasahang magiging katuparan ng dakilang pangakong ginawa sa kanya ng Panginoon; ngunit sa pagpapakita ng wastong pagpapasiya ay nakayanan niyang lampasan ang pagsubok, at pinatunayan ang kanyang pananalig at integridad sa Diyos [tingnan sa Genesis 22:1–14]. Mahirap isipin na minana ni Abraham ang gayong pag-iisip mula sa kanyang mga magulang na sumamba sa

mga diyus-diyusan; ngunit kapani-paniwala na sa basbas ng Diyos ay nagkaroon siya ng ganitong kaisipan, pagkatapos dumanas ng pakikibaka sa laman na gaya natin, at walang dudang may mga pagkakataon na nadaig siya at pagkatapos ay nagtagumpay naman hanggang sa makayanan na niya ang napakatinding pagsubok.

"Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip," sabi ni Apostol Pablo, "na ito'y na kay Cristo Jesus din naman: na siya bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios." [Tingnan sa Mga Taga Filipos 2:5–6.] Ngayon ang bawat taong palaging nag-iisip sa bagay na ito ay padadalisayin ang kanyang sarili gaya ng Diyos na dalisay, at sisikaping kumilos nang wasto sa kanyang harapan. Nakagagawa tayo ng mumunting kahangalan at nariyan ang ating mga kahinaan; dapat nating sikaping daigin kaagad ang mga ito hangga't maaari, at dapat nating maitimo ang damdaming ito sa puso ng ating mga anak, upang magkaroon sila ng takot sa Diyos mula sa kanilang pagkabata, at matuto silang kumilos nang wasto sa Kanyang harapan sa lahat ng pagkakataon.

Kung ang isang lalaki ay mabubuhay nang isang araw sa piling ng kanyang asawa nang hindi nakikipag-away o nang hindi nagmamalupit sa sinuman o nang hindi sinasaktan ang damdamin ng Espiritu ng Diyos sa anumang paraan, napakainam niyan; siya ay perpekto sa gayong aspeto. Pagkatapos ay hayaang sikapin niyang gawin ang gayon din sa susunod na araw. Ngunit halimbawang nabigo siya sa pagtatangkang gawin ito kinabukasan, hindi iyon dahilan upang hindi niya matagumpay na magawa ito sa ikatlong araw. . . .

Dapat palaging linangin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang hangaring ito na napakalinaw na itinuro ng mga apostol noong unang panahon. Dapat nating sikaping lumakad sa bawat araw na may malinis na konsiyensya sa harap ng lahat ng tao. At naglagay ang Diyos sa Simbahan ng mga paraan para matulungan tayo, at ito ay ang mga Apostol at Propeta at Ebanghelista, atbp., "para sa ikasasakdal ng mga Banal," atbp. [Tingnan sa Mga Taga Efeso 4:11–12.] At ipinagkaloob din niya sa atin ang kanyang Banal na Espiritu na isang gabay na hindi nagkakamali, na tulad ng isang anghel ng Diyos, na nasa ating tabi, na nagsasabi ng dapat nating

gawin at binibigyan tayo ng lakas at tulong kapag may mga hindi magagandang pangyayari sa ating landas. Hindi natin dapat hayaang manghina ang ating kalooban sa tuwing matutuklasan natin ang ating mga kahinaan. Halos wala tayong makikitang pagkakataon sa lahat ng maluluwalhating halimbawang ipinakita sa atin ng mga propeta, noong unang panahon o ngayon, kung saan hinayaan nilang pahinain ni Satanas ang kanilang kalooban; kundi sa halip ay patuloy nilang hinangad na magtagumpay, na makamit ang gantimpala at sa gayon ay maihanda ang kanilang sarili para sa kaganapan ng kaluwalhatian.[9] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 117.]

---

### Sa tulong ng langit, maaari nating mapagtagumpayan ang mga kahangalan at makamundong mga hangarin.

Kapag pumasok na sa ating isipan na talagang may kapangyarihan tayo sa pamamagitan ng tinanggap nating ebanghelyo, na daigin ang ating mga pagnanasa, ang mga pita ng ating katawan at sa lahat ng bagay ay ipailalim ang ating kalooban sa kalooban ng ating Ama sa Langit, at, sa halip na pagmulan ng hindi magandang saloobin sa ating pamilya, at ng mga kahalubilo natin, ay tumulong nang malaki upang makalikha ng munting langit sa lupa, kung gayon ay masasabi nating napanalunan natin ang kalahati ng digmaan. Ang isa sa matitinding hirap na dinaranas ng marami, ay ang madali nating pagkalimot sa dakilang layunin ng buhay, ang layunin ng ating Ama sa Langit sa pagpapadala sa atin dito sa mortalidad, gayundin ang banal na tungkuling ibinigay sa atin; at dahil dito, sa halip na iwasan ang walang kabuluhan at panandaliang bagay ng panahon, madalas ay hinahayaan nating maimpluwensiyahan tayo ng mundo nang hindi ginagamit ang banal na tulong na itinakda ng Diyos, na sapat na para mapagtagumpayan ang mga ito. Katulad din tayo ng iba pa sa mundo kung hindi natin pag-iibayuhin ang hangaring maging perpekto, na gaya ng ating Ama sa langit na perpekto.

Ito ang payo ng Tagapagligtas sa mga banal noong una, mga taong may gayunding simbuyo ng damdamin at napaiilalim din sa mga tuksong katulad ng dinaranas natin, at alam Niya kung makasusunod dito ang mga tao o hindi; hindi kailanman ginawa noon ng Panginoon, ni hindi Niya hihilingin sa Kanyang mga anak ang mga bagay na imposible nilang magawa. Ang mga Elder ng Israel

na umaasang makahahayo sa mundo upang ipangaral ang ebanghelyo ng kaligtasan sa gitna ng liko at balakyot na henerasyon, sa mga taong puno ng kasamaan at katiwalian ay dapat pag-ibayuhin ang hangaring ito. At hindi lamang sila, kundi lahat, bawat lalaki at babae na kabilang sa Simbahang ito na karapat-dapat tawaging banal ay dapat pag-ibayuhin ang hangaring mamuhay nang naaayon sa hinihinging ito upang maging malinis ang kanilang konsiyensya sa harap ng Diyos. Napakagandang magkaroon ang bata man o matanda ng ganitong hangarin; lalong nakasisiyang makita ang ating mga kabataan na nagpapasiya sa paraan na ang kanilang anyo at pagkatao ay kakikitaan ng liwanag at katalinuhan ng Diyos, nang sa gayon ay magkaroon sila ng wastong pagkaunawa sa buhay at makapamuhay nang hindi ginagawa ang mga kahangalan at kapalaluan ng mundo at mga kamalian at kasamaan ng tao.[10]

Hindi kailangang mabahala ang mga Banal sa mga Huling Araw sa mga bagay ng mundong ito. Lilipas ang mga ito. Dapat matuon ang ating mga puso sa makalangit na bagay; na sikaping makamit ang pagiging perpekto na taglay ni Cristo Jesus, na lubusang masunurin sa Ama sa lahat ng bagay, at dahil doon ay nakamtan ang Kanyang kadakilaan at naging huwaran sa Kanyang mga kapatid. Bakit tayo mababalisa at mababahala sa mga temporal na bagay na ito kung ang ating tadhana ay lubhang dakila at maluwalhati? Kung mananatili tayo sa Panginoon, susundin ang Kanyang mga kautusan, gagawing huwaran ang Kanyang kasakdalan at sisikaping marating ang walang hanggang mga katotohanan ng Kanyang makalangit na kaharian, lahat ay magiging maayos sa atin at magtatagumpay tayo at makakamit ang gantimpala sa huli.[11]

Sa lahat ng inyong mga kilos at pag-uugali ay palaging isaisip na naghahanda kayo ngayon para sa buhay na inyong ipagpapatuloy sa mga kawalang-hanggan; huwag sundin ang alituntunin na ikahihiya ninyo o hindi ninyo handang gawin sa kalangitan, huwag gumamit ng mga paraan sa pagkakamit ng isang bagay na hindi matatanggap ng naliwanagang selestiyal na konsiyensya. Bagamat nagaganyak kayo ng damdamin at mga mithiin na kumilos, hayaang palaging maghari at mangibabaw ang mga alituntuning dalisay, marangal, banal, at malinis.[12]

**Hindi tayo magiging perpekto kaagad, ngunit maaari tayong bumuti nang unti-unti bawat araw.**

Ang bata ay lumalaki at nagiging binatilyo, at mula sa pagiging binatilyo ay magiging binata, at magpapatuloy siya sa paglaki; ngunit hindi niya masasabi kung paano o kailan nagaganap ang paglaki. Hindi niya napapansin na lumalaki pala siya; ngunit sa pagsunod sa mga batas ukol sa kalusugan at sa pagiging maingat sa buhay kalaunan siya ay isa nang binata. Gayundin tayo na mga Banal sa mga Huling Araw. Umuunlad at lumalago tayo. Hindi natin ito napapansin sa ngayon; ngunit paglipas ng isang taon o higit pa matutuklasan natin, sa madaling salita, na nasa itaas na tayo ng burol, malapit na sa tuktok ng bundok. Dama nating may pananampalataya tayo sa Panginoon; na palagi tayong nakikinabang sa Kanyang mga biyaya; na may kaugnayan tayo sa Kanya; na Siya talaga ang ating Ama, at pinapatnubayan Niya tayo sa buhay.[13]

Huwag asahang maging perpekto kaagad. Kung ganito ang iisipin ninyo, panghihinaan kayo ng loob. Maging mas mabuti ngayon kaysa kahapon, at maging mas mabuti bukas kaysa ngayon. Huwag nating hayaang daigin pa tayo bukas ng mga tuksong marahil ay dumaraig sa atin ngayon. Kaya't patuloy na bumuti nang unti-unti bawat araw; at huwag hayaang lumipas ang buhay nang wala tayong nagagawang kabutihan sa iba gayundin sa ating sarili.[14]

Bawat pinakahuling araw o bawat pinakahuling linggo ay dapat maging pinakamainam na naranasan natin, ibig sabihin, dapat tayong sumulong nang kaunti sa bawat araw, sa kaalaman at karunungan, at sa kakayahang gumawa ng kabutihan. Habang tumatanda tayo dapat tayong mamuhay nang mas malapit sa Panginoon sa bawat araw.[15] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 117.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Inamin ni Pangulong Snow na ang kautusan na maging perpekto ay ikinababahala ng ilang Banal sa mga Huling Araw

(mga pahina 106–108). Habang binabasa ninyo ang kabanatang ito, hanapin ang payo na maaaring makapagbigay ng kapanatagan sa isang taong nababahala sa utos na maging perpekto.

2. Sa simula ng bahagi sa pahina 106, ang katagang "hinding pangkaraniwang tulong" ay tumutukoy sa tulong na mula sa Panginoon. Sa paanong mga paraan tayo tinutulungan ng Panginoon na maging perpekto?
3. Sa pahina 109, suriin ang mga sinabi ni Pangulong Snow tungkol kay Abraham at sa mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw noon. Ano sa inyong palagay ang ibig sabihin ng maging perpekto "sa lugar na [ating] ginagalawan"? Pag-isipan pa kung ano ang magagawa ninyo upang maging higit na perpekto sa inyong "damdamin, . . . integridad, layunin at determinasyon."
4. Sinabi ni Pangulong Snow, "Hindi natin dapat hayaang manghina ang ating kalooban sa tuwing matutuklasan natin ang ating kahinaan" (pahina 114). Paano natin madaraig ang damdamin ng panghihina ng kalooban? (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga pahina 110–114.)
5. Paano nakatutulong sa inyo na malaman na hindi kayo dapat "umasa na maging perpekto kaagad"? (Tingnan sa pahina 116.) Mag-isip ng mga paraan para masunod ninyo ang payo ni Pangulong Snow na "bumuti nang unti-unti sa bawat araw."
6. Maghanap ng isa o dalawang pangungusap sa kabanatang ito na talagang nagbibigay-inspirasyon sa inyo. Ano ang nagustuhan ninyo tungkol sa mga pahayag na ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 1 Nephi 3:7; 3 Nephi 12:48; Eter 12:27; Moroni 10:32–33; D at T 64:32–34; 67:13; 76:69–70

*Tulong sa Pagtuturo:* "Bawat isa ay naaantig kapag ang kanilang mga kontribusyon ay pinahahalagahan. Maaari kayong gumawa ng natatanging pagsisikap na pahalagahan ang mga puna ng bawat tao at, kung maaari, gawing bahagi ng mga talakayan sa klase ang mga puna" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 44).

## *Mga Tala*


1. Sa "Anniversary Exercises," *Deseret Evening News,* Abr. 7, 1899, 9.
2. Sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 16.
3. Sa "Anniversary Exercises," 9.
4. Sa "Impressive Funeral Services," *Woman's Exponent,* Okt. 1901, 36.
5. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 3, 1879, 1.
6. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 3, 1879, 1.
7. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 3, 1879, 1.
8. *Deseret Semi-Weekly News,* Okt. 4, 1898, 1.
9. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 3, 1879, 1.
10. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 3, 1879, 1.
11. *Deseret Semi-Weekly News,* Okt. 4, 1898, 1.
12. *Millennial Star,* Dis. 1, 1851, 363.
13. Sa Conference Report, Abr. 1899, 2.
14. *Improvement Era,* Hulyo 1901, 714.
15. *Improvement Era,* Hulyo 1899, 709.


# Katapatan sa mga Oras ng Pagsubok: "Mula sa Kadiliman Tungo sa Maluwalhating Liwanag"

*"Bawat lalaki at babae na naglilingkod sa Panginoon, gaano man sila katapat, ay may panahon ng kalungkutan; ngunit kung nabuhay sila nang matapat, ang buhay nila ay magliliwanag at magkakaroon sila ng kaginhawahan."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Noong Pebrero 1846 ang mga Banal sa mga Huling Araw ay sapilitang pinaalis sa kanilang mga tahanan sa Nauvoo, Illinois. Habang naghahanda sila para sa paglalakbay pakanluran tungo sa kanilang bagong lupang pangako, sinunod nila ang payo ni Pangulong Brigham Young na magtayo ng mga pamayanan sa kanilang madaraanan. Tumira sila sa mga pansamantalang tirahan at nagtanim para sa mga Banal na susunod sa kanila. Pagkatapos tumigil sandali sa estado ng Iowa sa isang pamayanan na tinatawag na Garden Grove, si Lorenzo Snow at ang kanyang pamilya ay nagpunta sa isang lugar na tinawag ng mga Banal na Mount Pisgah, doon din sa Iowa. Ang pamayanang ito ay isinunod sa pangalan ng bundok kung saan nakita ng propetang si Moises ang lupaing ipinangako sa kanyang mga tao.

Ilang buwan matapos dumating sa Mount Pisgah, si Lorenzo ay tinawag na mamuno sa pamayanang iyon. "Sa panahong ito," itinala niya kalaunan, "lubhang napakahirap ng kalagayan ng mga Banal sa Pisgah, hindi lamang sa pagkain at kasuotan, kundi hirap din ang mga baka at kabayo at mga bagon na magpatuloy sa kanilang



*Nang itaboy ang mga Banal sa mga Huling Araw sa kanilang mga tahanan sa Nauvoo, Illinois, marami ang nakatagpo ng kagalakan sa gitna ng kanilang paghihirap.*

paglalakbay. Ang ilang pamilya ay wala nang makain, at umasa na lamang sa pagkakawanggawa o bigay ng kanilang mga kapitbahay, na, kadalasan, ay hirap ipakita ang gayong kabutihan. Ngunit, higit sa lahat ng ito, may dumapong matinding karamdaman na lumaganap sa buong pamayanan, kung saan kulang ang bilang ng mga taong walang karamdaman para alagaan ang mga maysakit; at kamatayan ang sumunod sa karamdaman, at ang mga ama, ina, mga bata, mga kapatid, at mahal na mga kaibigan ay nangamatay, at inilibing sa munting seremonya, at ang ilan ay walang angkop na damit pamburol. Nadagdagan ng kalungkutan at pagdadalamhati ang hirap na kalagayan."

Naranasan mismo ni Lorenzo ang mga pagsubok na ito. Siya at ang kanyang pamilya ay dumanas ng karamdaman, pagkasiphayo, at sakit ng kalooban, kabilang ang pagkamatay ng kanyang bagong silang na anak na si Leonora. Isinulat niya, "Ang Munting si Leonora ay nagkasakit at namatay, at sa matinding kalungkutan ay inilibing namin ang kanyang mga labi sa tahimik nitong himlayan, at iniwang mag-isa, malayo sa kanyang ama at sa inang nagsilang sa kanya."

Sa ganitong mga kalagayan, tinulungan ni Lorenzo ang mga Banal na harapin ang kanilang mga pagsubok nang may pananampalataya. Isinulat ng kanyang kapatid na si Eliza, "Taglay ang determinadong pagsisikap—isang praktikal na kaisipan, at katatagan ng layunin na hindi kailanman pinanghinaan ng loob, pinatunayan niyang kaya niyang harapin ang dagok na maaaring gumimbal sa mga taong pangkaraniwan lamang ang mga kakayahan." Paggunita niya, "Kumilos muna siya upang bigyang-sigla at pagsama-samahin ang puwersa ng mga tao." Bumuo siya ng mga grupo ng kalalakihan na magtatrabaho. May ilang nagpunta sa mga kalapit na bayan upang kumita ng pera na pambili ng mga pagkain at kasuotan. Ang iba ay nanatili sa kampo o pamayanan, kung saan pinangalagaan nila ang mga pamilyang naroon, nagtanim, at gumawa at nagkumpuni ng mga kalakal na maaaring magamit ng mga kalapit na pamayanan.

Bukod sa pagtulong sa mga Banal na sama-samang magtrabaho, hinikayat sila ni Lorenzo na pangalagaan ang kanilang mga sarili sa espirituwal at masiyahan sa makabuluhang libangan. "Sa mga buwan ng taglamig," sabi niya, "hinangad kong panatilihin ang




*Isa sa mga Banal sa mga Huling Araw na tumira sa Mount Pisgah ang gumuhit ng sketch na ito sa isang journal.*

magandang diwa at lakas ng loob ng mga Banal sa Pisgah, hindi lamang sa pagpapasimula ng mga pulong para sa pagsamba at mga gawaing ukol sa relihiyon, sa iba't ibang panig ng pamayanan, kundi maging sa paglalaan ng lugar at oras para sa, at paghikayat ng angkop na iba't ibang uri ng mga libangan. . . .

"Bilang halimbawa, sisikapin kong ilarawan ang isa, na ako ang may gawa para malibang ang lahat ng mga taong maaaring magkasya sa abang mansiyon ng aking pamilya, na may isang palapag lamang, mga labinlimang talampakan at tatlumpung talampakan [mga apat at kalahating metro at siyam na metro] ang sukat, na yari sa troso, na lupa ang sahig at bubong, na sa isang dulo ay mayroong tsimineya na katamtaman ang taas, na yari sa damong galing sa Inang Lupa. Para sa okasyong iyon nilatagan namin ang sahig ng malinis na dayami, at nilagyan ng kurtina ang dingding gamit ang puting kumot na galing sa aming mga higaan.

"Pinag-isipan ding mabuti kung paano iilawan ang aming bulwagan para sa gaganaping ito, at kinailangan dito ang aming kahusayan sa paglikha. At nagtagumpay kami. Mula sa hukay na kinababaunan ng mga ito, pinili namin ang pinakamalalaki at pinakamagagandang singkamas—inalis ang laman nito, at naglagay ng maliliit na kandila sa mga ito, at halinhinang inilagay sa paligid ng dingding, na ang iba ay nasa gawing kisame na, na yari sa lupa at mga dahon ng iba't ibang halaman. Ang mga ilaw na iyon ay nagbigay ng napakapayapa, tahimik . . . na kapaligiran, at ang liwanag na naaaninag sa mga balat ng singkamas ay napakagandang pagmasdan.

"Sa mga aktibidad nang gabing iyon, malugod na pinuri ng ilan sa mga kaibigan ko ang aming pamilya sa kakaibang panlasa at kahusayan sa paglikha na ipinakita sa mga kakaiba at hindi magastos na mga dekorasyon."

Nagunita ni Lorenzo na "puno ng sigla ang bawat oras, at masaya itong lumipas." Inaliw niya at ng kanyang mga panauhin ang isa't isa sa pamamagitan ng mga talumpati, awitin, at tula. Sinabi niya, "Sa pagtatapos, tila nasiyahan nang lubos ang lahat, at umuwing masaya na para bang hindi sila nawalan ng mga tahanan."[1] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 130.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Ang mga pagsubok at paghihirap ay tumutulong sa ating espirituwal na pagbuti at inihahanda tayo para sa kahariang selestiyal.

Imposible para sa atin ang pagsikapang makamit ang ating kaligtasan at maisakatuparan ang mga layunin ng Diyos nang walang mga pagsubok o walang mga pagsasakripisyo.[2]

Noon pa man ay dumaranas na ng mga pagsubok at kahirapan ang mga Banal sa mga Huling Araw. Gayon ang itinulot ng Diyos na mangyari. Naniniwala ako na sa [premortal] na daigdig ng mga espiritu, nang imungkahi sa atin na pupunta tayo sa mundong ito, at pagdaraanan natin ang mga dinaranas natin ngayon, sa pangkalahatan ay hindi iyon kalugud-lugod at nakasisiya; talagang hindi kapana-panabik ang mga mangyayari tulad ng inaasahan. Gayunman walang alinlangan na nakita at naunawaan nating mabuti doon na upang maisakatuparan ang ating kadakilaan at kaluwalhatian ay kailangan ang karanasang ito; at kahit sa tingin natin noon ay hindi ito nakasisiya, handa tayo noon na sumunod sa kagustuhan ng Diyos, at dahil doon ay narito tayo ngayon.[3]

Nagpasiya ang Panginoon sa Kanyang puso na susubukan Niya tayo hanggang sa malaman Niya kung ano ang maaari Niyang gawin sa atin. Sinubukan Niya ang Kanyang Anak na si Jesus. . . . Bago Siya [ang Tagapagligtas] naparito sa lupa pinagmasdan ng Ama ang Kanyang mga ginagawa at nalaman Niya na maaasahan Niya si Jesus kapag kaligtasan na ng mga daigdig ang nakataya; at hindi Siya nabigo. Gayundin naman sa atin. Susubukan Niya tayo, at patuloy tayong susubukan, upang mailagay Niya tayo sa pinakamatataas na kalagayan sa buhay at iatang sa ating mga balikat ang pinakasagradong mga responsibilidad.[4]

Kung matagumpay nating malalampasan ang dumarating na mabibigat na pagsubok sa pamamagitan ng ating buong katapatan at integridad, makaaasa tayo pagkatapos ng ating mga pagsubok, na dakila at makapangyarihan ang magiging pagbuhos ng Espiritu at kapangyarihan ng Diyos—isang napakalaking kaloob sa lahat ng mananatiling tapat sa kanilang mga tipan. . . .

Nagtanong ang ilan nating mga kapatid kung pagkatapos ba nito ay madarama nilang karapat-dapat sila sa lubos na pakikipagkapatiran sa mga Propeta at Banal noong una, na nangagtiis ng mga pagsubok at pahirap; at ng mga Banal . . . na nagdusa sa Kirtland, sa Missouri at sa Illinois. Ang mga kapatid na nabanggit ay nagpahiwatig ng panghihinayang na hindi nila naranasan ang gayong mga pangyayari. Kung narito man ngayon ang sinuman sa mga ito, masasabi ko sa ganitong mga tao, para sa kanilang kapanatagan, na kaunting panahon na lang ang inyong ipaghihintay at magkakaroon kayo ng gayunding mga pagkakataon, hanggang sa masiyahan kayo. Ikaw at ako ay hindi magiging perpekto maliban sa pamamagitan ng pagdurusa: gayundin si Jesus [tingnan sa Mga Hebreo 2:10]. Sa Kanyang panalangin at pagdurusa sa Halamanan ng Getsemani, ipinakita Niya ang nakadadalisay na prosesong kailangan ng mga nangangarap na makamtan ang kaluwalhatian sa kahariang selestiyal. Hindi dapat subukang takasan ito ng iba sa pamamagitan ng pagkokompromiso.[5]

Walang ibang paraan kung saan magkakaroon ng espirituwal na pag-unlad ang mga Banal at maihanda para sa mamanahin sa kahariang selestiyal kundi sa pamamagitan ng malaking hirap at dusa. Ito ang proseso kung saan nadaragdagan ang kaalaman at sa wakas ay magkakaroon ng kapayapaan sa lahat. May nagsabi na kung ang buong kapaligiran natin ay payapa at maunlad ngayon, ipagwawalang-bahala na lamang natin ang mga bagay na ito. Ito ay magiging kalagayan na hahangarin ng napakaraming tao; hindi na nila sisikaping makamit ang mga bagay ng kawalang-hanggan.[6]

Isaalang-alang man ito ng bawat isa o ng lahat, dumanas na tayo ng dusa o hirap at muling daranas nito, at bakit? Dahil ito ang hinihiling ng Panginoon na gawin natin para sa ating ikadadalisay.[7] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 130.]

---

## Kapag nananatili tayong tapat sa panahon ng mga pagsubok at tukso, ipinakikita nating mas mahal natin ang Diyos kaysa sa mundo.

Kabilang sa ating mga pagsubok ang mga tukso, at sa pamamagitan nito ay naipapakita natin kung gaano natin pinahahalagahan ang ating relihiyon. Pamilyar kayo sa karanasan ni Job sa bagay na



*Ang ating patotoo kay Jesucristo ay makapagbibigay sa atin ng lakas at kapanatagan sa panahon ng pagsubok.*

ito. Binigyan siya ng kaalaman tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, at tungkol sa Manunubos, at alam niya na kahit mamatay siya, gayunman sa mga huling araw ay makikita niya ang Kanyang Manunubos sa lupa [tingnan sa Job 19:25–26]. Ipinakita ng mga tuksong dinanas niya na pinahalagahan niya ang mga makalangit na bagay na ito nang higit sa ano pa man. . . .

. . . Dahil Kaibigan natin ang Diyos hindi tayo natatakot. Maaaring patuloy tayong dumanas ng maraming kalagayan na hindi kasiya-siya. Sa pamamagitan ng mga ito ay naipapakita natin sa mga anghel na higit nating minamahal ang mga bagay na ukol sa Diyos kaysa mga bagay ng daigdig.[8] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 130.]

---

**Habang nananatili tayong matapat, pinalalakas tayo ng Panginoon upang mapaglabanan ang mga tukso at mapagtiisan ang mga pagsubok.**

Marami sa inyo ang maaaring maraming matitinding pagsubok, upang ang inyong pananampalataya ay maging mas perpekto,

madagdagan ang inyong pagtitiwala, upang ang inyong kaalaman tungkol sa mga kapangyarihan ng langit ay lumawak; at ito ay bago maganap ang inyong pagkatubos. Kung darating ang mga problema . . . ; kung darating ang mapapait na pagsubok, at mapipilitan kayong dumanas ng pagsubok; kung si Satanas ay pawalan sa inyong kalipunan, taglay ang lahat ng kanyang mapang-akit na kapangyarihan ng palilinlang at katusuhan; kung makakaharap at kakalabanin kayo ng malakas at walang-awang kamay ng panguusig;—kapag dumating ang oras na *iyon*, iangat ang inyong mga ulo at magalak na itinuring kayong karapat-dapat na magdusang gaya ni Jesus, ng mga Banal, at ng mga banal na propeta; at dapat ninyong malaman na ang panahon ng inyong pagkatubos ay paparating na.

Dama ko, aking mga kapatid, na dapat ko kayong hiyakatin nang buong puso ko. Magalak kayo—huwag mawalan ng pag-asa; sapagkat mabilis na darating ang araw na papahirin ang inyong mga luha, aaluin ang inyong mga puso, at kakainin o tatamasahin ninyo ang mga bunga ng inyong pagsisikap. . . .

Maging tapat, maging mabuti, maging kagalang-galang, maging maamo at mapagpakumbaba, malakas ang loob at matapang, maging simple, maging tulad ng Panginoon; manangan pa rin sa katotohanan sa kabila ng apoy o tabak, pagpapahirap o kamatayan.[9]

Mula nang tanggapin natin ang Ebanghelyo hanggang sa ngayon, paulit-ulit tayong binibigyan ng Panginoon ng mga pagsubok at paghihirap, kung matatawag nga nating gayon ang mga ito; at kung minsan ang mga pagsubok na ito ay napakatindi kaya't nahihirapan tayong tanggapin ito nang hindi dumaraing at nagrereklamo. Gayunman sa gayong mga sandali ay pinagpapala at binibigyan tayo ng Panginoon ng sapat na bahagi ng Kanyang Espiritu upang madaig natin ang mga tukso at mapagtiisan ang mga pagsubok.[10]

Bawat lalaki at babae na naglilingkod sa Panginoon, gaano man sila katapat, ay may panahon ng kalungkutan; ngunit kung nabuhay sila nang matapat, ang buhay nila ay magliliwanag at magkakaroon sila ng kaginhawahan.[11]

Ang tanging hinihiling na gawin natin upang maging ganap na ligtas tayo sa lahat ng pagkakataon sa kabila ng gulo at pang-uusig

ay ang gawin ang kalooban ng Diyos, maging tapat, totoo at manatiling tapat sa mga alituntuning natanggap natin; gawin ang tama sa isa't isa; huwag manghimasok sa karapatan ng sinuman; mabuhay sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos at tutulungan tayo at aalalayan ng kanyang Banal na Espiritu sa lahat ng pagkakataon, at malalampasan natin ang lahat ng ito na masaganang pinagpapala sa ating mga bahay, sa ating mga pamilya, sa ating mga kawan, sa ating mga bukirin—at sa lahat ng paraan ay pagpapalain tayo ng Diyos. Bibigyan Niya tayo ng kaalaman sa kaalaman, katalinuhan sa katalinuhan, karunungan sa karunungan.

Nawa'y idagdag ng Diyos ang kanyang pagpapala sa mga taong ito. Nawa'y maging tapat tayo sa ating sarili, tapat sa lahat ng alituntuning natanggap natin, na buong pusong hinahangad ang kapakanan ng bawat isa, at ibubuhos sa atin ng Diyos ang kanyang Espiritu, at magtatagumpay tayo sa wakas.[12] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 130.]

---

### Sa pagbabalik-tanaw sa mahihirap na panahon, makikita natin na natulungan tayo ng ating mga pagsubok na maging mas malapit sa Diyos.

Kapag pinag-iisipan natin ang ginawa ng Panginoon para sa atin noon, ang kapaligiran natin ngayon, at ang mga maaaring kahinatnan natin, napakapalad nating mga tao! Minsan ay naisip ko na ang isa sa mga pinakadakilang katangian ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang pagtanaw ng utang na loob sa ating Ama sa Langit sa mga bagay na ipinagkaloob Niya sa atin at sa landas kung saan tayo ay Kanyang inakay. Maaaring ang pagtahak sa landas na iyon ay hindi palaging nakasisiya; ngunit kalaunan ay natuklasan natin na ang mga kalagayang iyon na talagang hindi kanais-nais ang kadalasang nagbibigay sa atin ng napakalaking pakinabang.[13]

Bawat pagsubok na pinagdaraanan ng isang tao, kung matapat siya sa kabila ng pagsubok na iyon at nagbibigay dangal sa Diyos at sa kanyang napiling relihiyon, pagkatapos ng pagsubok o kalungkutang iyon ang taong iyon ay mas napapalapit sa Diyos, mas napalapit dahil sa dagdag na pananampalataya, karunungan, kaalaman at kapangyarihan, at dahil dito ay mas nagtitiwala sa pagtawag sa Panginoon para sa mga bagay na kanyang hinahangad.

May nakilala akong mga tao na natakot sa ideya na daranas sila ng matitinding pagsubok ngunit pagkatapos malampasan ang tukso ay sinabi nila na makalalapit na sila sa Panginoon nang mayroong higit na pagtitiwala at makahihiling ng mga pagpapalang nais nila. . . .

May dahilan tayong magalak at mapuspos ng kaligayahan at kasiyahan, sa kabila ng mga kahirapang nakapaligid sa atin. At gaano ba ang ating isinulong, gaanong kaalaman ang nakamtan natin at gaano pa ang makakayanan natin ngayon kaysa isa, dalawa o limang taon na ang nakararaan, at mas kaya na ba natin ngayon kaysa noong mga nagdaang taon? Pinalakas tayo ng Panginoon at dinagdagan sa ating pag-unlad. Tulad ng bata o ng sanggol, sa paglaki nito ay hindi nito alam kung paano ito unti-unting tumanggap ng lakas at kung paano ito lumaki. Mas malaki ito ngayong taon kaysa noong nakaraang taon. Gayundin ang ating espirituwal na pagsulong o pag-unlad. Dama nating mas malakas tayo ngayon kaysa noong isang taon.[14]

Ang mga pagsasakripisyong ginawa ninyo, ang mga kahirapang pinagtiisan ninyo at ang mga kagipitang dinanas ninyo ay . . . makakalimutan, at magagalak kayo na napasainyo ang karanasang dulot ng mga ito. . . . Ang ilang bagay na kailangan nating matutuhan sa mga bagay na sanhi ng ating pagdurusa, at ang kaalamang natamo sa gayong paraan, bagamat masakit ang proseso, ay magiging napakahalaga sa atin sa kabilang-buhay. . . .

. . . Alam kong hindi palaging masaya o mabuti ang inyong buhay; walang dudang dumaan kayo sa maraming pagsubok, at marahil nagkaroon ng maraming dusa at hirap; ngunit sa patuloy na pagkakaroon ng integridad hindi magtatagal kayo ay makaaahon sa mga paghihirap tungo sa maningning na kaluwalhatian ng mundong selestiyal.[15] [Tingnan sa mungkahi 4 sa kasunod na pahina.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.


1. Pag-isipan ang salaysay sa mga pahina 119–123. Paano naging masaya ang marami sa mga Banal sa kuwentong ito sa kabila ng kanilang pagdurusa? Ano ang magagawa natin upang himukin ang mga taong dumaranas ng mga pagsubok?
2. Pag-aralan ang mga turo ni Pangulong Snow tungkol sa kung bakit kailangan natin ang mga pagsubok (mga pahina 124–125). Ano sa inyong palagay ang ibig sabihin ng "sikaping makamit ang mga bagay ng kawalang-hanggan"? Sa inyong palagay bakit maraming tao ang hindi "magsisikap na makamit ang mga bagay ng kawalang-hanggan" kung walang mga pagsubok?
3. Sa paanong paraan tayo dapat tumugon sa mga pagsubok at tukso? (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga pahina 125–128.) Paano tayo tinutulungan ng Panginoon sa mga oras ng pagsubok?
4. Basahin ang huling bahagi ng kabanatang ito. Ano ang nakamtan ninyo mula sa mga hamon na naranasan ninyo?
5. Hanapin ang isa o dalawang pangungusap sa kabanatang ito na nagbibigay sa inyo ng pag-asa. Ano ang ipinagpapasalamat ninyo tungkol sa mga pangungusap o pahayag na napili ninyo? Isipin ang mga paraan na maaari ninyong ibahagi ang mga katotohanang ito sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan na nangangailangan ng panghihikayat.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Deuteronomio 4:29–31; Mga Awit 46:1; Juan 16:33; Mga Taga Roma 8:35–39; II Mga Taga Corinto 4:17–18; Mosias 23:21–22; 24:9–16; D at T 58:2–4

*Tulong sa Pagtuturo:* Isiping kausapin ang ilang kasali sa klase bago magklase, na hinihiling na maghanda sila ng mga karanasan na may kaugnayan sa kabanata. Halimbawa, bago magturo mula sa kabanatang ito, makabubuting hilingin sa ilang tao na maghandang magsalita tungkol sa natutuhan nila mula sa mga pagsubok na dumating sa kanilang buhay.

## *Mga Tala*


1. Tingnan sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 89–93.
2. *Millennial Star,* Abr. 18, 1887, 245.
3. *Deseret Weekly,* Nob. 4, 1893, 609.
4. *Millennial Star,* Ago. 24, 1899, 532.
5. *Deseret News: Semi-Weekly,* Peb. 9, 1886, 1.
6. *Deseret Evening News,* Abr. 11, 1888, 200; mula sa isang detalyadong pakahulugan ng isang diskursong ipinahayag ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1888.
7. *Deseret News,* Okt. 28, 1857, 270.
8. *Deseret News,* Abr. 11, 1888, 200.
9. "Address to the Saints in Great Britain," *Millennial Star,* Dis. 1, 1851, 364.
10. *Deseret Weekly,* Nob. 4, 1893, 609.
11. *Millennial Star,* Ago. 24, 1899, 531.
12. *Deseret News: Semi-Weekly,* Dis. 2, 1879, 1.
13. Sa Conference Report, Abr. 1899, 2.
14. *Deseret News,* Abr. 11, 1888, 200.
15. Sa "Old Folks Are at Saltair Today," *Deseret Evening News,* Hulyo 2, 1901, 1; mensahe sa isang grupo ng matatandang miyembro ng Simbahan; inihanda ni Lorenzo Snow sa edad na 88 at binasa ng kanyang anak na si LeRoi.



*Pangulong Franklin D. Richards*

# "Siyasatin Mo Ako, Oh Dios, at Alamin Mo ang Aking Puso"

*Sinisikap ng mabubuting Banal sa mga Huling Araw na "magkaroon sa harapan ng Diyos ng katangiang maaasahan sa oras ng pagsubok."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Noong Disyembre 15, 1899, si Pangulong Lorenzo Snow, na noon ay Pangulo ng Simbahan, ay nagsalita sa libing ni Pangulong Franklin D. Richards, na naglingkod bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. Nang papatapos na ang kanyang sermon, sinabi ni Pangulong Snow, "Hiling ko sa Panginoon ng Israel na pagpalain ang mga Banal sa mga Huling Araw at nawa'y maging handa tayo sa mga mangyayari sa malapit na hinaharap, na maging dalisay ang ating mga puso sa harap ng Panginoon."

Sa paglalarawan sa pangangailangan na panatilihing "dalisay ang ating mga puso sa harap ng Panginoon," ikinuwento ni Pangulong Snow ang naging karanasan nila Pangulong Richards noong mga 1850s, nang bago pa lamang silang mga Apostol. Noong panahong iyon, pinangunahan ni Pangulong Brigham Young ang isang pagbabago sa Simbahan, na nananawagan sa mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako na magsisi at panibaguhin ang kanilang tapat na pangakong mamumuhay nang matwid.

"Nang madama ni Pangulong Young na dapat siyang manawagan sa mga tao na magsisi at magbago," paggunita ni Pangulong Snow, "mariin siyang nagsalita tungkol sa nararapat gawin sa ilang tao—na dapat bawiin sa kanila ang kanilang Priesthood, dahil hindi nila ito nagampanang mabuti na siyang dapat sana nilang ginawa. Maaalala ng mga kapatid na nabuhay noong mga panahong iyon kung gaano katindi ang kanyang pagsasalita tungkol sa paksang ito.

Naantig nito ang puso ni Brother Franklin, at naantig din ako; at pinag-usapan namin ang bagay na ito. Nagpasiya kaming magpunta kay Pangulong Young upang malaman sa kanya kung karapat-dapat ba kami sa Priesthood. Kung sa ngalan ng Panginoon ay nadama niyang hindi namin pinagbuti ang pagganap sa aming Priesthood, ipauubaya namin ito. Nagpunta kami sa kanya, nakita naming nag-iisa siya, at sinabi namin ito sa kanya. Sa tingin ko ay may luha sa kanyang mga mata nang sabihin niyang, 'Brother Lorenzo, Brother Franklin, nasiyahan ang Panginoon sa mabuting pagganap ninyo sa inyong Priesthood. Pagpalain kayo ng Diyos.' "[1]

Buong buhay niya ay nais ni Pangulong Snow na maging dalisay ang kanyang puso sa harap ng Panginoon, at hinikayat din niya ang mga Banal na suriin kung sila ay karapat-dapat. Nagsalita siya "sa paraan na nadagdagan ang aming pang-unawa" na kailangang magkaroon "ng wastong katangian, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, sa harap ng Diyos na ating Ama."[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 141.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Kung mayroon tayong wastong katangian, buong tiwala nating maaanyayahan ang Diyos na suriin ang ating mga puso.

Napakalakas ng impresyon ko, na ang pinakamahalagang isa-alang-alang, at magkakaroon ng malaking kapakinabangan kapag nagbalik na tayo sa daigdig ng mga espiritu, ay ang pagkakaroon ng wasto at mainam na katangian bilang matapat at matatag na mga Banal sa mga Huling Araw sa buhay na ito ng pagsubok.

Sa mga situwasyon kung saan nag-aaplay ang isang estranghero sa trabaho, o sa isang posisyong pinagkakatiwalaan, madalas ay kailangan niyang magpakita ng mga papeles na nagpapatunay sa kanyang pagiging karapat-dapat, mula sa mga taong mapagkakatiwalaan, mga liham ng rekomendasyon at pagpapakilala na talagang nagagamit at kapaki-pakinabang, na tumutulong sa pagkamit ng mga pabor at pribilehiyo na mahirap makuha sa ibang paraan. Gayunman, kung tutuusin mas madaling kumuha ng tinatawag na nakasulat na reperensya o pagkatao, tulad nga ng tinatawag na isang

pagkatao na maaaring ilagay sa kanyang bulsa; at, sa katunayan, batay sa aking obserbasyon madalas ang mga taong mayhawak ng nasusulat na reperensya o pagkatao ay hindi kakikitaan ng kanilang totoo at tunay na pagkatao.

Mayroon sa atin na kinikilalang mga miyembro ng Simbahang ito na nagpapakahirap upang makilala ng mga nakapalibot sa kanila, ngunit ang kanilang tunay na pagkatao, o ang kalooban ng gayong mga tao ay nakatago o nakabalatkayo. . . . Ngayon ang dalanging ito na [tinutukoy] ko—"Siyasatin mo ako, Oh Dios, at alamin mo ang aking puso: subukin mo ako, at alamin ang aking mga pagiisip; at tingnan mo kung may anomang lakad ng kasamaan sa akin" [Mga Awit 139:23–24]—ay lubhang mahalaga; ito ay panalangin na buong ingat at buong tiwalang inialay ni David sa Panginoon noong siya'y nabubuhay. Ngunit may mga pagkakataon noon na nakadarama siya ng pag-aalangan at nangangatal na kahinaan sa pag-aalay ng ganitong uri ng panalangin.

May dahilan ako para maniwala na maraming mga Banal sa mga Huling Araw, sa malaking bahagi ng kanilang buhay, ang nakalalapit sa Panginoon nang buong pagtitiwala at nakapag-aalay ng ganito ring panalangin—"Siyasatin mo ako, Oh Dios, at alamin mo ang aking puso, at tingnan mo kung may anomang lakad ng kasamaan sa akin;" ngunit kung tayo, bilang mga tao, ay nakapamumuhay sa paraan na nakayuyuko tayo sa harap ng Panginoon sa lahat ng oras at nakapagdarasal sa ganitong paraan, napakagandang bagay niyon, ito ay isang bagay na naisagawa niya sa katuwiran at mabubuting gawa! . . . Iminumungkahi ko na sundin [ng bawat tao] ang panalanging ito ni David, at tingnan kung gaano siya kalapit na makapamumuhay sa liwanag na taglay niya, upang buong katapatan niya itong gawing bahagi ng kanyang debosyon sa Diyos. Marami ang nabibigong sumunod sa pamantayang ito ng kahusayan dahil palihim silang gumagawa ng mga bagay kung saan hindi ito nakikita ng mata ng tao, na maaaring direktang maglayo sa kanila sa Makapangyarihang Diyos at masaktan ang kalooban ng Espiritu ng Diyos. Hindi magagamit ng gayong mga tao ang ganitong panalangin kapag nag-iisa sila; hindi nila magagawa ito hangga't hindi nila pinagsisisihan ang kanilang mga kasalanan at itinatama ang maling nagawa nila, at magpasiyang gumawa ng mas mabuti sa hinaharap

kaysa sa nagawa nila noon, at magkaroon sa harapan ng Diyos ng katangiang maaasahan sa oras ng pagsubok. Kapag ginawa nila ito ay magiging marapat silang makihalubilo sa mga banal na nilalang at sa Ama mismo kapag naroon na sila sa daigdig ng mga espiritu.

. . . Kailangan nating maging matatapat na lalaki at matatapat na babae; kailangan tayong magkaroon ng malaking pananampalataya, at kailangang karapat-dapat tayo sa patnubay ng Espiritu Santo upang tulungan tayo sa gawain ng kabutihan sa lahat ng pagkakataon, upang magawa nating ipailalim ang ating kagustuhan sa kagustuhan ng Ama, upang labanan ang ating likas na pagkatao, at gawin ang tama dahil sa ibig nating gawin ang tama, na nananatiling nakatuon ang ating paningin sa karangalan at kaluwalhatian ng Diyos. Upang magawa ito kailangang madamang mabuti ng isipang nakababatid sa responsibilidad na nasa atin, na kumikilala sa katotohanan na nakamasid sa atin ang Diyos at na ang ating mismong mga kilos at layunin na nag-uudyok dito ay kailangang panagutan; at kailangan tayong palaging *en rapport* [nakaayon] sa Espiritu ng Panginoon.[3] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 141.]

---

**Itinuturo sa atin ng mga halimbawa sa mga banal na kasulatan kung paano pagbubutihin ang ating pagkatao.**

Marami akong hinahangaan sa pagkatao ng mga propeta, at lalo na kay Moises. Hanga ako sa kanyang determinasyon na sundin ang salita at kagustuhan ng Diyos hinggil sa Israel, at sa kanyang kahandaang gawin ang lahat na makakayang gawin ng tao, sa tulong ng Makapangyarihang Diyos; at higit sa lahat hanga ako sa kanyang integridad at katapatan sa Panginoon. . . .

Hinahangaan ng Diyos ang mga lalaki at babae ngayon na tumatahak sa tuwid na landas at, sa kabila ng mga kapangyarihan ni Satanas na nariyan para kalabanin sila, ay nasasabi nilang, Lumayo ka, Satanas [tingnan sa Moises 1:16], at namumuhay nang matwid, isang buhay na maka-Diyos, at ang gayong mga tao ay may impluwensya sa Diyos at ang kanilang mga panalangin ay maraming pakinabang [tingnan sa Santiago 5:16]. Si Moises, halimbawa, ay may gayong kapangyarihan sa Makapangyarihang Diyos para baguhin ang layunin Niya [ng Diyos] sa isang pagkakataon. Magugunita na nagalit noon ang Panginoon sa mga Israelita at sinabi Niya kay



*Bagamat si Jonas ay "nagpakita ng mga kahinaan," maaari tayong matuto mula sa kanyang "dakila at kahanga-hangang" mga katangian.*

Moises na lilipulin Niya ang mga ito, at kukunin Niya si Moises at mula sa kanya ay gagawa ng dakilang mga tao, at ipagkakaloob sa kanya at sa kanyang mga inapo ang ipinangako Niya sa Israel. Ngunit ang dakilang lider at tagapagbigay ng batas na ito, na tapat sa kanyang tungkulin bilang pinuno ng mga tao, ay tumayo sa pagitan ng Diyos at ng kanyang mga tao at sumamo sa Panginoon para sa kanyang mga tao; sa abot ng kapangyarihang magagamit niya at ginamit niya, siya ang naging paraan upang maligtas ang mga tao mula sa nagbabantang pagkawasak o pagkalipol. [Tingnan sa Exodo 32:9–11; Joseph Smith Translation, Exodus 32:12.] Marahil napakarangal at maluwalhati ni Moises sa paningin ng Panginoon, at marahil malaking kasiyahan para sa Kanya na malaman na ang Kanyang piniling mga tao, sa katigasan ng kanilang ulo at kawalang-muwang, ay nagkaroon ng lider na katulad ni Moises.

Kay Jonas ay muli tayong nakakita ng nakakatuwang pag-uugali. Habang nasa nagngangalit na tubig, at nagpahiwatig ng takot o pangamba ang mga manlalayag sa kakayahan nilang mailigtas ang

barko, si Jonas na binababagabag ng kanyang konsiyensya sa hindi niya pagpunta sa Nineve gaya ng ipinag-utos ng Panginoon, ay lumapit at inamin na siya ang dahilan ng nagbabadyang kapahamakan, at handa siyang magpatapon sa dagat para sa kapakanan ng mga taong nakasakay sa barko. [Tingnan sa Jonas 1:4–12.] Gayundin sa iba pang mga propeta at kalalakihan ng Diyos, na bagamat sa ilang pagkakataon, tulad ni Jonas, ay nagpakita sila ng kahinaan, mayroon pa ring bagay na talagang dakila at kahanga-hangang katangian sa kanilang pagkatao.[4] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 141.]

---

### Ang mabubuting pag-uugali ay unti-unting nabubuo sa ating sarili kapag nagpakita tayo ng pananampalataya at pinagsisihan ang ating nagawang mga pagkakamali.

Ang mga pag-uugaling maliwanag na nakikita sa karapat-dapat na mga taong nabuhay noong unang panahon ay hindi nagkataon lamang, ni hindi rin nila ito nakamit sa loob lamang ng isang araw, isang linggo, isang buwan, o isang taon, kundi unti-unti itong nabuo, na siyang mga bunga ng patuloy na katapatan sa Diyos at sa katotohanan, at hindi dahil sa mga papuri o pamimintas ng mga tao.

. . . Mahalaga na bilang mga Banal sa mga Huling Araw ay dapat nating maunawaan at itanim sa ating isipan na ang kaligtasan ay dumarating sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos at sa pagkakaroon natin sa ating sarili ng mga alituntuning namamayani sa mabubuting taong nabanggit. Ang ideya ay hindi ang gumawa ng mabuti dahil sa papuri ng mga tao; kundi gumawa ng mabuti dahil sa paggawa nang mabuti ay nagkakaroon tayo ng kabanalan sa ating kalooban, at dahil dito tayo ay magiging maka-Diyos, na kalaunan ay magiging bahagi ng ating pagkatao. . . .

Hindi ba kung minsan ay nakagagawa tayo ng mga bagay na pinagsisisihan natin? Magiging maayos ang lahat kung ititigil natin ang paggawa ng gayong mga bagay kapag alam nating mali ang mga ito; kapag nakita natin ang masama at pagkatapos ay nagbago tayo, iyon lang ang maaari nating gawin, at tanging mahihiling sa sinuman. Ngunit walang duda, na madalas ay maraming tao ang nag-aalala at nangangamba na malantad o malaman ng iba ang maling ginawa nila kaysa mag-alala sa paggawa mismo ng mali;

iniisip nila kung ano ang sasabihin ng mga tao kapag narinig nila ang tungkol dito, atbp. At, sa kabilang banda, ang ilan ay nahihikayat na gawin ang ilang bagay upang matanggap ang pagsang-ayon ng kanilang mga kaibigan, at kung ang kanilang ginawa ay hindi umani ng mabuting puna o hindi kinilala, pakiramdam nila'y nasasayang ang kanilang pagod, at ang kabutihang maaaring nagawa nila ay ganap na kabiguan.

Ngayon, kung talagang gusto nating mapalapit sa Diyos; kung nais nating makasundo ang mabubuting espiritu sa mga daigdig na walang hanggan; kung nais nating taglayin sa ating sarili ang pananampalatayang binasa natin na sa pamamagitan nito'y naisagawa ng mga Banal noong unang panahon ang kagila-gilalas na mga gawa kailangang, pagkatapos nating makamit ang Banal na Espiritu, ay pakinggan natin ang mga bulong nito at sumang-ayon sa mga mungkahi nito, at huwag itong sapilitang itaboy palayo nang dahil sa ating mga ginagawa: Totoo na tayo ay mahihina at nagkakamaling mga nilalang na anumang oras ay magagawang saktan ang kalooban ng Espiritu ng Diyos; ngunit kapag natuklasan natin na nagkamali tayo, dapat nating pagsisihan kaagad ang pagkakamaling iyon hangga't maaari upang maiwasto o maitama ang maling nagawa natin. Sa paggawa nito ay pinatatatag natin ang ating pagkatao, isinusulong natin ang sarili nating adhikain, at pinalalakas natin ang ating sarili laban sa tukso; at darating ang oras na marami na tayong napagtagumpayan at magugulat tayo sa ating sarili sa naging pag-unlad natin sa pamamahala sa ating sarili, at sa pagpapaunlad sa ating sarili.[5] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 141.]

---

## Habang pinananatili natin ang mabuti nating pagkatao, napapalapit tayo sa Panginoon.

Natanggap natin ang isang kagila-gilalas na Ebanghelyo: sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hinihingi nito ay matatanggap natin ang pinakapiling mga pagpapala na naipangako o naipagkaloob sa sangkatauhan sa anumang panahon ng mundo. Ngunit, tulad ng batang may laruan o ng pinaglalaruan, madalas din nating bigyang-kasiyahan ang ating sarili sa mga bagay na naglalaho sa paglipas ng panahon, nalilimutan ang mga oportunidad na nasa atin upang paunlarin sa ating sarili ang dakila, ang walang hanggang

mga alituntunin ng buhay at katotohanan. Nais ng Panginoon na magkaroon tayo ng mas malapit na pakikipag-ugnayan sa Kanya; nais Niyang iangat ang antas ng ating pagkatao at katalinuhan, at magagawa lamang ito sa pamamagitan ng walang-hanggang Ebanghelyo na inihanda para lamang sa layuning ito. Sabi ni Apostol Juan: "Sinomang mayroon ng pag-asang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman [ni Cristo na] malinis." [I Juan 3:3.] Ipinamumuhay ba ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga alituntunin ng Ebanghelyo, at sa gayon ay isinasakatuparan ang mga layunin ng Diyos?

. . . Ano ang magagawa natin sa iba't ibang kalagayan upang mas maiangat ang ating sarili sa kabutihan ng ating Diyos? Ano ang maidudulot na mga pakinabang, pagpapala at pribilehiyo ng sistemang ito ng kaligtasan na sinunod natin, at ano ang dapat gawin upang makamit ang mga ito? Kung may dapat mang gawing sakripisyo magandang pagkakataon ito para sa lahat ng nagnanais na pag-aralan ang kanilang relihiyon, at nagsisikap na sundin ang mga hinihingi nito, sa pamamagitan ng pamumuhay ayon dito sa araw-araw, upang ipakita ang kahandaan nilang yumukod at sumunod sa kagustuhan ni Jehova, na kinikilala ang kanyang impluwensya at kapangyarihan sa oras ng kahirapan at ng kasaganaan.

. . . Makabubuting suriin ang ating sarili, magnilay-nilay sa ating sarili sa pribadong lugar, upang malaman ang ating katayuan . . . sa harapan ng Panginoon, upang kung kailangan ay mapag-ibayo pa natin ang ating pagsisikap at katapatan, at dagdagan ang ating mabubuting gawa.

Walang alinlangan, na ang pinapatungkulan ay ang mga tao sa kabuuan, na malaki ang iniunlad natin sa paningin ng Diyos. Ngunit kahit walang alinlangan na ganito nga ang kalagayan natin, naniniwala ako na may mga kasama tayong pinagkalooban ng mga espirituwal na kaloob na maaari pang linangin, na maaari pang gamitin, kung pipiliin nila, nang higit pa sa nagagawa nila ngayon, at mas mabilis na makasusulong sa landas ng kabanalan at mas mapapalapit sa Panginoon. Ngunit ang diwang nananaig sa mga bagay ng mundong ito ay kumikilos sa kanila kung kaya't hindi nila nadaragdagan ang mga espirituwal na kapangyarihan at pagpapalang

iyon; hindi sila nagkakaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa Panginoon na siyang pribilehiyo nila.[6]

Ang ating pagkatao at pag-uugali, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, ay dapat mapanatiling sagrado, anuman ang maging katumbas nitong halaga o sakripisyo. Ang pag-uugali o pagkatao na sinang-ayunan ng Diyos ay marapat kamtin, kahit ang maging kapalit nito ay habambuhay na pagkakait sa sarili.

Habang namumuhay sa gayong paraan ay makaaasa tayo . . . , nang may buong katiyakan na . . . puputungan tayo ng korona kasama ang mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, at mamanahin ang kayamanan at kaluwalhatian ng isang Selestiyal na kaharian.[7] [Tingnan sa mungkahi 5 sa kasunod na pahina.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Habang nirerepaso ninyo ang kuwento sa mga pahina 133–134, ano ang natututuhan ninyo mula sa mga ginawang hakbang nina Elder Lorenzo Snow at Elder Franklin D. Richards? Isipin kung paano ninyo maibabahagi ang mga alituntuning ito sa mga miyembro ng pamilya o sa iba.
2. Sinabi ni Pangulong Snow, "Kailangan nating maging matatapat na lalaki at matatapat na babae" (pahina 136). Ano sa inyong palagay ang ibig sabihin ng maging matapat na lalaki o matapat na babae?
3. Isipin ang mga napuna ni Pangulong Snow tungkol sa mga halimbawa nina Moises at Jonas (mga pahina 136–138). Ano ang nakikita ninyo sa bawat isa sa mga kuwento o salaysay na ito na makatutulong sa atin na mapabuti ang ating pagkatao?
4. Isipin ang unang buong talata sa pahina 139. Bakit sa inyong palagay kailangang alam natin ang ating mga pagkakamali upang mapalakas ang ating pagkatao? Paano natin hahayaang makita ng ating sarili ang ating mga pagkukulang nang hindi pinanghihinaan ng loob?

5. Repasuhin ang payo ni Pangulong Snow sa huling bahagi ng kabanata (mga pahina 139–141). Isiping mag-ukol ng oras para suriin ang inyong sarili at alamin kung ano ang katayuan ninyo sa harap ng Panginoon.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Awit 24:3–5; II Pedro 1:2–11; Mosias 3:19; Alma 48:11–13, 17; Eter 12:25–28; D at T 11:12–14; 88:63–68

*Tulong sa Pagtuturo:* Papiliin ang mga kalahok ng isang bahagi sa kabanata at ipabasa ito nang tahimik sa kanila. Pagpangkat-pangkatin sila nang may dalawa o tatlong miyembro na pipili ng iisang bahagi at talakayin ang kanilang natutuhan.

## Mga Tala

1. *Deseret Semi-Weekly News,* Dis. 19, 1899, 5.
2. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ago. 15, 1882, 1.
3. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ago. 15, 1882, 1.
4. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ago. 15, 1882, 1.
5. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ago. 15, 1882, 1.
6. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ago. 15, 1882, 1.
7. *Deseret News: Semi-Weekly,* Peb. 9, 1886, 1.

# Sagradong mga Pag-uugnayan ng Pamilya

*"Kung tayo ay matatapat makakahalubilo natin ang isa't isa sa isang imortal at maluwalhating kalagayan. . . . Ang mga kaugnayang nabubuo dito, na talagang tumatagal, ay magpapatuloy sa kawalang-hanggan."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Sa paghihintay sa kanyang ika-70 kaarawan, inanyayahan ni Lorenzo Snow ang lahat ng kanyang mga anak at kanilang mga pamilya na magtipon sa Brigham City, Utah, para sa isang "napakalaking re-union at pagdiriwang ng anibersaryo." Siya ang nag-asikaso ng kanilang matutuluyan at pagkain at mga programa, upang masiyahan ang lahat pati na ang mga bata. "Habang lalo kong iniisip ang paksang ito [ng reunion ng pamilya]," pagsulat niya, "lalo akong nasasabik at naghahangad na matipon ang pamilya, upang makita ko kayong lahat habang buhay pa ako, at mabigyan kayo ng basbas ng isang ama." Hinikayat niya silang huwag hayaang may humadlang sa kanilang pagdalo o pagpunta "maliban sa mga pinakamatindi at hindi maiiwasang mga hadlang."[1]

Ang pamilya Snow ay nagtipon mula Mayo 7 hanggang Mayo 9, 1884, at nagkasayahan sa musika, mga pagsasadula, talumpati, pagtula, mga palaro, at pagkukuwentuhan.[2] Inireport ng kapatid ni Pangulong Snow na si Eliza na sa buong kaganapan, nakibahagi siya sa "mga pag-uusap ng pamilya, at sa kapasidad bilang Patriarch, . . . ay nagkaloob ng mga pagbabasbas sa mga miyembro [ng pamilya]" at nagbigay ng "maraming payo, tagubilin at panghihikayat, bilang ama." Nang patapos na ang reunion, nagtipon ang buong pamilya para pakinggan siyang magsalita. Sang-ayon sa tala ni Eliza, ipinahayag niya ang "kanyang kasiyahan at pasasalamat sa Diyos



*Ang mga anak ay "mahalagang pamana mula sa Panginoon."*

na nadarama niya ngayon ang kaligayahan habang minamasdan ang magigiliw at nakangiting mga mukha ng kanyang malaking pamilya, at ang inaasahan niyang magandang ibubunga ng reunion na ito." Sa pagtingin sa kanyang pamilya, sinabi ni Pangulong Snow: "Nag-uumapaw sa saya ang puso ko sa napakalaking pasasalamat sa aking Ama sa Langit. . . . Hindi kayang ilarawan ng mga salita ang nadarama ng puso ko sa banal at sagradong pagkakataong ito sa pagdiriwang ng aking ikapitumpung kaarawan, habang nakatayo rito at pinagmamasdan ang maluwalhati at makalangit na pagdiriwang na ito."

Nagpatuloy si Pangulong Snow: "Ito na ang huling re-union ng pamilya bago tayo magsipanaw at magpunta sa daigdig ng mga espiritu. Nawa tulungan tayo ng Diyos ng ating mga ninuno sa pagsunod sa Kanyang mga batas, na mamuhay nang marangal, panatilihin ang ating kabanalan at integridad, pakinggan ang mga bulong ng Banal na Espiritu, at masigasig na hangaring dalisayin ang ating sarili, upang kahit isang miyembro ng pamilyang ito ay hindi mawala sa pamamagitan ng paglihis sa tuwid at makipot na landas, kundi nawa mapatunayan nating lahat na karapat-dapat tayong bumangon sa umaga ng unang pagkabuhay na mag-uli, na may putong ng kaluwalhatian, na ipinagpapatuloy sa imortalidad ang pagsasama-sama ng pamilya, at patuloy na umunlad doon sa kawalang-hanggan."[3] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 151.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Ang mga ugnayan ng pamilya ay sagrado at maaaring mas lumakas pa sa kawalang-hanggan.

Manghikayat ng pagpapakasal, . . . at ikintal sa isipan ng [iba] ang kasagraduhan ng ugnayang iyon at ang obligasyon nilang sundin ang dakilang kautusan na ibinigay ng Diyos sa ating mga unang magulang, na magpakarami at kalatan ang lupa [tingnan sa Genesis 1:28]. Lalo pa itong kailangan, kung titingnan ang kasalukuyang ginagawa sa mundo na pagbabalewala sa batas na iyon at paglapastangan sa tipan ng kasal. Nakalulungkot na mapansin ang madalas na pagdidiborsiyo sa lupain at lumalaganap na pananaw na ituring

ang mga bata na pabigat sa halip na ituring sila bilang mahalagang pamana mula sa Panginoon.[4]

Ipinakita sa atin [ng Panginoon] na kung tayo ay matapat makakahalubilo natin ang isa't isa sa isang imortal at maluwalhating kalagayan; na ang mga kaugnayang nabubuo rito, na talagang tumatagal, ay magpapatuloy sa kawalang-hanggan.[5]

Ang mga samahan na nabubuo rito, ay maipagpapatuloy [natin] sa walang hanggang mga daigdig. Mga ama, ina, kapatid na babae, kapatid na lalaki—oo, alam ng mga ina na nakakakita sa pagpanaw ng kanilang mga mahal sa buhay sa kanilang tabi, na mapapasakanila ang kanilang mga anak sa daigdig ng mga espiritu, at mapapasakanila sila gaya ng anyo nila nang lisanin nila ang buhay na ito. Ang asawang babae kapag nakikita niya ang pagpanaw ng kanyang asawa, habang nalalagutan ito ng hininga, alam niya na mapapasakanya ang kanyang asawa, at nagkakaroon siya ng kapanatagan, pag-alo at kagalakan, na ibinigay ng Makapangyarihang Diyos sa pamamagitan ng mga paghahayag, na mapapasakanya ang kanyang asawa sa mga daigdig na walang hanggan. Ang mga samahan na nabuo rito ay magpapatuloy sa kabilang-buhay; ang mga ugnayan na nabuo rito ay lalong titibay sa kabilang-buhay. At nakadarama ng katiyakan ang mga Banal sa mga Huling Araw, sapagkat ibinigay ito ng Diyos sa kanila.[6] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 152.]

---

## Ang matatapat na Banal sa mga Huling Araw na hindi nakapag-asawa o hindi nagkaroon ng mga anak sa buhay na ito ay matatanggap ang lahat ng mga pagpapala ng kadakilaan sa buhay na darating.

Isang babae ang nagpunta sa aking opisina noong isang araw at hiniling na magkita kami at pag-usapan ang isang pribadong bagay. Ipinaalam niya sa akin na nalulungkot siya, dahil hindi siya makahanap ng mapapangasawa. . . . Nais niyang malaman kung ano ang magiging katayuan niya sa kabilang-buhay, kung hindi siya makakahanap ng mapapangasawa sa buhay na ito. Sa palagay ko ay ganito rin ang tanong sa puso ng ating mga kabataan. . . . Gusto kong magbigay ng kaunting paliwanag para sa ikapapanatag at ikaaliw ng mga taong nasa ganitong katayuan. Walang sinumang Banal sa mga Huling Araw na mamamatay pagkatapos mamuhay

nang tapat ang mawawalan ng anumang bagay dahil sa nabigo silang gawin ang ilang bagay samantalang hindi naman siya nabigyan ng pagkakataon para magawa iyon. Sa madaling salita, kung ang isang binata o isang dalaga ay hindi nagkaroon ng pagkakataong makapag-asawa, at namuhay sila nang tapat hanggang sa oras ng kanilang kamatayan, mapapasakanila ang lahat ng mga pagpapala, kadakilaan at kaluwalhatian na matatanggap ng sinumang lalaki o babae na nagkaroon ng ganitong pagkakataon at pinagbuti ito. Ito ay tiyak at positibong mangyayari. . . .

Ang mga taong walang pagkakataong makapag-asawa sa buhay na ito, kung mamamatay sila na matapat sa Panginoon, ay mabibigyan ng pagkakataon kung saan makakamit nila ang lahat ng mga pagpapalang kailangan para sa mga taong nakapag-asawa. Ang Panginoon ay maawain at mabait, at Siya ay makatarungan. Siya ay hindi kakikitaan ng kawalan ng katarungan; kaya't hindi natin masasabing makatarungan kapag ang isang babae o isang lalaki ay namatay nang hindi nagkaroon ng pagkakataong makapag-asawa at pagkatapos ay hindi ito mabibigyan ng lunas sa kabilang-buhay. Iyan ay hindi makatwiran, at alam natin na ang Panginoon ay isang makatarungang nilalang. Naniniwala ako na ang kapatid kong si Eliza R. Snow, ay kasingbuti ng iba pang nabuhay na kababaihang Banal sa mga Huling Araw, at nabuhay siyang walang-asawa hanggang sa panahong hindi na siya maaaring magkaroon ng mga anak. . . . Ni sa isang saglit ay hindi ko maubos-maisip na pagkakaitan siya ng anumang bagay dahil doon. Isasaayos ang mga bagay para sa kanya sa kabilang-buhay, at magkakaroon din siya ng malaking kaharian na tulad ng dapat mapasakanya kung nagkaroon siya ng pagkakataon sa buhay na ito na magkaroon ng sarili niyang pamilya.[7]

---

## Kapag ang mag-asawa ay nagkakasundo, nakahihikayat sila ng pagmamahalan at kabaitan sa tahanan.

Tiyakin na ang inyong kaligayahan ay hindi nalalason ng mumunti at walang kabuluhang mga hindi pagkakasundo.[8]

Mga babae, maging tapat sa inyong asawa. Alam kong kailangan ninyong makibagay sa maraming hindi kanais-nais na bagay, at gayundin naman na kailangang makibagay ang inyong asawa sa

ilang bagay. Walang duda na kung minsan ay sinusubukan kayo ng inyong mga asawa, siguro dahil sa hindi alam ng inyong asawa, o kaya nama'y dahil sa hindi rin ninyo alam. . . .

. . . Ang sinasabi ko lang ay masama ang inyong asawa—kung masama rin kayo, at baka mas malala pa dito ang iba sa kanila; pero, huwag na lang ninyo itong intindihin: sikaping pagtiisan ang mga hindi kanais-nais na pangyayari paminsan-minsan, at kapag nagkita kayong dalawa sa kabilang-buhay matutuwa kayo na napagtiisan ninyo ang mga bagay na iyon.

Sa mga asawang lalaki, sinasabi ko: Marami sa inyo ang hindi nagpapahalaga sa inyong asawa na gaya ng nararapat. . . . Maging mabait sa kanila. Kapag may pinuntahan silang pulong, dapat kayo ang magkarga sa sanggol kahit kalahati man lang ng oras na iyon. Kapag kailangan itong ihele, at wala naman kayong masyadong ginagawa, ihele ninyo ito. Maging mabait kapag minsan ay kailangan kayong gumawa ng munting sakripisyo para gawin ito; maging mabait pa rin, kahit ano pa ang gagawing sakripisyo.[9]

Ang mga lalaki ay dapat lalong kumilos bilang ama sa tahanan, na pinakikitunguhan nang mas mabuti ang kanilang asawa at mga anak, mga kapitbahay at kaibigan, mas mabait at mas tulad ng Diyos. Kapag nagpupunta ako sa isang pamilya hanga ako kapag nakikita ko ang padre-de-pamilya na namamahala dito bilang isang lalaking may takot sa Diyos, mabait at magiliw, puspos ng Espiritu Santo at ng katalinuhan at pang-unawa ng Langit.[10]

Kung mag-aasawa kayo at magsisimula ng pamilya sa Sion, kung kayo ay magkakaroon ng selestiyal na kasal na kailangan para mamuhay doon kailangang maibuklod ninyo nang magkakasama ang pamilyang iyon, at dapat ang Espiritu ng Panginoon ay nasa padre-de-pamilya at dapat niyang taglayin ang liwanag at katalinuhan na kung ipamumuhay at uugaliin ng mga taong iyon sa araw-araw ay magiging tiyak ang kaligtasan ng pamilyang iyon, sapagkat hawak niya sa kanyang kamay ang kanilang kaligtasan.

Nagsisikap siya at iniuugnay ang kanyang damdamin at saloobin sa kanyang pamilya sa abot ng kanyang makakaya, at sinisikap na makamit ang lahat ng bagay na kailangan para sa kanilang kapanatagan at kapakanan, at ang kanyang pamilya naman sa kabilang

banda ay dapat magpahayag ng gayunding damdamin, ng gayunding kabaitan at pagpapasiya, at sa pinakaabot ng kanilang makakaya ay ipakita ang damdamin ng pasasalamat sa mga pagpapalang natatanggap nila.

Kailangan ito upang magkaroon ng pagkakaisa ng damdamin, o pagkakaisa ng saloobin at katugon na damdamin, upang sila na iisa ay mabigkis na magkasama sa ganitong paraan.[11]

Kapag ang [kalalakihan] ay kasamang nananalangin ng kanilang asawa at mga anak dapat silang mabigyang-inspirasyon ng kaloob at kapangyarihan ng Espiritu Santo upang ang lalaki ay maging mabuting asawa na igagalang ng kabiyak, at upang patuloy na mapasakanila ang kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Dapat silang maging kaisa ng kanilang mga pamilya upang makababa sa kanila ang Espiritu Santo, at dapat silang mamuhay sa paraan na mapadadalisay ang kabiyak sa pamamagitan ng panalangin, upang makita ng babae na kailangan niyang dalisayin ang kanyang sarili sa harap ng kanyang asawa at sa harap ng kanyang mga anak upang sila ay magkaisa nang sa gayon ang lalaki at babae ay ganap na magkasundo, marapat na magkaroon ng puwang sa pagtatatag at pagbuo ng kaharian ng Diyos, upang makapaghatid sila ng dalisay na diwa at makapagbahagi ng dalisay na tagubilin sa kanilang mga anak at sa kanilang mga apo.[12] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 152.]

---

**Natututuhan ng mga anak ang ebanghelyo kapag ang kanilang mga magulang ay naghahangad ng inspirasyon at nagpapakita ng mabubuting halimbawa.**

Hindi atin ang gawaing kinabibilangan natin, ito ay gawain ng Diyos. Pinamamahalaan ng isang mas mataas na nilalang ang ating mga kilos o gawa. . . . Ang kinabukasan ng kahariang ito ay nakasalalay sa balikat ng ating mga anak; at ang kapangyarihan nito at tagumpay sa huli, ay nakasalalay sa kanilang edukasyon at wastong pagsasanay. Kung nais nating magkaroon ng mabuting impluwensya sa ating mga pamilya, kailangan tayong magpakita ng mabubuting halimbawa sa kanila at bigyan din sila ng mabubuting tuntunin. Dapat masabi nating, gawin mo ang ginagawa ko, at masabi rin na gawin mo ang sinasabi ko.[13]




*Dapat sikapin ng mga magulang na "sama-samang ibuklod ang [kanilang] pamilya."*

Sikaping turuan ang inyong mga anak, kapwa sa pamamagitan ng halimbawa at tuntunin, sa paraan na hindi sila mag-aatubiling sumunod sa inyong mga yapak at maging matatag sa katotohanan na gaya ninyo.[14]

Ang mga taong nagnanais panatilihin ang kanilang katayuan sa harap ng Diyos sa banal na priesthood ay kailangang magtaglay ng diwa ng propesiya, at maging kwalipikado upang magkaloob ng buhay at kaligtasan sa mga tao; at [kahit] hindi nila magawa ito sa daigdig kailangan nilang gawin ito sa tahanan, sa kanilang mga pamilya, sa kanilang mga trabaho at sa mga lansangan upang ang kanilang mga puso ay mapasigla ng mga salita ng buhay sa kanilang mga fireside, kapag nagtuturo sila ng ebanghelyo sa kanilang mga anak at sa kanilang mga kapitbahay tulad ng pagsasalita nila sa kanilang mga kapatid mula sa pulpitong ito. Ang ganitong gawa na may kaunting Diwa kapag nasa publiko at ang pagsasantabi nito ay hindi katanggap-tanggap. Ang ilang kalalakihan ay nagsasalita

sa mga tao at pagkatapos ay umuuwi na . . . , at sa halip na taglayin nila ang mga salita ng buhay sila ay nagiging patay sa espirituwal, ngunit ito ay hindi na katanggap-tanggap.

Tungkulin ng mga ama sa Israel na magkaroon ng kamalayan at maging tagaligtas ng mga tao, upang sila ay makalakad sa harap ng Panginoon nang may malakas na pananampalataya at hangarin na titiyak na mapapasakanila ang inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos upang maituro nila ang mga salita ng buhay sa kanilang mga pamilya. . . .

Dito ay makikita natin ang diwa ng determinasyon upang tayo ay magkaisa, upang matutuhan natin kung paano mahalin ang isa't isa, at dalangin ko sa Panginoon na ibahagi niya ang pag-ibig na iyon sa ating mga puso, ang pag-ibig na ibinahagi niya kay Jesus na kanyang Anak, at na patuloy siyang magbahagi ng kaalaman ng kabutihan.[15]

Tungkulin ng ama na maging karapat-dapat upang turuan ang kanyang mga anak, at ituro sa kanila ang mga alituntunin, upang sa pagsunod sa mga tagubiling ito sila ay maging napakaligaya na tulad noong sila ay bata pa, habang kasabay nito ay natututuhan nila ang mga alituntuning makapagdudulot sa kanila ng lubos na kaligayahan at kasiyahan kapag matanda na sila.[16]

Ang ating mga anak, kung masigasig tayo sa paglinang sa ating sarili ng mga dalisay na alituntunin ng buhay at kaligtasan, ay lalaking taglay ang kaalaman tungkol sa mga bagay na ito at mas madali nilang magagawa ito kaysa sa atin, upang maitaguyod ang kaayusan na tulad ng sa langit at magkaroon ng kaligayahan at kapayapaan sa kanilang kapaligiran.[17] [Tingnan sa mga mungkahi 4 at 5 sa pahina 152.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Repasuhin ang tala tungkol sa naging damdamin ni Pangulong Snow nang magkasama-sama ang kanyang buong pamilya

(mga pahina 143, 145). Ano ang ilang mabubuting ibinubunga kapag magkakasama ang ating mga pamilya? Paano natin matutulungan ang ating mga pamilya na magkaisa?

2. Sa paanong paraan naaangkop sa ngayon ang ikalawang buong talata sa pahina 145? Ano ang magagawa natin upang matulungan ang mga kabataan ng Simbahan na maunawaan ang kabanalan ng tipan ng kasal? Ano ang maaari nating gawin upang asamin nila ang pag-aasawa at pagiging magulang?
3. Sinabi ni Pangulong Snow na ang "mumunti at walang kabuluhang mga hindi pagkakasundo" ay "makalalason sa [ating] kaligayahan" sa tahanan (pahina 147). Ano ang ilang partikular na mga ideya na makatutulong upang maiwasan natin ang "lason" na ito? (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga pahina 147–149.)
4. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 149. Sa inyong palagay bakit kailangang masabi ng mga magulang na "gawin mo ang ginagawa ko" bukod sa "gawin mo ang sinasabi ko"? Sa paanong mga paraan makapagtuturo ang mga magulang sa pamamagitan ng halimbawa? Ano ang ilang mga alituntunin na natutuhan ninyo dahil sa mabubuting halimbawa ng inyong mga magulang?
5. Si Pangulong Snow ay nagpahayag ng pagkabahala tungkol sa mga magulang na nagtuturo nang may kapangyarihan sa simbahan ngunit hindi sa tahanan (mga pahina 150–151). Isipin ang maaari ninyong gawin upang maibahagi "ang mga salita ng buhay" sa inyong pamilya.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* 1 Nephi 8:10–12; Helaman 5:12; D at T 68:25–28; 93:40–50; 132:19–20

*Tulong sa Pagtuturo:* "Dapat ninyong pag-ingatan ang pagsasalita nang higit pa sa kinakailangan o pagpapahayag ng inyong opinyon nang madalas. Ang ganitong mga gawain ay nakawawala ng interes ng mga mag-aaral. . . . Ang dapat na maging pangunahing tungkulin ninyo ay tulungan ang iba na matutuhan ang ebanghelyo, hindi ang lumikha ng isang kahanga-hangang paglalahad ng aralin. Ito ay kinabibilangan ng pagbibigay ng mga pagkakataon para sa

mga mag-aaral na turuan ang isa't isa" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 79).

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 453–54.
2. Tingnan sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 461–83.
3. Sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 484–86.
4. Sa "Prest. Snow to Relief Societies," *Deseret Evening News,* Hulyo 9, 1901, 1; ang mensaheng ito ay direktang ibinigay sa kababaihan sa Relief Society.
5. *Deseret News,* Abr. 11, 1888, 200; mula sa isang detalyadong pakahulugan ng isang diskursong ibinigay ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1888.
6. *Salt Lake Daily Herald,* Okt. 11, 1887, 2.
7. *Millennial Star,* Ago. 31, 1899, 547–48.
8. *Deseret News,* Okt. 21, 1857, 259.
9. "The Grand Destiny of Man," *Deseret Evening News,* Hulyo 20, 1901, 22.
10. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mar. 31, 1868, 2.
11. *Deseret News,* Mar. 11, 1857, 3; sa orihinal na pinagkunan, ang pahina 3 ay naisulat na pahina 419.
12. *Deseret News,* Ene. 14, 1857, 355.
13. *Deseret News,* Hulyo 26, 1865, 338.
14. Sa "Scandinavians at Saltair," *Deseret Evening News,* Ago. 17, 1901, 8.
15. *Deseret News,* Ene. 14, 1857, 355.
16. *Deseret News,* Ene. 28, 1857, 371.
17. *Deseret News,* Okt. 21, 1857, 259.



*Noong Abril 6, 1892, libu-libo ang nagtipon upang saksihan ang paglalagay ng pinakaibabaw na bato sa pinakamataas na taluktok ng Salt Lake Temple.*

# "Pumasok sa mga Templo"

*"Ang mga pagkakataong ipinakita sa amin ng Diyos ay napakaganda at kahanga-hanga; hindi ito kayang ilarawan ng imahinasyon. Pumasok sa mga Templo at ipakikita namin sa inyo."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Kaagad pagkatapos ng kanyang binyag at kumpirmasyon, nagsimulang dumalo si Lorenzo Snow sa mga pulong sa Kirtland Temple. Doon, kasama ang Propetang Joseph Smith at iba pang mga lider ng Simbahan, ay natanggap niya ang malalaking espirituwal na pagpapala. Sa kanyang journal ay iniulat niya: "Doon ay nagkaroon kami ng kaloob ng propesiya—ang kaloob ng mga wika—ang pagbibigay-kahulugan sa mga wika—ang mga pangitain at kagila-gilalas na mga panaginip ay isinalaysay—narinig ang umaawit na mga koro ng langit, at ang kagila-gilalas na pagpapamalas ng kapangyarihang magpagaling, sa pamamagitan ng paggamit ng Priesthood ng mga Elder, ay nangasaksihan. Napagaling ang mga maysakit—nanumbalik ang pandinig ng mga bingi—nagbalik ang paningin ng mga bulag at nakalakad ang mga lumpo, sa napakaraming pagkakataon. Malinaw na naipakita ang sagrado at banal na impluwensya—isang espirituwal na kapaligiran ang nanaig sa banal na gusaling iyon."[1]

Mahal ni Lorenzo Snow ang Kirtland Temple, nalalaman na "ang Anak ng Diyos, sa Kanyang kaluwalhatian, ay binigyang-dangal ang templo sa pamamagitan ng Kanyang banal na presensya." Dahil dito, nanggilalas siya nang una siyang tumayo sa isang pulpito doon para magturo. "Hindi kayang ilarawan ng mga salita ang aking nadarama," sabi niya, "nang, sa unang pagkakataon, ay tumayo ako sa isa sa mga pulpitong iyon upang magsalita sa mga tao—sa isang pulpito na ang tuntungan, kamakailan lamang ay tinuntungan ng banal na Personaheng ito—*'ang kanyang buhok ay puti gaya ng*

*busilak na niyebe, ang kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy'*—kung saan ay dumating din sina Moises, Elias at Elijah at ipinagkaloob ang mga susi ng kanilang mga dispensasyon kay Joseph Smith." [Tingnan sa D at T 110.][2]

Makalipas ang maraming taon, noong Abril 6, 1892, si Pangulong Lorenzo Snow ay tumayo sa isa pang pagtitipon, at sa pagkakataong ito ay sa harapan naman ng halos tapos nang Salt Lake Temple. Mga 40,000 Banal sa mga Huling Araw ang nangagsiksikan sa nakabakod na lugar sa paligid ng Temple Square, at mga 10,000 pa "ang nasa bubong ng mga kalapit na bahay at lugar upang makita nila ito."[3] Ang mga tao ay nagtipon para sa isang seremonya kung saan ilalagay ang pinakaibabaw na bato sa pinakamataas na tore ng templo. Kalaunan nang araw na iyon ang estatwa ng anghel na si Moroni ay ipapatong sa pinakaibabaw na bato. Sa pamamagitan ng atas mula sa Unang Panguluhan, si Pangulong Snow, na siya noong Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang mamumuno sa mga Banal sa Sigaw ng Hosana. Habang ipinaliliwanag niya ang Sigaw ng Hosana sa mga tao, ipinahayag niya ang kanyang pagmamahal at pananabik sa gawain sa templo.

"Ang mga salita ng sigaw na, Hosana!" sabi niya, "na bibigkasin habang ginagawa ang, o pagkatapos ng, pagpapatong ng pinakaibabaw na bato ngayon, ay pinasimulan ni Pangulong Joseph Smith sa Kirtland Temple, at doon ay sinambit sa isang taimtim na pagtitipon kung saan ipinamalas ang kapangyarihan ng Diyos at ang pangitain ng Makapangyarihang Diyos ay ipinakita sa mga kapatid. Ito ay hindi pangkaraniwang pahayag, kundi ito—at nais naming malinaw itong maunawaan—ay isang sagradong sigaw, at ginagamit lamang sa mga pambihirang pagkakataong tulad nito ngayon. Nais din namin na maunawaan nang buong linaw na hindi lamang bibigkasin ng mga kapatid na lalaki at babae ang mga salita, kundi ang kanilang puso ay dapat puspos ng pasasalamat sa Diyos ng kalangitan, na nagsagawa, sa pamamagitan ng ating kalayaan, ng napakalaki at pambihirang gawaing ito. Tatlumpu't siyam na taon na ang nakalilipas nang ilatag ang batong pundasyon—ang batong panulok—ng Templong ito, at sa paggunita at pagninilay sa napakagagandang mga pagpapalang ipinagkaloob ng Diyos sa atin, na Kanyang mga tao, sa mga lumipas na taon simula nang panahong

iyon, nawa ay madama ng mga Banal kapag binigkas nila ang sigaw na ito na galing ito sa kanilang mga puso. Punuin ang inyong mga puso ng pasasalamat." Ipinakita niya kung paano gawin ang Sigaw na Hosana at pagkatapos ay sinabing, "Ngayon sa pagpunta natin sa Templo, at sa pag-alingawngaw ng sigaw na ito, nais naming isigaw ng bawat lalaki at bawat babae ang mga salitang ito sa abot ng kanilang mga tinig, upang ang bawat bahay sa lungsod na ito ay mayanig, upang marinig ito ng mga tao sa bawat sulok ng lungsod na ito, at makarating ito sa mga daigdig na walang hanggan."[4]

Ang kasunod na ulat tungkol sa seremonya ng pagpapatong ng pinakaibabaw na bato ay naglalarawan sa pagpipitagan at kasabikan ng mga Banal sa pangyayaring ito:

"Nang sumapit na ang katanghaliang-tapat, humakbang papunta sa harapan ng entablado si Pangulong Wilford Woodruff, na kitang-kita ng nakatipong mga tao na buong katahimikang naghihintay. Nasabik nang husto ang mga tao nang magsalita siya:

" 'Dinggin, kayong lahat na kabilang sa sambahayan ni Israel, at kayong lahat na mga bansa ng mundo! Ipapatong natin ngayon ang pinakaibabaw na bato ng Templo ng ating Diyos, na ang pundasyon ay inilatag at inilaan ng Propeta, Tagakita at Tagapaghayag na si Brigham Young.'

"Pagkatapos ay pinindot ni Pangulong Woodruff ang isang electric button, at maayos na nailagay ang pinakaibabaw na bato ng Templo sa kinalalagyan nito. Ang sumunod na pangyayari ay hindi kayang ilarawan ng mga salita. Ang kagalang-galang na Pangulo ng Labindalawa, si Apostol Lorenzo Snow, ay nagpunta sa unahan at pinangunahan ang apatnapung libong mga Banal sa nagkakaisang pagsigaw:

" 'Hosana! hosana! hosana! sa Diyos at sa Kordero. Amen, amen, at amen!

" 'Hosana! hosana! hosana! sa Diyos at sa Kordero. Amen, amen, at amen!

" 'Hosana! hosana! hosana! sa Diyos at sa Kordero. Amen, amen, at amen!'

"Bawat pagsigaw ay may kasabay na pagwawagayway ng mga panyo. . . . Ang mga mata ng libu-libong tao ay nabasa ng mga luha sa kanilang labis na kagalakan. Ang lupa ay tila nayanig sa lakas ng tunog na umalingawngaw sa nakapaligid na mga burol. Walang nakatala sa kasaysayan na mas maringal o mas kahanga-hangang tanawin kaysa sa seremonyang ito ng paglalatag ng pinakaibabaw na bato ng Templo. Halos katatapos lang ng mga sigaw ng hosana nang awitin ng napakalaking kongregasyon ang maluwalhating himno na nagbibigay-inspirasyon, 'Espiritu ng Diyos Ama ay nag-aalab.'"[5]

Inilaan ni Pangulong Woodruff ang Salt Lake Temple pagkaraan ng eksaktong isang taon, noong Abril 6, 1893, matapos magpagal ang mga Banal sa loob ng 40 taon para matapos ito. Si Pangulong Lorenzo Snow ay tinawag na maglingkod bilang unang pangulo ng templong iyon, at ginampanan niya ang tungkuling ito hanggang sa siya ay maging Pangulo ng Simbahan noong Setyembre 1898. Isang larawan ni Pangulong Snow ang nakasabit ngayon sa Salt Lake Temple, bilang paggunita sa kanyang katapatan sa tinawag niyang "malaking gawain na ating ginagawa" sa bahay ng Panginoon.[6] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 164.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Sa loob ng mga templo ay nalalaman natin ang tungkol sa kagila-gilalas na mga pagpapalang inihanda ng Diyos para sa matatapat.

Ang mga pagkakataong ipinakita sa amin ng Diyos ay napakaganda at kagila-gilalas; hindi ito kayang ilarawan ng imahinasyon. Pumasok sa mga Templo at ipakikita namin sa inyo. Sa palagay ko marami na sa inyo ang nakapasok doon, at narinig ang mga kagila-gilalas na bagay na inihanda ng Diyos para sa mga nagmamahal sa Kanya at patuloy sa pagiging matapat hanggang sa wakas. . . .

. . . Inihanda Niya para sa mga Banal sa mga Huling Araw ang lahat ng maaari nilang asamin o hangarin upang magkaroon sila ng lubos na kaligayahan hanggang sa mga kawalang-hanggan.[7] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 164.]

**Sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo makabubuo tayo ng mga sagradong ugnayan na makapagbubuklod sa mga pamilya para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.**

Isipin ang mga ipinangako sa inyo sa maganda at maluwalhating seremonya na gamit sa tipan ng kasal sa loob ng Templo. Kapag ang dalawang Banal sa mga Huling Araw ay magkasamang pinagbuklod sa kasal, sila ay binibigyan ng mga pangako hinggil sa kanilang mga anak na aabot hanggang sa mga kawalang-hanggan.[8]

Tumanggap tayo ng malaking karunungan at kaalaman hinggil sa mga bagay na nagpapamangha sa daigdig kapag nagsasalita tayo tungkol sa mga ito. Nalaman natin na, sa loob ng mga templo, ay nakabubuo tayo ng mga ugnayan na hindi nagwawakas sa kamatayan, kundi tumatagal hanggang sa walang-hanggan; mga sagradong ugnayan na nagbubuklod sa mga pamilya para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.[9] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 164.]

**Sa loob ng mga templo ay natatanggap natin ang mga ordenansa ng kadakilaan para sa ating mga yumaong kamag-anak.**

Bawat anak na lalaki at anak na babae ng Diyos ay magkakaroon ng pagkakataon na kinakailangan para sa kadakilaan at kaluwalhatian. . . . Iisa lamang ang paraan para matanggap ang kadakilaan at kaluwalhatian. Kailangan tayong mabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan at mapatungan ng mga kamay sa uluhan para matanggap ang Espiritu Santo. Ito at ang iba pang mga ordenansa ay talagang kailangan para sa kadakilaan at kaluwalhatian; at sa mga lugar kung saan nabuhay ang mga tao nang walang Ebanghelyo, ang mga bagay na ito ay maaaring gawin para sa kanila ng kanilang mga kaibigan. Naparito tayo sa daigdig ngayon upang gawin ang mga bagay na ito—isa ito sa mga pangunahing pakay ng ating pagparito. Hindi natin mapasusubalian pa ang tunay na kahalagahan ng gawaing ito.[10]

Hindi lamang aksidente ang pagparito natin sa daigdig na ito. Naparito tayo dahil sa natatanging layunin, at walang alinlangan na pinlano natin na tayo ay paparito bago pa ang buhay na ito. Sa templo, napakalaki ng ating nagagawa para sa ating mga yumaong



*Matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na maghanda upang tanggapin ang paanyayang pumasok sa templo.*

kamag-anak. Paminsan-minsan ay nakatatanggap tayo ng mahahalagang pagpapamalas na sinasang-ayunan ng Diyos ang gawaing ginagawa natin sa ating mga Templo. Ang mga pinakapambihirang pagpapamalas ay naranasan ng mga taong gumagawa para sa kanilang mga ninuno. Napakalaki ng isinasagawa nating gawain. Libu-libong tao ang nangabinyagan para sa kanilang mga yumao sa pagsulong ng ating mga paggawa sa mga Templo. . . .

Ngayon, pinahihintulutan nating makapasok sa ating mga Templo ang mga tao, pagkatapos nilang matunton ang kanilang pinagmulan o mga ninuno, gaano man ito katagal na, at mabinyagan para sa kanilang yumaong ama, lolo, at lolo-sa-tuhod at marami pang iba, hangga't makakaya nilang matunton ang kanilang mga ninuno. Pagkatapos ay pinahihintulutan nating maibuklod ang mga asawang babae sa kanilang asawang lalaki, ang lahat ng mga ninuno, hanggang sa makakaya nilang matunton. Tulad halimbawa ng isang mabait na binata na nabuhay bago naipahayag ang Ebanghelyo sa mga anak ng tao. . . . Nag-asawa siya, at nagkaroon ng pamilya; ngunit hindi siya kailanman nagkaroon ng pagkakataong matanggap ang Ebanghelyo, na gaya natin. Gayunman, itinuro niya sa kanyang pamilya ang mga alituntunin ng moralidad, at siya ay mapagmahal at mabait sa kanyang asawa at mga anak. Ano pa ang maaari niyang gawin? Hindi siya dapat isumpa dahil sa hindi niya natanggap ang Ebanghelyo; sapagkat walang Ebanghelyong maaaring tanggapin. Hindi dapat mawala sa kanya ang kanyang asawa dahil nang pakasalan niya ito ay hindi siya makapasok sa isang Templo at para sana maibuklod sa kanya ang kanyang asawa para sa buhay na ito at sa walang hanggan. Kumilos siya ayon sa pinakamainam na nalalaman niya, at ikinasal sa kanya ang kanyang asawa para sa buhay na ito, batay sa kaugalian ng bansa. Iginagalang natin ang kasal na iyon, na isinagawa batay sa mga batas ng kanyang bansa. . . . Ibinubuklod natin ang mga anak sa kanilang mga magulang at ang mga asawang babae sa kanilang asawang lalaki, at sila sa kanilang mga ninuno.[11]

Sinabi ng Tagapagligtas sa isang pagkakataon, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dumarating ang panahon, at ngayon nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Dios;" at nagpatuloy Siya at ganito ang sinabi: "at ang mangakarinig ay mangabubuhay." [Juan 5:25.] Naniniwala ako na kakaunti lamang ang

hindi tatanggap sa katotohanan. Maririnig nila ang tinig ng Anak ng Diyos; maririnig nila ang tinig ng Priesthood ng Anak ng Diyos, at tatanggapin nila ang katotohanan at mangabubuhay. Ang mga kapatid na ito na buong sipag na nagsisigawa sa mga templo ay magkakaroon ng karangalan na maging mga tagaligtas ng kanilang mga kamag-anak at kaibigan na ginagawan nila ng mga ordenansang ito.[12] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 164.]

---

**Dapat nating sikaping gawin ang gawain sa templo at family history, kahit mangahulugan ito ng sakripisyo sa ating panig.**

Ngayon, dapat matuon ang isipan ng bawat lalaki at babae na magpunta sa ating mga Templo at gawin ang gawaing ito. Dakilang gawain ito, at napakahalaga rin nito. Kapag naroon na tayo sa kabilang-buhay at nakita ang ating namatay na kaibigan na namumuhay doon, kung hindi natin nagawa ang gawaing kailangan para sa kanilang kadakilaan at kaluwalhatian hindi magiging lubos ang kaligayahan natin at hindi magiging maganda ang pagkikitang iyon.

Hindi natin dapat hintayin na maging kalugud-lugod at kaigaigaya palagi ang mga pagkakataon; sa halip dapat tayong magsikap, kahit na mangailangan ito ng kaunting sakripisyo sa ating panig, na gawing marapat ang ating sarili na maisagawa ang gawaing ito. . . . Labis naming hinahangad na huwag ipagwalang-bahala ng mga kapatid ang mahalagang gawaing ito. Alam ba ninyo ang pangunahing gagawin sa libong taon ng pagpapahinga [sa Milenyo]? Iyon ay ang hinihikayat naming gawin ng mga Banal sa mga Huling Araw sa ngayon. Magtatayo ng mga Templo sa buong mundo, at papasok dito ang mga kapatid at marahil ay mangagsisigawa sa araw at gabi upang mapabilis ang gawain at maisagawa ang dapat gawin bago maihandog ng Anak ng Tao ang Kanyang kaharian sa Kanyang Ama. Kailangang magawa ang gawaing ito bago pa dumating ang Anak ng Tao at tanggapin ang Kanyang kaharian at ihandog ito sa Kanyang Ama.[13] [Tingnan ang mungkahi 5 sa pahina 164.]

**Kapag pumapasok tayo sa templo na may dalisay na puso, pinagpapala tayo ng Panginoon ayon sa nalalaman Niyang pinakamainam para sa atin.**

Nadarama nating mas nakakapiling natin ang Espiritu ng Panginoon kapag pumapasok tayo sa mga templong ito kaysa sa iba pang lugar. Ang mga ito ay mga gusali ng Panginoon, at ang Kanyang pinakamahalagang gawain ay isinasagawa sa loob ng mga dingding nito. . . .

. . . Nasisiyahan ako na kapag pumapasok ang mga tao sa mga templong ito, umaalis silang mas masaya at taglay ang determinasyon sa kanilang isipan na gumawa pa ng mas mabuti. Iyan ang nais naming madama ng mga Banal. . . .

. . . Maging matapat, mga kapatid, at magpunyagi; magpunta sa templo at gawin ang inyong gawain doon, at masisiyahan kayo sa inyong sarili, at magiging mas handang labanan ang mga bagay na hindi kanais-nais sa mundong ito.[14]

Ang mga [pumapasok sa] Templo na may dalisay na puso at nagsisising espiritu [ay] hindi lalabas doon nang hindi tumatanggap ng pambihirang mga pagpapala, bagamat ang mga pagpapalang ito sa ilan, o baka sa maraming pagkakataon ay maaaring kaiba sa maaaring inaasahan ng iba. . . . Ang ilan sa mga Banal ay maaaring naghihintay na magpakita ang mga anghel . . . o umaasang makikita nila ang mukha ng Diyos. Maaaring hindi makatutulong sa inyo na ibahagi ang gayong mga pagpapamalas. Alam ng Panginoon kung ano ang pinakamainam para sa bawat tao, at iaakma Niya ang Kanyang mga kaloob para sa pinakamabuting maidudulot nito sa mga taong tumatanggap sa mga ito. Maaari nating asahan na ang bawat matapat na Banal na pumapasok sa Bahay na iyon ay tatanggap ng isang pagpapalang magbibigay ng labis na kasiyahan sa tumatanggap. Bago pa man [lumisan] ang mga taong pumapasok sa Templo, may isang bagay na madarama sa kanilang mga puso at pang-unawa na [magiging] kapaki-pakinabang sa kanilang buhay balang-araw. Bilang tunay na mga Banal sa mga Huling Araw sila ay may karapatang tumanggap nito.[15] [Tingnan ang mungkahi 6 sa pahina 164.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x].


1. Basahin ang kuwento tungkol sa seremonya ng pagpapatong ng pinakaibabaw na bato sa Salt Lake Temple (mga pahina 155–158). Kung nakibahagi na kayo sa paglalaan ng isang templo, isipin ang nadama ninyo sa oras na iyon. Kapag sumasali tayo sa Sigaw na Hosana, ano ang ipinakikita natin sa Panginoon?
2. Repasuhin ang paanyaya ni Pangulong Snow na "pumasok sa mga Templo" (pahina 158). Isipin kung paano ninyo matatanggap ang paanyayang ito at kung paano ninyo maipaaabot ang paanyayang ito sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan.
3. Habang pinag-aaralan ninyo ang unang bahagi sa pahina 159, isipin ang mga pagpapalang maaaring dumating sa pagtanggap ng mga ordenansa sa templo at paggawa ng mga tipan sa templo. Paano naimpluwensyahan ng mga pagpapalang ito ang inyong sarili at ang inyong pamilya?
4. Basahin ang bahaging nagsisimula sa ibaba ng pahina 159. Sa paanong mga paraan tayo kumikilos bilang "mga tagaligtas ng [ating] mga kamag-anak at kaibigan" kapag isinasagawa natin ang gawaing ito? Ano ang mga inilaan ng Simbahan upang tulungan tayo?
5. Ano ang magagawa natin upang mapag-ukulan ng karampatang pansin at panahon ang gawain sa templo at family history? (Repasuhin ang bahaging nagsisimula sa itaas ng pahina 162.)
6. Ano ang ilang personal, espirituwal na mga pagpapalang matatanggap natin kapag nakilahok tayo sa gawain sa templo? (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang pahina 163.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* D at T 97:15–17; 109:1–23; 128:15–18; 132:19; 138:57–59

*Tulong sa pagtuturo:* "Matutulungan ninyo ang inyong mga tinuturuan na magkaroon ng higit pang tiwala sa sarili hinggil sa kanilang kakayahan na makilahok sa talakayan kung positibo kayong tutugon sa bawat matapat na puna. Halimbawa, masasabi ninyong, 'Salamat sa iyong sagot. Iyan ay tunay na pinag-isipan' . . . o 'Iyan ay isang magandang halimbawa' o 'Nagpapasalamat ako sa lahat ng inyong sinabi ngayon'" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 80).

## *Mga Tala*

1. Sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 11.
2. Sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 11–12.
3. Tingnan sa J. H. A., *Millennial Star,* Mayo 2, 1892, 281.
4. *Millennial Star,* Hul. 4, 1892, 418.
5. *Millennial Star,* Mayo 2, 1892, 281–82.
6. *Millennial Star,* Hunyo 27, 1895, 403.
7. *Deseret Semi-Weekly News,* Mar. 30, 1897, 1.
8. *Deseret Semi-Weekly News,* Mar. 30, 1897, 1.
9. Sa "Funeral Services of Apostle Erastus Snow," *Millennial Star,* Hulyo 2, 1888, 418.
10. *Millennial Star,* Hunyo 27, 1895, 405.
11. *Millennial Star,* Hunyo 27, 1895, 403–4; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2004), 193–94.
12. *Deseret Weekly,* Nob. 4, 1893, 609.
13. *Millennial Star,* Hunyo 27, 1895, 404–5.
14. *Deseret Semi-Weekly News,* Mar. 30, 1897, 1.
15. Hango sa isang detalyadong pakahulugan ng isang mensahe ni Pangulong Snow sa *Deseret Weekly,* Abril 8, 1893, 495.



*Sa Halamanan ng Getsemani sinabi ng Tagapagligtas, "Huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo" (Lucas 22:42).*

K A B A N A T A 1 1

# "Hindi Ko Pinaghahanap ang Aking Sariling Kalooban, Kundi ang Kalooban ng Ama"

*"Dapat nating ipailalim ang ating kalooban sa kalooban ng Ama, at magkaroon ng inspirasyong sabihing, ano ba ang kalooban ng ating Ama, na siyang ipinarito natin sa mundo upang paglingkuran? Sa gayong paraan bawat gagawin natin ay magtatagumpay."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Noong Marso 31, 1899, naglakbay si Pangulong Lorenzo Snow papunta sa Brigham Young Academy (na ngayon ay Brigham Young University), kung saan isang malaking grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang nagtipon upang ipagdiwang ang kanyang ika-85 kaarawan. Sa umaga, nagbigay siya ng mensahe sa isang debosyonal sa kalalakihan na nasa kongregasyon. Kasabay niyon, nagkaroon din ng katulad na pulong ang kababaihan, na pinangasiwaan ng mga asawa ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol. Kinahapunan, nagsama-sama ang lahat sa isang pulong.

Bilang bahagi ng pulong sa hapon, 23 mga bata ang "nagmartsa papunta sa may pulpito, at habang nakaharap kay Pangulong Snow, ay kumanta ng dalawang awitin . . . , at pagkatapos bawat bata ay nagbigay sa Pangulo ng isang pumpon ng mga bulaklak." Nagpasalamat si Pangulong Snow sa mga bata at binasbasan sila. Pagkatapos ay isa-isang lumapit sa pulpito ang walong estudyante ng Brigham Young Academy. Bawat isa, na kumakatawan sa isang organisasyon sa paaralan, ay nagbigay ng maingat na pinaghandaang papugay sa

kanilang propeta. Bilang sagot sa mga salitang iyon ng pagmamahal at paghanga, sinabi ni Pangulong Snow:

"Ngayon mga kapatid, hindi ko alam ang sasabihin ko tungkol sa lahat ng ito. Gusto kong umuwi at pag-isipan ito, ngunit sa palagay ko inaasahan ninyo ang kaunting mensahe, at sa tingin ko dapat may sabihin ako, pero hindi ko talaga alam kung ano ang sasabihin ko. Gayunman, ito ang masasabi ko. Nauunawaan ko na hindi ninyo ginagawa ang papugay na ito sa akin bilang si Lorenzo Snow, kundi dahil sa katungkulang kinakatawan ko na may kaugnayan sa mga kapatid ko, sa mga tagapayo ko at sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawa. . . . Dama ko na anuman ang nagawa ko ay hindi iyon dahiI kay Lorenzo Snow, at ang mga karanasang naghatid sa akin sa katungkulang ito bilang Pangulo ng Simbahan—hindi si Lorenzo Snow ang may gawa nito, kundi ang Panginoon ang gumawa nito. Noong narito pa sa lupa si Jesus binanggit Niya ang kahanga-hangang mga salitang ito; pinag-isipan ko ito at palagi itong nasa isipan ko anuman ang aking ginagawa: 'Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili; humahatol ako ayon sa aking naririnig; at ang paghatol ko'y matuwid.' Ngayon, bakit Niya sinabing matuwid ang Kanyang paghatol? Sabi niya, sapagkat 'hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban [ng aking Ama na] nagsugo sa akin.' [Tingnan sa Juan 5:30.] Iyan ang alituntunin, mga kapatid ko, na pinagsisikapan kong gawin simula nang maihayag sa akin na ang aking Ama sa langit, at inyong Ama sa langit, ay buhay. Noon pa man ay sinisikap ko nang gawin ang Kanyang kalooban. . . .

"Ang Panginoon ang inyong pinararangalan kapag pinararangalan ninyo ako at ang mga tagapayo ko at ang Korum ng Labindalawa. Matagal na nating natuklasan, bawat isa sa atin, na wala tayong magagawa kung tayo lamang mag-isa. Tanging sa pagsunod namin sa alituntuning sinunod ni Jesus noong nasa mundo pa Siya kami nagtagumpay sa aming mga pagsisikap; at magiging ganito rin sa inyo."[1]

# Mga Turo ni Lorenzo Snow

## Kapag hangad natin ang kalooban ng Diyos, tinatahak natin ang landas na walang kabiguan.

May isang landas na maaaring tahakin ng kalalakihan at kababaihan kung saan walang kabiguan. Anuman ang tila mga kabiguang dumating, sa katotohanan ay walang magiging kabiguan, sa pangkalahatan. . . . May mga pagkakataon noon na tila tayo ay paurong; kahit paano, gayon nga sa mga taong hindi lubusang naliwanagan tungkol sa kaisipan at kalooban ng Diyos. Ang Simbahan ay dumanas na ng napakapambihirang mga karanasan, at malalaki na ang ginawang sakripisyo ng mga tao. . . . Ngunit napagtagumpayan natin ang mga pagsasakripisyong ito, at bilang mga tao ay hindi tayo nabigo. Bakit hindi nagkaroon ng kabiguan? Sapagkat itinuon ng mga tao, sa kabuuan, ang kanilang isipan sa mga tunay na alituntunin ng buhay, at ginampanan ang kanilang tungkulin. . . . Taglay ng mga tao ang Espiritu ng Panginoon, at sinunod nila ito. Dahil dito ay hindi nagkaroon ng kabiguan. Maaari din itong mangyari sa mga indibiduwal. May isang landas na dapat tahakin ng bawat tao kung saan walang kabiguan. Ito ay angkop sa temporal gayundin sa espirituwal na mga bagay. Ibinigay sa atin ng Panginoon ang salitang naglalarawan nito sa mga talatang ito na nabasa ko mula sa Aklat ng Doktrina at mga Tipan:

"Kung ang inyong mata ay nakatuon sa aking kaluwalhatian, ang inyong buong katawan ay mapupuno ng liwanag, at walang magiging kadiliman sa inyo, at yaong katawan na puno ng liwanag ay nakauunawa sa lahat ng bagay. Samakatwid, pabanalin ang inyong sarili upang ang inyong mga isipan ay matuon sa Diyos." [D at T 88:67–68.]

Iyan ang susi kung paano palaging magiging matagumpay ang isang tao. Sabi ni Pablo:

"Nagtutumulin ako sa hangganan sa ganting-pala ng dakilang pagtawag ng Dios na kay Cristo Jesus." [Mga Taga Filipos 3:14.]

Isang malaking bagay na dapat palaging pagtuunan ng pansin ng bawat [Banal] sa mga Huling Araw. Ano ang gantimpalang iyan? . . . "Lahat ng mayroon ang aking Ama ay ibibigay sa kanya." [D at T 84:38.]

Ang Tagapagligtas sa isang pagkakataon ay gumawa ng pambihirang pahayag. Ito ay nasa ika-5 kabanata ng Sn. Juan, at ganito ang nakasaad:

"Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili." [Juan 5:30.]

Kagila-gilalas na ang Diyos na gumawa sa mga daigdig, na pumarito sa lupa at nadamitan ng laman, na nagsagawa ng malalaking himala, at nagbuwis ng kanyang buhay sa Bundok ng Bungo [Calvario] para sa kaligtasan ng sangkatauhan—ay magsasabing, "Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili." At nagpatuloy Siya sa pagsasabing:

"Humahatol ako ayon sa aking naririnig: at ang paghatol ko'y matuwid; sapagka't hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong [Ama na] nagsugo sa akin." [Juan 5:30.]

Napakaganda ng mga salitang iyan, at ito ay tunay na malaman at makahulugan. Ngayon, ang nais natin ay mapasaatin ang diwang iyon sa bawat kilos sa ating buhay at sa bawat adhikain, temporal man o espirituwal, at hindi isipin ang sarili lamang. Dapat nating alamin kung paano natin dapat gugulin ang salapi at ang impormasyong ibinigay sa atin ng Diyos. Simple lang ang sagot—para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang ating mata ay dapat nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos. Iyan ang dahilan kung kaya't iniwan natin ang unang buhay at [naparito] sa buhay na ito. Dapat nating hangaring itaguyod ang kapakanan ng Kataas-taasang Diyos, at madama ang tulad ng nadama ni Jesus, "Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili." Yayamang kumikilos tayo ngayon at bukas, sa linggong ito at susunod na linggo, para sa kapakanan ng Diyos, at nakatuon ang ating mata sa Kanyang kaluwalhatian, hindi magkakaroon ng kabiguan.[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 176.]

---

### Sa pagsunod natin sa kalooban ng Diyos, binibigyan Niya tayo ng kapangyarihan upang magtagumpay sa Kanyang gawain.

Hindi tayo makagagawa ng anoman sa ating sarili. Gaya ng sinabi ni Jesus: "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili kundi ang

makita niyang gawin ng Ama; sapagka't ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan." [Juan 5:19.] Naparito Siya sa buhay na ito upang gawin ang kalooban ng kanyang Ama, at hindi ang kanyang sariling kalooban. Dapat gayundin ang ating hangarin at determinasyon. Kapag may mga bagay na nangangailangan ng pagpupursigi sa ating panig, dapat nating ipailalim ang ating kalooban sa kalooban ng Ama, at magkaroon ng inspirasyong sabihing, ano ba ang kalooban ng ating Ama, na siyang ipinarito natin sa mundo upang paglingkuran? Sa gayong paraan bawat gagawin natin ay magtatagumpay. Maaaring hindi natin makita ang tagumpay nito ngayon o bukas, gayon pa man tagumpay ang magiging bunga nito.[3]

"At sinabi ni Moises sa Dios, Sino ako, upang pumaroon kay Faraon, at upang ilabas sa Egipto ang mga anak ni Israel?" [Tingnan sa Exodo 3:11.] . . .

"At sinabi ni Moises sa Panginoon, Oh Panginoon ko, ako'y hindi marikit mangusap, kahit ng panahong nakaraan, kahit mula ng magsalita ka sa iyong lingkod, sapagka't ako'y kimi sa pangungusap at umid sa dila." [Tingnan sa Exodo 4:10.] . . .

Nakikita natin sa mga talatang ito na aking binasa, na tinawag ng Diyos si Moises upang gawin ang isang gawain; nadama ni Moises ang kawalan niya ng kakayahan na gawin ang hinihingi sa kanya. Napakalaki ng gawain. Napakalalim at napakabigat na gawain iyon, at hinihingi ang bagay na sa pakiramdam ni Moises ay wala siyang kapangyarihan at kakayahang gawin; at nadama niya ang kanyang kahinaan, at hiniling niya sa Diyos na humanap na lamang ng iba. . . . Tumutol siya sa kanyang damdamin, kaya't kinausap niya ang Panginoon na nagsasabing: Ano ba ang katangi-tangi sa akin para isugo ako na gawin ang dakilang gawaing ito,—sapagkat imposibleng maisagawa ito sa pamamagitan ng taglay kong kakayahan. . . .

Ito ang nadarama at iniisip ni Moises at nais niyang ipahiwatig ang mga ito sa Diyos. Gayon nga sa simula pa lamang; nang tawagin ng Panginoon ang mga indibiduwal, nadama nila na wala silang kakayahan, at gayon din kapag tinatawag ang mga elder na magsalita sa inyo. Ganyan din ang pakiramdam ng mga elder na

tinawag na humayo sa mga bansa ng daigdig bilang mga ministro ng ebanghelyo. Nadarama nila ang kawalan nila ng kakayahan. Nadarama nila ang kanilang kakulangan. . . .

Ngayon, nang tawagin si Jeremias, nadama rin niya ang tulad ng nadama ni Moises. Sinabi niyang tinawag siya ng Panginoon na maging propeta, hindi lamang sa sambahayan ni Israel, kundi sa lahat ng mga bansa sa paligid. Siya ay isang bata lamang, tulad ni Joseph Smith, noong magpakita sa kanya ang Diyos. Si Joseph noon ay mga 14 na taong gulang lamang—at dahil bata pa nga siya—hindi siya bihasa, kung pag-uusapan ang karunungan at kaalaman ng daigdig—gayundin si Jeremias, noong una siyang tawagin ng Diyos—sinabi niyang: "Sapagka't ako'y bata. Paano ko maisasakatuparan ang napakalaking gawaing ito na hinihiling ninyong gawin ko, na gampanan ang malalaking responsibilidad na ito na nais ninyong ipatong sa aking mga balikat?" Natatakot siya at ayaw niyang gawin ang napakalaking gawaing ito. Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos, . . . para mapanatag siya, "Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita." Sinabi Niyang kilala na Niya siya sa [premortal] na daigdig ng mga espiritu, na isasagawa niya ang hinihiling ng Panginoon sa kanyang mga kamay; "at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa." [Tingnan sa Jeremias 1:5–6.] Humayo siya, at sa kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos, naisagawa ni Jeremias ang hiniling ng Panginoon na gawin niya. . . .

Ibang-iba ang gawain ng Panginoon sa gawain ng mga tao. Kaiba Siyang kumilos. Sinabi iyan ni Apostol Pablo. Sabi niya: "Masdan ninyo ang sa inyo'y pagkatawag. Hindi ang . . . marunong . . . ang mga tinawag; kundi pinili ng Dios ang mga bagay na kamangmangan ng sanglibutan, upang hiyain niya ang mga marurunong." [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 1:25–27.] At [ang] mga apostol na tinawag ng Diyos, na tinawag ni Jesus, na Anak ng Diyos, at ipinatong niya ang kanyang kamay sa kanilang mga ulo at ipinagkaloob sa kanila ang kanyang priesthood at kanyang awtoridad upang maisakatuparan ang kanyang gawain, ay hindi nakapag-aral; hindi nila naunawaan ang mga siyensiya, hindi sila humawak ng mataas na katungkulan sa Judea—sila ay mga maralita at hindi marunong bumasa at sumulat; mababa lamang ang kanilang mga katungkulan sa buhay. . . . Kunsabagay, kakaiba ang Panginoon. Iba ang



*Iniukol ni Moises "ang lahat ng kanyang tagumpay sa Makapangyarihang Diyos na tumawag sa kanya. At gayon din kami."*

ginagawa Niyang mga pagtawag sa mga pagtawag na ginagawa ng mga tao. At madaling [malito] ang mga tao hinggil sa pamamaraan ng pagtawag ng Diyos; ang pinakamagigiting na lalaki, ang pinakamatatalinong lalaki ay kadalasang [nalilito]. Si Moises ay [nalito] sa kung paano siya bibigyan ng Panginoon ng kakayahan na isagawa ang hinihiling ng Panginoon sa kanya ngunit sinabi sa kanya ito pagkatapos. Siya ay tinulungan at inalalayan ng Panginoon sa kagila-gilalas na paraan, sa pagkumbinsi sa kanyang mga kapatid, ang Israel, nang makita siya ng dakilang Jehova. Nakipagsanggunian siya sa kanila at sinabi sa kanila ang tungkol sa kanyang misyon at bandang huli ay sumang-ayon sila. Tinanggap nila ang kanyang mga payo at kanyang pamumuno at inakay niya sila palabas ng Egipto, na lupain ng pagkaalipin. Nagtagumpay siya, hindi sa pamamagitan ng kanyang sariling karunungan; kundi iniukol niya ang lahat ng kanyang tagumpay sa Makapangyarihang Diyos na siyang tumawag sa kanya. At gayon din kami. . . .

Ngayon, maaaring sapat na ang sabihing tinawag kami ng Diyos. Hindi kami nangangaral [maliban] na hilingin ito ng Diyos. Halos bawat lalaking kabilang sa mga elder ng Israel ay nadaramang hindi sila handa kapag tinawag silang ipangaral ang ebanghelyo, upang gampanan ang mga tungkulin at obligasyong ibinigay sa kanila. Napansin ko na ang ilan sa mga pinakamagagaling na tagapagsalitang tumayo na sa pulpitong ito, kapag tinawag sila ay nangangamba sila, dama nilang kailangan nilang hingin ang pananalig at suporta ng kongregasyon. At tumayo silang taglay ang kapangyarihan ni Jehova at ipinahayag ang kanyang kalooban nang may takot at panginginig; ngunit hindi sa pamamagitan ng sarili nilang lakas at karunungan ang pagsasalita nila sa mga Banal sa mga Huling Araw. Bagamat hindi sila kailanman nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral sa kolehiyo, gayon pa man, tumatayo sila sa harapan, nang hindi umaasa sa kanilang sariling lakas kundi sa lakas ng ebanghelyo.[4]

Hindi natin palaging magagawa ang nais nating gawin, ngunit magkakaroon tayo ng kapangyarihang gawin ang nararapat nating gawin. Bibigyan tayo ng Panginoon ng kapangyarihang gawin ito.[5] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 176.]

---

**Tinawag tayong kumilos sa pangalan ng Diyos, at kinikilala natin ang Kanyang kamay sa lahat ng kabutihang ating ginagawa.**

Ang ginagawa natin ay ginagawa natin sa pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel, at handa tayong kilalanin ang kamay ng Makapangyarihang Diyos sa lahat ng ating ginagawa. Nang tumayo si Moises bilang tagaligtas ng mga Anak ni Israel mula sa kanilang pagkaalipin sa mga taga Egipto, hindi niya ipinakilala ang kanyang sarili bilang isang pangkaraniwang tagaligtas, kundi humayo siya sa pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel, na inutusang isagawa ang kanilang pagkatubos sa pamamagitan ng kapangyarihan at awtoridad na natanggap niya mula sa Diyos. At mula nang sandaling nagpakita siya sa kanila sa ganitong kapasidad, hanggang sa maisakatuparan niya ang kanyang gawain, siya ay kumilos sa at sa pamamagitan ng pangalan ng Panginoon, at hindi sa kanyang sariling karunungan o kahusayan, ni hindi dahil sa taglay niya ang

mas mataas na katalinuhan kaysa sangkatauhan. Ang Panginoon ay nagpakita sa kanya sa nagliliyab na palumpong, at inutusan siyang humayo at gawin ang isang partikular na gawain, na may kinalaman sa kapayapaan, kaligayahan at kaligtasan ng isang dakilang bayan; at ang tagumpay at kaunlaran nito ay nabatay sa pagsunod sa orden ng mga bagay na inihayag sa kanya ng Diyos ng Kalangitan. Ang kanyang tagumpay at kaunlaran ay talagang tiniyak dahil sa katotohanan na ang gawaing ipinagawa sa kanya ay hindi gawa-gawa lamang niya, kundi mula iyon kay Jehova. . . .

Ganyan din sa ating sarili. Ang dakilang gawaing naisasakatuparan ngayon—ang pagtitipon ng mga tao mula sa mga bansa ng mundo ay hindi nagmula sa kaisipan ng sinumang tao o ng alinmang grupo ng mga tao; kundi ito ay nagmula sa Panginoon na Makapangyarihan.[6]

Nakaasa tayo sa Diyos; at sa lahat ng ating mga gawa at pagpapagal, at sa lahat ng mga tagumpay na kaakibat ng ating mga pagpapagal, dama natin na ang Diyos ang may gawa nito.[7]

Naparito tayo sa daigdig para sa isang dakilang layunin, tulad ni Jesus, na ating nakatatandang kapatid, upang gawin ang kalooban at mga gawain ng ating Ama; dito ay mayroong kapayapaan, kagalakan at kaligayahan, dagdag na karunungan, kaalaman at kapangyarihan ng Diyos; sa labas nito ay walang ipinangakong mga pagpapala. Kaya't ilaan natin ang ating sarili sa kabutihan, tulungan ang bawat isa at ang lahat na maging mas mabuti at mas maligaya; na gumawa ng kabutihan sa lahat at huwag gawan ng masama ang sinuman; igalang ang Diyos at sundin ang Kanyang Priesthood; linangin at pangalagaan ang nabigyang liwanag na budhi at sundin ang Banal na Espiritu; huwag manghina, humawak nang mahigpit sa bagay na mabuti, magtiis hanggang wakas, at ang inyong saro ng kagalakan ay mapupuno hanggang sa mag-umapaw ito, sapagkat napakalaki ng inyong gantimpala dahil sa inyong mga pagsubok at inyong mga pagdurusa sa mga tukso, sa matitindi ninyong pakikibaka, sa mga hangarin at pagluha ng inyong puso; oo, bibigyan kayo ng ating Diyos ng koronang hindi kumukupas ang kaluwalhatian.[8] [Tingnan sa mungkahi 3 sa kasunod na pahina.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 169. Paano ninyo malalaman na nakatuon ang inyong mata sa kaluwalhatian ng Diyos? Sa napakaraming sagabal sa daigdig, paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na ituon ang kanilang mga mata sa kaluwalhatian ng Diyos?
2. Repasuhin ang mga sinabi ni Pangulong Snow tungkol kina Moises at Jeremias (mga pahina 170–173). Paano tayo matutulungan ng mga talang ito sa ating mga pagsisikap na maglingkod sa mga korum ng priesthood, sa Relief Society, at sa iba pang mga organisasyon ng Simbahan?
3. Itinuro ni Pangulong Snow na dapat tayong maglingkod "sa pangalan ng Panginoon" (pahina 174). Paano ninyo ilalarawan ang isang taong kumikilos sa pangalan ng Panginoon? Isipin ang mga pagkakataon ninyong maglingkod sa pangalan ng Panginoon.
4. Ginamit ni Pangulong Snow ang mga salitang *tagumpay* at *matagumpay* nang ilang beses sa kabanatang ito. Paano naiiba ang pakahulugan ng Diyos sa tagumpay sa pakahulugan ng mundo? Bakit maaari nating matiyak ang tagumpay kapag sumusunod tayo sa kalooban ng Diyos?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Filipos 4:13; 2 Nephi 10:24; Mosias 3:19; Helaman 3:35; 10:4–5; 3 Nephi 11:10–11; 13:19–24; D at T 20:77, 79; Moises 4:2

*Tulong sa Pagtuturo:* "Huwag matakot sa katahimikan. Madalas na nangangailangan ang mga tao ng panahon upang mag-isip at tumugon sa mga tanong o maipahayag ang kanilang nadarama. Maaari kayong tumigil sandali matapos kayong magtanong, matapos maibahagi ang isang espirituwal na karanasan, o kapag nahihirapang ipahayag ng isang tao ang kanyang sarili" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 83).

## *Mga Tala*


1. Sa "Anniversary Exercises," *Deseret Evening News,* Abr. 7, 1899, 9–10.
2. "The Object of This Probation," *Deseret Semi-Weekly News,* Mayo 4, 1894, 7.
3. Sa Conference Report, Okt. 1899, 2.
4. *Salt Lake Daily Herald,* Okt. 11, 1887, 2.
5. *Deseret News,* Mayo 15, 1861, 82.
6. *Deseret News,* Dis. 8, 1869, 517.
7. *Salt Lake Daily Herald,* Okt. 11, 1887, 2.
8. Sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 487.



*Ang St. George Tabernacle. Sa gusaling ito, ibinigay ni Pangulong Lorenzo Snow ang una sa kanyang maraming talumpati tungkol sa batas ng ikapu.*

# Ikapu, Isang Batas para sa Ating Proteksyon at Pag-unlad

*"Ang batas ng ikapu ay isa sa mga pinakamahalagang naihayag sa tao. . . . Sa pagsunod sa batas na ito ang mga pagpapala ng kaunlaran at tagumpay ay ibibigay sa mga Banal."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Sa unang bahagi ng Mayo 1899, nadama ni Pangulong Lorenzo Snow na dapat niyang bisitahin ang lungsod ng St. George at iba pang mga pamayanan sa katimugang Utah. Mabilis siyang bumuo ng grupo ng mga tao, kabilang ang ilang General Authority, upang makasama niya sa mahabang paglalakbay.

Nang ayusin ni Pangulong Snow ang tungkol sa paglalakbay, hindi niya sinabi kahit kanino kung bakit sila pupunta doon—hindi rin niya alam ang dahilan. "Nang umalis kami sa Salt Lake," sabi niya kalaunan, "hindi namin alam kung para saan ang pagbisita namin sa mga pamayanang ito sa katimugan."[1] Ngunit noong Mayo 17, pagkadating ng mga manlalakbay sa St. George, ang kalooban ng Panginoon ay "malinaw na ipinamalas" sa Kanyang propeta.[2] Sa isang pulong na ginanap noong Mayo 18, 1899, ipinahayag ni Pangulong Snow:

"Ito ang salita ng Panginoon sa inyo, mga kapatid, na dapat ninyong sundin ang ipinagagawa sa inyo bilang mga tao na may napakagandang pagkakataong magkamit ng kadakilaan at kaluwalhatian balang-araw. Ano ito? Ilang beses na itong inulit-ulit sa inyo hanggang sa marahil ay nagsasawa na kayo sa karirinig ng tungkol dito. . . . Ang salita ng Panginoon sa inyo ay hindi na bago; ito lamang iyon: NA DUMATING NA ANG PANAHON UPANG LAHAT NG BANAL SA MGA HULING ARAW, NA HANGAD MAGHANDA PARA SA HINAHARAP AT

MATATAG NA TUMAYO SA WASTONG PUNDASYON, AY GAWIN ANG KALOOBAN NG PANGINOON AT MAGBAYAD NG KANYANG BUONG IKAPU. Iyan ang salita ng Panginoon sa inyo, at ito ang magiging salita ng Panginoon sa bawat pamayanan sa buong lupain ng Sion. Pag-alis ko at kapag napag-isipan na ninyo ang tungkol dito, makikita ninyo mismo na panahon na para ang bawat tao ay tumayo at magbayad ng kanyang buong ikapu. Pinagpala tayo ng Panginoon at kinaawaan tayo noon; ngunit darating ang mga panahon na hihingin ng Panginoon na manindigan tayo at gawin ang Kanyang ipinag-utos at huwag na itong iwan pa. Ang sinasabi ko sa inyo dito sa Stake ng Sion na ito ay sasabihin ko sa bawat Stake ng Sion na naorganisa. Hindi masisiyahan ang sinumang lalaki o babae na nakaririnig ngayon sa sinasabi ko kung hindi siya nagbabayad ng buong ikapu." [3]

Sa nakalipas na 50 taon ng kanyang pagiging Apostol, bihirang banggitin ni Pangulong Snow ang batas ng ikapu sa kanyang mga sermon. Nagbago iyan sa St. George, Utah, dahil sa paghahayag na natanggap niya. "Hindi pa ako nagkaroon ng mas perpektong paghahayag," sabi niya kalaunan, "kaysa [sa paghahayag] na natanggap ko hinggil sa paksang ito ng ikapu."[4] Mula sa St. George, siya at ang kanyang mga kasamang naglakbay ay nagbayan-bayan sa katimugang Utah at habang pauwi sila sa Salt Lake City, ay nagdaos ng 24 na mga pulong. Si Pangulong Snow ay nagbigay ng 26 na sermon. Sa bawat pagsasalita niya, pinayuhan niya ang mga Banal na sundin ang batas ng ikapu.

Bumalik ang grupo sa Salt Lake City noong Mayo 27. Napansin ng isang reporter sa pahayagan na, "Ang Pangulo ay mukhang mas malakas at mas maliksi ngayon kaysa noong lisanin niya ang Salt Lake." Sa pagsagot sa komentaryo na "kahanga-hanga na nakayanan niyang mabuti ang paglalakbay," sinabi ng 85-taong-gulang na propeta: "Oo, iyan nga ang sabi nilang lahat. . . . Mabuti ang naidulot sa akin ng biyahe. Ngayon ko lang iyon naramdaman sa tanang buhay ko. Nadarama ko na inaalalayan ako ng Panginoon bilang sagot sa mga panalangin ng mga Banal."[5]

Bukod sa sagot sa kanyang mabuting kalagayan, ibinahagi niya ang kanyang damdamin tungkol sa pananampalataya at kabutihan ng mga Banal sa katimugang Utah. Sinabi niya na siya at ang kanyang mga kasama ay "buong init na tinanggap na may

pagpapamalas ng kagalakan at pasasalamat."[6] Iniulat niya na nang payuhan niya ang mga Banal na sundin ang batas ng ikapu, "ang Espiritu ng Panginoon ay napasa mga tao, at labis silang nagalak, at buong puso nilang sinabi na susundin nila ang bawat detalye ng alituntuning ito at sa diwa nito."[7] Bilang sagot sa tanong tungkol sa pangkalahatang kalagayan ng mga tao, sinabi niya: "Nakatira sila sa komportableng mga tahanan, napakaayos ng kanilang pananamit, at mukhang napakarami nilang kakainin at iinumin na mabubuting bagay ng daigdig. Sa St. George Stake ang mga tao ay dumaranas ng [isang] napakatinding tagtuyot, ang pinakamatinding dumapo sa bansa, ngunit taglay nila ang pananampalataya na hindi magtatagal ay uulan doon."[8]

Pagsapit ng Mayo 29 at 30, si Pangulong Snow ay nagbigay ng dalawang sermon tungkol sa batas ng ikapu, una ay sa mga pinuno ng Young Ladies' Mutual Improvement Association at pagkatapos ay sa mga pinuno ng Young Men's Mutual Improvement Association.[9] Nang matapos ang ikalawang talumpati, inilahad ni Elder B. H. Roberts ng Pitumpu ang sumusunod na resolusyon, na nagkakaisang sinuportahan ng lahat ng dumalo: "Napagpasiyahan: Na tatanggapin natin ang doktrina ng ikapu, gaya ng inilahad ngayon ni Pangulong Snow, bilang salita at kalooban ng Panginoon sa atin sa kasalukuyan, at tanggapin natin ito nang buong puso; tayo mismo ay susunod dito, at gagawin natin ang lahat sa abot ng ating makakaya upang mahikayat ang mga Banal sa mga Huling Araw na gayon din ang gawin."[10] Pagsapit ng Hulyo 2, ang lahat ng mga General Authority at mga kinatawan mula sa lahat ng stake at ward sa Simbahan ay dumalo sa isang sagradong pagtitipon sa Salt Lake Temple, matapos mag-ayuno at manalangin bilang paghahanda para sa pulong. Doon ay nagkakaisa nilang tinanggap ang resolusyon ding iyon.[11] Si Pangulong Snow mismo ay tapat sa resolusyong ito, na itinuturo ang batas ng ikapu sa maraming stake at pinamamahalaan ang gayunding pagsisikap ng iba pang mga lider ng Simbahan.

Nang sumunod na mga buwan pagkatapos bumisita si Pangulong Snow sa katimugang Utah, nakatanggap siya ng balita tungkol sa ibayong katapatan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pagsunod sa batas ng ikapu. Ang balitang ito ay nagbigay sa kanya "ng napakalaking tuwa at kasiyahan,"[12] sapagkat alam niya na sa

pamamagitan ng patuloy na pagsunod sa batas na ito, "ang mga pagpapala ng Makapangyarihang Diyos [ay] ibubuhos sa mga taong ito, at ang Simbahan [ay] uunlad nang buong lakas at bilis na hindi kailanman naranasan noon."[13]

Paulit-ulit na tiniyak ni Pangulong Snow sa mga Banal na bawat isa sa kanila ay mabibiyayaan, kapwa sa temporal at espirituwal, sa pagsunod nila sa batas ng ikapu.[14] Natupad ang bahagi ng pangakong iyon noong Agosto 1899, nang matamasa ng mga mamamayan ng St. George ang panandaliang lunas mula sa tagtuyot na kanilang nararanasan; ang kanilang pananampalataya ay ginantimpalaan ng 2.93 pulgadang pag-ulan, na higit kaysa natanggap nila sa buong nakaraang 13 buwan.[15] Ipinangako rin ni Pangulong Snow na ang pagsunod sa batas ng ikapu ay magdudulot ng pagpapala sa buong Simbahan. Natiyak niya na ang mga ikapu ng matatapat ang magiging daan upang makabayad ang Simbahan sa pagkakautang nito, na ang malaking bahagi ay bunga ng pang-uusig.[16] Ang pangako ay natupad noong 1906, limang taon matapos siyang pumanaw. Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1907, ibinalita ni Pangulong Joseph F. Smith:

"Naniniwala ako na hindi pa kailanman nagkaroon ng panahon sa kasaysayan ng Simbahan na ang batas ng ikapu ay mas nasunod ng lahat at mas nasunod nang mas matapat na gaya ng pagsunod ng mga Banal sa mga Huling Araw kamakailan. Nalampasan ng ikapu ng mga tao sa taong 1906 ang ikapu ng nakalipas na mga taon. Magandang palatandaan ito na ginagampanan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang tungkulin, na nananampalataya sila sa Ebanghelyo, na handa silang sundin ang mga kautusan ng Diyos, at mas matapat nilang nasusunod ang batas ng ikapu kaysa noon. May isa pa akong gustong sabihin sa inyo, at ginagawa ko ito nang may pagbati, at iyan ay na sa pagpapala ng Panginoon at sa katapatan ng mga Banal sa pagbabayad ng kanilang ikapu ay nabayaran natin ang ating pagkakautang. Ngayon Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay walang utang na hindi nito kayang bayaran kaagad. Sa wakas ay nasa katayuan tayo na kaya nating magbayad kaagad upang maiwasan ang pagutang. Hindi na tayo kailangang manghiram pa, at hindi na tayo manghihiram pa kung patuloy na ipamumuhay ng mga Banal sa



*Pinayuhan ni Pangulong Snow ang mga magulang at mga guro na turuan ang mga bata na magbayad ng ikapu.*

mga Huling Araw ang kanilang relihiyon at susundin ang batas ng ikapu."[17] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 187.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Ang batas ng ikapu ay madaling unawain at maaaring sundin ng lahat.

Nakikiusap ako sa inyo sa pangalan ng Panginoon, at dalangin ko na bawat lalaki, babae at bata . . . ay magbayad ng ikasampung bahagi ng kanilang kinikita bilang ikapu.[18]

Ang [ikapu] ay isang batas na hindi mahirap sundin. . . . Kung ang isang tao ay tumatanggap ng sampung dolyar, ang kanyang ikapu ay isang dolyar; kung siya ay tumatanggap ng isandaang dolyar, ang kanyang ikapu ay sampung dolyar. . . . Napakadali nitong maintindihan.[19]

[Maaaring itanong ng isang tao sa kanyang sarili] Magkano sa ikapung ito ang dapat kong ibigay? Hindi ko ba maaaring itabi ang ilang bahagi nito sa aking sarili? Napakayaman ng Panginoon at sa tingin ko hindi naman Siya maaapektuhan kung magtatabi ako

ng kaunti para sa aking sarili; kaya't nagtabi nga nang kaunti para sa sarili. Ngunit babagabagin ng napakakaunting itinabi ang taong iyon, kung ang kanyang konsiyensya ay katulad ng karamihan sa mga Banal sa mga Huling Araw. Babagabagin siya nito sa araw, at gayundin kapag iniisip niya ito sa gabi. Wala sa kanya ang kaligayahan na dapat sana ay tinatamasa niya—mawawala ito sa kanya.[20]

Ang bahagi ng ikapu ay hindi maituturing na ikapu, tulad din ng hindi maituturing na pagbibinyag kung kalahati lamang ng katawan ng tao ang ilulubog.[21]

Walang sinumang lalaki o babae ang hindi kayang magbayad ng ikasampung bahagi ng kanyang tinatanggap.[22]

Mga kapatid, nais naming ipagdasal ninyo ang bagay na ito. . . . Sa halip na magkaroon ng mababaw o hindi marapat na mga ideya gaya ng iba tungkol sa pera, dapat tayong magbayad ng ating ikapu. . . . Ang hinihiling ng Panginoon sa atin ay bayaran ang ating ikapu ngayon. At inaasahan Niya na bawat tao sa hinaharap ay magbabayad ng kanyang ikapu. Alam natin kung ano ang ikasampung bahagi; bayaran natin iyan sa Panginoon. Sa gayon ay makahaharap tayo nang diretso sa Bishop at makahihingi sa kanya ng recommend para makapasok sa templo.[23]

Sinasabi ko sa inyo sa pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel, kung magbabayad kayo ng ikapu magmula ngayon, patatawarin kayo ng Panginoon sa nakaraan [na hindi pagbabayad ng ikapu] at ang mga pagpapala ng Makapangyarihang Diyos ay ibubuhos sa mga taong ito.[24]

Nais kong itanim ang alituntuning ito sa ating mga puso upang hindi natin ito malimutan kailanman. Gaya ng maraming beses ko nang sinabi, alam ko na patatawarin ng Panginoon ang mga Banal sa mga Huling Araw sa kanilang kapabayaan noon sa pagbabayad ng ikapu, kung sila ay magsisisi ngayon at matapat na magbabayad ng ikapu magmula ngayon.[25] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 188.]

---

**Kapag nagbabayad tayo ng ikapu, nag-aambag tayo sa gawain ng Simbahan.**

Hindi makapagpapatuloy ang Simbahang ito maliban na mayroon ditong pumapasok na pera, at ang perang ito ay inilaan ng



*Ang pondo ng ikapu ay ginagamit upang tumulong sa pagbabayad ng pagpapatayo at pagpapanatiling maayos ng mga templo.*

Diyos [sa pamamagitan ng batas ng ikapu]. Ang ating mga templo, kung saan natin natatanggap ang pinakamataas na mga pagpapalang ipinagkakaloob sa mortal na tao, ay itinayo sa pamamagitan ng perang ito. Hindi natin kailanman maipadadala ang . . . mga Elder sa daigdig upang ipangaral ang Ebanghelyo, gaya ng ginagawa natin ngayon, maliban kung may perang magagamit para magawa ito. . . . At nariyan ang libu-libo pang mga bagay na palaging nangyayari na nangangailangan ng panustos. . . .

Kung ang ilan sa mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi nagbayad ng ikapu ang apat nating mga Templo dito [noong 1899] ay hindi kailanman maitatayo, at ang mga kahatulan at kautusan ng Diyos hinggil sa kadakilaan at kaluwalhatian ay hindi sana nasunod. Ang unang hakbang na ginagawa ng mga Banal sa mga Huling Araw ay dalisayin ang lupain sa pamamagitan ng pagsunod sa batas na ito ng ikapu at paglalagay sa kanilang sarili sa katayuan kung

saan maaari nilang matanggap ang mga ordenansang may kinalaman sa kadakilaan at kaluwalhatian ng ating mga yumao.[26] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 188.]

---

**Pagpapalain tayo ng Panginoon kapwa sa temporal at espirituwal sa pagsunod natin sa batas ng ikapu.**

Ang batas ng ikapu ay isa sa mga pinakamahalagang naihayag sa tao. . . . Sa pagsunod sa batas na ito ang mga pagpapala ng kaunlaran at tagumpay ay ibibigay sa mga Banal.[27]

Kung susundin natin ang batas na iyon . . . ang lupain ay pababanalin, at maituturing tayong karapat-dapat na tumanggap ng mga pagpapala ng Panginoon at itataguyod at susuportahan sa ating mga pananalapi at sa lahat ng ating ginagawa, sa temporal gayundin sa espirituwal.[28]

Ang temporal na kaligtasan ng Simbahang ito . . . ay nakasalalay sa ating pagsunod sa batas na ito.[29]

Nagkakaroon ng kahirapan sa mga Banal sa mga Huling Araw, at laging magkakaroon hanggang sa masunod natin ang batas ng ikapu.[30]

Talagang naniniwala ako na kung susundin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang batas na ito ay maaari tayong maligtas mula sa bawat kasamaan na maaaring dumating sa atin.[31]

Narito ang isang batas na inihayag para sa ating proteksyon at kaligtasan, gayundin para sa ating ikasusulong sa landas ng kabutihan at kabanalan; isang batas na kung saan ang lupain na ating tinitirhan ay mapapababanal; isang batas kung saan maaaring itayo at maitatatag ang Sion upang hindi na kailanman maalis sa kinalalagyan nito ng mga taong masasama at walang paggalang sa Diyos.[32]

Mayroon tayong mga templo, at natatanggap natin ang mga pagpapalang kaugnay ng mga ito, maging ang pinakamataas na mga ordenansang naisagawa sa tao sa lupa, dahil sa ating pagsunod sa batas na ito.[33]

Hindi tayo kailanman magiging handa sa pagharap sa Diyos hangga't hindi tayo maingat sa pagbabayad ng mga ikapu at ng iba pang mga tungkulin.[34]

Malinaw ko nang sinabi, at sinasabi kong mula sa Panginoon ang sinabi ko sa inyo tungkol sa ikapu. Kumilos kayo ngayon ayon sa Espiritu ng Panginoon, at ang inyong mga mata ay mabubuksan.[35] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 188.]

### Ang mga magulang at mga guro ay may responsibilidad na magbayad ng ikapu at pagkatapos ay turuan ang mga bata na gawin din ang gayon.

Turuan [ang mga anak] na magbayad ng kanilang ikapu habang bata pa sila. Kayong mga ina, turuan ang inyong mga anak na kapag nakatanggap sila ng pera dapat nilang ibayad ang ikasampung bahagi nito sa Panginoon, gaano man ito kaliit. Turuan silang bayaran nang buo ang kanilang ikapu.[36]

Nararapat lamang na . . . tanggapin ng mga opisyal at guro [sa Simbahan] sa kanilang puso at kaluluwa ang diwa ng batas na ito, upang lubusan silang maging marapat na ibahagi ang gayon, at upang bigyang-diin sa susunod na henerasyon ang kahalagahan at kasagraduhan nito. Mga kapatid, hindi lamang ninyo kailangang sundin ang batas sa inyong sarili, kundi ituro ito sa iba, maging sa susunod na henerasyon, . . . at ayon na rin sa natatanggap ninyong diwa nito, ay magagawa ninyong ibahagi at ituro ito. . . .

. . . Hinihiling ko sa inyo, na hindi lamang sundin ito, kundi ituro ito sa mga anak ng mga Banal sa mga Huling Araw, at ikintal ito sa kanilang isipan, upang kapag tumuntong na sila sa edad ng pananagutan ay masabing itinuro ito sa kanila, at sinunod nila ito mula sa kanilang pagkabata.[37] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 188.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Repasuhin ang tala ng pagtanggap ni Pangulong Snow ng paghahayag tungkol sa ikapu (mga pahina 179–182). Isipin ang kahandaan niyang magbiyahe papuntang St. George at ang kahandaan ng mga tao na sundin ang batas ng ikapu. Ano ang matututuhan natin mula sa pangyayaring ito?

2. Sa paanong paraan "isang batas na hindi mahirap sundin" ang ikapu? (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga pahina 183–184.) Bakit iniisip ng ilang tao na mahirap sundin ang batas ng ikapu? Paano makatutulong ang mga itinuro ni Pangulong Snow para magkaroon ang isang tao ng patotoo sa pagbabayad ng ikapu?
3. Pag-aralan ang unang bahagi na nagsisimula sa pahina 186. Ano ang ilan sa mga pagpapalang natanggap ninyo at ng mga mahal ninyo sa buhay sa pamamagitan ng mga gusali at programang pinondohan ng ikapu? Bakit isang pribilehiyo ang magbayad ng ikapu?
4. Nagpatotoo si Pangulong Snow na pagpapalain tayo sa pagsunod natin sa batas ng ikapu (mga pahina 186–187). Ano ang ilang pagpapala na idinulot ng batas ng ikapu sa inyong buhay? sa buhay ng mga miyembro ng inyong pamilya at mga kaibigan?
5. Isipin ang payo ni Pangulong Snow sa mga magulang at mga guro (pahina 187). Sa inyong palagay bakit mahalagang magbayad ang mga bata ng kanilang ikapu, "kahit gaano man ito kaliit"? Ano ang ilang paraan na matuturuan ang mga bata na magbayad ng ikapu at mga handog?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Malakias 3:8–10; D at T 64:23; 119:1–7

*Tulong sa pagtuturo:* "Maging maingat na huwag madaliing tapusin ang magagandang talakayan sa pagtatangkang mailahad ang lahat ng materyal na inyong inihanda. Bagaman mahalagang tapusin ang materyal, mas mahalagang tulungan ang mga mag-aaral na madama ang impluwensya ng Espiritu, masagot ang kanilang mga katanungan, mapalawak ang kanilang pagkaunawa sa ebanghelyo, at mapalalim ang kanilang pangakong sundin ang mga kautusan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 79–80).

## *Mga Tala*

1. Sa "In Juab and Millard Stakes," *Deseret Evening News,* Mayo 29, 1899, 5.
2. Sa "In Juab and Millard Stakes," 5.
3. *Millennial Star,* Ago. 24, 1899, 532–33; tingnan din sa *Deseret Evening News,* Mayo 17, 1899, 2; *Deseret Evening News,* Mayo 18, 1899, 2. Sinasabi sa

*Millennial Star* na ibinigay ni Pangulong Snow ang pananalitang ito noong Mayo 8, ngunit ipinapakita ng iba pang makabagong mga lathalain na ibinigay niya ito noong Mayo 18. Nagsalita rin si Pangulong Snow tungkol sa ikapu noong Mayo 17.

4. Sa "President Snow in Cache Valley," *Deseret Evening News,* Ago. 7, 1899, 1.
5. Sa "Pres. Snow Is Home Again," *Deseret Evening News,* Mayo 27, 1899, 1. Ang Simbahan ay mayroong 40 stake noong panahong iyon.
6. Sa "Pres. Snow Is Home Again," 1.
7. *Deseret Evening News,* Hunyo 24, 1899, 3.
8. Sa "Pres. Snow Is Home Again," 1.
9. Tingnan sa "The Annual Conference of the Young Men's and Young Ladies' Mutual Improvement Associations," *Improvement Era,* Ago. 1899, 792–95; tingnan din sa Ann M. Cannon, "President Lorenzo Snow's Message on Tithing," *Young Woman's Journal,* Abr. 1924, 184–86.
10. B. H. Roberts, sinipi sa "The Annual Conference of the Young Men's and Young Ladies' Mutual Improvement Associations," 795.
11. Tingnan sa B. H. Roberts, *Comprehensive History of the Church,* 6:359–60.
12. Sa Conference Report, Okt. 1899, 28.
13. Sa "President Snow in Cache Valley," *Deseret Evening News,* Ago. 7, 1899, 2.
14. Tingnan, halimbawa, sa *Deseret Evening News,* Hunyo 24, 1899, 3. Ang mga rekord ng mga talumpati ni Pangulong Snow at mga artikulo sa pahayagan tungkol sa kanyang mga paglalakbay noong kanyang panahon ay nagpapakita na bagamat nangako siya sa mga Banal na pansamantala silang pagpapalain sa temporal gayundin sa espirituwal sa pagsunod nila sa batas ng ikapu, hindi niya partikular na ipinangako na magwawakas na ang tagtuyot sa katimugang Utah.
15. Tingnan sa Western Regional Climate Center, http://www.wrcc.dri.edu/cgi-bin/cliMONtpre.pl?utstge.
16. Tingnan, halimbawa, sa "The Annual Conference of the Young Men's and Young Ladies' Mutual Improvement Associations," 793.
17. Sa Conference Report, Abr. 1907, 7.
18. Sa Conference Report, Okt. 1899, 28.
19. *Deseret Semi-Weekly News,* Hulyo 28, 1899, 10.
20. Sa Conference Report, Abr. 1899, 51.
21. *Deseret Evening News,* Hunyo 24, 1899, 3.
22. Sa "President Lorenzo Snow's Message on Tithing," 185; mula sa katitikan ng isang pulong na ginanap sa Assembly Hall sa Salt Lake City noong Mayo 29, 1899.
23. *Deseret Semi-Weekly News,* Hulyo 28, 1899, 10.
24. Sa "President Snow in Cache Valley," 2.
25. Sa Conference Report, Okt. 1899, 28.
26. Sa Conference Report, Okt. 1899, 27–28.
27. Sa "In Juab and Millard Stakes," 5.
28. *Deseret Evening News,* Hunyo 24, 1899, 3.
29. Sa "The Annual Conference of the Young Men's and Young Ladies' Mutual Improvement Associations," 794.
30. *Deseret Semi-Weekly News,* Hulyo 28, 1899, 10.
31. Sa "President Lorenzo Snow's Message on Tithing," 185.
32. "Tithing," *Juvenile Instructor,* Abr. 1901, 216.
33. "Tithing," 215.
34. Sa "Conference of Granite Stake," *Deseret Evening News,* Mayo 21, 1900, 2; mula sa detalyadong pakahulugan ng isang talumpati na ibinigay ni Pangulong Snow sa kumperensya ng Granite Stake noong Mayo 20, 1900.
35. *Deseret Semi-Weekly News,* Hulyo 28, 1899, 10.
36. *Millennial Star,* Ago. 31, 1899, 546.
37. "Tithing," 215–16.



*Mula pa noong mga unang araw ng Simbahan, ang kababaihan ng Relief Society ay sama-sama nang gumagawa at pinalalakas nila ang isa't isa sa temporal at sa espirituwal.*

KABANATA 13

# Relief Society: Tunay na Pag-ibig sa Kapwa at Dalisay na Relihiyon

*"Walang institusyon na itinatag na may higit na dakilang hangarin. Ang batayan nito ay tunay na pag-ibig sa kapwa-tao, na siyang dalisay na pag-ibig ni Cristo."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Noong tag-init ng 1901, ang general Relief Society presidency ay nag-organisa ng maghapong aktibidad para sa kababaihan ng Relief Society na nasa Salt Lake Valley. Tinanggap ni Pangulong Lorenzo Snow ang imbitasyong dumalo at magsalita sa grupo. Sinimulan niya ang kanyang mensahe sa pagsasabing: "Pinasasalamatan ko ang pribilehiyong makasama kayo ng isa o dalawang oras sa hapong ito, at tiwala akong nasisiyahan kayong lahat ngayon. Ang angkop na paglilibang at kasiyahan ay mabubuting bagay, at natutuwa ako mga kapatid na makita kayong nagkakaroon ng kaunting pahinga at paglilibang, sapagkat kayo na mga masisipag na nagsisigawa sa bawat araw sa inyong mga tahanan at sa Relief Society ay talaga namang nararapat lamang na magkaroon ng kasiyahan."

Si Pangulong Snow, na kapatid ni sister Eliza R. Snow na naglingkod bilang ikalawang Relief Society general president, ay nagpahayag ng pasasalamat sa gawain ng Relief Society. Sa pagsasalita tungkol sa kababaihan ng Simbahan, sinabi niyang, "Mahirap isipin kung ano ang dapat nating ginawa, o ano ang pag-unlad na nagawa sa gawain ng Panginoon, kung wala sila." Bilang halimbawa, binanggit niya ang missionary program ng Simbahan noong panahong iyon, kung saan ang kalalakihang may-asawa ay madalas tawagin noon na maglingkod sa mga full-time mission:

"Kapag kaming kalalakihan ng Simbahan ay wala sa tahanan at nasa misyon sa ibang bansa, ang misyon ng kababaihan sa tahanan ay kasinghirap din ng misyon namin sa ibang bansa; at habang dumaranas ng pagsubok at napagkakaitan ng mga bagay na kinakailangan ay nagpakita sila ng pagtitiyaga, katatagan at pagkukusa na talagang nakapagbibigay-inspirasyon. Salamat sa Diyos para sa kababaihan ng Simbahang ito! Ganito ang nadarama ko ngayon habang kasama ako sa pagtitipong ito."[1] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 196.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Ang mga miyembro ng Relief Society ay halimbawa ng tunay na pag-ibig sa kapwa-tao at ng dalisay na relihiyon.

Ang Relief Society ay itinatag . . . ni Propetang Joseph Smith, sa inspirasyong dulot ng Panginoon. . . . Ngayon kinikilala ito bilang isa sa mga pinakamalakas na puwersa sa kabutihan sa Simbahan. . . .

Ang misyon ng Relief Society ay tulungan ang mga nagdurusa, paglingkuran ang maysakit at mahihina, pakainin ang mga maralita, damitan ang hubad, at pagpalain ang lahat ng mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Walang institusyon na itinatag na may higit na dakilang hangarin. Ang batayan nito ay ang tunay na pag-ibig sa kapwa-tao, na siyang dalisay na pag-ibig ni Cristo [tingnan sa Moroni 7:47], at ang diwang iyon ay ipinakita sa lahat ng mga pagtulong ng Samahan sa mga tao. Sinabi ng Apostol na si Santiago na "ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios . . . ay ito: Dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian, at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan." [Santiago 1:27.] Dahil sang-ayon sila na totoo iyan, talagang ipinakikita ng mga miyembro ng Relief Society sa kanilang buhay ang dalisay at walang-dungis na relihiyon; tinulungan nila ang mga taong naghihirap, niyakap at minahal ang mga ulila sa ama at mga balo, at pinanatili ang kanilang sarili na walang bahid-dungis sa mundo. Mapatototohanan ko na wala nang mas dalisay at mayroong takot sa Diyos na kababaihan sa mundo maliban sa kababaihan ng Relief Society.[2] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 196.]

### Ang kababaihan ng Relief Society ay nakikipagtulungan sa mga maytaglay ng priesthood upang isulong ang kapakanan ng kaharian ng Diyos.

Talagang nasisiyahan ako sa tuwina na makita kung gaano katapat kayong kababaihan ng Relief Society sa pagsuporta sa mga tagapaglingkod ng Panginoon sa lahat ng pagkakataon. Palagi kayong nasa panig ng Priesthood, handang palakasin ang kanilang mga kamay at gawin ang inyong bahagi sa pagtulong na isulong ang kapakanan ng kaharian ng Diyos; at sa pakikibahagi ninyo sa mga gawaing ito, halos tiyak din na kabahagi kayo sa tagumpay ng gawain at sa kadakilaan at kaluwalhatiang ibibigay ng Panginoon sa Kanyang matatapat na anak.

. . . Ang matalinong Bishop ay tiyak na pahahalagahan ang mga nagagawa ng Relief Society sa kanyang ward. Ano ang magagawa ng isang Bishop kung walang Relief Society? Sinasabi ko sa lahat ng mga Bishop sa Simbahan na hikayatin ang kababaihan ng Relief Society, at suportahan sila sa kanilang gawain ng pagkakawanggawa at kabutihang-loob, at tiyak na magiging pagpapala sila sa inyo at sa inyong mga tao.[3] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 196.]

### Mabuting magkaroon ng impluwensya ng Relief Society sa bawat tahanan.

Pinapayuhan ko ang bawat lalaki na hikayatin ang kani-kanyang asawa na [makilahok sa] Relief Society . . . ; sapagkat mabuting magkaroon ng impluwensya ang organisasyong ito sa bawat tahanan. Hinihiling ko sa inyo, mga kapatid kong kababaihan, na sa inyong mga pagbisita sa mga tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay dalhin ninyo ang impluwensyang ito saan man kayo magpunta. Malinaw na ipinakita sa inyo ng Panginoon ang inyong likas na kaugnayan sa Kanya at kung ano ang inaasahan sa inyo bilang mga asawa at ina. Ituro ang mga bagay na ito sa mga binibisita ninyo, lalo na sa mga kadalagahan. . . .

Kayo, mga kapatid ko, bilang mga miyembro ng Relief Society at bilang mga ina sa Israel, ay dapat ipadama ang inyong buong impluwensya . . . bilang suporta sa dalisay na katangian ng pagiging



*"Talagang ipinakikita ng mga miyembro ng Relief Society sa kanilang buhay ang dalisay at walang-dungis na relihiyon."*

ina at katapatan sa tipan ng kasal.[4] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 197.]

---

### Habang lumalago ang Simbahan, ang kababaihan ng Relief Society ay magkakaroon ng mas malaking pagkakataon na maglingkod.

Hindi ko na kailangan pang i-detalye ang nagawa ng Relief Society noon; ang kahanga-hangang gawain nito ay bantog sa buong Sion, at sa maraming panig ng daigdig. Sapat na ang sabihing, naging tapat ito sa kanyang misyon, at ang nagawa nito ay higit kaysa nagawa ng iba pang samahan ng pagkakawanggawa. Ipinagmamalaki ito ng mga Banal sa mga Huling Araw at ang mga nagawa nito, at nagpapasalamat sa ating Ama sa Langit na binigyang-inspirasyon Niya ang Kanyang lingkod na Propeta upang itatag ang isang institusyong tulad nito. Maganda ang bukas na naghihintay sa [Relief] Society. Sa paglago ng Simbahan, ito ay lubos na mapapakinabangan, at lalo pa itong magagamit sa kabutihan kaysa noon. Kung ang lahat ng kababaihan ay kikilos upang itaguyod ang samahan, malaking gawain ang maisasagawa nito at patuloy na makatutulong

sa Simbahan. Nakatutuwang makita ang mga nasa kalagitnaan ng edad na interesado rin sa institusyong ito na gaya ng matatanda na, at dahil dito ay makikita nilang palalakasin nito ang kanilang pananampalataya, bibigyan sila ng mas malawak na pananaw sa buhay at sa mga responsibilidad nito, at malaki ang magiging pagsulong nila sa landas ng pag-unlad at pagiging perpekto.[5]

Mula pa sa simula ng kanilang gawain ay ipinagkaloob na ng Diyos ang mga pagpapala sa [kababaihan ng Simbahan], at napagmasdan kong mabuti nang buong tuwa at kasiyahan ang kanilang pag-unlad. . . . Kahanga-hanga ang kanilang tagumpay, at kagila-gilalas kung paano sila pinagpala ng Diyos at ibinuhos sa kanila ang Kanyang Espiritu. Buong paggalang kong masasabi na sila ay naging gaya ng mga anghel na nakatayo sa harap ng mga tao ng daigdig.[6] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 197.]

---

## Ang kababaihan ng Relief Society na nagtitiwala sa Diyos at naglilingkod sa Kanya ay pagpapalain sa buhay na ito at sa mga kawalang-hanggan.

Ito ang nais naming matanim sa puso ng kababaihan—ang maging kapaki-pakinabang sa kanilang ginagawa at huwag panghinaan ng loob dahil sa mga paghihirap na nakakaharap nila, kundi magtiwala sa Diyos at umasa sa Kanya, at ang Kanyang kagila-gilalas na mga pagpapala ay ipinapangako kong ibubuhos sa inyo. Ganito ang mararanasan ninyo. . . . Hayaang ulitin kong muli, huwag kayong panghinaan ng loob, kundi magpatuloy at gumawa nang mabuti, manampalataya, at hangaring pagbutihin ang bawat ibibigay na oportunidad. Nais naming gamitin ninyo ang lahat ng mga talentong ipinagkaloob sa inyo ng Diyos. At nariyan ang tungkol sa kabutihang nagawa ninyo kung pag-uusapan ang tungkol sa maaaring maging tagumpay ninyo. Kapag ang isang tao ay nagsimulang tumahak sa landas na itinuro ng Panginoon, at kung saan ay maisasagawa ang kabutihan para sa Kanyang kapakanan, tiyak na magtatagumpay ang taong iyon. Naroon siya mismo sa lugar na nais ng Diyos na kanyang puntahan, at naroon ang lugar kung saan sa matinding paggalang ay maaari ninyong hingin sa Diyos ang Kanyang pagpapala.[7]

Nais kong sabihin na pagpalain nawa ng Diyos ang mga pinuno at miyembro ng Relief Society. Ginagampanan ninyo ang isang dakilang misyon, at hihikayatin ko kayong huwag magsawa sa paggawa ng mabuti [tingnan sa D at T 64:33]. Hangad nating lahat ang kaluwalhatiang selestiyal, at ang karingalan ng maaari nating kahinatnan na naghihintay sa atin ay hindi mailalarawan sa salitang gamit ng tao. Kung kayo ay mananatiling tapat sa gawaing kinabibilangan ninyo, makakamtan ninyo ang kaluwalhatiang ito, at habampanahong magagalak sa piling ng Diyos at ng Kordero. Sulit na pagsikapan ito; sulit ang sakripisyong gagawin para dito, at mapalad ang lalaki o babae na matapat sa pagkakamit nito. Pagpalain nawa kayong lahat ng Diyos.[8] [Tingnan sa mungkahi 6 sa pahina 197.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Sinabi ni Pangulong Snow na mahirap isipin ang magiging pag-unlad ng gawain ng Panginoon kung wala ang kababaihan ng Simbahan (pahina 191). Sa paanong mga paraan nakapag-aambag ang kababaihan sa gawain ng Panginoon ngayon?
2. Pag-isipan ang mga salita ni Pangulong Snow tungkol sa misyon ng Relief Society (pahina 192). Mag-isip ng isang pagkakataon kung kailan ginampanan ng kababaihan ng Relief Society ang misyong ito sa pamamagitan ng pagtulong sa inyo o sa inyong pamilya. Paano naimpluwensyahan ng gayong mga hakbang ang inyong buhay?
3. Repasuhin ang bahaging nagsisimula sa bandang ilalim ng pahina 193. Sa paanong mga paraan "isinusulong [ng kababaihan ng Relief Society] ang kapakanan ng kaharian ng Diyos"? Ano ang nasaksihan ninyong mga halimbawa ng pagtutulungan ng kababaihan ng Relief Society at ng mga maytaglay ng priesthood?
4. Pag-isipan ang samo ni Pangulong Snow sa kababaihan ng Relief Society na ipakita ang kanilang impluwensya "bilang

suporta sa dalisay na katangian ng pagiging ina at katapatan sa tipan ng kasal" (mga pahina 193–194). Bakit kailangan ang impluwensyang ito sa daigdig ngayon? Sa paanong paraan matutulungan ng kababaihan ng Relief Society ang mga kabataang babae na maghanda para sa kasal sa templo at sa pagiging ina?

5. Sinabi ni Pangulong Snow, "Sa paglago ng Simbahan, [ang Relief Society] ay lubos na mapapakinabangan, at lalo pa itong magagamit sa kabutihan kaysa noon" (pahina 194). Sa daigdig ngayon, ano ang maaaring gawin ng kababaihan ng Relief Society upang madagdagan ang kanilang impluwensya sa kabutihan?
6. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 195. Isipin ang mga paraan na naakay kayo papunta sa "lugar na nais ng Diyos na [inyong] mapuntahan." Paano kayo tinulungan ng Diyos sa mga pagsisikap na ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Isaias 1:17; Mateo 25:34–40; Mosias 4:26–27; Alma 1:29–30; Moroni 7:44–48

*Tulong sa Pagtuturo:* "Habang naghahanda kayo para magturo, tiyakin na gumagamit kayo ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ng bawat aralin. Maaaring ito ay mangahulugan ng paggamit ng isang bagay na kasing-simple ng isang makulay na paskil o tsart sa dingding para sa isang aralin o isang listahan ng mga katanungan sa pisara para naman sa isa pa" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 113).

## *Mga Tala*

1. Sa "Prest. Snow to Relief Societies," *Deseret Evening News,* Hulyo 9, 1901, 1.
2. Sa "Prest. Snow to Relief Societies," 1.
3. Sa "Prest. Snow to Relief Societies," 1.
4. Sa "Prest. Snow to Relief Societies," 1.
5. Sa "Prest. Snow to Relief Societies," 1.
6. *Young Woman's Journal,* Set. 1895, 577–78.
7. *Young Woman's Journal,* Set. 1895, 578.
8. Sa "Prest. Snow to Relief Societies," 1.



*Bago pagalingin ang isang lalaking bulag, sinabi ng Tagapagligtas, "Kinakailangan [kong] gawin ang mga gawa niyaong nagsugo sa akin" (Juan 9:4).*

# "Sa Diyos Lahat ng Bagay ay Posible"

*"Ang mga hinihinging iyon sa atin ay hindi makakayang sundin ng sinumang tao, maliban na lang kung may tulong mula sa Makapangyarihang Diyos. . . . Ipinangako Niya ang tulong na ito."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Si Pangulong Lorenzo Snow ay isang manggagawa, na sumusunod sa madalas niyang ipayo: "Kailangan nating maging masipag sa paggawa. . . . Ang pananatiling tamad at hindi pagkilos ay walang-saysay."[1] Ngunit inamin niya na sa hangarin niyang itayo ang kaharian ng Diyos, ang sarili niyang mga pagsisikap ay hindi kailanman magiging sapat kung wala ang biyaya ng Diyos—o ang "hindi pangkaraniwang tulong,"[2] gaya ng madalas niyang itawag dito. Gayunman, bagamat hinikayat niya ang mga miyembro ng Simbahan na maging masipag sa paggawa sa "pagpapaunlad ng [mabubuting] alituntunin," ipinahayag din niya na "tayo, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, ay dapat maunawaan at tandaan na ang kaligtasan ay dumarating lamang sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos."[3] Pinatotohanan niya na idaragdag ng Diyos ang Kanyang lakas sa ating mga pagsisikap: "Kung saanman tayo ilagay ng Panginoon ay doon tayo dapat mapunta; kapag hinihiling niya sa atin na gawin natin ang lahat upang suportahan ang mga banal na alituntuning iyon, na dapat nating gawin; iyon lamang ang dapat nating pagkaabalahan; ang ating Ama sa Langit na ang bahala sa ibang bagay."[4]

Napuna ng kapatid ni Pangulong Snow na si Eliza na namuhay siyang tapat sa mga katuruang ito. Inilarawan niya ang Pangulo bilang isang taong nagtataglay ng "hindi natitinag na tiwala sa biyaya at kapangyarihan ng [Diyos] na tumulong." Sinabi niya na alam ng

Pangulo "kung kanino siya nagtitiwala" at dahil dito ay nakayanan niya ang "bawat hirap, bawat pagsalungat" at "nalampasan ang bawat balakid."[5]

Ipinakita ni Lorenzo Snow ang kanyang tiwala sa kapangyarihan ng Diyos na tumulong nang maglakbay siya upang magmisyon sa England noong 1840. Sa 42-araw ng paglalayag patawid ng Atlantic Ocean, tatlong malalaking unos ang nakasagupa niya at ng kanyang mga kasamahan sa paglalakbay. Inireport niya kalaunan na ang mga iyon ay "malalakas na unos—lubhang mapanganib na mga unos ayon sa mga sanay nang maglayag sa karagatan." Napansin niya ang pagkakaiba ng kanyang reaksyon sa mga unos kumpara sa reaksyon ng ilan sa mga manlalakbay: "Masasabi ko na may ilang pagkakataon na talagang kahindik-hindik ang mga pangyayari. Hindi ako nagulat nang makita ko ang kalalakihan, kababaihan at mga batang hindi natutong magtiwala sa Diyos na nangag-alalang mabuti at takot na takot, at nagsisitangis. May tiwala ako sa Kanya na lumikha ng mga karagatan at nagtakda ng hangganan ng mga ito. Ako ay Kanyang inutusan—alam kong isinugo ako sa misyong ito sa pamamagitan ng awtoridad na Kanyang kinikilala, at, bagamat nagngangalit ang mga elemento at inaanod at sinisiklut-siklot ng malalaking alon ang barko, Siya ang gumagabay sa barko, at ang buhay ko ay nasa Kanyang pangangalaga."[6]

Pagkaraan ng maraming taon, nang si Lorenzo Snow na ang naging Pangulo ng Simbahan, muli siyang nakadama ng kapanatagan sa kanyang kaalaman na ang Panginoon ang gumagabay sa kanya. Sa isang pulong na ginanap noong Setyembre 13, 1898, nagkakaisang ipinahayag ng Korum ng Labindalawang Apostol ang kanilang katapatan na sang-ayunan siya bilang Pangulo ng Simbahan. Nakasaad sa isang tala ng pulong na siya ay tumayo at sinabing "walang-saysay ang maghanap siya ng mga dahilan sa kawalan niya ng kakayahan atbp., upang magampanan ang napakalaking responsibilidad na kaakibat ng katungkulan. . . . Nadama niyang kailangan niyang gawin ang lahat sa abot ng kanyang makakaya at umasa sa Panginoon."[7] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 206.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Sa tulong ng Diyos, magagawa natin ang anumang ipinagagawa sa atin.

Nais kong magsalita sa paraan na tayo ay mapasisigla at mapabubuti sa mga bagay na may kinalaman sa ating kaligtasan. Dahil dito ay nais kong hilingin ang pananampalataya at panalangin ng lahat ng naniniwala sa paglapit sa Panginoon para sa tagubilin at katalinuhan.

Dapat nating matanto ang kaugnayan natin sa Panginoon na ating Diyos, at ang kakaibang katayuan natin. Upang magampanan nang wasto ang ating mga obligasyon, kailangan natin ng tulong mula sa Panginoon. . . .

. . . Sinabihan ni Jesus ang [isang] binata na lumapit sa kanya at naghahangad na malaman kung ano ang dapat niyang gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan, na "sundin ang mga kautusan." Sumagot ang binata na nasunod niya ang mga kautusang tinutukoy mula pa sa kanyang pagkabata hanggang sa kanyang pagtanda. Nang tumingin sa kanya ang Tagapagligtas, nakita Niya na may kulang pa sa ginagawa ng binata. Sinunod ng binata ang batas ng kagandahang-asal, ang batas na ibinigay kay Moises, at dahil dito ay minahal siya ni Jesus, ngunit nakita niyang may isa pang kulang sa binata. Siya ay mayamang binata, at may impluwensya sa mundo dahil sa kanyang napakalaking kayamanan. Alam ni Jesus na bago niya mailagay ang binata, o ang sinuman, sa mas mataas na kalagayan, sa daigdig na selestiyal, kailangang maging masunurin siya sa lahat ng bagay, at ituring na pinakamahalaga sa lahat ang pagsunod sa selestiyal na batas. Alam ni Jesus kung ano ang kailangan sa bawat tao upang magkaroon ng putong na korona sa kahariang selestiyal—na walang mas dapat bigyan ng pagpapahalaga maliban sa pagsunod sa mga hinihingi ng langit. Nakita ng Tagapagligtas sa binatang ito ang pagkapit sa isang bagay na hindi naaayon sa batas ng kahariang selestiyal. Marahil nakita niya sa binata na maaaring sundin nito ang kanyang damdamin ukol sa mga bagay na makasasama sa kanya, at dahil dito ay imposible nitong sundin ang lahat ng hinihingi ng ebanghelyo, kaya't sinabi niya sa

binata na dapat siyang humayo at ipagbili ang lahat ng kanyang pag-aari "at magbigay sa mga maralita, at sumunod sa kanya."

Nalungkot at nagdalamhati ang binata dahil sa kautusang ito. Itinuring niya ang kayamanan bilang pangunahing pakay sa buhay na ito, na magdudulot sa kanya ng impluwensya sa daigdig, at ng lahat ng bagay na kanais-nais; na maghahatid sa kanya ng mga pagpapala at kasiyahan sa buhay, at ang paraan na mag-aangat sa kanya sa matataas na posisyon sa lipunan. Hindi niya maisip kung paano makakamtan ng isang tao ang mga pagpapala, kasiyahan at pribilehiyo sa buhay, at ang mga bagay na gusto niya, kung wala ang kanyang kayamanan. Ngunit may kapangyarihan ang ebanghelyo na ibigay ang lahat ng bagay na kailangan upang matugunan ang mga naisin at pangangailangan ng tao at upang siya ay lumigaya. Hindi ito magagawa ng kayamanan; at nais ng Panginoon na kalimutan na niya ang ganitong mga ideya, at alisin na ito sa kanyang isipan at damdamin, upang matiyak niya na magiging tagapaglingkod niya ang binata sa lahat ng bagay. Nais niyang lubusang maging tapat ang lalaking ito sa paglilingkod sa kanya, at gawin ang kanyang gawain nang buong puso, at sundin ang mga pahiwatig ng Banal na Espiritu, at ihanda ang kanyang sarili para sa kaluwalhatiang selestiyal. Ngunit ayaw itong gawin ng binatang ito; iyon ay napakalaking sakripisyo para sa kanya. At dito sinabi ng Tagapagligtas, "Mahirap na makapasok ang isang taong mayaman sa kaharian ng langit. Magaan pa sa isang kamelyo ang dumaan sa butas ng isang karayom, kay sa isang taong mayaman ang pumasok sa kaharian ng Dios."

Ang mga alagad "ay lubhang nangagtaka" nang marinig ito, "na nagsisipagsabi, Sino nga kaya ang makaliligtas?" Inakala nila na hindi maaaring maging mayaman ang isang tao at maligtas sa kaharian ng Diyos. Iyan ang ideyang natanggap nila mula sa sinabi ng Tagapagligtas. Ngunit sumagot si Jesus, "Hindi mangyayari ito sa mga tao; datapuwa't sa Dios ang lahat ng mga bagay ay mangyayari." [Tingnan sa Mateo 19:16–26; tingnan din sa Joseph Smith Translation sa Matthew 19:26, footnote *a,* at Mark 10:27, footnote *a*.][8] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 206.]

**Nangako ang Diyos na tutulungan tayo sa ating sariling pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo.**

Hindi natin posibleng masunod ang lahat ng mga kautusan na ibinigay ng Diyos sa atin kung tayo lamang mag-isa. Maging si Jesus mismo ay hindi niya maisasakatuparan ang Kanyang gawain kung walang tulong mula sa Kanyang Ama. Sinabi Niya minsan na, "Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili: humahatol ako ayon sa aking naririnig: at ang paghatol ko'y matuwid; sapagka't hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin." [Juan 5:30.] At kung Siya nga na ating Panginoon ay nangailangan pa ng tulong mula sa langit, mas lalong kailangan nating tumanggap ng Kanyang tulong. At sa bawat kalagayan at kondisyon na nakapaligid sa mga Banal sa mga Huling Araw, habang ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin, sila ay may karapatang tumanggap ng hindi pangkaraniwang tulong ng Banal na Espiritu, upang tumulong sa iba't ibang kalagayan na nakapaligid sa kanila, at sa mga tungkuling ipinagagawa sa kanila.

. . . Wala akong maisip na anumang bagay na napakahalaga na tulad ng pagsisikap na makamit ang kadakilaan at kaluwalhatian ng isang tao. Walang duda na isang dakilang layunin iyan na ipinarito natin sa daigdig. . . . Hindi dapat panghinaan ng loob ang sinumang lalaki o babae kapag nadarama nilang hindi nila kayang tapusin ang nais nilang gawin, sa halip dapat nating gawin ang lahat sa abot ng ating makakaya upang maitaguyod ang napakalaking gawaing ito na siyang dahilan ng ating pagparito.[9]

Ang katangian ng tinanggap nating relihiyon ay nangangailangan ng partikular na pag-uugali na hindi hinihingi ng iba pang relihiyon sa mga tagasunod nito; at ang mga hinihinging iyon sa atin ay hindi makakayang sundin ng sinumang tao, maliban na lang kung tutulungan sila ng Makapangyarihang Diyos. Kailangang maunawaan natin, kahit bahagya, ang malalaki at mahahalagang pagpapala na mapapasaatin kalaunan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hinihingi ng relihiyon o ebanghelyo na ating tinanggap. Ang mga sakripisyong hinihingi sa atin ay hindi magagawa ng sinumang lalaki o babae, maliban kung tutulungan sila ng kapangyarihan ng langit; at ang Panginoon, sa pagpapanukala ng mga kondisyong ito ay



*"Ang gawain na ating kinabibilangan ay uunlad at maisusulong lamang sa pamamagitan ng mga pagpapala ng Diyos sa ating matapat na pagsisikap at sa ating determinasyon."*

hindi kailanman nilayon na ipagawa ito sa kanyang mga tao nang walang tulong mula sa Panginoon, at iyong uri ng tulong na hindi itinuturo ng anupamang grupo ng mga taong relihiyoso. Ipinangako Niya ang tulong na ito. . . .

Ang mga ito . . . ay hinihingi sa bawat panahon na tumatawag ang Diyos ng mga tao na maglilingkod sa kanya, at tatanggap ng kanyang mga batas. Hiningi ang mga ito noong kapanahunan ng Israel, sa pagsisimula ng mga taong iyon. Hiningi ang mga ito kina Abraham, Isaac at Jacob. Ipinagawa ito kay Moises, at sa mga taong pinamunuan niya upang makalaya mula sa pagkaalipin sa Egipto. Hiniling ang mga ito sa lahat ng mga propetang nabuhay mula pa noong panahon ni Adan hanggang sa kasalukuyan. Hiniling ang mga ito sa mga apostol na tumanggap ng kanilang tungkulin sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ni Jesucristo, na Anak ng Diyos na buhay, at ng mga tagasunod ng relihiyon na ipinahayag ng mga apostol at itinuro sa mga tao, noong kanilang panahon. At walang sinumang tao o grupo ng mga tao o uri ng mga tao mula noong panahon ni Adan hanggang sa kasalukuyan,

ang makasusunod sa mga hinihinging ito, maliban sa mga tao ng Diyos, dahil pinagkalooban sila ng kapangyarihan mula sa itaas, na maaari lamang magmula sa Panginoon nating Diyos.[10] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 206.]

---

### Kapag nakikibahagi tayo sa gawain ng Diyos, kailangan natin ang tulong ng Diyos.

Anuman ang inyong gawin para sa ikasusulong ng kapakanan ng Sion, kailangan kayong umasa sa Panginoon para sa ikatatagumpay nito.[11]

Ang kaisipan ng isang tao ay dapat nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos sa anumang bagay na sisimulan niyang gawin. Dapat nating isaisip na wala tayong magagawa kung tayo lang mag-isa. Tayo ay mga anak Diyos. Tayo ay nasa kadiliman, [maliban] kung bibigyang liwanag ng Diyos ang ating pang-unawa. Wala tayong magagawa, [maliban kung] tutulungan tayo ng Diyos. Ang gawaing kailangan nating gawin dito ay hindi natin magagawa kung walang tulong mula sa Makapangyarihang Diyos. . . . Ito ang malaking problema sa kalalakihan ng daigdig, at lalo na sa mga Elder ng Israel; nalilimutan natin na gumagawa tayo para sa Diyos; nalilimutan natin na narito tayo para isakatuparan ang ilang mga layunin na ipinangako natin sa Panginoon na gagawin natin. Maluwalhati ang gawaing ito na ating kinabibilangan. Ito ang gawain ng Makapangyarihang Diyos; at pumili Siya ng mga lalaki at babae na alam Niya noon pa man na makapagsasagawa sa Kanyang mga layunin.[12]

Ang gawaing ito na ating kinabibilangan ay uunlad at maisusulong lamang sa pamamagitan ng mga pagpapala ng Diyos sa ating matatapat na pagsisikap at sa ating determinasyon na isakatuparan ang gawaing ipinarito natin sa lupa. Kapag nagbalik-tanaw tayo sa mga karanasang pinagdaanan natin, madali nating mauunawaan na ang ating kasaganaan ay batay sa ating tapat na mga pagsisikap na isakatuparan ang gawain ng Diyos, na magpursigi para sa kapakanan ng mga tao, at hangga't maaari ay alisin sa ating sarili ang kasakiman. Dahil ganito ang nangyari noon, maaari tayong maniwala na ang pag-unlad natin sa hinaharap ay mababatay sa ating determinasyon na sundin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng

pagkakataon at sa pamamagitan ng tulong na ibibigay Niya sa atin.[13] [Tingnan sa mungkahi 4 sa ibaba.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Repasuhin ang salaysay sa mga pahina 199–200. Sa inyong palagay bakit kaiba ang tugon sa pagsubok ng mga taong nagtitiwala sa Diyos kumpara sa mga taong hindi nagtitiwala sa Diyos?
2. Isipin ang kuwento ng Tagapagligtas at ng binatang mayaman (mga pahina 201–202). Ano ang ilang bagay na pinagtutuunan ng puso ng mga tao na maaaring humantong sa kanilang "pagdadalamhati"? Bakit kailangan nating "maalis" ang gayong mga bagay sa ating buhay bago natin matanggap ang mga dakilang pagpapala ng Panginoon?
3. Itinuro ni Panglong Snow na maging ang Tagapagligtas ay nangailangan ng "tulong mula sa langit" upang "maisakatuparan ang Kanyang gawain" (pahina 203). Paano ninyo magagamit ang mga salita ni Pangulong Snow para matulungan ang isang taong nakadarama na hindi niya kayang ipamuhay ang ebanghelyo?
4. Basahin ang huling bahagi ng kabanatang ito (mga pahina 205–206). Sa inyong palagay bakit kung minsan ay hindi tayo humihingi ng tulong sa Diyos? Isipin kung ano pa ang maaari ninyong gawin upang matanggap pa lalo ang Kanyang tulong sa inyong buhay.


*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Filipos 4:13; 2 Nephi 10:23–24; 25:23; Jacob 4:6–7; Mosias 24:8–22; Ang Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3

*Tulong sa Pagtuturo:* "Atasan ang mga kalahok na basahin ang mga piling tanong sa dulo ng kabanata (isa-isa o sa maliliit na grupo). Ipahanap sa kanila ang mga turo sa kabanata na may kaugnayan

sa mga tanong. Pagkatapos ay ipabahagi sa kanila sa grupo ang kanilang mga iniisip at ideya" (pahina ix sa aklat na ito).

## *Mga Tala*


1. *Deseret News,* Ene. 28, 1857, 371.
2. *Deseret News,* Ene. 14, 1880, 786.
3. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ago. 15, 1882, 1.
4. *Deseret News,* Okt. 28, 1857, 270.
5. Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 116–17.
6. Sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 49.
7. Sa Journal History, Set. 13, 1898, 4.
8. *Deseret News,* Ene. 14, 1880, 786.
9. Sa Conference Report, Abr. 1898, 12.
10. *Deseret News,* Ene. 14, 1880, 786.
11. *Improvement Era,* Hulyo 1899, 708.
12. *Deseret Weekly,* Mayo 12, 1894, 638.
13. Sa Conference Report, Abr. 1901, 1.



*Elder Lorenzo Snow*

# Tapat at Masigasig na Paglilingkod sa Kaharian ng Diyos

*"Batid na totoo ang ating relihiyon dapat tayo ang maging pinakatapat na mga tao sa balat ng lupa sa mithiing ating tinanggap."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Sa huling bahagi ng 1851, inilathala ng Unang Panguluhan ang isang liham kung saan hiniling nila na lahat ng miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay "tapusin ang mga gawain sa iba't iba nilang misyon" at bumalik sa Salt Lake City pagsapit ng Abril 1853.[1] Sa gayon nagsimulang matapos ang misyon ni Elder Lorenzo Snow sa Italy. Noong Pebrero 1852, ipinabahala niya ang gawain doon sa pamumuno ni Brother John Daniel Malan, isang bagong binyag, at naglakbay sila ni Elder Jabez Woodard patungo sa pulong bansa ng Malta. Mula sa Malta, umasa si Elder Snow na makasasakay siya ng barko papuntang India. Ang mga unang misyonero sa lupaing iyon ay kumikilos noon sa ilalim ng kanyang pamamahala, at nakadama siya ng malaking hangaring makasama sila. Mula roon nagplano siyang "libutin ang buong mundo," at tatawid ng Dagat Pasipiko pauwi sa kanlurang bahagi ng Estados Unidos.[2]

Nagbago ang mga plano ni Elder Snow pagdating nila ni Elder Woodard sa Malta. Nalaman niya na maaantala siya sa pulo sa loob ng ilang linggo dahil nasiraan ang isang bapor sa Red Sea. Sa halip na magreklamo tungkol sa pagkaantala, nagpasiya siyang kumilos at gumawa. Sa isang liham na may petsang Marso 10, 1852, isinulat niya, "Palagay ko malaking kabutihan ang ibubunga ng pamamahala ng Panginoon sa paggamit ng oras ko ngayon, dahil napaliligiran ako ng nakatutuwang mga tao, at sa napakahalagang

paggawa, kung saan isang dakilang gawain ang maisasakatuparan, tungo sa kalapit na mga bansa." Iniulat niya na hiniling niya kay Elder Thomas Obray, isang misyonero sa Italy, "na magpunta kaagad, at magdala ng maraming polyeto at aklat." Kahit hindi talaga alam ni Elder Snow kung ano ang gagawin nila ng kanyang mga kasama sa Malta, nagpakita siya ng hangaring magtatag ng isang branch ng Simbahan doon. Ang hakbang na ito, sabi niya, "ay mag-aalis sa mga espirituwal na hadlang sa maraming bansa, dahil ang mga Maltese, sa kanilang mga pakikipagkalakalan, ay nakakalat sa mga baybayin ng Europe, Asia, at Africa."[3]

Noong Mayo 1, 1852, nagpadala ng liham si Elder Snow na nag-uulat ng pag-unlad ng gawain sa Malta. Isinulat niya: "Palaging nagtatanong ang mga tao ngayon tungkol sa 'kakaibang relihiyon' na ito; ilang gabi na mula noon, minsan ay pinuntahan kami, sa aming pribadong tirahan, ng ilang ginoo mula sa walong iba't ibang bansa, na nagmula sa iba't ibang bahagi ng lungsod upang kausapin kami tungkol sa ating mga doktrina: kabilang sa mga taong iyon ay mga taga-Poland at Greece, na lubos na interesadong nagbabasa ngayon ng ating mga lathalain. Dalawang matatalino at masisigasig na binata, na mga unang bunga ng aming paglilingkod sa islang ito, ang makatutulong sa pagsusulong ng mithiin na ating kinasasangkutan; isa sa kanila ang inorden naming Elder na mahusay magsalita ng ilang wika."[3]

Hindi kailanman natupad ni Elder Snow ang pangarap niya na maglingkod sa India at malibot ang buong mundo. Sa halip, masigasig niyang sinunod ang kalooban ng Panginoon sa hindi inaasahang pananatili niya sa Malta, at sinimulan niyang itatag ang gawaing misyonero doon. Nang sa wakas ay makasakay siya ng barko noong Mayo 1852, nagpunta siya sa kanluran sa halip na magpunta sa silangan, na sinusunod ang bilin ng kanyang mga pinuno na bumalik sa Salt Lake City. Makalipas ang halos dalawang buwan, sina Elder Woodard at Obray ay nagtatag ng isang branch ng Simbahan sa Malta.[5] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 219.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Dahil natanggap natin ang kabuuan ng ebanghelyo, tayo ay nagsisilbing mga kinatawan ni Cristo.

Pinatototohanan natin sa buong mundo na alam natin, sa pamamagitan ng banal na paghahayag, maging sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Espiritu Santo, na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos, at na personal siyang nagpakita kay Joseph Smith katulad ng ginawa niya sa kanyang mga apostol noon, matapos siyang magbangon mula sa libingan, at ipinaalam niya kay Joseph [ang] mga banal na katotohanan na siyang tanging makapagliligtas sa sangkatauhan. Ito . . . ay isang napakahalaga at mabigat na tungkulin, at alam nating pananagutin tayo ng Diyos kung paano natin pinangangasiwaan ang sagradong gawaing ito na ipinagkatiwala niya sa atin.

Tulad ng pagharap ng mga sinaunang apostol sa sanlibutan, matapos nilang matanggap ang utos ng nabuhay na mag-uling Manunubos, na ipangaral ang ebanghelyo ng kaharian sa lahat ng bansa, na ipinapangako ang Kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay sa lahat ng naniwala sa kanilang salita, tayo rin ay humaharap sa sanlibutan sa gayong paraan. Gaya ng pagpapahayag nila nang buong katiyakan, dahil sa kanilang tungkulin at awtoridad, sa gitna ng pang-uusig at oposisyon, na ang ebanghelyo ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan sa lahat ng naniwala at sumunod, gayon din ang ating ipinapahayag. Gaya ng pangangaral nila ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagbibinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at pagpapatong ng mga kamay, ng mga taong binigyang-karapatan, para matanggap ang Espiritu Santo, na kinakailangan sa kaligtasan, gayon din ang ating ipinapangaral. Gaya ng sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay naging mga saksi sila ng Panginoong Jesucristo, at matatapat na tagapaghatid ng mensahe ng kanyang ebanghelyo sa lahat ng mga Gentil, sa gayon ding paraan, sa pamamagitan ng Banal na Espiritung iyon, naging mga saksi niya tayo, at dahil tinawag tayo sa banal na tungkuling iyon, gayon din ang ating ginagawa.

Sa gayon, dahil tinanggap natin ang tungkuling ito, tinatanggap natin ang lahat ng responsibilidad ng mga kinatawan ni Cristo, nananagot tayo sa ating mga ginagawa at sa paraan ng paggamit natin ng mga talento at kakayahang ipinagkaloob sa atin ng Panginoon.[6] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 219.]

---

**Ang pagiging miyembro ng Simbahan ay isang tungkulin na tulungan ang iba na makatanggap ng kaligtasan.**

Kapag tinawag ng Panginoon ang isang tao o grupo ng mga tao sa mundo, hindi ito laging para sa kapakinabangan ng tao o ng grupong iyon. Hindi lamang kaligtasan ng iilang tao na tinatawag na mga Banal sa mga Huling Araw ang mithiin ng Panginoon . . . , kundi ang kaligtasan ng lahat ng tao, ng mga buhay at mga patay. Nang tawagin ng Panginoon si Abraham may mga ipinangako Siya tungkol sa kaluwalhatiang mapapasakanya at sa kanyang mga inapo, at sa mga pangakong ito makikita natin ang kapansin-pansing pahayag na ito: na sa kanya at sa kanyang binhi lahat ng bansa ng mundo ay pagpapalain [tingnan sa Genesis 22:15–18; Abraham 2:9–11]. . . . Ang plano ng Panginoon ay pagpalain hindi lamang siya at ang kanyang mga inapo, kundi lahat ng mag-anak sa mundo. . . .

. . . Nang pumarito si Jesus, dumating Siya upang magsakripisyo hindi lamang para sa kapakanan ng Israel, o ng mga inapo nina Abraham, Isaac at Jacob, kundi para sa kapakanan ng buong sangkatauhan, upang dahil sa Kanya ay mapagpala ang lahat ng tao, upang dahil sa Kanya ay maligtas ang lahat ng tao; at ang Kanyang misyon ay ihanda ang buong mag-anak ng tao na matanggap ang mga biyaya ng walang-hanggang Ebanghelyo, hindi lamang ang Israel, tulad ng sabi ko, kundi ang buong lahi ng tao; at hindi lamang ang mga naninirahan sa mundo, kundi maging ang mga nasa daigdig ng mga espiritu. . . .

. . . Taglay natin ang Priesthood na tinaglay ni Jesus, at kailangan nating gawin ang ginawa Niya, na isakripisyo ang sarili nating mga hangarin at damdamin na tulad Niya, marahil ay hindi ang magbuwis ng buhay na tulad Niya, kundi kailangan nating magsakripisyo para isakatuparan ang mga layunin ng Diyos, dahil kung hindi natin gagawin ito hindi tayo magiging karapat-dapat

sa banal na Priesthood na ito, at magiging mga tagapagligtas ng mundo. Layon ng Diyos na gawin tayong mga tagapagligtas hindi lamang ng maraming tao na naninirahan ngayon sa mundo, kundi ng maraming nasa mundo ng mga espiritu: hindi lamang Niya tayo bibigyan ng kakayahang mailigtas ang ating sarili, kundi bibigyan Niya tayo ng higit na kakayahan na tulungang matubos ang marami sa mga anak ng Makapangyarihang Diyos.[7] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 219.]

---

## Bawat tungkulin at responsibilidad ay mahalaga sa gawain ng Panginoon.

Ang tanong ngayon ay, nauunawaan ba natin ang ating tungkulin, lubos ba nating nauunawaan ang uri ng gawaing isinasagawa natin? Kung minsan ay gusto ko nang maniwala na handa ang ilan sa ating mga kapatid, na mga Elder sa Israel, na talikuran ang mga obligasyong napasakanila nang makipagtipan sila, tila halos ubos na ang pananampalatayang dati nilang taglay, at tila nasisiyahan na sila sa pagiging miyembro lang ng Simbahan nang walang ginagawa.

Iniisip naman ng iba na dahil hindi naman sila gaanong kilala, dahil marahil . . . kakaunti ang kanilang nakakasalamuha, na hindi mahalaga kung ano ang gawin nila, o anong klaseng mga halimbawa ang ipakita nila sa kanilang mga kapatid. Subalit, kung mataas ang kanilang katungkulan, tulad ng Panguluhan ng Simbahan, o tagapayo, o kung kabilang sila sa Korum ng Labindalawa, o sila ang Pangulo ng High Council, o ng mga High Priest o Pitumpu, ituturing nilang mahalaga ang ipinapakita nilang pag-uugali. Dito ay nagpapakita sila ng malaking kahinaan o kamangmangan, lumalamlam ang kanilang ilawan o hindi nila nauunawaan kailanman ang tungkuling tinanggap nila nang taglayin nila sa kanilang sarili ang mga responsibilidad ng ebanghelyo.

Sinabihan tayo sa talinghaga ng Tagapagligtas na ang kaharian ng langit ay tulad sa isang may-ari ng bahay na ipinabahala ang kanyang mga pag-aari sa kanyang mga alipin bago siya nagpunta sa isang malayong bansa. Ang isa ay binigyan niya ng limang talento, ang isa ay dalawa, at ang isa pa ay isa. Ang tumanggap ng limang talento ay nangalakal, at kumita ng lima pang talento, kaya nadoble ang perang ipinagkatiwala sa kanya, at ginawa rin ito ng tumanggap



*"Kung ginagampanan mo ang iyong tungkulin taglay mo ang isang bagay na hindi kayang ibigay ni kunin ng mundo."*

ng dalawang talento at kumita rin ng dalawa pa. Ngunit siya na tumanggap ng isang talento, ay umalis at naghukay sa lupa, at ibinaon ang pera ng kanyang panginoon. Walang duda na inisip niyang napakaliit ng kanyang responsibilidad kaya wala siyang gaanong magagawa, at dahil dito ay hindi niya ginamit ang kaunting talento. [Tingnan sa Mateo 25:14–30.] Hindi ba ito hayagang tumutukoy sa sitwasyon ng ilan sa ating mga elder? Sabi ng isa, "Karpintero lang ako, o sastre, o baka tagabuhat lang ng semento [katulong ng ladrilyero], kaya hindi gaanong mahalaga ang ikinikilos ko, kung tapat ko mang ginagampanan o hindi ang mga tungkulin ko sa maliit kong nasasakupan. Ngunit magiging *malaki ang kaibhan* kung mayroon akong mas mabigat at mahalagang katungkulan."

Magtigil ka, kapatid; huwag kang palinlang sa gayong nakatutuksong kaisipan. Totoo na maaaring isa ka lamang tagabuhat ng

semento, pero alalahanin mo na isa kang elder sa Israel, isa kang kinatawan ng Panginoong Jesucristo, at kung ginagampanan mo ang iyong tungkulin ay taglay mo ang isang bagay na hindi kayang ibigay ni kunin ng mundo; at pananagutan mo sa Diyos ang tapat na paggamit ng talentong ipinagkatiwala sa iyo, malaki man iyon o maliit.

Muli, naiimpluwensyahan ninyo ang iba kahit paano, at napakaliit man nito ay naaapektuhan nito ang isang tao o mga tao, at mananagot kayo sa mga ibubunga ng impluwensya ninyo. Samakatwid, aminin man ninyo o hindi, may halaga kayo sa mata ng Diyos at ng tao na hindi mababalewala at hindi kayo mare-release dito kung nais ninyong patuloy na taglayin ang pangalang taglay ninyo.

At ano ang mga maaasahan ng taong iyon? Sinasabi ko na kung bibigyang-dangal niya ang kanyang tungkulin, at makikitang tapat siya sa pagtitiwalang ipinagkaloob sa kanya, malaki ang pag-asa niyang maligtas at dakilain sa kaharian ng Diyos na katulad ng sinuman. Kung nauunawaan niya ang kanyang tungkulin at namumuhay ayon dito, malaki rin ang pag-asa niya katulad ng sinumang nabuhay noong mga panahon ni amang Adan hanggang ngayon; at mahalaga rin na kumilos siya nang wasto ayon sa lugar na kanyang ginagalawan, katulad ng dapat gawin ng ibang tao, na maaaring matawag na gumanap sa mas mataas na katungkulan; o, sa madaling salita, pagkatiwalaan sila ng mas maraming talento. . . .

. . . Walang gaanong inaasahan ang Panginoon sa taong iisa lang ang talento, hindi tulad sa taong mahigit sa isa ang taglay; ngunit, ayon sa kung anong mayroon siya, iyon ang aasahan sa kanya. Samakatwid, lakasan ng lahat ang kanilang loob, at hangaring paghusayin ang mga talentong taglay nila; at yaong may isang talento ay gamitin ito at huwag itong ibaon sa lupa; ibig sabihin, hayaang mapaunlad ng taong may kaunting kakayahan ang kanyang sarili, at huwag magreklamo na naging malupit sa kanya ang kapalaran hindi tulad sa kanyang mas mapalad na kapatid. Makuntento tayong lahat sa sitwasyon natin sa buhay, at kung hindi man ito lubhang kanais-nais na tulad ng gusto natin, dapat tayong maging masigasig na paunlarin ito, na laging nagpapasalamat na naririto tayo sa lupa, at lalo na sa Espiritu ng Diyos na natanggap natin dahil sa pagsunod sa Ebanghelyo. . . .

Naaalala ko na may nabasa akong isang kuwento . . . tungkol sa isang lalaking nakilala nang husto, dahil sa kanyang karunungan at pagkamakabayan, ngunit dahil sa inggit ay inilipat siya sa isang katungkulan na itinuturing na napakababa. Nang ginagawa na niya ang kanyang mga tungkulin dito, ganito raw ang makabuluhan niyang sinabi: "Kung hindi nagbibigay-dangal sa akin ang katungkulang ito, bibigyang-dangal ko ito." Maraming hirap ang maiiwasan, at mas makapagbibigay ng pag-asa ang ating kundisyon at sitwasyon kung bibigyang-dangal nating lahat ang katungkulang ibinigay sa atin. Sinabi sa atin na ang Panginoon mismo ay gumawa ng mga damit para sa una nating mga magulang, o, sa madaling salita, sa pagkakataong iyon, isa siyang sastre; at si Jesucristo ay isa ring karpintero. Ngayon, malamang naging kagalang-galang at tapat na karpintero ang Tagapagligtas, dahil kung hindi, hindi na sana napasakanya ang katungkulang ginampanan niya kalaunan. Kung maipapakita natin sa mga kapatid na lalaki at babae ang kahalagahan ng pagkilos nang tapat sa kani-kanilang tungkulin, marami sa mga pagkayamot at problemang nararanasan natin ngayon ang maiiwasan, at ang gawain ng Diyos ay magpapatuloy nang mas mabilis, at lahat ng kanyang layunin ay mas mabilis na maisasakatuparan; at bukod pa rito, bilang Kanyang mga tao, magiging mas handa tayo para sa paghahayag ng kanyang kalooban. . . .

Nawa'y pagpalain kayo ng Diyos, mga kapatid ko, at bigyan kayo ng kakayahang kumilos palagi bilang matatalinong tagapamahala sa mga bagay na ipinagkatiwala sa inyo.[8] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 220.]

---

### Kapag pinaglingkuran natin ang Diyos nang may pananampalataya, sigasig, at saya, palalakasin Niya tayo at tutulungan tayong magtagumpay.

Sinasabi ko, hayaang maglingkod nang tapat at masigasig ang mga tao, at maging masaya. . . . May mga pagkakataon na napupunta ang mga tao sa mga kalagayan na napakahirap, kung hindi man imposible, upang maging masaya. Ngunit bihira lang ang gayong mga pagkakataon.[9]

Batid na totoo ang ating relihiyon dapat tayong maging pinakatapat na mga tao sa balat ng lupa sa mithiing ating tinanggap.

Batid ang dapat nating gawin, o dapat malaman, na ipinapangako ng ebanghelyong natanggap natin ang lahat ng maaaring naisin o hangarin ng ating puso, kung tayo ay tapat, dapat tayong maging napakatapat, puno ng debosyon, masigasig at determinado na isakatuparan ang mga plano at nais ng Panginoon na inihahayag Niya sa pana-panahon sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod. Hindi tayo dapat maging matamlay o pabaya sa pagganap sa ating mga tungkulin, kundi buong kakayahan, lakas at kaluluwa nating unawain ang diwa ng ating tungkulin at ang uri ng gawaing ating ginagawa.

Noong narito pa sa lupa si Jesus, iniutos niya sa Kanyang mga disipulo na humayo at ipangaral ang ebanghelyo nang walang supot o salapi, na hindi iniisip kung ano ang kanilang kakainin, o iinumin, o kung ano ang kanilang isusuot; kundi humayo at magpatotoo lamang tungkol sa mga bagay na inihayag sa kanila. Sa paggawa nito nakamtan nila ang mga pagpapala ng Makapangyarihang Diyos, at nagtagumpay sila sa lahat ng kanilang pagsisikap. Talagang nakatakdang magtagumpay sila; walang kapangyarihang naging balakid at hadlang sa kanila para matamo ang pinakamalaking tagumpay dahil humayo sila sa lakas ng Makapangyarihang Diyos para isagawa ang Kanyang kalooban, at gawain Niyang suportahan sila at tulungan at ibigay ang lahat ng kailangan nila para magtagumpay. Sa pagsunod sa mga utos ng Panginoon nakamit nila ang mga pagpapala sa buhay na may pribilehiyong magbangon sa umaga ng unang pagkabuhay na mag-uli, at tiniyak sa kanila na dahil sa kanilang mga pagsisikap ay walang kapangyarihan sa lupa na makahahadlang sa kanila. Ito ang uri ng mga posibilidad na gugustuhin ko kung ako ang nasa kalagayan nila, o sa iba pang kalagayan, sapagkat sa taong nag-iisip ang pagtatagumpay sa huli sa anumang gawain ay lubhang kasiya-siya.

Ngayon kung ang mga apostol, sa halip na gawin ang iniutos sa kanila, ay nag-akalang maisasakatuparan nila ang layunin ding iyon sa pamamagitan ng paggawa ng ibang bagay, hindi sana sila nagtagumpay nang husto sa kanilang mga gawain, ni hindi sana sila nagkaroon ng katiyakan na magtagumpay na walang dudang pinagmumulan ng kanilang patuloy na tuwa at kasiyahan, maging sa harap ng lahat ng pagsubok at pang-uusig.

. . . Kung inakala ng mga apostol o pitumpu noong mga panahon ni Jesus na matutupad nila ang mga misyon na ibinigay sa kanila sa paggawa ng isang arka tulad ng ginawa ni Noe, o pagtatayo ng kamalig at pag-iimbak ng mga butil tulad ng ginawa ni Jose nagkamali sana sila.

Si Jose sa lupain ng Egipto ay tinawag upang isagawa ang isang partikular na uri ng mga tungkulin, na iniutos sa kanya. Hindi siya tinawag upang ipangaral ang ebanghelyo nang walang supot o salapi; kundi upang magtayo ng mga kamalig, at gamitin ang lahat ng kanyang impluwensya sa Hari, sa mararangal na tao at mga taga-Egipto upang mag-imbak ng kanilang butil para sa panahon ng taggutom. . . . Ngayon kung si Jose ay nagtrabaho at gumawa ng isang arka, hindi sana siya sinuportahan ng Panginoon, ni hindi niya sana nailigtas ang mga taga-Egipto ni ang sambahayan ng kanyang ama. Nang utusan si Noe na gumawa ng arka, ngunit kung sa halip ay nagtayo siya ng mga kamalig, siya at ang kanyang sambahayan ay hindi sana nakaligtas. Kaya tayo, kapag may mga tungkuling ipinagagawa sa atin, . . . anuman ang kailangan nating gawin sa loob ng hangganan ng kaharian ng Makapangyarihang Diyos, kailangan tayong kumilos ayon sa mga tungkuling ito at gampanan ang mga ito kung nais nating matamo ang kapangyarihan at impluwensya ng ating Diyos.[10] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 220.]

---

**Kung minsan ay mahirap ang gawain ng Panginoon, ngunit naghahatid ito ng malaking kagalakan.**

Dumaranas tayo ng maraming bagay na kaakibat ng gawaing ito na hindi nakasisiya, ngunit may malaking kasiyahang kaugnay nito. Kapag naaalala natin ang ating determinasyong ilaan ang ating sarili sa mithiin ng katotohanan at tuparin ang ating mga tipan, lubos tayong nagagalak, dahil ang diwa ng ating tungkulin ay napakahalaga sa atin, at kung hindi dahil sa diwang ito hindi tayo makaaagapay sa kaharian ng Diyos.[11]

Dapat nating panibaguhin ang ating mga tipan sa harap ng Diyos at ng mga banal na anghel, na, dahil palaging tumutulong sa atin ang Diyos, ay higit pa natin siyang paglilingkuran nang tapat sa darating na mga taon kaysa noon, upang ang ating buhay sa harap ng tao at sa pribado, ang ating mga kilos at diwa at impluwensya

ay manatiling akma sa sawikaing, "Kung hindi rin lang para sa Kaharian ng Diyos, huwag na lang." Tiwala ako . . . na maaari nating ilaan nang buung-buo ang ating sarili sa paglilingkod sa ating Diyos sa pagtatatag ng kanyang Sion sa lupa, na masigasig na gumagawa para sa layunin ng katotohanan at kabutihan sa lupa, hanggang sa magalak tayong gawin ito, nang maging ugali na natin ang maglingkod sa Diyos at sundin ang kanyang mga utos, at sundin ang batas ng kahariang selestiyal, at magalak tayo nang husto sa Banal na Espiritung nasa ating puso upang madaig natin ang mundo at maikintal ang batas ng kahariang selestiyal sa ating isipan at makagawian natin ito; upang maunawaan natin ang ating sarili at ang ating mga pribilehiyo nang sa gayon matamo natin ang mga pagpapala sa buhay na ito na may kaugnayan sa batas ng kahariang selestiyal, na matatamasa sa kaluwalhatiang selestiyal.[12] [Tingnan sa mungkahi 6 sa pahina 220.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Repasuhin ang salaysay sa mga pahina 209–210. Anong mga salita ang gagamitin ninyo upang ilarawan ang saloobin ni Lorenzo Snow tungkol sa paglilingkod sa Panginoon? Isipin kung ano ang magagawa ninyo para masunod ang kanyang halimbawa.

2. Pag-isipan ang bahaging nagsisimula sa pahina 211. Bakit sa palagay ninyo gayon kabigat ang mga responsibilidad ng mga miyembro ng Simbahan? Ano ang kahulugan sa inyo ng pagiging kinatawan ni Cristo?

3. Itinuro ni Pangulong Snow na ang ating mga tungkulin sa Simbahan ay mga pagkakataong "tumulong sa pagtubos" sa mga anak ng Diyos (mga pahina 212–213). Paano makakaapekto ang pag-unawang ito sa paraan ng paglilingkod natin sa Simbahan?

4. Sinabi ni Pangulong Snow na dapat tayong maglingkod nang masigasig, gaano man kaliit ang ating responsibilidad (mga pahina "213–216). Kailan kayo nakakita na binigyang-dangal ng isang tao ang isang tila maliit na tungkulin o gawain?
5. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 216. Sa anong mga paraan naiimpluwensyahan ng pananampalataya, sigasig, at pagiging masaya ang ating paglilingkod?
6. Basahin ang huling bahagi sa kabanata (mga pahina 218–219). Kailan ninyo naranasan ang kagalakan sa paglilingkod sa kaharian ng Panginoon? Paano tayo masisiyahan sa ating paglilingkod kahit hindi madali ang mga iniatas sa atin? Ano ang magagawa natin para matulungan ang mga bata at kabataan na tapat na maglingkod sa Panginoon?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Awit 100:2; I Mga Taga Corinto 12:12–31; Jacob 1:6–7; 2:3; Mosias 4:26–27; D at T 64:33–34; 72:3; 76:5–6; 107:99–100; 121:34–36

*Tulong sa Pagtuturo:* "Makinig nang taos sa puso sa mga puna ng mga mag-aaral. Mahihikayat sila ng inyong halimbawa na makinig [na] mabuti sa isa't isa. Kung hindi ninyo nauunawaan ang pahayag ng isa, magtanong. Maaari ninyong sabihing, 'Hindi ko gaanong naunawaan. Maaari bang ipaliwanag mo iyon muli?' o 'Maaari bang bigyan mo ako ng halimbawa ng ibig mong sabihin?'" ( *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 80).

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa Brigham Young, Heber C. Kimball, at Willard Richards, "Sixth General Epistle of the Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," *Millennial Star,* Ene. 15, 1852, 25.
2. Tingnan sa "Address to the Saints in Great Britain," *Millennial Star,* Dis. 1, 1851, 365.
3. "The Gospel in Malta," *Millennial Star,* Abr. 24, 1852, 141–42.
4. "The Malta Mission," *Millennial Star,* Hunyo 5, 1852, 236.
5. Tingnan sa Jabez Woodard, "Italian Correspondence," *Millennial Star,* Set. 18, 1852, 476.
6. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ene. 23, 1877, 1.
7. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ene. 23, 1883, 1.
8. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ene. 23, 1877, 1.
9. *Deseret Semi-Weekly News,* Mar. 30, 1897, 1.
10. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mar. 31, 1868, 2.
11. *Millennial Star,* Okt. 29, 1888, 690.
12. Sa Conference Report, Abr. 1880, 81.


# "Upang Tayo ay Maging Isa"

*"Tinawag tayo ng tinig ng Makapangyarihang Diyos mula sa gitna ng kalituhan . . . upang bumuo ng isang grupo at magandang kapatiran, kung saan dapat nating mahalin ang isa't isa tulad ng pagmamahal natin sa ating sarili."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Bago pinalayas ang mga Banal sa Nauvoo, nagpulong sa templo ang namumunong mga Kapatid ng Simbahan. Nakipagtipan sila na "hinding-hindi [nila] ititigil ang [kanilang] mga pagsusumikap, gamit ang lahat ng paraan at impluwensya sa abot ng [kanilang] makakaya, hanggang sa ang lahat ng mga Banal na pinaalis sa Nauvoo ay maihanap ng lugar kung saan magkakatipun-tipon ang mga Banal."[1] Determinadong tuparin ang tipang ito, itinatag ni Pangulong Brigham Young ang Perpetual Emigrating Fund noong 1849. Sa programang ito, pinautang ng Simbahan ang nandarayuhang mga Banal sa kasunduang babayaran ng mga tao ang kanilang mga utang pagdating nila sa Utah at kapag nagkatrabaho sila.

Inutusan ni Pangulong Young si Elder Lorenzo Snow at ang iba pa na mangalap ng pondo para dito. Mahirap para kay Elder Snow na hingan ng donasyon ang mga Banal—sila mismo ay maralita, dahil napilitan silang magpalipat-lipat ng lugar bago nakapanirahan sa Salt Lake Valley. Isinulat niya sa kanyang journal: "Sa pagtupad sa misyon ng paghingi ng donasyon mula sa mga Banal na naglakbay nang mahigit isang libong milya, matapos silang pagnakawan at looban [ng mga mang-uusig], at mailagay sa isang tuyot at mapanglaw na lugar sa malaking 'Disyerto ng Amerika,' naging bahagi ako ng isang mahirap na gawain. Dahil iilan lang ang hindi naghihirap, kapos sa kabuhayan ang mga tao, o wala talaga silang maibigay." Gayunman, saanman magpunta si Elder Snow, ibinigay ng mga tao



*Bago nilisan ng mga Banal ang Nauvoo, nakipagtipan ang mga lider ng priesthood na tutulungan ang mga Banal na gustong sumama sa pandarayuhan.*

ang lahat ng makakaya nilang ibigay. Iniulat niya: "Ang mga pagsisikap at kahandaan, na makikita saanman, na makakuha ng kahit kaunti sa kakarampot nilang pera—ang damdamin ng kabaitan at kadakilaan ng kaluluwa, na nakita ko sa kabila ng kahirapan, ang malugod na pagbating natanggap ko kahit sa kanilang karukhaan, ay nagdulot ng malaking kagalakan sa puso ko. Iginiit ng isang lalaki na kunin ko ang kaisa-isa niyang baka, dahil iniligtas daw siya ng Panginoon, at pinagpala siyang makaalis sa bayang sinilangan at makapunta sa isang payapang lupain; at sa pagbibigay ng kaisa-isa niyang baka, naisip niya na ginagawa lang niya ang tungkulin niya, at ang inaasahan niyang gagawin ng iba, kung nabaligtad ang sitwasyon."

Matapos mangolekta ng mga donasyon sa hilagang Utah, sinabi ni Elder Snow, "Tapat ang puso ng mga Banal, at, sa kabila ng kanilang kalagayan, nagbigay sila nang bukas-palad at sagana, at kitang-kita ang kasiyahan nila sa paggawa nito."[2]

Bagama't kakaunti ang maibibigay ng mga tao, pinagpala ng sama-sama nilang pagsisikap ang maraming buhay. Ang Perpetual Emigrating Fund ay lumawak nang higit pa sa orihinal nitong layunin, na tinutulungan hindi lamang ang mga miyembro ng Simbahan na nasa Nauvoo. Nagpatuloy ito sa loob ng 38 taon, na tinutulungan ang libu-libong nabinyagan mula sa maraming lupain na matipong kasama ng kapwa nila mga Banal. [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 230.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

---

### Kapag nagkakaisa tayo sa ebanghelyo, ipinapakita ng Panginoon sa mundo ang Kanyang katangian sa pamamagitan natin.

Idinalangin ni Jesus sa kanyang Ama na yaong mga ibinigay niya sa kanya sa mundo ay maging isa na tulad nila ng Ama, at sinabi niya, idinadalangin ko na mahalin ninyo sila na katulad ng pagmamahal ninyo sa akin, nang ako ay mapasakanila at sila sa akin, upang lahat ay maging isa. May isang bagay na napakahalaga rito, at kailangang sanayin natin ang ating sarili hanggang sa maging katulad tayo ng Ama at ng Anak, na nagkakaisa sa lahat ng bagay.[3]

Mula sa mga talatang binasa ko [Juan 17:19–21] ang kahalagahan at pangangailangan ng mga Apostol na magkaisa ay ipinakita, upang ang mga layunin ng Panginoon ay mangyari sa mundo. Dahil kung hindi nagkakaisa ang mga Apostol at ang mga taong naniniwala sa kanila, hindi maniniwala ang mundo sa misyon at mga layunin ng Tagapagligtas. Samakatwid nanalangin si Jesus sa Ama na lahat ng ibinigay sa Kanya ng Ama ay maging isa na tulad Niya at ng Ama, upang maniwala ang mundo na isinugo Siya ng Ama. Sa katunayan ito ang plano ng Panginoon na mangyari sa pamamagitan ng Israel sa paglalabas sa kanila mula sa pagkaalipin sa Egipto; gusto Niyang gawin silang nagkakaisang lahi, isang bansang banal, isang bansa ng mga taong ikararangal at igagalang ng Diyos upang maniwala ang mundo, at matanggap nila ang mga pagpapalang nais Niyang ipagkaloob sa kanila, yamang ang sangkatuhan ay anak lahat ng Diyos; at kung nasunod ng Israel ang mga ipinagagawa Niya, tiyak na makikinabang nang malaki ang mundo, at ang mga layunin ng Diyos ay higit na maipatutupad. Nais ng Panginoon na ipakita ang Kanyang katangian, at ang katangian ng kalangitan, at nais niyang ipakita ang Kanyang pagmamahal at mga pagpapala sa buong sangkatauhan sa pamamagitan ng Israel; ngunit ang Israel ay suwail at ayaw dinggin ang Kanyang tinig. . . .

Kung hiwa-hiwalay tayo; kung hindi tayo nagkakaisa sa espirituwal o sa temporal, kailanman ay hindi mangyayari sa atin ang nais ng Diyos na kahinatnan natin, ni hindi tayo magiging mga kasangkapan sa Kanyang mga kamay para mapaniwala ang mundo na naipanumbalik na ang banal na Priesthood, at nasa atin ang walanghanggang Ebanghelyo. Upang maipatupad natin ang mga layunin ng Diyos dapat nating gawin ang ginawa ni Jesus—iayon ang ating sariling kalooban sa kalooban ng Diyos, hindi lamang sa isang bagay, kundi sa lahat ng bagay, at mamuhay sa paraan na sumasaatin ang kalooban ng Diyos.[4] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 230.]

---

## Ang pagkakaisa ay mahalaga sa Simbahan at sa ating pamilya.

Dapat tayong magkaroon ng higit na pagkakaisa kaysa sa nakikita natin ngayon. Lubos na nagkakaisa ang korum ng Labindalawa. Hindi ba dapat lang na lubos na nagkakaisa ang korum na iyon?

Tiyak na sasabihin ng lahat na Oo, dapat lang na lubos na nagkakaisa ang korum ng Labindalawang Apostol. . . . At may lubos ding pagkakaisa sa Unang Panguluhan, at dapat lang, di ba? Sasabihin ng lahat, oo naman, dapat lang. At hindi ba dapat lang na lubos na nagkakaisa ang pitong pangulo ng mga Pitumpu? Siguradong dapat ay nagkakaisa sila; sinasabi nating lahat na Oo. Hindi ba dapat lang na lubos na nagkakaisa ang mga High Council ng iba't ibang Stake ng Sion? Talagang dapat na nagkakaisa sila, at may paraan para maisakatuparan ang pagkakaisang iyan. At gayundin sa iba pang mga organisasyon at korum. Hindi ba dapat lang na lubos na nagkakaisa ang mga panguluhan ng mga Stake? Walang duda, at kung pangulo ako ng isang Stake, hindi ako mapapakali gabi't araw hangga't hindi kami nagkakaisa ng mga tagapayo ko. Hindi ba dapat lang na nagkakaisa ang Bishop at ang kanyang mga Tagapayo? Siguradong dapat na nagkakaisa sila.

Kung gayon, ano ang mas mahalaga? Hindi ba dapat lang na nagkakaisa ang pamilya? . . . Siguradong dapat na nagkakaisa sila. At bakit hindi dapat mapanatag ang sinumang lalaki, ang sinumang asawa at ama ng isang pamilya hangga't hindi siya nakalilikha ng lubos na pagkakaisa, ibig sabihin, hangga't hindi nakakamtan ang lubos na pagkakaisa? At sa bagay na ito dapat gawing perpekto ng ama ang kanyang sarili sa abot ng makakaya ng isang lalaki sa buhay na ito sa harap ng kanyang pamilya. At dapat gawing perpekto ng ina ang kanyang sarili sa abot ng makakaya ng isang babae sa buhay na ito. Pagkatapos ay handa na nilang gawing perpekto ang kanilang mga anak kapag handa na ang mga ito at kaya nang maging perpekto. At dapat mag-ingat nang husto ang ama at ang ina. Hindi kailanman dapat magsalita nang walang paggalang ang babae sa kanyang asawa sa harapan ng kanyang mga anak. Kung sa tingin niya ay nakagawa ng pagkakamali ang kanyang asawa (maaaring nakagawa), hindi niya ito dapat banggitin sa harapan ng kanyang mga anak kailanman. Dapat wala sa harapan nila ang kanilang mga anak at doon lamang sabihin ang kanyang mga pagkakamali, sa mahinahong paraan, ngunit hindi siya dapat magsalita nang walang paggalang sa asawa sa harapan ng mga anak kailanman. At gayundin ang ama. Wala siyang karapatang magsalita nang walang paggalang sa kanyang asawa sa harapan ng mga anak

nito. At dalangin ko sa Diyos na bigyan ng lakas at pang-unawa ang mag-asawa na itama ang kanilang sarili sa gayong mga bagay. Alam ko na ang maraming problemang lumalabas ngayon, at ang kawalang-galang ng mga kabataan sa priesthood, ay nagmumula sa katotohanang ito, na may mga problema sa tahanan, at nakikita nila ang kawalang-galang ng ina sa ama, o ng ama sa ina. Ngayon alam ko na totoo ang mga bagay na ito.[5] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 231.]

---

**Nagkakaisa tayo kapag nagtutulungan tayong matamo ang kapayapaan at kaligayahan.**

Madalas nating pag-usapan ang alituntunin ng pagmamahal sa ating kapwa na katulad ng pagmamahal natin sa ating sarili; pinag-uusapan natin ito at kung minsan ay pinag-iisipan natin, ngunit gaano ba talaga natin isinasadiwa ang mga bagay na ito, at nauunawaan na ang problema ay nasa ating sarili? Dapat nating unawain na kailangan nating kumilos ayon sa ilang alituntunin para magkaisa tayo bilang isang lahi, magkaisa ang ating mga damdamin nang tayo ay maging isa, at hinding-hindi ito maisasakatuparan maliban kung maisagawa ang ilang bagay, at ang mga bagay na kailangan nating pagsumikapan.

Ano ang sisikapin ninyong gawin para magkaisa kayo? Ano ang sisikaping gawin ng isang tao para magkaisa sila ng kanyang kapwa? Kung magkasama ang dalawang lalaking hindi pa magkakilala, ano ang sisikapin nilang gawin para maging magkaibigan, maging malapit at mapamahal sa isa't isa? Kailangang mayroong gawin, at hindi lamang isa ang gagawa, kundi silang dalawa ang dapat gumawa. Hindi maaaring isa lang sa kanila ang gagawa; hindi maaaring isa lang ang may gayong damdamin at siya lang ang gagawa, kundi para magkaisa sila sa kaisipan at damdamin—pareho silang kailangang kumilos. . . .

. . . May kailangang gawin ang [bawat] isa para mapatatag ang pagkakaibigan at magkaisa tayo bilang komunidad. . . .

. . . Lawakan ang inyong isipan upang maunawaan at magkaroon ng malasakit sa kapakanan ng inyong mga kaibigan na nakapaligid sa inyo, at gawin ninyo ang anumang bagay na kaya ninyong gawin



*"Hindi ba dapat lang na nagkakaisa ang pamilya? . . . Siguradong dapat na nagkakaisa sila."*

para sa kapakanan ng inyong mga kaibigan, at makikita ninyo na ang mga bagay na kailangan ninyo ay mas mabilis na mapapasakamay ninyo kaysa kung sisikapin ninyong matamo ito para sa inyong sarili nang hindi iniisip ang kapakanan ng inyong mga kaibigan. Alam kong ito ay isang mabuti at mahalagang alituntunin. . . .

. . . Kailangan nating malaman na tungkulin nating tiyakin ang kapayapaan at kaligayahan ng mga taong nasa paligid natin, at huwag yapakan kailanman ang damdamin at mga karapatan ng ating kapwa. Kung halimbawang tinapakan ng isang tao ang mga karapatan ng isang kapatid, gaano kaya kabilis niyang masisira ang tiwalang umiral noon sa kanila? At kapag nasira na, gaano katagal kaya niya maibabalik ang dati nilang pagtitiwala sa isa't isa? Tiyak na magtatagal. Ito ang dapat nating pagtuunan ng pansin; nadarama ko ito; sa lahat ng ating iniisip, sa lahat ng ating ikinikilos at sa ating lihim na pagmumuni-muni nais nating pag-isipan ang kapakanan ng lahat ng tao sa paligid; at isaisip na may mga karapatan at pribilehiyo silang katulad natin; dapat natin itong ikintal sa ating isipan.

Ngayon mag-isip ka ng isang taong patuloy na nagmamalasakit sa kapakanan ng mga tao sa kanyang paligid, at hayaang hangarin niya ang mga pagpapalang ilalaan para sa lahat ng bagay na pag-aari ng kanyang mga kapatid, at liligaya siya at ang mga tao sa paligid niya sa ganitong paraan. Masdan naman ang isang taong ginawa ang salungat dito at sa halip na tulungan ang iba at hangarin ang kanilang kapakanan, naghahanap siya ng mali at sinisiraan sila, magiging masaya rin kaya siya? Tiyak na hindi.

. . . Kung sa ating palagay ay tungkulin nating magsumikap pa kaysa rati upang matamo ang tiwala ng iba, magpapatuloy tayo kung kaya nating magdulot ng temporal na mga pagpapala at kabutihan para mapanatili ang pagkakaibigan sa mga nakapaligid sa atin. Sa ganitong paraan lamang tayo maaaring magkaisa at maipapakita natin na tayo ay mabait at mapagmalasakit.—Dapat nating ipakita ang damdaming ito sa pamamagitan ng ating mga gawa . . . sa halip na kamayan ang isang tao at sabihing pagpalain ka ng Diyos, kaibigan, at kinabukasan ay kaligtaan na ang sinabi natin at sinaktan ang kanyang damdamin.[6]

Kapag hindi handang magsakripisyo ang isang tao para sa kapakanan ng kanyang mga kapatid, at kapag alam niya na sinasaktan niya ang damdamin nila, . . . hindi tama ang taong iyon sa harapan ng Panginoon, at nasaan ang pagmamahal ng taong iyon sa kanyang kapatid?

Kapag hindi handang magdusa ang isang tao para sa kanyang kapatid, paano niya maipapakita na mahal niya ang kanyang kapatid? Sinasabi ko sa inyo na kahangalan at kahinaan natin na hindi tayo maging mapagparaya sa ating mga kapatid, ngunit kung pinakikialaman nila ang ating karapatan agad tayong gumaganti, at kung tinatapakan nila ang mga daliri ng ating paa agad din nating tinatapakan ang sa kanila. . . . Kapag nakita kong nasaktan ang isang kapatid, at bumalik siya at gumanti sa nanakit sa kanya, masasabi kong napakalayo na ng kapatid na iyon sa landas ng tungkulin, at sinasabi ko sa kanya na dapat kang matutong magpigil sa sarili dahil kung hindi ay hindi ka maliligtas sa kaharian ng Diyos kailanman.[7]

Babasahin ko ang ilang talata sa Aklat na Doktrina at mga Tipan:

"Ang aking mga disipulo, noong unang panahon, ay naghangad ng masama laban sa isa't isa at hindi nila pinatawad ang isa't isa sa kanilang mga puso, at dahil sa kasamaang ito sila ay pinahirapan at labis na pinarusahan.

"Dahil dito, sinasabi ko sa inyo, na nararapat ninyong patawarin ang isa't isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan." [D at T 64:8–9.] . . .

Habang binabasa ko ito, may isang bagay na hindi isinagawa ng mga disipulo ng Tagapagligtas—hindi sila nagtagumpay sa pagkakaroon ng pagkakaisa ng diwa at damdaming dapat sana nilang taglayin, at pinarusahan sila ng Panginoon dahil dito. Sinabihan ng Panginoon ang mga tao na dapat nilang patawarin ang isa't isa, hanggang sa makapitongpung pito. At kahit hindi humingi ng tawad ang kabilang panig, dapat tayong magpatawad. . . . Siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid, sabi sa atin, ay mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan—ibig sabihin, mas makasalanan siya kaysa sa taong nagkasala sa kanya. Sinabihan tayo ng Panginoon na mahalin ang ating kapwa tulad sa ating sarili—medyo mahirap kung tutuusin; ngunit kailangan nating marating ang kasakdalang iyon, at mararating natin iyon.[8] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 231.]

---

### Kapag nagkaisa tayo sa ebanghelyo, nag-iibayo ang ating liwanag at talino at naghahanda tayong manirahan sa piling ng Diyos.

Dapat tayong sama-samang magkaisa at kumilos na gaya nina David at Jonathan na iisa ang puso [tingnan sa I Samuel 18:1], at kalaunan mas gugustuhin pa nating putulin ang ating bisig mula sa ating katawan kaysa saktan ang isa't isa. Magiging makapangyarihang lahi tayo kung ganito ang kalagayan natin, at kailangang matamo natin iyan, kahit gaano kaliit ang kagustuhan nating makipagkaibigan sa ngayon. Ang masasabi ko lang sa inyo ay darating ang panahon na dapat tayong magkaisa sa ganitong paraan kung gusto nating makapiling ang Diyos. Kailangan nating matutong mahalin ang ating kapwa tulad ng pagmamahal natin sa ating sarili.

Kailangan nating gawin ito, kahit hindi pa natin ito nagagawa sa ngayon, ngunit magkagayunman, dapat nating matutuhan at maisapuso ang mga alituntuning ito. Ngayon ito ang malinaw kong nauunawaan, at iyan ang dahilan kaya ko binabanggit ang mga bagay na ito sa paraang ito, dahil nais kong itanim ang mga ito sa isipan ng mga Banal, at madama nila ang mga bagay na ito sa araw-araw.[9]

Tinawag tayo ng tinig ng Makapangyarihang Diyos mula sa gitna ng kalituhan, na siyang Babilonia, upang bumuo ng isang grupo at magandang kapatiran, kung saan dapat nating mahalin ang isa't isa tulad ng pagmamahal natin sa ating sarili. Kapag lumihis tayo sa layuning ito, umaalis ang Espiritu ng Diyos ayon sa ating paglihis. Ngunit kung patuloy nating tutuparin ang mga tipang ginawa natin nang tanggapin natin ang Ebanghelyo, may kaukulang pag-iibayo ng liwanag at talino, at mabisang paghahanda para sa darating. At dahil sa ating katapatan at pagtupad sa mga tipang ginawa natin, ang pundasyong kinatatayuan natin ay nagiging parang mga haligi ng langit—hindi natitinag.[10] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 231.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Repasuhin ang karanasan ni Lorenzo Snow sa Perpetual Emigrating Fund (mga pahina 221–223). Sa Simbahan ngayon, ano ang mga pagkakataon nating magbigay ng pera o mga bagay para matulungan ang iba? Sa anong mga paraan makatutulong ang mga pagsisikap na ito para tayo maging isa?
2. Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Snow kung bakit nais ng Panginoon na magkaisa tayo (mga pahina 223–224). Sa palagay ninyo, bakit mas malamang na magkaroon ng patotoo ang ibang tao sa Panginoon at sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan kapag nakita nila na nagkakaisa tayo? Paano maaaring magbago ang kanilang damdamin kung makita nila na hindi tayo nagkakaisa?

3. Suriin ang bahaging nagsisimula sa bandang ilalim ng pahina 224. Paano naaangkop ang payong ito sa ating mga tahanan? Pag-isipan kung ano ang magagawa ninyo na maghihikayat ng higit na pagkakaisa sa inyong pamilya.
4. Paano tayo magkakaisa sa ating Relief Society o priesthood quorum, kahit iba-iba ang ating mga interes at ideya? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 226–229.) Sa anong mga paraan kayo nakinabang sa pagkakaisa sa inyong pamilya? sa Simbahan? sa komunidad?
5. Sa palagay ninyo bakit tayo magiging "makapangyarihang mga tao" kung nagmamahalan tayo? Paano naiimpluwensyahan ng pagmamahal sa ating kapwa ang ating pamumuhay? Habang pinagninilayan o tinatalakay ninyo ang mga tanong na ito, repasuhin ang huling dalawang talata sa kabanata (mga pahina 229–230).

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Awit 133; Juan 13:34–35; Mga Taga Roma 12:5; Mosias 18:21; 4 Nephi 1:15–17; D at T 51:9; Moises 7:18

*Tulong sa Pagtuturo:* "Ang pinakamataas, nanghihikayat, nagpapabalik-loob na kapangyarihan ng pagtuturo ng ebanghelyo ay nakikita kapag ang isang binigyang-inspirasyong guro ay nagsasabing, 'Nalalaman ko sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng paghahayag ng Banal na Espiritu sa aking kaluluwa, na ang mga doktrinang itinuturo ko ay totoo'" (Bruce R. McConkie, sinipi sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 53).

## *Mga Tala*

1. Sinipi sa Brigham Young, Heber C. Kimball, at Willard Richards, "Important from Salt Lake City," *Millennial Star,* Abr. 15, 1850, 120; tingnan din sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 107.
2. Sa *Biography and Family Record of Lorenzo Snow,* 108.
3. *Deseret News,* Ene. 14, 1857, 355.
4. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ene. 23, 1883, 1.
5. Sa Conference Report, Okt. 1897, 32–33.
6. *Deseret News,* Mar. 11, 1857, 3–4; sa orihinal na pinagmulan, ang pahina 3 ay nalagyan ng maling pahina 419.
7. *Deseret News,* Ene. 14, 1857, 355.
8. Sa Conference Report, Abr. 1898, 61, 63.
9. *Deseret News,* Mar. 11, 1857, 4.
10. *Deseret Semi-Weekly News,* Hunyo 4, 1889, 4.



*Isang makabagong retrato ng Piedmont sa Italy, kung saan naglingkod si Elder Lorenzo Snow bilang misyonero noong mga unang taon ng 1850s.*

# Priesthood—"para sa Kaligtasan ng Mag-anak ng Tao"

*"Ang priesthood na ating taglay ay inihayag para sa kaligtasan ng mag-anak ng tao. Dapat nating pag-isipang mabuti kung paano ito gagamitin."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Si Elder Lorenzo Snow ay inorden bilang Apostol noong Pebrero 12, 1849. Pagkaraan ng walong buwan ay tinawag siyang magtatag ng isang misyon sa Italy. Kasama ang ibang mga kapatid na tinawag na maglingkod, lumisan siya para sa misyong ito noong Oktubre 19, 1849. Siya at ang kanyang mga kasama ay naglakbay nang matagal na naglalakad, nakasakay sa kabayo, at nakasakay sa barko.

Pagdating sa Italy noong Hunyo 1850, nalaman niya at ng kanyang mga kasama na ang mga tao sa malalaking lungsod sa Italy ay hindi pa handang tanggapin ang ebanghelyo. Ngunit napansin niya ang mga taong kilala bilang mga Waldenses, at nagkaroon siya ng inspirasyong ituro ang ebanghelyo sa kanila. Ang mga Waldenses ay ilang siglo nang nakatira sa tagong bayan ng Piedmont—isang lambak sa bundok sa timog lang ng hangganan ng Italy at Switzerland at sa silangan ng hangganan ng Italy at France. Nang mabuo ang kanilang samahan dahil sa hangaring pagbabago sa relihiyon, tapat nilang pinag-aralan ang Biblia at sinunod ang halimbawa ng mga Apostol ng Tagapagligtas.

Sinabi ni Elder Snow na nang pag-isipan niyang ipangaral ang ebanghelyo sa mga Waldenses, "nagliwanag ang aking isipan."[1] Ngunit sa kabila ng mga pagtiyak na ito, nadama niya na hindi mainam na simulan kaagad ang aktibong gawaing misyonero dahil namahagi ng mga lathalain ang mga kaaway ng Simbahan sa mga tao, na nagpapalaganap ng mga kasinungalingan tungkol sa

Simbahan.[2] Iniulat ni Elder Snow, "Nang madama ko na nais ng Espiritu na dapat kaming magpatuloy na mangaral, nang dahan-dahan at maingat, sumunod ako sa kalooban ng langit."[3]

Kahit hindi kaagad nagsimulang mangaral ang mga misyonero, pinamahalaan ni Elder Snow ang paglalathala ng mga polyeto sa Italian at French. Bukod pa rito, kinaibigan niya at ng kanyang mga kasama ang mga tao sa kanilang paligid. "Nagsikap kaming maglatag ng pundasyong magiging kapaki-pakinabang sa hinaharap," sabi niya, "sa tahimik na paghahanda sa isipan ng mga tao na tanggapin ang Ebanghelyo, sa paglilinang ng pakikipagkaibigan sa puso ng mga taong nakapaligid sa amin. Subalit iba ang nadama ko, at sinubok ang aking pasensya, nang mapaligiran ako ng mabubuting tao sa loob ng maraming linggo, at buwan, at hindi ako kumikilos at hayagang ipinangangaral ang mga alituntuning kailangan kong ipahayag."[4]

Ang damdamin ng mga Waldenses tungkol sa Simbahan ay nagsimulang magkaroon ng malaking pagbabago matapos bigyan ni Elder Snow ng basbas ng priesthood ang isang batang lalaking nagkasakit nang malubha. Isinulat ni Elder Snow ang sumusunod sa kanyang journal:

"Set. 6.—Kaninang umaga natuon ang pansin ko kay Joseph Guy, isang batang tatlong taong gulang, ang bunso ng may-ari ng bahay na aming tinutuluyan. Maraming kaibigang dumalaw sa bata, at sa tingin ng marami ay mukhang malapit na siyang mamatay. Dinalaw ko siya noong hapon: hirap na ang kanyang katawan; ang dati niyang malusog na katawan ay buto't balat na, at masasabi lang namin na buhay pa siya kapag tiningnan namin siya nang malapitan."

Sa pag-aalala dahil sa oposisyon sa pangangaral ng ebanghelyo at tungkol sa batang si Joseph Guy, humingi ng tulong si Elder Snow sa Panginoon nang gabing iyon. Kalaunan ay nagunita niya: "Ilang oras bago ako nagpahinga, nanalangin ako sa Panginoon na tulungan kami sa oras na ito. Hindi madaling burahin sa alaala ang damdamin ko sa pangyayaring ito.

"Set. 7.—Ngayong umaga, iminungkahi ko . . . na dapat kaming mag-ayuno, at umakyat sa kabundukan, at manalangin. Pag-alis namin, nagpunta kami at nakita namin ang bata; nagtaas siya ng

tingin: nagsara ang talukap ng kanyang mga mata: humpak ang kanyang mga pisngi at manipis ang kanyang mga tainga, at maputla siya, na pahiwatig na malapit na siyang mamatay. Nabalot ng malamig na pawis ng kamatayan ang kanyang katawan, at naghihingalo na siya. Humihikbi si Madame Guy at ang iba pang kababaihan, samantalang nakayuko si Monsieur Guy." Bumulong si Monsieur Guy kay Elder Snow at sa ibang mga misyonero, at nagsabi, "Mamamatay na siya. Mamamatay na siya."

Sabi pa ni Elder Snow: "Matapos magpahinga nang kaunti sa kabundukan, malayo sa anumang panggagambala, taimtim kaming nanalangin doon sa Panginoon, na iligtas ang buhay ng bata. Habang pinag-iisipan ko ang dapat naming gawin at ang mga bagay na hindi magtatagal ay patototohanan namin sa mundo, itinuring ko ang pangyayaring ito na napakahalaga. Wala akong alam na sakripisyong magagawa ko, na hindi ko handang ialay para ipagkaloob ng Panginoon ang aming mga hiling."

Pagbalik nila sa pamilya Guy noong hapong iyon, binigyan ni Elder Snow ng basbas ng priesthood si Joseph. Nakipagkita sila sa pamilya pagkaraan ng ilang oras, at sinabi sa kanila ng ama ni Joseph, "na may ngiti ng pasasalamat," na mabuti na ang kalagayan ng bata.

"Set. 8.—Magaling na magaling na ang bata, nakapagpahinga na ang mga magulang, na matagal-tagal na nilang hindi nagagawa. Ngayon, naiiwan na nila siya, at naaasikaso ang kanilang gawain." Nang ipahayag ng ina ni Joseph ang kanyang kagalakan sa paggaling ng bata, sumagot si Elder Snow, "Ginawa ito ng Diyos ng langit para sa inyo."

"Mula sa oras na iyon na nagsimula siyang gumaling," pagsasalaysay ni Elder Snow, "at puno ng pasasalamat ang puso ko sa ating Ama sa langit, natutuwa akong sabihin, na makalipas ang ilang araw ay bumangon na siya sa kanyang higaan, at sumama sa kanyang mga kaibigan."[5]

Matapos maranasan ito, nadama ni Elder Snow na ang sitwasyon ay "kasiya-siya tulad ng inaasahan" para maisulong ang gawain ng Panginoon sa mga tao. Noong Setyembre 19, 1850, eksaktong 11 buwan matapos niyang lisanin ang tahanan para maglingkod sa

Italy, sinabi niya sa kanyang mga kasama na dapat nilang "simulan ang [kanilang] pangangaral ng ebanghelyo." Muli silang umakyat ng bundok, kung saan inilaan ni Elder Snow ang lupain para sa pangangaral ng ipinanumbalik na ebanghelyo.[6]

Ang mga salita ni Elder Snow kay Madame Guy—"ginawa ito ng Diyos ng langit para sa inyo"—ay nabanaag sa habambuhay niyang pagtuturo tungkol sa priesthood. Ipinaalala niya sa mga Banal na sa pamamagitan ng gawain ng mga maytaglay ng priesthood, "ang kaluwalhatian at kapangyarihan ng Diyos [ay] ipinakita" para sa kapakinabangan ng iba.[7] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 242.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Ang mga maytaglay ng priesthood ay mga sugo ng Makapangyarihang Diyos, na may awtoridad na ipinagkaloob ng langit upang mangasiwa sa mga banal na ordenansa.

Ipinapahayag natin, na mga Banal sa mga Huling Araw, na natanggap natin mula sa Diyos ang kabuuan ng walang-hanggang ebanghelyo; ipinapahayag natin na nasa atin ang banal na Priesthood—ang awtoridad ng Diyos na ipinagkaloob sa tao, at nagbibigay sa atin ng karapatan na mangasiwa sa mga ordenansa nito na katanggap-tanggap sa kanya.[8]

Sinumang magpakumbaba sa harapan ng Diyos at ilubog sa tubig ng binyag, matapos magsisi, para sa kapatawaran ng kanyang mga kasalanan, ay tatanggapin, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, ang kaloob na Espiritu Santo. Maibibigay ko ba ito sa kanya? Hindi, isa lamang akong simpleng sugo ng Makapangyarihang Diyos na nabigyan ng awtoridad na magbinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawan ng mga kasalanan; binibinyagan ko lang siya, dahil may awtoridad akong gawin iyon. Ipinapatong ko lang ang aking mga kamay sa kanyang uluhan para matanggap niya ang Espiritu Santo, at ang Diyos, mula sa kanyang kinaroroonan, ay pinagtitibay ang aking awtoridad, kinikilala na ako ay kanyang sugo, at ipinagkakaloob ang Espiritu Santo sa taong iyon.[9]



*Lahat ng matatapat na miyembro ng Simbahan ay pinagpapala sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan ng priesthood.*

Kapag [nakapag]binyag ako ng mga tao at [n]akapangasiwa sa mga ordenansa ng banal na priesthood na ito, pinagtitibay ng Diyos ang mga iyon sa pamamagitan ng pagsusugo ng Espiritu Santo, na nagbibigay ng kaalaman sa mga taong bininyagan ko, at kumukumbinsi sa kanila na ang awtoridad ay nagmula sa langit. At bawat Elder na humayo upang ipangaral ang walang-hanggang Ebanghelyong ito, at kumilos nang angkop sa kanyang tungkulin, ay mapatototohanan din, na sa pamamagitan ng kanilang pangangasiwa sa mga banal na ordenansang ito ay naipakita ang kaluwalhatian at kapangyarihan ng Diyos sa nakakukumbinsing paraan sa uluhan ng mga taong kanilang pinangasiwaan. Ito ang ating patotoo; ito ang patotoo [noong 1830] ng isang taong nanindigan at nagpahayag na binigyan siya ng awtoridad ng Diyos na magbinyag ng mga tao para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at magpatong ng mga kamay sa kanila para matanggap ang Espiritu Santo, na siyang magbibigay sa kanila ng kaalaman mula sa mga walang-hanggang daigdig na may

awtoridad siyang gawin ito. Ang taong ito ay si Joseph Smith; at ipinagkaloob niya ang awtoridad na ito, na ibinigay sa kanya ng mga banal na anghel, sa iba pang mga isinugo upang patotohanan sa mundo na ang mga taong tatanggap ng mga banal na ordenansang iyon ay dapat matanggap ang patotoo mula sa Makapangyarihang Diyos na binigyan nga sila ng awtoridad na pangasiwaan ito sa ganitong paraan. At ito ang aming patotoo; at ito ang aking patotoo sa harap ng mga taong ito at ng mundo.[10]

Saang parte ng mundo kayo makatatagpo ng grupo ng mga mangangaral na buong tapang na ginagawa ang ginagawa ng ating mga Elder? Saan matatagpuan ang isang lalaki o grupo ng kalalakihan na buong tapang na humaharap sa mundo at sinasabing sila ay binigyan ng awtoridad ng Diyos na mangasiwa sa ilang ordenansa sa mga tao para makatanggap sila ng paghahayag mula sa Diyos? Sinumang magpahayag ng ganitong doktrina ay matutuklasan kalaunan kung siya ay isang huwad—ilalagay niya ang kanyang sarili sa lubhang mapanganib na kalagayan, at hindi magtatagal ay matutuklasan kung wala siyang hawak na gayong awtoridad. Gayunman, buong tapang itong ipinapahayag ng ating mga Elder. . . . Isinugo ng Diyos ang kanyang mga banal na anghel mula sa langit at ipinanumbalik ang awtoridad sa tao upang pangasiwaan ang [mga] ordenansa ng ebanghelyo.[11] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 242.]

---

## Tinutulungan tayo ng priesthood na maging maligaya sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan.

Naipanumbalik na ang Priesthood; ipinagkaloob ito sa tao upang sa pamamagitan niyon, lahat ng gustong maging mabuti at lumigaya ay makamtan ito. Sinasabi sa atin ng ebanghelyo kung paano maging dakila, mabuti at maligaya. Layunin ng ebanghelyo ni Cristo na ituro sa atin ang lahat ng bagay na kailangan para sa ating kapakanan sa kasalukuyan at hinaharap.

Minimithi natin ang mga ito ngayon, at dapat natin itong patuloy na mithiin. Gunitain ang huling dalawampu't limang taon, o kahit sampung taon lang, at napakarami nang gayon katagal sa simbahan, at masdan kung ano na ang naisakatuparan natin. Mas nauunawaan natin ang mga bagay-bagay, kaya mas handa tayo sa mga bagay na dumarating sa mundo kaysa noong nakalipas na

sampu, labinlima, dalawampu o dalawampu't limang taon upang malaman kung paano makatulong, kung paano dapat gawin ang mga bagay-bagay. . . .

. . . Ang mithiin ng priesthood ay gawing maligaya ang lahat [ng tao], magpalaganap ng impormasyon, maibahagi sa lahat ang mga pagpapalang iyon kapag sila naman ang gagawa nito.[12]

Ito ang dahilan kung bakit ipinagkaloob ang Banal na Priesthood sa ating panahon, upang gabayan at gawing sakdal ang mga banal ng Diyos dito, at anumang katalinuhan at integridad at katapatan ang pagsikapan nating matamo sa mundong ito . . . , gayon din ang kadakilaang matatamo natin sa kabilang-buhay.[13]

Sinabi ng Panginoon na ibibigay Niya sa atin ang lahat ng mayroon Siya—at ito ay ayon sa sumpa at tipan na nakapaloob sa Priesthood [tingnan sa D at T 84:33–44]. Walang dapat mag-alinlangan sa sinabi ni Jesus, at ipinahayag Niya, ayon sa nakasaad sa Apocalipsis ni Juan, "Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa Kaniyang luklukan." [Apocalipsis 3:21.] May masasabi pa ba kayong higit pa riyan? Hindi ba nariyan nang lahat?[14]

Ang ebanghelyong ito na natanggap natin ay inihayag mula sa langit, at ang priesthood na ating taglay ay inihayag para sa kaligtasan ng mag-anak ng tao. Dapat nating pag-isipang mabuti kung paano ito gagamitin.[15] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 242.]

---

## Ang mabubuting maytaglay ng priesthood ay masigasig at masiglang naghahangad ng mga espirituwal na kaloob upang matulungan silang maglingkod sa iba.

Sa aking mga kapatid sa Priesthood magbibigay ako ng ilang payo, tagubilin at panghihikayat. Nasa inyo ang mataas at sagradong mga responsibilidad, na nauugnay hindi lamang sa kaligtasan ng henerasyong ito, kundi sa maraming nakaraan at marami pang darating na henerasyon. Ang maluwalhating bandila ng kaharian ni Emmanuel upang muling maitatag sa mundo ay dapat ipakita sa bawat bansa, kaharian, at imperyo; ang tinig ng babala . . . ay dapat maiparating sa lahat ng tao; kayo ang napili ng Panginoon para sa



*Ipinagkaloob ng mga sinaunang Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan ang Melchizedek Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery.*

layuning ito, maging ang panganay ni Jose, upang pagsama-samahin ang mga tao [tingnan sa Deuteronomio 33:13–17]. Siguradong nararapat kayong maging sabik at masigasig sa paggawa ng mabubuting bagay, na hinahangad kung paano magagampanan ang inyong banal at sagradong mga katungkulan sa pinakamainam na paraang makatutulong sa inyong sarili at sa sangkatauhan.[16]

May mga lalaki sa Simbahang ito na napakabuti ng puso at damdamin na tulad ng iba, ngunit kulang sa pananampalataya at sigasig, at hindi tunay na natatamo ang pribilehiyong dapat nilang matanggap. Kung ang pananampalataya, sigasig at determinasyon nila ay kapantay ng kanilang mabubuting damdamin at hangarin, katapatan at kabutihan, tunay ngang magiging malalakas silang lalaki sa Israel; at ang karamdaman at sakit at kapangyarihan ng masama ay lilisan sa kanilang harapan tulad ng ipang itinataboy ng hangin. Subalit, sinasabi natin na tayo ay mabubuting tao at na hindi lamang tayo gumagawa na kapantay ng ibang tao kundi mas umuunlad tayo sa

kabutihan sa harap ng Diyos; at walang pag-aalinlangang gayon nga tayo. Ngunit nais kong bigyang-diin sa inyo, mga kapatid, na may mga Elder sa ating paligid na biniyayaan ng mga espirituwal na kaloob na magagamit sa tulong ng Espiritu Santo. Ang mga kaloob ng Ebanghelyo ay dapat mapagyaman sa pamamagitan ng sipag at tiyaga. Ang mga sinaunang Propeta kapag naghahangad ng isang partikular na pagpapala, o mahalagang kaalaman, paghahayag o pangitain, ay nag-aayuno at nagdarasal nang ilang araw at linggo pa nga kung minsan para sa layuning iyon.[17]

Mga binata, kapag hindi umaayon sa inyo ang mga bagay-bagay, kapag lahat ay tila madilim, gawin ang inyong tungkulin at kayo ay magiging matatag at malakas; ang maysakit ay gagaling sa inyong paglilingkod; tatakas at lalayo sa inyo ang mga diyablo; magbabangon ang patay; at lahat ng ginagawa ng tao simula pa noong panahon ni Adan ay magagawa ninyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos at ng wastong hangarin.[18]

Ang kadalisayan, kabanalan, katapatan sa asawa, pagiging maka-Diyos ay dapat hangarin nang lubusan, dahil kung hindi kayo ay hindi magtatagumpay. Ang mga alituntuning iyon ay dapat nating ipamuhay, maging bahagi ng ating pagkatao, maging bahagi natin, upang tayo ang maging sentro, bukal ng katotohanan, ng pagkakapantay-pantay, katarungan, at awa, ng lahat ng mabuti at dakila, upang sa atin magmula ang liwanag, ang buhay, ang kapangyarihan, at ang batas na pumatnubay, upang mamahala at tumulong sa pagliligtas ng mundong nalilihis ng landas; kumikilos bilang mga anak ng Diyos, para at alang-alang sa ating Ama sa langit. Umaasa tayo na sa pagkabuhay na mag-uli ay magagamit ang mga kapangyarihan ng ating priesthood—magagamit lamang natin ang mga ito kapag natamo natin ang kabutihan at kasakdalan; mapapasaatin lamang ang mga kwalipikasyong ito kapag ang mga ito ay ating hinangad at nakamtan, nang sa gayon sa umaga ng pagkabuhay na mag-uli ay mapasaatin lamang ang mga natamo natin sa mundong ito! Ang kabanalan ay hindi maaaring *ipagkaloob* kundi dapat itong *matamo,* isang bagay na tila nakapagtataka at nakalulungkot na hindi batid ng mga relihiyon sa mundo. Hangaring mapabuti ang iba, at hahangarin ng iba na mapabuti kayo; at siya na magiging

dakila, magpakabuti siya, na inaalam ang mga pangangailangan ng lahat, at nagiging lingkod ng lahat.[19]

Bilang mga Banal ng Diyos, mga Elder ng Israel, dapat ay handa tayong maglaan ng oras at paggawa, na ginagawa ang lahat ng kailangang sakripisyo para matamo ang wastong espirituwal na mga kwalipikasyon para mas maging kapaki-pakinabang tayo sa ating mga tungkulin. At nawa'y bigyang-inspirasyon ng Panginoon ang bawat puso ukol sa kahalagahan ng mga bagay na ito upang masigasig at masigla nating hangarin ang mga kaloob at kapangyarihang ipinangako sa Ebanghelyong sinunod natin.[20] [Tingnan sa mungkahi 4 sa ibaba.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Repasuhin ang salaysay sa mga pahina 233–236. Sa anong mga paraan maihahanda ng mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang kanilang sarili para makapagbigay ng mga basbas ng priesthood? Ano ang magagawa nating lahat upang maihanda ang ating sarili sa pagtanggap ng mga basbas ng priesthood?
2. Basahin ang talata sa pahina 237. Sa paanong mga paraan ipinapakita ng mga ordenansa ng priesthood ang kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay?
3. Sa paanong mga paraan tayo natutulungang lahat ng mga ordenansa at basbas ng priesthood na lumigaya sa buhay na ito? Paano tayo natutulungan ng mga ito na matamo ang walang-hanggang kaligayahan? Kaugnay ng mga tanong na ito, pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Snow sa mga pahina 238–239.
4. Sa mga pahina 239–242, suriin ang mga espirituwal na kaloob na hinikayat ni Pangulong Snow na palakasin ng mga maytaglay ng priesthood. Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng paglinang sa isang espirituwal na kaloob? Paano nauugnay ang payong ito sa mga pagsisikap ng lahat ng miyembro ng Simbahan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Santiago 5:14–15; Alma 13:2–16; D at T 84:19–22; 128:8–14; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3, 5

*Tulong sa pagtuturo:* "Upang matulungan ang mga mag-aaral na maghandang sumagot sa mga tanong, maaari ninyong sabihin sa kanila bago mabasa o mailahad ang isang bagay na hihingin ninyo ang kanilang mga sagot. . . . Halimbawa, masasabi ninyong, 'Makinig habang binabasa ko ang talatang ito nang sa gayon ay makapagbahagi kayo ng mga bagay na nakapagbigay-interes sa inyo hinggil dito' o 'Habang binabasa ang banal na kasulatang ito, tingnan kung mauunawaan ninyo kung ano ang sinasabi ng Panginoon sa atin hinggil sa pananampalataya'" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 86).

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa liham kay Brigham Young, sa *The Italian Mission* (1851), 11.
2. Tingnan sa "Organization of the Church in Italy," *Millennial Star,* Dis. 15, 1850, 371.
3. Liham kay Brigham Young, sa *The Italian Mission,* 14.
4. Liham kay Brigham Young, sa *The Italian Mission,* 14.
5. Sinipi sa "Organization of the Church in Italy," 371.
6. Tingnan sa liham kay Brigham Young, sa *The Italian Mission,* 15.
7. Sa Conference Report, Abr. 1880, 81.
8. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ene. 23, 1877, 1.
9. *Deseret News,* Ene. 24, 1872, 598.
10. Sa Conference Report, Abr. 1880, 81–82.
11. *Deseret News: Semi-Weekly,* Dis. 2, 1879, 1.
12. *Deseret News,* Mayo 15, 1861, 81–82.
13. *Deseret Evening News,* Okt. 6, 1880, 2; mula sa isang detalyadong pakahulugan ng isang mensaheng ibinigay ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1880.
14. "The Object of This Probation," *Deseret Semi-Weekly News,* Mayo 4, 1894, 7.
15. Sa Journal History, Hulyo 11, 1865, 2.
16. "Address to the Saints in Great Britain," *Millennial Star,* Dis. 1, 1851, 362.
17. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ago. 15, 1882, 1.
18. Sa "Anniversary Exercises," *Deseret Evening News,* Abr. 7, 1899, 9.
19. "Address to the Saints in Great Britain," 362–63.
20. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ago. 15, 1882, 1.



*Sinusunod ng matatapat na pinuno ng Simbahan ang payo ng Panginoon kay Pedro: "Pakanin mo ang aking mga tupa" (Juan 21:16–17).*

KABANATA 18

# Pamumuno sa Simbahan at Di-Makasariling Paglilingkod

*"Kami ay inyong mga lingkod sa Panginoon at hangad namin ang inyong kapakanan at ang kapakanan ng buong sangkatauhan."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Mula Oktubre 1840 hanggang Enero 1843, nangulo si Lorenzo Snow sa Simbahan sa London, England, at sa karatig na lugar. Pinamahalaan niya ang mga lider ng priesthood doon, na kung minsan ay tinuturuan sila nang personal at kung minsan sa pamamagitan ng mga liham para magbigay ng payo. Bago natapos ang kanyang misyon sa England, sumulat siya sa dalawang "Presiding Elder ng mga London Branch," na naglingkod na katulad ng mga branch president ngayon. Sa kanyang liham, ikinuwento niya ang kanyang karanasan sa isa pang pinuno ng branch sa lugar.

Inilarawan ni Elder Snow ang pinunong ito bilang isang taong "hindi kakitaan ng pagkakamali." Ang lalaki ay "masigasig sa pagsasakatuparan ng layunin ng Simbahan" at may kakayahang tiyakin "na lahat [ay] nasa kanyang lugar, at gumaganap sa kanyang tungkulin." Masigasig siya, "mas masipag sa paggawa kaysa sa iba." Ngunit sa kabila ng nakikitang katapatan ng lalaking ito, palaging nagkakaroon ng mga problema ang branch na tila siya ang dahilan. Panandaliang sinikap ni Elder Snow na tukuyin ang pinagmumulan ng mga problema, at mahinahon niyang pinagsabihan ang mga miyembro ng branch sa hindi pagsuporta sa kanilang pinuno. Pagkatapos ay nag-isip siya kung "posibleng may itinatago [ang pinuno], isang saloobing hindi niya alam, na hindi makita nang hayagan" ngunit humantong kahit paano sa mga problema sa branch. Isinalaysay ni Elder Snow:

"Dahil dito idinalangin ko na tulungan ako ng Panginoon na mahiwatigan ang nangyayari. Nasagot ang aking dalangin; nalaman ko na ang miyembrong ito ay may itinatagong hangaring papurihan ang sarili na siyang nagdidikta sa marami niyang pagkilos. Isusugo niya ang isang miyembro para tumupad sa isang tungkulin ngunit may lihim siyang hangaring sarilinin ang karangalan; kung hindi naisagawa ang tungkulin, pinagsasabihan niya ang maysala, hindi dahil sa hindi naisagawa ang gawain ng Panginoon o nawala ang pagpapala ng miyembrong iyon, kundi dahil winalang-galang siya nito sa hindi pagsunod. Sa [isang] pagkakataon nang binyagan ng isang miyembrong lalaki ang maraming tao, natuwa siya hindi dahil sa nadala sa tipan ang mga tao kundi dahil ginawa ito sa ilalim ng kanyang pamamahala, na lihim na ninanais na walang sinuman sa ilalim ng kanyang pamamahala ang dapat magtamo ng malaking karangalan maliban kung nakaugnay ang kanyang sariling pangalan."

Napuna ni Elder Snow na kung nagtagumpay ang isang miyembro ng branch sa isang tungkulin ngunit hindi sinunod ang payo ng pinuno sa lahat ng bagay, ang pinuno ay "lihim na maiinggit . . . sa kabila ng ipinapakitang pagsang-ayon nito." Pagpapatuloy niya: "Tago ang saloobing ito; ang mga bunga nito ay hindi hayagang nakikita, ngunit makikita kung hindi naitama ang sitwasyon; ang likas na kasamaang ito ang kalaunang sisira sa kanya. Naghatid ito sa kanya ng problemang maiiwasan sana sa pangangasiwa sa mga gawaing nakaatang sa kanya; lumikha din ito ng patuloy na pagkayamot sa kanyang sariling isipan. Sabik siyang itaguyod ang mithiin ng Diyos, ngunit laging sa paraan na malinaw na makikita ang kanyang nagawa sa lahat ng bagay. Masipag magbigay ng magagandang turo ngunit sinisigurong nakakabit ang kanyang buong pangalan dito."

Hindi isinulat ni Elder Snow ang liham na ito para husgahan ang lokal na pinuno. Ang layunin niya sa pagsulat ay para tulungan ang ibang mga pinuno—upang ang kapalaluang inilarawan niya "ay makita, matuklasan, at maiwasan" nila. Nagbabala siya na maraming tao "na taos-pusong naniniwala na hindi sila naghahanap ng karangalan, ang magugulat kapag natuklasan nila, kung lubos na susuriin ang mga layunin ng kanilang pagkilos, na ito ang nagtutulak sa kanila na gawin ang marami sa kanilang ginagawa."

Matapos magbabala, ipinayo niya: "Para maging katulad ng nais ng Diyos na kahinatnan natin, sanayin natin ang ating isipan na magalak kapag nakita nating umuunlad ang iba na katulad natin; magalak kapag nakitang naisakatuparan ang layunin ng Sion paano man ito naising gawin ng Diyos; at huwag hayaang makapasok ang inggit sa ating puso kapag mas pinarangalan ang isang taong mas mahina kaysa sa atin; makuntento sa pagganap sa mas mababang katungkulan hanggang sa matawag sa mas mataas na katungkulan; masiyahan sa paggawa ng maliliit na bagay at huwag angkinin ang karangalan sa paggawa ng malalaking bagay." Inihambing niya ang Simbahan sa isang malaking gusali, na ang mga Banal ang mga bahagi ng gusaling iyon, at sinabi na "huwag tayong gaanong magmalaki na kung minsan ay ayaw nating magpasaway, mahubog, mapagsabihan, at maiakma kung saan tayo kailangan ng Panginoon sa espirituwal na gusali."

Tinapos ni Elder Snow ang kanyang liham sa mga salitang ito: "Kung hahangarin lang ng isang namumunong elder na maging katulad ng nararapat, na iwinawaksi sa sarili ang mga makasariling prinsipyo, at laging kumikilos para sa kabutihan ng kanyang mga tao, at magpapakumbaba, at hindi hahangaring gumawa ng napakarami sa loob ng maikling oras, o maging napakahusay hanggang sa humusto ang kanyang pag-iisip, hinding-hindi siya matutuliro kung paano wastong gagampanan ang kanyang katungkulan, ni hindi siya mawawalan ng kapangyarihan ng Diyos upang maisakatuparan ang Kanyang matatalinong layunin."[1] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 252.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Binigyan ng Panginoon ng banal na utos ang mga pinuno sa Kanyang Simbahan: "Pakanin mo ang aking mga tupa."

Hayaang isipin ng bawat lalaking may opisyal na katungkulan, na pinagkalooban ng Diyos ng kanyang banal na priesthood, ang sinabi ng Tagapagligtas sa Labindalawang Apostol bago siya pumunta sa kinaroroonan ng kanyang Ama—"Pakanin mo ang aking mga tupa." [Juan 21:16–17.] At patuloy niyang sinabi ito hanggang sa malungkot ang kanyang mga apostol na dapat pa siyang manawagan

sa kanila sa ganitong paraan. Ngunit sinabi niya—"Pakanin mo ang aking mga tupa." Ibig sabihin, "Sumulong nang buong puso, na lubos na nakatuon sa aking gawain. Ang mga taong ito sa mundo ay mga kapatid ko. Mahal na mahal ko sila. Alagaan mo ang aking mga tao. Pakanin mo ang aking kawan. Sumulong at ipangaral ang ebanghelyo. Gagantimpalaan ko kayo sa lahat ng sakripisyo ninyo. Huwag ninyong isipin na napakalaking sakripisyo ang pagsasakatuparan ng gawaing ito." Taos-puso siyang nanawagan sa kanila na gawin ang gawaing ito. At ngayon ay nananawagan ako sa lahat ng maytaglay ng priesthood na ito, ang mga namumunong opisyal [ng] stake, at mga Bishop, at High Council, na sumulong at pakainin ang kawan. Magkaroon ng interes sa kanila. . . . Magsikap para sa kanila, at huwag ninyong ituon ang inyong isipan at damdamin sa inyong personal na kapakinabangan. At bibigyan kayo ng Diyos ng sunud-sunod na paghahayag at inspirasyon, at tuturuan kayo kung paano matatamo ang mga pagpapala para sa mga Banal sa mga bagay na ukol sa kanilang temporal at espirituwal na kapakanan.[2] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 252.]

---

## Tinatawag ang mga pinuno at guro para sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas at maglingkod nang may pagmamahal, hindi para maparangalan ang sarili.

Bakit tinatawag ang [isang] lalaki na magsilbing pangulo ng mga tao? Para ba magkaroon ng impluwensya at pagkatapos ay tuwirang gamitin ang impluwensyang iyon para sa sarili niyang kapakinabangan? Hindi, ang totoo, tinawag siyang magsilbi sa isang katungkulan ayon sa alituntuning pinagbatayan nang ibigay ang priesthood sa Anak ng Diyos, kaya dapat siyang magsakripisyo. Para sa kanyang sarili? Hindi, kundi para sa kapakanan ng mga taong pinamumunuan niya. Kakailanganin ba niyang magpapako sa krus tulad ng ginawa ng Tagapagligtas? Hindi, kundi maging lingkod ng kanyang mga kapatid, hindi maging kanilang amo, at magsikap para sa kanilang kabutihan at kapakanan. Hindi para gamitin ang impluwensyang natamo para makinabang siya, ang kanyang pamilya at mga kamag-anak at sariling kaibigan, kundi itinuturing ang lahat bilang kanyang mga kapatid, na may mga karapatang katulad niya, samakatwid, hinahangad na mapagpala at makinabang ang lahat



*"Makikita ninyo, sa pangkalahatan, na ang talento ay ibinabahagi sa maraming tao at bihirang mapuntang lahat sa iisang tao."*

nang pantay-pantay alinsunod sa mga talento at pagkamarapat nila, at nang sa gayon sa paggawa nito ay magkaroon siya ng damdamin ng isang ama na laging nasa puso ng Ama. . . .

. . . Hayaang malaman niyaong mga nangangaral sa [mga] Banal, kung bakit ibinigay sa kanila ang Priesthood; ipaalam at ipaunawa sa kanila kung bakit sila hinirang sa ganoon at ganitong katungkulan, na dapat silang kumilos ayon sa kalooban ng ating Guro, ang lingkod ng lahat, na matuto silang pangalagaan ang kapakanan ng lahat ng tao sa mapagmahal na paraan, katulad ng ginagawa nila sa kanilang sarili. . . . Pagkatapos ay mauunawaan nila ang kahulugan ng dalawang dakilang utos, na ayon sa Tagapagligtas ay dito "nauuwi ang buong kautusan, at ang mga propeta," na ang sinasabi, mahalin ang Panginoon nang buong kakayahan, isipan at lakas, at ang ating kapwa tulad ng ating sarili [tingnan sa Mateo 22:37–40].[3]

Manalangin bago [magturo], at ganito iyon: Hilingin sa Panginoon na may masabi kayo sa inyong mensahe na mapapakinabangan ng mga pinatutungkulan ninyo. Huwag nang isipin kung iyon ay makadaragdag sa sarili ninyong kaluwalhatian o hindi, sa halip tandaan lamang na tinawag kayo upang magsalita sa mga tagapakinig at

hangarin nilang matanggap ang isang bagay na mapapakinabangan nila. Ito ay magmumula lamang sa Panginoon. Huwag pansinin kung . . . sabihin ng mga nakikinig sa inyo na maganda kayong magsalita. Huwag man lang ninyong pansinin iyan, kundi alisin ang lahat ng kasakiman na maaaring nasa isipan ninyo para may maidikta sa inyo ang Panginoon na magiging kapaki-pakinabang sa mga tao.[4] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 252.]

---

### Ang matatalinong pinuno ay nagpapasalamat sa mga talento ng iba at binibigyan ng pagkakataong maglingkod ang mga tao.

Kapag napamahal na ang [isang pinuno] sa puso ng mga tao, at nakilala na nila siya dahil sa kanyang integridad at katapatan, at sa kanyang kahandaang gumawa para sa kapakanan ng Diyos at ng mga tao, na handang gawin ang anumang sakripisyong hinihingi sa kanya, may tiwala sila sa kanya, at kapag nakuha na niya ang napakasagradong tiwala nila, ano ang maaari niyang gawin para masiyahan ang isipan ng mga tao, na humigit-kumulang ay gustong makakita ng pag-unlad? Hayaan ang taong iyon na humingi ng tulong sa kanyang mga kapatid na may malaking kakayahan, at hayaan silang makibahagi sa kanyang mga responsibilidad. Dahil makikita ninyo, sa pangkalahatan, na ang talento ay ibinahagi sa maraming tao at bihirang mapuntang lahat sa iisang tao; at pagkakataon lamang ang kailangan para ito ay mapaunlad. Maaari niyang sabihin sa isa, "Narito, Brother Ganito at ganyan, mas akma ka sa ganito o ganyang posisyon kaysa sa akin;" o, sa isa pa, "Ikaw ang pinakaakma sa departamentong ito;" at kung anu-ano pa hanggang sa mapalabas niya ang mga talento ng lahat, at sa halip na mabawasan ang tiwala niya sa sarili sa harap ng publiko, madaragdagan iyon kapag ginawa niya ito.[5] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 252.]

---

### Ang tamang paraan ng pamumuno ay sa pamamagitan ng pagiging mapagpakumbaba, mabuting halimbawa, at pagkakaroon ng debosyon sa kapakanan ng iba.

Hindi ang pagsasamantala sa awtoridad sa pamumuno ang wastong tuntunin para pamahalaan ang mga Banal, kundi ang hangaring mangasiwa nang may pagpapakumbaba, karunungan, at

kabutihan, na di-gaanong nagtuturo sa pamamagitan ng teoriya kundi sa pamamagitan ng mabubuting gawi. Bagaman nakapagtuturo ang isang tao na kasing-husay ng pagsasalita ng isang anghel, ang kanyang mabubuting gawi, magagandang halimbawa, at kilos, na palaging nagpapakita ng buong-pusong pagmamalasakit sa kapakanan ng mga tao, ay nakapagtuturo nang mas mahusay at mas epektibo.[6]

Kung kayo ay tapat at nagkakaisa na tulad ng Unang Panguluhan at Labindalawa, at susundin ninyo kami tulad ng pagsunod namin kay Cristo, mapapabuti kayo. Determinado kaming gampanan ang aming tungkulin at maglingkod sa Panginoon at magsikap para sa kapakinabangan ng Kanyang mga tao at maisakatuparan ang Kanyang gawain. Kami ay inyong mga lingkod sa Panginoon at hangad namin ang inyong kapakanan at ang kapakanan ng buong sangkatauhan.

Hindi pumili ang Panginoon ng kilala at maalam sa mundo para gumanap sa Kanyang gawain sa lupa. Hindi Siya pumili ng mga taong sinanay at nakapag-aral sa mga kolehiyo at seminaryo, kundi ng mga taong mapagpakumbaba at tapat sa Kanyang layunin para mamahala sa mga gawain ng Kanyang Simbahan, na handang mapamunuan at magabayan ng Banal na Espiritu, at nagbibigay ng kaluwalhatian sa Kanya, batid na wala silang magagawa kung sila lamang mag-isa. Natitiyak ko sa inyo, mga kapatid, na hindi ko inambisyong mapasaakin ang responsibilidad na nakaatang sa akin ngayon. Kung natakasan ko sana ito sa marangal na paraan ay wala ako sa katungkulang ito ngayon. Hindi ko hiniling ito kailanman, ni nagpatulong ako sa sinuman sa aking mga kapatid para mapunta sa katungkulang ito, kundi inihayag ng Panginoon sa akin at sa aking mga kapatid na ito ang Kanyang kalooban, at hindi ko ugaling takasan ang anumang responsibilidad ni tanggihan ang anumang katungkulang ibinibigay sa akin ng Panginoon.[7]

Sisikapin kong maging tapat sa inyong kapakanan at sa kapakanan ng kaharian ng Diyos. Paglilingkuran ko kayo sa abot ng aking kaalaman at pang-unawa, na may kinalaman sa mga bagay na magtataguyod ng inyong kapakanan na may kaugnayan sa mga layunin ng Makapangyarihang Diyos. Gagawin ko ito, sa tulong ng Panginoon.[8] [Tingnan sa mungkahi 5 sa kasunod na pahina.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Paano maaaring angkop sa atin ang liham ni Lorenzo Snow sa mga pinuno sa England (mga pahina 245–247)? Halimbawa, ano ang magiging bunga kapag gusto nating "dakilain ang ating sarili" sa mga tungkulin natin sa Simbahan? Paano natin magagampanan ang ating mga tungkulin nang hindi itinataas ang ating sarili?
2. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 247. Sa paanong mga paraan magagawa ng mga pinuno na "pakainin ang kawan" ni Cristo? Ano ang nagawa ng mga pinuno ng Simbahan para "pakainin" kayo? Anong mga katangian ang hinahangaan ninyo sa mga pinunong ito?
3. Basahin ang mga babala ni Pangulong Snow tungkol sa paggawa para sa sariling kapakinabangan (mga pahina 248–250). Pagkatapos ay repasuhin ang ikalawang buong talata sa pahina 246. Bakit natin dapat suriin ang ating mga motibo sa paglilingkod? Mapanalanging pag-isipan ang inyong mga motibo sa paglilingkod sa Simbahan.
4. Pagnilayan ang buong talata sa pahina 250. Paano naiimpluwensyahan ang isang ward o branch kapag nagbabahagi ng ilang responsibilidad ang mga pinuno sa ibang mga miyembro? Ano ang mga resultang nakita ninyo kapag nagtulungan ang mga miyembro ng Simbahan na may iba't ibang talento at karanasan sa pagsisikap na makamit ang iisang mithiin?
5. Ipinayo ni Pangulong Snow, "Hindi ang pagsasamantala sa awtoridad sa pamumuno ang angkop na tuntunin para pamahalaan ang mga Banal" (pahina 251). Ano ang ilang posibleng resulta ng pagsasamantala ng mga pinuno ng Simbahan sa kanilang awtoridad sa pamumuno? ng mga magulang? Ano ang ilang posibleng resulta ng mapagpakumbabang pamumuno?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 6:24; 20:25–28; 23:5; Marcos 10:42–45; Juan 13:13–17; 2 Nephi 26:29; 28:30–31; Mosias 2:11–19; 3 Nephi 27:27; D at T 46:7–11; 50:26; 121:34–46

*Tulong sa pagtuturo:* "Ang mga katanungang nakasulat sa pisara bago magklase ay makatutulong sa mga mag-aaral na magsimulang mag-isip tungkol sa mga paksa maging bago pa man magsimula ang aralin" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 120).

## *Mga Tala*

1. Liham ni Lorenzo Snow kina William Lewzey at William Major, Nob. 1842, sa Lorenzo Snow, Letterbook, 1839–1846, Church History Library.
2. *Deseret News,* Ene. 14, 1880, 787.
3. *Deseret News,* Hunyo 13, 1877, 290–91.
4. *Improvement Era,* Hulyo 1899, 709.
5. *Deseret News,* Hunyo 13, 1877, 290.
6. "Address to the Saints in Great Britain," *Millennial Star,* Dis. 1, 1851, 362.
7. *Deseret Semi-Weekly News,* Okt. 4, 1898, 1.
8. Sa Conference Report, Okt. 1898, 54.




*"Kapag nakatanggap ng kaalaman ang isang tao, nadarama niyang ibahagi ito sa iba; kapag masaya ang isang tao, tinuturuan siya ng kanyang damdamin na sikaping mapasaya ang iba."*

KABANATA 19

# Gawaing Misyonero: "Maantig ang Puso ng Bawat Tao"

*"May paraan para maantig ang puso ng bawat tao, at tungkulin ninyong humanap ng paraan para maantig ang puso ng mga taong pinaglilingkuran ninyo."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Si Lorenzo Snow ay bininyagan sa Kirtland, Ohio, kung saan siya nag-aral ng Hebreo sa isang klase kasama si Propetang Joseph Smith at iba pang mga pinuno ng Simbahan. Umasa siyang balang-araw ay makapag-aral siya ng "classical education" sa isang kolehiyo sa silangang Estados Unidos.[1] Ngunit nang pagsikapan niyang gawin ito, nadama niya na parang may humihila sa kanya sa isa pang layunin. Kalaunan ay ginunita niya:

"Tinanggap ko [ang mga katotohanan ng ebanghelyo] nang bukal sa puso, at determinado akong huwag tumigil doon. . . . Medyo nag-alala ako kung nararapat bang manatili ako, matapos matanggap ang napakagandang kaalamang ito, nang hindi nagpapatotoo tungkol dito. Ang mga kabataang lalaking ipinadala sa misyon ay nagsisibalik at nagpapatotoo noon sa mga pagpapalang natanggap nila . . . , at naisip ko na, sa halip na ihanda ang aking sarili sa isang kolehiyo o unibersidad sa silangan, dapat akong magsimula at magpatotoo sa kaalamang lubos na ibinigay sa akin ng Panginoon. Kasabay nito ayaw ko ring isuko ang pagkakataon kong makapag-aral, dahil matagal ko na itong pinag-isipan, at nagkaroon nga ako ng pagkakataon at paraan para maisagawa ito."

Naghihirap ang kalooban, humingi siya ng payo sa isang pinagkakatiwalaang kaibigan: "Sinabi ko sa kanya ang gusto ko, at sabi niya, 'Brother Snow, hindi ko ipapayo sa ibang tao ang payong

nadarama kong dapat kong ibigay sa iyo, sa sitwasyong ito. Kung ako ikaw, itutuloy ko ang mga plano ko at mag-aaral ako.' Iyon mismo ang nais kong marinig sa kanya, at nasiyahan ako. Nakuntento ako sandali; ngunit pagsapit ng taglamig, nang marinig kong magpatotoo ang mga binatang Elder na ito tungkol sa tagumpay nila sa pangangaral ng Ebanghelyo, lalo ko itong pinag-isipan. Ipinaalam sa akin ng Panginoon na paparito Siya sa lupa, at may paghahandang kailangang gawin: ibinigay na Niya sa akin ang lahat ng hiling ko, at higit pa roon; dahil sa binyag kung saan tinanggap ko ang Espiritu Santo at ang lubos na kaalamang ibinigay sa akin pagkatapos ay mas makatotohanan at nakakukumbinsi kaysa sa aking binyag; at nadama ko na may responsibilidad na nakaatang sa akin. Kaya't isinara ko ang aking mga aklat [at] isinantabi ang pag-aaral ko ng Latin at Greek."[2]

Pagkatapos magpasiya, nagmisyon si Lorenzo Snow sa estado ng Ohio noong 1837. Kalaunan ay naglingod siya sa iba pang mga misyon—una sa mga estado ng Missouri, Illinois, Kentucky, at Ohio, pagkatapos ay sa England, Italy, Hawaiian Islands, hilagang-kanlurang Estados Unidos, at sa estado ng Wyoming. Habang nasa England, lumiham siya sa kanyang tiya, na ipinaliliwanag kung bakit handa siyang lisanin ang kanilang tahanan at maglingkod bilang misyonero: "Ang isiping ako ay nasa apat hanggang limang libong milya mula sa tahanang kinalakhan ko at sa lahat ng kakilala at kababata ko, naitanong ko, *Bakit ako narito?* . . . Narito ako dahil nagsalita ang Diyos, at nagbangon ng isang Propeta, na sa pamamagitan niya ay ipinanumbalik Niya ang kabuuan ng walang-hanggang Ebanghelyo, pati na ang lahat ng kaloob, kapangyarihan, ordenansa, at pagpapala nito; na may pagpapahayag sa lahat ng tao, '*Mangagsisi kayo, sapagka't malapit na ang kaharian ng langit.*' Sa awa at tulong ng Diyos, tinawag ako bilang kinatawan, upang dalhin ang mensaheng ito sa mga bansa ng mundo, na nalalaman kong nagbigay sa akin ng isang malaking responsibilidad na hindi ko magagawa kung wala ang tulong ng Makapangyarihang Diyos."[3]

Laging nagpapasalamat si Pangulong Snow sa desisyon niyang maglingkod sa Panginoon bilang misyonero. Noong Setyembre 1901, sa edad na 87, sinabi niya: "Natutuwa ako kahit ngayon kapag naiisip ko ang mga panahon ng aking misyon. Ang damdaming

nilikha ng mga natatanging karanasang ito ay naging bahagi ng aking pagkatao."[4] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 265.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Dahil natanggap natin ang kabuuan ng ebanghelyo, hangad nating tulungan ang iba na magalak din sa mga pagpapalang ito.

Kapag nakatanggap ng kaalaman ang isang tao, nadarama niyang ibahagi ito sa iba; kapag masaya ang isang tao, tinuturuan siya ng kanyang damdamin na sikaping mapasaya ang iba. . . . May pagkakataon bang sumaya ang isang tao nang wala siyang alam tungkol sa ebanghelyo ni Cristo? . . . Bagaman sa mundo sinisikap [ng mga tao] na pasayahin ang kanilang sarili, hindi pa rin sila nagtatagumpay sa sinisikap nilang isagawa. Hindi sila maaaring lumigaya, maliban sa isang alituntunin, at iyan ay ang tanggapin ang kabuuan ng ebanghelyo, na nagtuturo sa atin na hindi na natin kailangang maghintay na makarating sa kawalang-hanggan bago natin simulang pasayahin ang ating sarili, kundi itinuturo nito na sikapin nating pasayahin ang ating sarili at ang ibang nakapaligid sa atin sa mga pagpapala ng Makapangyarihang Diyos.

Ito, kung gayon, ang dapat maging mithiin at layunin natin: matuto tayong maging kapaki-pakinabang; maging mga tagapagligtas sa ating kapwa-tao; pag-aralan kung paano sila ililigtas; ipaalam sa kanila ang mga alituntuning kailangan para maiangat sila sa antas ng ating katalinuhan.[5]

Kaibiganin ang mga taong nakapaligid sa inyo; o pumili ng isa at subukang pasiglahin ang kanyang damdamin, pananampalataya, sitwasyon at isipan at subukan silang pagpaliwanagan at kung sila ay makasalanan, sikaping iligtas sila mula sa kanilang mga kasalanan, at ialis sila sa pagkaalipin upang makabahagi sila sa liwanag at kalayaang kinabibilangan ninyo, dahil sa ganitong paraan may mabuti kayong magagawa sa pamamagitan ng paggamit ng impormasyong ibinahagi sa inyo ng Panginoon.[6] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 265.]

**Ang mga misyonero ay handang magsakripisyo upang matulungan ang iba na malaman ang katotohanan.**

Hindi pa natatagalan sa paninirahan ang mga Banal sa mga lambak na ito [sa Utah] nang muling ibaling ng mga lingkod ng Panginoon ang kanilang pansin sa dakilang gawaing misyonerong nakaatang sa Simbahan.

Tayo ay nasa gitna ng kahirapan at sinisikap na linangin ang lupain, ngunit hindi natin maaaring kaligtaan ang obligasyon nating palaganapin ang Ebanghelyo sa ibang bansa; dahil iniutos ng Panginoon na dapat itong ipangaral sa buong mundo. Isa ito sa mga katibayan ng kabanalan ng gawaing ito na sa kabila ng lahat ng pagpapalayas at pang-uusig ay matapat na hinangad ng mga Banal sa mga Huling Araw na sundin ang utos na ito ng Panginoon.

Sa pangkalahatang kumperensya ng Simbahan noong Oktubre, 1849—dalawang taon lamang pagkaraang pumasok ang mga pioneer sa lambak [ng Salt Lake]—may ilang Elder na tinawag na magbukas ng mga misyon sa iba't ibang panig ng mundo. Apat sa Labindalawang Apostol ang hinirang na mamuno. Si Apostol Erastus Snow ay pinapunta sa Scandinavia, si Apostol John Taylor sa France, ako sa Italy, at si Apostol Franklin D. Richards sa England, kung saan naitatag na ang isang misyon. Sa ilalim ng mahihirap na sitwasyon na kinasadlakan namin noon, na halos hikahos ang aming mga pamilya, mabigat na gawain ito sa para amin; ngunit tumawag ang Panginoon, at nadama naming dapat kaming tumugon, anumang sakripisyo ang kailangan naming gawin.[7]

Inilalaan namin ang aming buhay na para bang hindi na ito ganoon kahalaga sa amin, upang maunawaan ng mundo na may isang Diyos sa mga walang-hanggang mundo; upang maunawaan nila na ang Diyos ay may gagawin sa kasalukuyan sa mga gawain ng mga anak ng tao. Dumarami ang nagsasabi sa mundo na hindi mali ang magtaksil sa asawa. Kahit sa mga pamilyang Kristiyano, libu-libo at sampu-sampung libo ang hindi naniniwala na may kaugnayan ang Diyos sa mga anak ng tao bagaman ayaw nilang ipagtapat ito dahil hindi ito tanggap ng marami. Kailangan tayong manindigan at magsakripisyo upang maiparating ang paniniwala at kaalamang iyan sa mga anak ng tao.[8]



*"Kalimutan ang sarili ninyong kapakanan, at magiging malaki at maluwalhati ang inyong tagumpay, at madarama ng buong Simbahan ang mga epekto ng inyong mga pagsisikap."*

Kapag pinapunta natin ang ating mga binatang misyonero sa mga bansa ng mundo, pinag-iisipan nila ang bagay na ito, at dahil narinig na nila ang karanasan ng mga nakapagmisyon na, hindi napakagandang ideya na isipin ng isang tao ang mga pagsubok at hirap na kanilang pagdaraanan. Ngunit ang kabanalan ay nasa kahandaan nilang magsimula, at sumunod sa mga kailangang gawin.[9]

May mga bagay tungkol sa misyon na hindi nakasisiya sa ating mga binatang Elder. Alam nila na kailangan nilang isakripisyo ang mga kasiyahan sa tahanan, at nauunawaan nila na makikihalubilo sila sa mga taong hindi laging nagpapasalamat sa sasabihin nila; subalit, sa kabilang dako, nadarama nila na hawak nila ang potensyal na magtamo ng buhay na walang hanggan, at na kung makahahanap sila ng isang tapat na lalaki o babae, aantigin ng Espiritu ng Panginoon ang kanilang puso at marahil ay tatanggapin nila ang maluwalhating mensaheng ito na kailangan nilang ihatid. Ito ang magbibigay sa kanila ng kasiyahan. Ang isa pa, nakikita nila sa karanasang ito ang isang pagkakataon upang makamtan ang bagay na magiging napakahalaga sa kanilang mga tungkulin sa hinaharap.

Nakapagtataka na sa libu-libong liham na natanggap ko mula sa mga tinawag na magmisyon—na karamihan ay mga binata—isa lang ang naiisip kong pagkakataon na may tinanggihan. Bakit kaya? Ito ay dahil sa ang diwa ng pagmamahal at imortalidad, ang Espiritu ng Makapangyarihang Diyos, ay nasa mga binatang Elder na ito, at natanggap nila ang mga paghahayag na nagbigay-inspirasyon sa kanila na gawin ang isang bagay na walang ibang makapagtutulak sa kanilang gawin.[10] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 265.]

---

**Hindi dapat kalimutan ng mga misyonero na sila ay mga sugo ng langit, nagtataglay ng mabuti at masayang balita.**

Ipinapadala natin ang ating mga Elder upang ipangaral ang Ebanghelyo. Sino ang nagsusugo sa kanila? . . . Ang Diyos ng Israel ang nagsusugo sa kanila. Ito ay Kanyang gawain. Walang mortal na taong lubhang interesado sa tagumpay ng isang Elder kapag ipinapangaral niya ang Ebanghelyo maliban sa Panginoon na nagsugo sa kanya na mangaral sa mga tao na mga anak ng Panginoon. Sila ay mga anak Niya mula sa ibang daigdig, at pumarito sila dahil nais ng Panginoon na pumarito sila.[11]

Palagay namin ay magkakaroon kayong [mga misyonero] ng malaking tagumpay, dahil nadarama at alam namin na kayo ay tinawag ng Diyos. Hinding-hindi maiisip ng karunungan ng tao ang gawaing katulad nito. Namamangha ako kapag naiisip ko ang kadakilaan nito. Masasabi ko na ito ang mismong gawaing kailangan sa panahong ito: at tiwala ako na makikibahagi kayo rito nang buong kaluluwa ninyo. Pagyamanin ang Diwa ni Jesus noong sabihin niya na wala siyang magagawa kundi yaong ipinagagawa sa kanya ng kanyang Ama [tingnan sa Juan 5:30].

Huwag pansinin ang inyong mga paghihirap at kawalan; kalimutan ang sarili ninyong kapakanan, at magiging malaki at maluwalhati ang inyong tagumpay, at madarama ng buong Simbahan ang mga epekto ng inyong mga pagsisikap.

Huwag pansinin ang pagwawalang-bahala ng ilan sa mga tuturuan ninyo ng ebanghelyo, at ang maliliit na kabiguang mararanasan ninyo; sasainyo ang Espiritu ng Panginoon, at maaantig ninyo ang espiritu ng mga taong pinaglilingkuran ninyo, at masusupil ang

kanilang pagwawalang-bahala; . . . masisiyahan kayo na natapos ninyo ang gawaing ipinagawa sa inyo. . . .

Ganap ang awtoridad na ipinagkaloob sa inyo, ngunit hindi na ninyo kailangan pang pag-usapan ito. Matutuklasan ninyo na hindi kailangang pag-usapan ito; pagtitibayin ito ng Espiritu ng Panginoon, at madarama ng mga tao na taglay ninyo ito, at ang pagpapatibay at damdaming ito ang magiging awtoridad ninyo.

Masusumpungan ninyo ang ilan na nag-iisip na mas marami silang alam kaysa sa inyo, ngunit kung gagawin ninyo ang inyong tungkulin tulad ng iminungkahi, bago ninyo sila lisanin, madarama nila na mas marami kayong alam kaysa sa kanila, at na napagpala at natulungan ninyo sila. . . .

Sikaping maging kalugud-lugod sa mga pinaglilingkuran ninyo. Ang pagpapakumbabang ipinapakita ninyo at ang Espiritu ng Panginoon na sumasainyo ang magpapakita na karapat-dapat kayo sa katungkulang ibinigay sa inyo. Sikaping unawain ang likas na tao at kumilos alinsunod dito, upang mapasaya ang lahat ng tao at maging kalugud-lugod ang lahat ng bagay. . . .

May paraan para maantig ang puso ng bawat tao, at tungkulin ninyong humanap ng paraan para maantig ang puso ng mga taong pinaglilingkuran ninyo. . . .

Nais kong sabihin mula sa puso ko na, pagpalain kayo ng Diyos. Itatalaga kayo bago kayo humayo, at ipagdarasal namin kayo at susubaybayan namin kayo. Maging maamo at mapagpakumbaba. Kapag tumingin kayo sa mga nakikinig, dalawang motibo ang maaaring magbigay sa inyo ng inspirasyon; una, na makapagsalita kayo nang mahusay at humanga sa inyo ang mga nakikinig; at, ang isa pa, ang katanungan na, bakit ako narito? Para maitanim sa puso ng mga nakikinig ang hangaring magtamo ng buhay na walang hanggan; dapat ay magkaroon ng panalangin sa inyong puso, "O Panginoon, nawa'y mangyari ito; maaari po bang magkaroon ako ng kapangyarihan sa pamamagitan ng inyong Espiritu na maantig ang puso ng inyong mga tao na naririto?" Ang napakaikling panalanging iyon lamang ang kailangan bigkasin ng isang elder. Iyon lang ang kailangan ninyong idalangin. "Maaari po ba akong magsalita

para sa ikaliligtas ng mga kaluluwang ito?" Ito ang nais ipagawa sa inyo ng Unang Panguluhan . . . at ng lahat ng inyong mga kapatid.[12]

Ibaling ang inyong pansin sa paghahanda ng inyong espirituwal na sandata. Nalaman ko na kapag isinantabi ko ang mga temporal na bagay, ang aking mata ay nakatuon sa mga espirituwal na bagay. Manalangin, mga kapatid, at isipin ang mga pakinabang ng pag-aayuno. . . . Huwag masyadong magbiro, [at] mag-ingat upang hindi magdamdam ang Espiritu. Nalaman ko noong nasa misyon ako, pagkaraan ng isa o dalawang linggo na hindi ko na iniisip ang aming tahanan, at pinasigla ako ng Espiritu ng Diyos. Ang Espiritu ay naghahatid ng kalayaan at kagalakan, ngunit huwag masyadong magpakasaya. . . . Patuloy na manalangin upang mapasainyo ang Espiritu ng Diyos mula sa inyong ulo hanggang sa inyong talampakan.[13]

Hindi dapat makalimutan ng mga Elder na gumagawa sa ubasan ang katotohanan na sila ay mga sugo ng langit, nagdadala ng mabuti at masayang balita sa mga taong hindi nakakikilala sa Panginoon. . . .

Nang papuntahin ni Propetang Joseph Smith ang unang mga Elder sa ibang bansa, nakinita niya kung paano sila tatanggapin ng mga tao, at sinabi niya sa kanila na kahit may ilang tatanggap sa kanila bilang mga lingkod ng Diyos, tatanggihan sila ng karamihan, at hindi pakikinggan ang kanilang mensahe. Ganito ang sitwasyon ng mga lingkod ng Diyos noon pa man, at dapat tayong masiyahan sa mga resulta ng tapat na pagsisikap, kahit kakaunti ang nakaalam sa katotohanan sa pamamagitan natin. . . .

Dalangin ko na sana'y walang Elder na nagsisikap . . . ang makalimot sa kanyang sarili hanggang sa siya ay mabihag ng mga pang-aakit ng mundo. Iisa lang ang ligtas na paraan para makaiwas sa mga ito, at iyan ay ang iwaksi ang kasamaan, oo, maging ang mismong anyo ng kasamaan. Ihaharap sa kanila ang iba't ibang anyo ng tukso. Ganito magtrabaho ang kaaway ng ating kaligtasan; ngunit gawain ng mga Elder ng Israel na labanan ang tukso, at para matagumpay na magawa ito kailangan nilang manatiling walang bahid-dungis sa mundo. . . . Dahil pinauunlad at itinatangi nila ang diwa ng kanilang misyon, at natatanto ang kahalagahan ng kanilang mataas na tungkulin kay Cristong Jesus, at nabubuhay sa diwa nito,

nakakaya nilang maging gabay at tagapagligtas sa mga tao, nakikita sa kanila ang liwanag ng langit, at naiiba sila sa ibang kalalakihan; ngunit kung patutukso sila sa kaaway at magkakasala, babawian sila ng lakas at magiging katulad sila ng ibang kalalakihan, akma lamang na umuwi at madama ang lungkot ng isang makasalanan, at maging dahilan para magdalamhati ang mga mahal sa buhay dahil sa kanilang kalagayan. . . . Ngunit kung patuloy silang mapagpakumbabang dudulog sa Panginoon, na nakatuon ang mata sa Kanyang karangalan at kaluwalhatian, at hinahangad sa kanilang puso ang kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao, at ginagawa ang lahat para sa kanilang kaligtasan, magagalak sila nang higit pa sa kanilang pinagsikapan sa laman, at sa wakas ay makakabahagi sila kasama ng Ama at ng Anak sa mga bagay na napakadakila at maluwalhati na hindi kayang maunawaan ng mga mortal.[14] [Tingnan sa mga mungkahi 4 at 5 sa pahina 265.]

---

## Nagagalak ang ating puso kapag tinutulungan natin ang iba na matanggap ang kabuuan ng ebanghelyo.

Nadarama . . . natin, na para maisakatuparan ang gawaing ito, kailangan ang malaking pasensya, pananampalataya, sipag, tiyaga, at mahabang pagtitiis; ngunit sa mga lungsod . . . kung saan kalaunan ay libu-libo ang tumanggap sa Ebanghelyo, maraming buwan ang iniukol sa ilan sa mga lungsod na ito sa tila walang-saysay na pagsisikap bago natiyak na nagawa nang tama at nasunod ang mga alituntuning ito. . . . Sa ilang [pagkakataon] maaaring hindi lang ilang buwan ang kailanganin natin, kundi marahil mga taon pa; ngunit nakatitiyak tayo, na sa pamamagitan ng pananampalataya, panalangin, pagsisikap, at pagpapala ng Panginoon, madaraig at mapagtatagumpayan natin ang lahat ng paghihirap na ito para sa karangalan at kaluwalhatian ng Diyos; at bukod dito, tayo man ay masisiyahan na *nagawa natin ang ating tungkulin,* at nalinis ang ating kasuotan sa dugo ng lahat ng tao.[15]

Sa [isang] pagkakataon, bago ako tumuloy sa Italy, binisita ko ang Manchester, Macclesfield, Birmingham, Cheltenham, London, Southampton at South Conferences [sa England]. . . . Nalugod akong makita ang maraming taong nadala ko sa Simbahan [walong taon na ang nakalipas]; at hindi ko na kailangan pang sabihin sa inyo na

tuwang-tuwa akong makitang muli ang mga taong ito na palaging nagpapasaya sa aking isipan. Sinabi ni Apostol Juan noong kanyang kapanahunan, "Nalalaman nating tayo'y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagka't tayo'y nagsisiibig sa mga kapatid." [I Juan 3:14.] Ang pagmamahal na nadarama ng mga misyonerong Elder ng ating Simbahan para sa mga tao ng daigdig, at ang pagmamahal na nadarama ng mga tao para sa mga Elder na naghatid ng mensahe ng Ebanghelyo sa kanila, ay sapat na patotoo para makumbinsi ang isang taong tapat ang puso na ang pinagmulan nito ay banal, at na sumasaatin ang Diyos. Ang sagrado at banal na damdaming ito, na pinukaw sa atin ng Espiritu Santo, ay inihiwalay na tayo bilang isang komunidad mula sa ibang mga tao; at ito ang damdaming magpapabago sa buong mundo, at kukumbinsi sa taong ayaw maniwala na ang Diyos ay hindi lamang Ama nating lahat, kundi na tayo ay Kanyang mga kaibigan at mga lingkod.[16]

Inilaan ko na ang buhay ko sa paglilingkod sa Panginoon; isinakripisyo ko na ang *lahat* ng mayroon ako, upang mabigyan ko siya ng karangalan, matanggap ang kanyang kalooban, at maipalaganap ang mga alituntunin ng buhay sa mga anak ng tao. Kapag iniisip ko ang nakaraan, at nakikita ang kamay ng Panginoon na kagila-gilalas na nagbubukas sa aking daan, at pinauunlad ako sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa mga misyong ito nang higit pa sa inaasahan ko, lalong lumalakas ang loob ko na sumulong sa hinaharap; hindi mailarawan ng salita ang malaking pasasalamat sa puso ko para sa kanyang mga pagpapala. Ang mga kapatid at mga Banal na ang kabaitan ng kaluluwa at interes sa gawain ng Diyos ay talagang nakita sa mga misyon nila, nawa'y sagana ring maibuhos sa kanila ang mga pagpapala ng Kataas-taasan, at kapag sa paglipas ng mga taon ay marinig nila ang matamis na hiyaw ng papuri ng libu-libo at sampu-sampung libo ng mga bansang iyon sa Makapangyarihang Diyos para sa liwanag ng paghahayag, magagalak din ang kanilang puso sa masayang kaalaman na naging bahagi rin sila sa pagsasakatuparan ng maluwalhating pagtubos na ito.[17] [Tingnan sa mungkahi 6 sa pahina 265.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Basahin ang mga pahina 255–256, at pag-isipan ang mga sagot ni Lorenzo Snow sa tanong na "Bakit ako narito?" Sa anong mga paraan maiimpluwensyahan ng tanong na ito ang lahat ng miyembro ng Simbahan sa mga pagkakataon nating magbahagi ng ebanghelyo?

2. Pagnilayan ang payo ni Pangulong Snow sa bahaging nagsisimula sa itaas ng pahina 257. Pag-isipan kung paano ninyo masusunod ang payong ito para tulungan ang isang tao na tunay na lumigaya.

3. Ikinuwento ni Pangulong Snow ang mga sakripisyong ginawa niya at ng iba para maibahagi nila ang ebanghelyo (mga pahina 258–260). Anong mga halimbawa ng sakripisyo ang nakita ninyong ginawa ng mga tao para maibahagi ang ebanghelyo? Bakit sa palagay ninyo handang gawin ng mga tao ang mga sakripisyong ito?

4. Paano makatutulong ang mga pagtiyak sa mga pahina 259–261 sa isang full-time missionary? Paano ito makatutulong sa bawat isa sa atin sa pagbabahagi ng ebanghelyo? Sa paanong paraan natin magagamit ang mga turong ito para tulungan ang isang tao na nag-aatubiling magmisyon?

5. Kapag nirepaso ninyo ang payo ni Pangulong Snow sa mga pahina 260–263, pag-isipan kung paano ito naaangkop sa buhay ng lahat ng miyembro ng Simbahan. Halimbawa: Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "kalimutan ang sarili ninyong kapakanan"? Ano ang iba't ibang paraan para ating "maantig ang puso ng bawat tao"?

6. Basahin ang huling talata sa kabanata, kung saan ikinuwento ni Pangulong Snow ang walang-katapusang kagalakang dulot ng gawaing misyonero. Kailan ninyo naranasan ang kagalakang dulot ng gawaing misyonero? Bakit kailangan nating

magpasensya kung minsan bago natin lubos na maranasan ang kagalakang ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Alma 26:1–8, 35–37; D at T 12:7–8; 18:10–16; 84:88

*Tulong sa Pagtuturo:* "Papiliin ng isang bahagi ang mga miyembro ng klase at ipabasa ito nang tahimik sa kanila. Anyayahang maggrupo nang dalawahan o tatluhan ang mga taong pipili ng magkakaparehong bahagi at ipatalakay ang natutuhan nila" (mula sa pahina ix ng aklat na ito).

## *Mga Tala*

1. Journal and Letterbook, 1836–1845, Church History Library, 33; tingnan din sa "The Grand Destiny of Man," *Deseret Evening News,* Hulyo 20, 1901, 22.
2. "The Grand Destiny of Man," 22.
3. Sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 48.
4. "Letter from President Snow," *Millennial Star,* Set. 12, 1901, 595.
5. *Deseret News,* Mayo 15, 1861, 82.
6. *Deseret News,* Mar. 11, 1857, 3; sa orihinal na pinagmulan, ang pahina 3 ay nalagyan ng maling pahina 419.
7. Sa "Scandinavians at Saltair," *Deseret Evening News,* Ago. 17, 1901, 8.
8. Sa "Laid to Rest: The Remains of President John Taylor Consigned to the Grave," *Millennial Star,* Ago. 29, 1887, 549.
9. Sa "Report of the Funeral Services Held over the Remains of Daniel Wells Grant," *Millennial Star,* Hunyo 20, 1895, 386.
10. Sa Conference Report, Abr. 1901, 2–3.
11. *Deseret Weekly,* Mayo 12, 1894, 637.
12. "Instructions to Missionaries," *Improvement Era,* Dis. 1899, 126–29; ipinayo ito ni Lorenzo Snow sa mga kapatid na kailan lang tinawag na maglingkod bilang mga misyonero para sa Mutual Improvement Association. Kasama ang kanyang sermon sa *Improvement Era* na may paliwanag na iyon ay "puno ng makatutulong na patnubay at payo sa bawat nagsisikap na maisakatuparan ang layunin."
13. Sa Journal History, Abr. 9, 1862, 4.
14. "Letter from President Snow," 595–96.
15. "The Malta Mission," *Millennial Star,* Hunyo 5, 1852, 237.
16. "Letter from President Snow," 595.
17. "Address to the Saints in Great Britain," *Millennial Star,* Dis. 1, 1851, 365.

# Sumusulong ang Kaharian ng Diyos

*"Responsibilidad ng mga taong nagsasabing ginagawa nila ang gawain ng [Diyos] na magpatuloy, na sumulong. . . . Hangga't may gagawin, dapat gawin iyon."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Noong 1844, habang gumaganap sa isang tungkulin sa silangang Estados Unidos, nalaman ni Lorenzo Snow na pinaslang si Propetang Joseph Smith at ang kapatid nitong si Hyrum. Sabi niya: "Ang malungkot na balitang ito, mangyari pa, ay talagang hindi inaasahan, at labis akong nabigla at nagdalamhati, na hindi mailalarawan ng mga salita." Sa pagsunod sa mga bilin ng Korum ng Labindalawang Apostol, naghanda siyang umuwi sa kanyang tahanan sa Nauvoo, Illinois.[1]

Kalaunan ay ginunita niya: "Inisip ng ilan noong panahon ni Joseph na hindi uunlad ang Simbahang ito kung hindi si Joseph ang gagabay dito, at nang dumating ang panahon na pumanaw na siya sa mundong ito bilang martir tungo sa mundo ng mga espiritu, lubhang nabalisa ang mga Banal sa buong kaharian ng Diyos. Iyon ay isang bagay na hindi inaasahan. Hindi nila alam kung paano magpapatuloy ang mga bagay-bagay pagkatapos niyon. Sa gayon ay napasa-Korum ng Labindalawang Apostol ang responsibilidad [na pamunuan ang Simbahan]; at sa pamamagitan ng mga pagpapala ng Diyos sa kanila at sa inspirasyong namayani sa kanilang puso, at sa patnubay ng Makapangyarihang Diyos, umunlad ang kaharian."[2]

Ang ikalawang Pangulo ng Simbahan, si Brigham Young, ay namatay noong 1877, matapos pamunuan ang Simbahan sa loob ng 33 taon. Muling nasaksihan ni Elder Lorenzo Snow, na noon ay



*Pinatotohanan ni Pangulong Lorenzo Snow ang Panunumbalik ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.*

miyembro ng Korum ng Labindalawa, ang pagbabago sa pamunuan ng Simbahan sa lupa. Kalaunan ay sinabi niya na si Pangulong Young ay "pumanaw nang halos hindi inaasahan. Hindi gaanong handa ang mga Banal para doon. Subalit sumulong pa rin ang kaharian ng Diyos."[3]

Nang mamatay si John Taylor, ang ikatlong Pangulo ng Simbahan, noong 1887, pinanatag ni Elder Snow ang mga Banal, "Niloob ng Panginoon na tawagin na ang ating pinakamamahal na kapatid na si Pangulong Taylor, na ilayo sa mundong ito na puno ng pagdurusa, pagpaslang; at sumusulong pa rin ang Simbahan."[4]

Noong 1898, mga 11 taon matapos mapanatag ni Lorenzo Snow ang mga Banal sa libing ni Pangulong Taylor, nadama rin niya na kailangan niya ang gayong kapanatagan. Naglilingkod siya noon bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa. Naglilingkod noon si Pangulong Wilford Woodruff bilang Pangulo ng Simbahan, at mahina na ang kanyang katawan. Alam ni Pangulong Snow na ayon sa paraang itinatag sa paghalili sa pangulo ng Simbahan, siya ang mangungulo sa Simbahan kung mauunang pumanaw si Pangulong Woodruff kaysa sa kanya. Isang gabi nabigatan siyang lalo sa posibilidad na mangyari ito. Nadaramang hindi niya kayang pamunuan ang Simbahan, pumasok siyang mag-isa sa isang silid sa Salt Lake Temple upang manalangin. Hiniling niya sa Diyos na huwag munang kunin si Pangulong Woodruff, ngunit ipinangako rin niya na gagampanan niya ang anumang tungkuling ibigay sa kanya ng Diyos.

Namatay si Pangulong Woodruff noong Setyembre 2, 1898, hindi pa katagalan matapos manalangin nang taimtim si Pangulong Snow sa templo. Si Pangulong Snow ay nasa Brigham City, mga 60 milya (100 kilometro) sa hilaga ng Salt Lake City, nang matanggap niya ang balita. Siniguro niyang makasasakay ng tren patungong Salt Lake City noong gabi ring iyon. Pagdating niya roon, muli siyang pumasok sa isang pribadong silid sa templo upang manalangin. Inamin niya ang kanyang kakulangan ngunit ipinahayag niya ang kanyang kahandaang sundin ang kalooban ng Panginoon. Humiling siya ng patnubay at naghintay ng sagot, ngunit hindi ito dumating. Kaya't lumabas na siya ng silid.

Pagpasok sa maluwang na pasilyo, natanggap niya ang sagot—at ang kapanatagan—na hiniling niya. Nakatayo sa kanyang harapan

ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas, na nagsabi sa kanya kung ano ang kailangan niyang gawin. Kalaunan ay ikinuwento ni Pangulong Snow sa kanyang apong si Alice Pond ang karanasang ito. Itinala ni Alice ang pag-uusap nila ng kanyang lolo sa Salt Lake Temple:

"Sa maluwang na pasilyo patungo sa silid-selestiyal, nauuna ako ng ilang hakbang kay lolo nang patigilin niya ako at sinabing: 'Sandali, Allie, may sasabihin ako sa iyo. Dito mismo nagpakita sa akin ang Panginoong Jesucristo noong mamatay si Pangulong Woodruff. Pinagbilinan Niya ako na muling iorganisa kaagad ang Unang Panguluhan ng Simbahan at huwag nang maghintay pa tulad ng ginagawa noon pagkamatay ng dating mga pangulo, at na ako ang papalit kay Pangulong Woodruff.'

"Pagkatapos ay lumapit nang isang hakbang ang lolo ko at iniunat ang kanyang kaliwang kamay at sinabi: 'Dito Siya mismo nakatayo, mga tatlong talampakan ang taas mula sa sahig. Mukhang nakatayo Siya sa isang tuntungang yari sa solidong ginto.'

"Sinabi sa akin ni Lolo kung gaano kaluwalhating personahe ang Tagapagligtas at inilarawan ang Kanyang mga kamay, paa, mukha at maganda at puting kasuotan, na lahat ay napakaputi at napakakinang ng kaluwalhatian na hindi niya Siya halos matingnan.

"Pagkatapos ay lumapit ng isa pang hakbang [si Lolo] at inilagay ang kanyang kanang kamay sa ulo ko at sinabi: 'Ngayon, apo, gusto kong alalahanin mo na ito ang patotoo ng lolo mo, na sinabi niya sa iyo mula mismo sa sarili niyang mga labi na talagang nakita niya ang Tagapagligtas, dito sa Templo, at nakipag-usap sa Kanya nang harapan.' "[5]

Ang pakikipag-usap ni Pangulong Snow sa Tagapagligtas ay isang sagradong katibayan ng isang katotohanan na maraming taon na niyang alam—na si Jesucristo ang pinuno ng Simbahan. Nabigyang-inspirasyon ng katotohanang ito, madalas patotohanan ni Pangulong Snow na ang Simbahan ay patuloy na uunlad sa kabila ng oposisyon. Ipinahayag niya ang kanyang pasasalamat sa pribilehiyong makibahagi sa pagsusulong ng gawain ng Panginoon sa mga huling araw. Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1898, kung saan sinang-ayunan siya bilang Pangulo ng Simbahan,


sinabi niya: "Pagpasiyahan natin sa ating puso, patotohanan natin sa Panginoon sa ating kalooban, na magiging mas mabubuti tayong tao, mas nagkakaisa sa susunod nating Kumperensya kaysa ngayon. Ito dapat ang maging damdamin at determinasyon ng bawat lalaki at babaeng nasa dakilang pagtitipong ito. Nadarama ko sa puso ko na sisikapin kong maging mas tapat kaysa rati sa kapakanan ng kaharian ng Diyos at sa pagsasakatuparan ng Kanyang mga layunin."[6] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 278.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Para maisakatuparan ang propesiya, ipinanumbalik ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa lupa.

Bilang lingkod ng Diyos pinatototohanan ko na inihayag Niya ang Kanyang kalooban dito sa ikalabing-siyam na siglo. Ipinarating ito ng Kanyang sariling tinig mula sa kalangitan, sa personal na pagpapakita ng Kanyang Anak at sa paglilingkod ng mga banal na anghel. Inuutusan Niya ang lahat ng tao sa lahat ng dako na magsisi, talikuran ang kanilang kasamaan at masasamang hangarin, magpabinyag para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, upang matanggap nila ang Espiritu Santo at makasama Niya. Sinimulan na Niya ang gawain ng pagtubos na binanggit ng lahat ng mga banal na propeta, matatalinong tao at mga tagakita sa lahat ng panahon at sa lahat ng lahi ng tao.[7]

Hindi sinasabi ng Mormonismo, ang bansag sa tunay na relihiyon ng mga Banal sa mga Huling Araw, na bago ito, maliban sa henerasyong ito. Ipinapahayag nito na ito ang orihinal na plano ng kaligtasan, na itinatag sa kalangitan bago pa nilikha ang mundo, at inihayag ito ng Diyos sa tao sa iba't ibang panahon. Na ito ang relihiyon noon nina Adan, Enoc, Noe, Abraham, Moises, at iba pang sinaunang mga tao na karapat-dapat, sa magkakasunod na dispensasyon, na pinaniniwalaan natin bilang isang lahi. . . . Mormonismo, sa madaling salita, ang sinaunang pananampalatayang Kristiyano na ipinanumbalik, ang sinaunang Ebanghelyo na muling ibinalik—sa pagkakataong ito upang simulan ang huling dispensasyon, pasimulan ang Milenyo, at tapusin ang gawain ng pagtubos na may kaugnayan sa planetang ito.[8]



*"Mga kapatid, itinatag ng Diyos ang Kanyang Simbahan at Kaharian sa lupa para sa kapakanan at pagpapala ng mag-anak ng tao."*

Nakikita natin ang kamay ng Makapangyarihang Diyos na itinatatag ang kahariang binanggit noong araw ni Daniel na Propeta,—isang kahariang lalago at lalaganap hanggang sa mapuno nito ang buong daigdig [tingnan sa Daniel 2:44], kung kailan ang liwanag at katalinuhan ay malawak na lalaganap na hindi na kailangang sabihin ninuman sa kanyang kapwa na, "Iyong kilalanin ang Panginoon; sapagka't makikilala nilang lahat [siya], mula sa kaliitliitan sa kanila hanggang sa kadakidakilaan sa kanila;" [tingnan sa Jeremias 31:34] at kung kailan ang Espiritu ng Panginoon ay ibubuhos sa lahat ng tao kaya makakapagpropesiya ang kanilang mga anak na lalaki at babae, mananaginip ang kanilang matatandang lalaki, makakakita ng mga pangitain ang kanilang mga kabataang lalaki [tingnan sa Joel 2:28], at kung kailan walang mananakit o makakapanira sa buong banal na bundok ng Panginoon [tingnan sa Isaias 11:9].[9] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 278.]

---

**Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay itinayo sa tunay na saligan, at patuloy itong susulong sa kabila ng oposisyon.**

Mga kapatid, itinatag ng Diyos ang Kanyang Simbahan at Kaharian sa lupa para sa kapakanan at pagpapala ng mag-anak ng tao, upang gabayan sila sa landas ng katotohanan, ihanda sila para sa kadakilaan sa Kanyang presensya at para sa Kanyang maluwalhating pagparito at sa kaharian sa lupa. Ang Kanyang mga layunin ay maisasakatuparan sa kabila ng lahat ng oposisyon na maaaring iharap laban sa kanila ng masasamang tao at ng mga kapangyarihan ng kadiliman. Lahat ng hadlang sa gawaing ito ay aalisin. Walang makatatalo sa Kanyang kapangyarihan, kundi lahat ng Kanyang iutos ay lubos at ganap na maisasakatuparan. Ang pag-ibig ng Diyos para sa Kanyang mga tao ay magpapatuloy at mananatili at magtatagumpay sila sa Kanyang lakas.[10]

Tingnan natin kung may makawasak sa kahariang ito! . . . Aba, mabuti pang sungkitin ninyo ang mga bituin sa langit o ang buwan o araw mula sa kinaroroonan nito! Hinding-hindi ito magagawa, dahil gawain ito ng Makapangyarihang Diyos.[11]

Ang kaharian ng Diyos ay kumikilos nang may puwersa at kapangyarihan, at may maringal at maluwalhating tagumpay.[12]

Ang gawaing ito ay nakatayo sa tunay na saligan, na nakatayo sa malaking bato. . . . May maligaw man ng landas at mawalan ng pananampalataya, magpapatuloy pa rin ang Simbahan.[13]

Tatayo ang Simbahan, dahil matatag ang saligan nito. Hindi ito nagmula sa tao; hindi ito nagmula sa pag-aaral ng Bagong Tipan o ng Lumang tipan; hindi ito resulta ng pag-aaral na natanggap natin sa mga kolehiyo o seminaryo, kundi tuwiran itong nagmula sa Panginoon. Ipinakita ito sa atin ng Panginoon sa pamamagitan ng paghahayag ng alituntunin ng Banal na Espiritu ng katotohanan at bawat tao ay maaaring tanggapin ang espiritung ito.

. . . Binibigyan Niya tayo ng kaalaman sa dapat nating gawin hangga't handa tayong isakripisyo ang ating buhay sa halip na salungatin ang kaalamang iyan. Binubuksan Niya sa atin ang mga lihim ng kahariang selestiyal, at palagi niyang ipinahahayag sa atin ang mga bagay na dati-rati ay hindi natin alam. Ang kaalaman at katalinuhang ito ay patuloy na lumalago sa atin.

. . . Napakarami na nating alam para mapigilan pa tayo sa ating mga layunin. Ang mga taong naghahangad na usigin at ibagsak ang Mormonismo, hayaan ninyo silang gawin ito. . . . Ang tungkulin natin ay umunlad sa kaalaman ng Diyos, sundin ang mga utos ng Diyos, maging tapat at patuloy na lumago at lalong higit na maging perpekto habang tumatanda tayo.[14] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 278.]

---

## Tayo ay mga tao ng Diyos, at poprotektahan Niya tayo habang sumusulong tayo at ginagawa ang lahat ng iniuutos Niya.

Sa maraming pagkakataon . . . kung saan tila hindi maiwasang mapuksa ang mga tao ng Diyos, at walang paraan para makatakas . . . biglang may mangyayari o may inihanda para sa kanilang kaligtasan para hindi sila mapuksa. Nakita natin ito sa mga Israelita nang pamunuan sila ni Moises. Pagdating nila sa Dagat na Pula, at napipinto silang mapuksa ng mga sundalong Egipcio mula sa kanilang likuran, tila hindi na sila makakatakas, ngunit sa mismong sandali na kailangan silang iligtas, masdan, nagkaroon ng paraan at nakaligtas sila [tingnan sa Exodo 14:10–25].

Gayon nga ang nangyari at gayon din ang mangyayari sa atin. Napakatindi man ng ating mga paghihirap, magkakaroon din ng paraan para tayo makatakas kung gagampanan natin ang mga tungkuling ibinigay sa atin bilang mga anak ng Diyos. Ngunit maaaring kailanganin sa hinaharap—at ito ang nais kong sabihin—na ilan sa mga Banal ay tularan si Esther, ang reyna, at maging handang isakripisyo ang lahat-lahat ng hinihingi sa kanilang mga kamay sa layuning mailigtas ang mga Banal sa mga Huling Araw.

Una dapat nating malaman na tayo ay mga tao ng Diyos. . . . Responsibilidad nating kumilos katulad ng ginawa ni Esther, at maging handang isuko ang lahat para sa kaligtasan ng mga tao. Nang tanggapin niya ang kanyang tungkulin, sinabi ni Esther, "Kung ako'y mamatay ay mamatay." [Tingnan sa Esther 4:3–16.] . . . Ngunit hindi mamamatay ang mga tao ng Diyos. Laging magkakaroon ng isang korderong mahuhuli sa kadawagan para sila maligtas [tingnan sa Genesis 22:13]. . . .

. . . Sabi ng Panginoon, "Aking napagpasiyahan sa aking puso, na akin kayong susubukin sa lahat ng bagay, kung kayo ay mananatiling tapat sa aking tipan, maging hanggang sa kamatayan, nang kayo ay matagpuang karapat-dapat. Sapagkat kung kayo ay hindi mananatili sa aking tipan kayo ay hindi karapat-dapat sa akin." [Tingnan sa D at T 98:14–15.] May dahilan tayo para mabuhay; ngunit mas marami tayong dahilan para ibigay ang ating buhay para sa Panginoon. Ngunit walang kamatayan sa mga bagay na ito. May kaligtasan at may buhay kung ang mga tao ng Diyos—yaong mga nagtataglay ng pangalan ng Panginoong Jesucristo—ay susundin ang Kanyang mga utos at gagawin ang katanggap-tanggap sa Kanyang paningin. Wala sa plano ng Makapangyarihanng Diyos na tulutang mapuksa ang Kanyang mga tao. Kung gagawin natin ang tama at susundin ang Kanyang mga utos tiyak na ililigtas Niya tayo sa lahat ng paghihirap.[15] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 278.]

---

### Oras na para tayo magpakumbaba sa harapan ng Diyos at isakatuparan ang gawaing ipinagkatiwala Niya sa atin.

Responsibilidad ng mga taong nagsasabi na ginagawa nila ang Kanyang gawain na magpatuloy, na sumulong, . . . nang hindi

nagrereklamo o napipilitan; hangga't mayroong gagawin, dapat gawin iyon.[16]

Panahon na para magpakumbaba ang mga Banal sa mga Huling Araw sa harapan ng Makapangyarihang Diyos. . . . Panahon na para malaman ng mga Banal sa mga Huling Araw ang ipinangako nilang gagawin; panahon na para pagsisihan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang mga kasalanan at kahangalan at manawagan sa Makapangyarihang Diyos, nang matanggap nila ang Kanyang tulong; . . . upang tayo ay makasulong at maisagawa natin ang dakilang gawaing ipinagkatiwala sa atin.[17]

Ginagawa natin ang gawain ng Diyos. Maluwalhati ang mga posibilidad na naghihintay sa atin, ngunit matuwa tayo, sa bawat gawa ng ating mga kamay, na tayo ay mga lingkod ng Diyos at ginagawa natin ang Kanyang kalooban. Huwag nating hayaang masira ang ating integridad, kundi patuloy na pag-ibayuhin ang ating pananampalataya habang nabubuhay tayo. Masisiyahan akong kumilos kung saan ako inilagay ng Diyos, at tatanungin ko sa Panginoon kung ano ang magagawa ko para makatulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lugar na iyon, at hihilingin kong tulungan akong mailaan ang mga pangangailangan ng aking pamilya.[18]

Maaaring maragdagan ang ating kaalaman at lakas, at ang ating kakayahang itayo ang kaharian ng Diyos sa lupa, at mangyayari iyan kung tayo ay magsusumigasig at magpapakumbaba at magiging tapat sa mga tipang ginawa natin.[19]

Maaaring dahil hindi natin alam ay hindi natin lubos na nauunawaan ang mga pamamaraan ng Panginoon at ang Kanyang mga layunin, na sa pagsasakatuparan natin ng plano ng Panginoon, kung minsan ay tumitigil tayo sandali, ngunit ang totoo ay, wala naman ito sa plano, at hindi maaaring magkaroon nito, habang patuloy ang mga tao sa kanilang mga gawain at nagtitiwala sa mga pangako ng Diyos. . . .

. . . Maging tapat at magpakasigasig ang bawat tao sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, at hangaring gumawa ng mabuti sa mga nasa paligid niya; at kung, sa paggunita sa nakaraan, malaman natin na hindi natin lubos na nasunod ang mga dikta ng ating konsiyensya at tungkulin, ayusin natin ang ating buhay sa harapan ng Diyos at

ng tao, upang maging handa tayo sa anumang maaaring mangyari. Ipagpatuloy ang pagtatayo ng mga templo at bahay-sambahan; patuloy [nating] turuan ang [ating] mga anak at palakihin sila na may takot sa Panginoon, at hayaang mapalaganap ang Ebanghelyo sa malalayong bansa. . . .

Ito ang gawain ng Diyos, at pinapatnubayan Niya ang tinatahak at pag-unlad nito sa lupa, at ang gawaing ito ay dapat manguna palagi sa ating isipan; at habang ginagawa natin ang ating tungkulin tiyak na mananatili tayong matatag at di-natitinag at determinado sa ating layunin, at sa gayon ay maipapakita natin sa mundo ang ating pananampalataya at katapatan sa mga alituntunin ng katotohanang inihayag ng Diyos. . . .

Maaaring bigyan tayo ng Panginoon ng mabigat na pasanin, na mangangailangan ng malaking sakripisyo mula sa mga kamay ng kanyang mga tao. Ang tanong ay, gagawin ba natin ang sakripisyong iyon? Ang gawaing ito ay gawain ng Makapangyarihang Diyos at ang mga pagpapalang inaasam natin na ipinangako ay darating matapos nating mapatunayan ang ating sarili at malagpasan ang pagsubok. Hindi ko sinasabi sa mga taong ito na mayroon, o wala, silang mahirap na pagsubok na pagdaraanan; ang tanong ay, handa ba akong tanggapin at gamitin nang wasto ang anumang pagpapalang inilaan ng Panginoon para sa akin at sa Kanyang mga tao; o, sa kabilang banda, handa ba akong gawin ang anumang sakripisyong ipagagawa Niya sa akin? Hindi ko ibibigay ang mga abo ng tangkay ng palay para sa anumang relihiyon na hindi nararapat ipamuhay at alayan ng buhay; at hindi ko tutulungan ang taong hindi handang isakripisyo ang lahat alang-alang sa kanyang relihiyon.

[Sinasabi] ko sa lahat, Magpatuloy! magpatuloy, at saksihan ang pagliligtas ng Panginoon, at huwag tumayo lamang.[20] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 278.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Repasuhin ang mga salaysay sa mga pahina 267–270 Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng ang kaharian ng Diyos ay sumusulong? Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo na masaksihan ang pagsulong ng kaharian ng Diyos?
2. Sa unang talata sa pahina 273, tinukoy ni Pangulong Snow ang apat na propesiya sa Lumang Tipan. Sa anong mga paraan natutupad ang mga propesiyang ito ngayon?
3. Pag-aralan ang mga turo ni Pangulong Snow tungkol sa pagsulong ng Simbahan sa kabila ng oposisyon (mga pahina 273–274). Paano maaaring makatulong sa atin ang mga turong ito kapag inuusig tayo ng mga tao dahil sa ating pananampalataya? Paano ninyo hinarap ang oposisyon sa inyong patotoo?
4. Suriin ang una at ikalawang talata sa pahina 275. Kapag pinagawa tayo ng mga sakripisyo, ano ang matututuhan natin sa halimbawa ni Esther? Sa palagay ninyo, sa ganitong mga sitwasyon, paano makatutulong sa atin ang "malaman na tayo ay mga tao ng Diyos"?
5. Sa huling bahagi ng kabanata, pinayuhan ni Pangulong Snow ang mga miyembro na itayo ang kaharian ng Diyos saanman sila inilagay ng Panginoon. Sa anong mga paraan nakatutulong ang mga pagsisikap ng mga magulang sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa buong daigdig? Paano maitatayo ng mga home teacher at visiting teacher ang kaharian ng Diyos?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 24:14; Eter 12:27; Moroni 7:33; D at T 12:7–9; 65:1–6; 128:19–23

*Tulong sa Pagtuturo:* "Madalas mainam na simulang isipin ang tungkol sa susunod na aralin pagkatapos na pagkatapos na maituro ninyo ang naunang aralin. Marahil ay lubos ninyong mababatid ang tungkol sa inyong mga tinuturuan at ang kanilang mga pangangailangan at interes matapos na matapos na makasama ninyo sila" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungklin,* 125).

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 79–82.
2. Sa "Laid to Rest: The Remains of President John Taylor Consigned to the Grave," *Millennial Star,* Ago. 29, 1887, 549.
3. Sa "Laid to Rest: The Remains of President John Taylor Consigned to the Grave," 549.
4. Sa "Laid to Rest: The Remains of President John Taylor Consigned to the Grave," 549.
5. Alice Pond, sa LeRoi C. Snow, "An Experience of My Father's," *Improvement Era,* Set. 1933, 677; tingnan din sa palitan ng liham nina Elder John A. Widtsoe at Noah S. Pond, asawa ni Alice Armeda Snow Young Pond, Okt. 30, 1945, at Nob. 12, 1946, Church History Library. Si Alice ay wala pang beinte-singko anyos, nakatanggap na ng endowment, at nabuklod na sa kanyang asawa nang ibahagi sa kanya ni Pangulong Snow ang karanasang ito sa templo.
6. Sa Conference Report, Okt. 1898, 55.
7. "Greeting to the World by President Lorenzo Snow," *Deseret Evening News,* Ene. 1, 1901, 5.
8. "'Mormonism' by Its Head," *Land of Sunshine,* Okt. 1901, 252.
9. *Deseret News,* Ene. 24, 1872, 597.
10. *Deseret Semi-Weekly News,* Okt. 4, 1898, 1.
11. *Deseret News,* Ene. 24, 1872, 598.
12. *Deseret Weekly,* Nob. 4, 1893, 609.
13. *Millennial Star,* Mayo 12, 1890, 293; mula sa isang detalyadong pakahulugan ng isang mensaheng ibinigay ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1890.
14. Sa Conference Report, Abr. 1900, 3–4.
15. *Deseret News,* Nob. 22, 1882, 690.
16. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 27, 1882, 1.
17. *Deseret News,* Nob. 22, 1882, 690.
18. Sa Journal History, Hulyo 11, 1865, 2.
19. *Deseret News,* Mayo 15, 1861, 82.
20. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 27, 1882, 1.



*Kahit matapos ang mga dakilang pagpapakita sa Kirtland Temple, maraming Banal sa Kirtland ang nag-apostasiya.*

# Pagmamahal sa Diyos nang Higit Kaysa Pagmamahal Natin sa Mundo

*"Kailangan nating mamuhay ayon sa . . . mas marangal na pamantayan: kailangan nating mahalin ang Diyos nang higit kaysa pagmamahal natin sa mundo."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Kaagad pagkatapos mabinyagan at makumpirma si Lorenzo Snow sa Kirtland, Ohio, ilang Banal sa mga Huling Araw, pati na ilang pinuno ng Simbahan, ang kumalaban kay Propetang Joseph Smith. Ayon kay Lorenzo Snow, ang pag-apostasiyang ito ay dahil sa pagsasapalaran, o, sa madaling salita, kakaibang pakikipagsapalaran para yumaman kaagad. Nabulagan ng paghahangad sa mga pansamantalang bagay ng mundo, tinalikuran ng mga tao ang mga walang-hanggang pagpapala ng ebanghelyo.

Pagkaraan ng halos 50 taon, nagsalita si Pangulong Snow, na naglilingkod bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa isang grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Logan, Utah. Ikinuwento niya sa kanila ang paghihirap na nasaksihan niya sa Kirtland at binalaan sila na hindi magtatagal at daranasin din nila ang mga pagsubok na ito. "Mabilis na darating ang isang pagsubok sa inyo, na marahil ay hindi pa ninyo nararanasan," wika niya. "Gayunman, ang kailangan lang nating gawin ngayon ay suriin ang ating mga pagkakamali at kahinaan, kung mayroon man. Kung hindi tayo naging tapat noong araw, panibaguhin natin ang ating mga tipan sa Diyos at magpasiya, sa pamamagitan ng pag-aayuno at pagdarasal, na humingi ng kapatawaran sa ating mga kasalanan, nang ang Espiritu ng Makapangyarihang Diyos ay mapasaatin, at

baka-sakaling matakasan natin ang malalaking tuksong dumarating. Malalaking tukso ang dumarating. Nakita ninyo ang mga bunga ng pagsasapalarang ito sa Kirtland. Kaya nga, binabalaan ko kayo."[1]

Dahil angkop pa rin ang babala ni Pangulong Snow sa mga Banal sa mga Huling Araw ngayon, kabilang sa kabanatang ito ang karamihan sa kanyang sermon sa mga Banal sa Logan. Sabi niya, "Marahil ang ilang salita tungkol sa ating kundisyon noon [sa Kirtland] ay maaaring makatulong sa atin sa hinaharap—maaaring makapagbigay sa atin ng ilang mabuting aral."[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 288.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Kapag tinulutan ng mga tao na mamayani ang kamunduhan sa kanilang puso't isipan, tinatalikuran nila ang mga walang-hanggang alituntunin.

Malinaw kong naaalala ang magugulong panahong naranasan ko sa Kirtland . . . , kung saan tumira ang Propeta ng Diyos, kung saan nagpakita ang Diyos Mismo, maging si Jesus, ang Anak ng Diyos, at ipinakita ang Kanyang kaluwalhatian. Nakatayo Siya sa sandigan ng pulpito ng Templo, na itinayo ayon sa kautusan. Naroon sa ilalim ng Kanyang mga paa ang isang gawa na nalalatagan ng lantay na ginto, na kakulay ng amarilyo. Ang Kanyang buhok ay kasimputi ng busilak na niyebe. Ang Kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw. Ang Kanyang tinig ay tulad ng lagaslas ng mga tubig. [Tingnan sa D at T 110.] Ang kamangha-manghang pagpapakitang ito ay nangyari sa templo na itinayo sa Kanyang karangalan. Nasa Kirtland ako noon, kung saan natin naranasan ang mga pangyayari na kung minsan ay naiisip kong sinisimulan nating ulitin ngayon. Ang mga sitwasyong nakapaligid sa mga Banal sa mga Huling Araw noon ay kakatwa; kahit paano, ang mga epekto nito sa mga tao ay kakaiba. . . . Namayani noon ang pagsasapalaran sa isipan ng mga tao sa bansang ito. Nakipagsapalaran sila sa pera, sa bangko, sa mga lupain, sa mga lote sa lungsod, at sa ilan pang bagay. Nagkaroon ng pagsasapalaran sa mundo, at lumaganap ito sa puso ng mga Banal na parang malakas

na alon o rumaragasang agos ng tubig, at maraming tumalikod at nag-apostasiya sa Simbahan.[3]

Nagsimulang magsapalaran ang ilan sa kanila [mga Banal sa Kirtland]; nalimutan nila ang kanilang relihiyon, nalimutan nila ang mga alituntuning inihayag sa kanila, at marami sa kanila ang tumanggap sa pilosopiya ng panahong iyon at nagsimulang magsapalaran. Nagkaroon ng mga problema—inggit at awayan—at ang Panginoon, na hindi nalugod sa kanila, ay naghatid ng pagkawasak at nagkawatak-watak sila.[4]

Bago nangyari ang malawakang apostasiyang ito ay nagbuhos ng magagandang pagpapala ang Panginoon sa mga tao. Ang mga kaloob ng ebanghelyo ay nabuhos nang husto—mga kayamanan ng kawalang-hanggan. Dinalaw sila ng mga anghel. Kinausap ng Anak ng Diyos ang Kanyang mga lingkod, tulad ng sinabi ko. Sa paglalaan ng Templo kamangha-mangha ang mga pagpapalang natanggap ng mga tao. Noong panahong iyon na sagana ang mga biyaya ng Diyos, dumalo ako mismo sa mga pulong na ginanap sa Templo. Nagkaroon kami ng mga pulong para manalangin at magpatotoo, at napakagaganda ng mga patotoong ibinahagi ng mga kapatid. Sila ay nagpropesiya, nagsalita sa ibang mga wika, at nagkaroon ng pambihirang pagpapaliwanag ng mga wika. Ang mga pagpapalang ito ay natamo ng halos lahat ng tao sa Kirtland. Tapat ang kanilang puso noon; pakiramdam nila ay maisasakripisyo nila ang anumang mayroon sila. Pakiramdam nila ay halos kapiling nila ang Diyos, at natural na madama nila iyon sa gayong kagila-gilalas na mga pagpapala.

Lahat ng pagpapalang ito, at marami pang iba na wala akong panahong isa-isahin, ay natamasa ng mga Banal sa mga Huling Araw bago nagsimulang mamayani ang pagsasapalarang ito sa puso ng mga tao. Naisip siguro ng isang tao na matapos matanggap ang kamangha-manghang mga pagpapakitang ito walang tuksong makapananaig sa mga Banal. Ngunit nanaig ang mga tukso, at ikinalat sila nito, tulad ng nangyari, sa apat na sulok ng mundo.

Tila pambihira, ang pagsasapalarang ito ay lumaganap sa korum ng Labindalawang Apostol at sa korum ng Pitong Pangulo ng mga Pitumpu; tunay ngang walang korum sa Simbahan na hindi

apektado ng pagsasapalarang ito. Nang mag-ibayo ang pilosopiyang iyon, nawala ang pagkakaisa. Nagsimulang magsiraan at mag-away-away ang mga kapatid, dahil hindi nagkakaisa ang kanilang mga hangarin.

Ganito ba ang mangyayari sa mga Banal sa mga Huling Araw na kausap ko ngayon? Nangangamba ako na baka mangyari ito, ngunit hindi ko alam kung gaano kayo maaapektuhan nito. Gayunman, daranasin ninyo ito; at marahil ay talagang kailangang danasin ninyo ito.

. . . Kalahati ng korum ng mga Apostol, noong panahong iyon sa Kirtland, ang napatangay sa masasamang impluwensyang ito. Ang pilosopiyang ito, ang pagmamahal na ito sa ginto—ang diyos ng mundo—ang nagdulot ng napakalungkot na epektong ito. At kung ganito ang epekto nito sa mga maytaglay ng pinakamataas na priesthood sa lupa, paano pa kaya tayo, na marahil ay walang katalinuhan, impormasyon at karanasang gaya ng taglay nila noon? . . .

Ngayon, kayo ay mabubuting tao. . . . Mahal kayo ng Diyos. Nalulugod Siya sa inyong kabutihan, at ayaw Niyang makita ang mga tagpong nangyari. . . sa Kirtland. Hindi na ito kailangan. Nasa mga kamay natin ang kapangyarihang ingatan ang ating sarili sa mga bagay na iyon na naging sanhi ng pagkakahati-hati ng mga Banal sa Kirtland at dumaig sa kalahati ng Labindalawa. Ayaw ng Panginoon na muling masaksihan ang mga tagpong ito sa mga huling araw na ito.[5]

Dapat ay napakarunong at napakatalino na ng mga Banal sa mga Huling Araw para mahulog pa sa ganitong klaseng mga bitag. Wala silang mapapala rito. Walang mapapala ang tao kung tatalikod siya sa maluluwalhating alituntuning ito at sa mga bagay na natanggap niya mula sa mga mundong walang-hanggan—kung tatalikod tayo sa mga bagay na ito at malilito at ilalaan ang ating sarili sa mga walang-kuwentang bagay ng mundo. Wala tayong mapapala rito. Anumang tukso ang dumating sa atin o nakalantad sa atin dapat tayong makinig sa kasaysayan ng nakaraan at huwag tayong padaig, o labis natin itong pagsisisihan.[6] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 288.]

**Nakipagtipan tayo na hihiwalay tayo sa kamunduhan at ilalaan natin ang ating sarili sa kaharian ng Diyos.**

Ginto at pilak (pera) ang diyos ng mundo. Sinasamba ng mundo ang diyos na ito. Ang mga ito ay makapangyarihan para sa kanila, kahit maaaring ayaw nilang aminin ito. Ngayon, nasa plano, sa patnubay at tulong ng Diyos, na ipakita ng mga Banal sa mga Huling Araw kung nagkaroon na sila ng dagdag na kaalaman, karunungan at kapangyarihan ng Diyos na hindi na sila madaraig pa ng diyos ng mundo. Dapat tayong dumating sa puntong iyan. Kailangan din nating mamuhay ayon sa isa pang pamantayan, isang mas marangal na pamantayan: kailangan nating mahalin ang Diyos nang higit kaysa sa pagmamahal natin sa mundo, higit kaysa sa pagmamahal natin sa ginto o pilak, at mahalin natin ang ating kapwa tulad ng pagmamahal natin sa ating sarili.[7]

Kung tayo ay . . . mabigong tuparin ang mga tipang ginawa natin, katulad ng, gamitin ang ating panahon, talento at kakayahan sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa, paano natin makatwirang aasamin na makabangon sa umaga ng unang pagkabuhay na maguli, na ukol sa dakilang gawain ng pagtubos? Kung tayo, sa ating pamamaraan, pag-uugali at pakikitungo, ay gagaya sa . . . mundo, sa gayon ay ibinibilang natin ang ating sarili sa mundo, palagay ba ninyo, mga kapatid, ipagkakaloob sa atin ng Diyos ang mga pagpapalang nais nating makuha? Sinasabi ko sa inyo, hindi! . . . Dapat nating taglayin sa ating sarili ang kabutihan ng langit at itanim sa ating puso ang kabutihan ng Diyos. Sinabi ng Panginoon, sa pamamagitan ng propetang si Jeremias, "Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan." [Jeremias 31:33.] Ito ang pinagsisikapang gawin ng Panginoon, at isasakatuparan niya ito sa atin kung susundin natin ang kanyang kalooban.[8]

Salamat sa Diyos na sa mga panahong ito ng katiwalian at kasamaan sa mundo, mayroon tayong mga banal at matwid na lalaki at babae na mailalaan ang mahuhusay na talentong iyon na ipinagkaloob sa kanila ng Diyos para purihin at luwalhatiin Siya. At masasabi ko pa, na may libu-libong banal at mararangal na lalaki at babae, na tinipon ng Panginoon mula sa mga bansa, na handa ring

ilaan ang kanilang panahon at mga talento sa pagsasakatuparan ng gawain ng Diyos para sa kapakanan ng Kanyang mga anak.[9] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 288.]

---

**Sinusunod natin ang halimbawa ng Tagapagligtas kapag tumanggi tayong ipagpalit ang mga kaluwalhatian ng kawalang-hanggan sa mga kayamanan ng mundo.**

Maaasahan ninyo . . . na mahaharap kayo sa mga balakid sa buhay, na lubhang susubok sa inyong determinasyong sundin ang mataas na mga pamantayan, at ang ilan sa inyo ay maaaring matuksong lumihis mula sa landas ng katotohanan at karangalan, at, gaya ni Esau, naising isuko ang mga kaluwalhatian para sa ilang panandaliang kasiyahan [tingnan sa Genesis 25:29–34]; kung gayon . . . gamitin ang oportunidad ninyong tularan ang halimbawa ng ating Tagapagligtas nang ialok sa kanya ang kaluwalhatian ng mundong ito, na gumawa siya ng kalokohan; sumagot siya sa nanunukso sa kanya, *"Lumagay ka sa likuran ko, Satanas!"* [Tingnan sa Lucas 4:5–8.][10]

Nalaman ko, sa aking pag-iisip, na ang buhay sa mundong ito ay maikli kumpara sa kawalang-hanggan; na tayo ay may taglay na katalinuhan, kabanalan, noon pa man, na hindi nilikha kailanman, at mananatili sa buong kawalang-hanggan [tingnan sa D at T 93:29]. Dahil dito, makabubuting malaman natin, bilang matatalinong nilalang, na ang buhay na ito ay magwawakas sa loob ng ilang araw, at kasunod nito ang buhay na walang hanggan; at ayon sa pagsunod natin sa mga kautusan, magiging mas mapalad tayo kaysa mga taong nabigong magpakabuti.[11]

Pinagkakaisa ng ebanghelyo ang mga puso ng lahat ng sumusunod dito, walang pagkakaiba, wala itong kinikilalang pagkakaiba ng mayaman at mahirap; lahat tayo ay magkakabigkis bilang isang indibiduwal na gumaganap sa mga tungkuling ibinigay sa atin. . . . Ngayon magtatanong ako, Sino ang mayroong anumang bagay, na tunay na makapagsasabi na kanya ang anumang bagay sa mundong ito? Hindi ako mangangahas na sabihing oo, ipinagkatiwala lang sa akin ang isang bagay na napakaliit, at mananagot ako sa Diyos sa paggamit nito at sa pagpapasiya ko ukol dito. Natanggap ng mga Banal sa mga Huling Araw ang batas ng ebanghelyo sa



*Gaya ng mayamang binatang kumausap sa Tagapagligtas (tingnan sa Mateo 19:16–22), natutukso ang ilang tao ngayon na tumalikod sa mga nangangailangan.*

pamamagitan ng mga paghahayag ng Diyos, at isinulat ito nang napakalinaw para maunawaan ng lahat. At kung naunawaan natin ang mga pangakong ginawa natin nang makipagtipan tayo noong binyagan tayo para mapatawad sa mga kasalanan, dapat pa rin nating mabatid ang katotohanan na iniuutos sa atin ng batas na iyon na hangarin *muna* ang kaharian ng Diyos, at gamitin ang ating panahon, talento at kakayahan para sa kapakanan nito [tingnan sa Mateo 6:33; 3 Nephi 13:33]. Kung hindi, paano natin aasahan sa hinaharap, kapag naging tahanan na ng Diyos at ng kanyang Anak ang daigdig na ito, na magmamana tayo ng buhay na walang hanggan at mamumuhay at mamumuno na kasama niya?

Sinong magsasabing ang mayayaman, o yaong may maraming talento, ay mas makaaasa na magmana ng mga pagpapalang ito kaysa mga maralita, o yaong may isang talento lamang? Ang pagkaintindi ko, ang lalaking nagtatrabaho sa pagawaan, bilang sastre man, karpintero, sapatero o sa iba pang industriya, at namumuhay ayon sa batas ng Ebanghelyo, at tapat at nananalig sa kanyang tungkulin,

ang lalaking iyon ay karapat-dapat ding tumanggap ng mga ito at lahat ng pagpapala ng Bago at Walang-Hanggang Tipan na tulad ng iba; sa pamamagitan ng kanyang pananalig magmamana siya ng mga trono, pamunuan at kapangyarihan, ang kanyang mga anak ay magiging kasingdami ng mga bituin sa langit o buhangin sa tabing-dagat. Sino, ang tanong ko, ang may mas malaking pag-asa kaysa rito?[12] [Tingnan sa mga mungkahi 3 at 4 sa ibaba.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.


1. Pag-isipan ang mga salaysay sa mga pahina 281–282. Ano ang mayroon sa kamunduhan na umaakay sa mga tao na kalimutan ang kanilang relihiyon? Paano natin maiingatan ang ating mga pangangailangang temporal nang hindi nadaraig ng kamunduhan?
2. Pagnilayan ang bahaging nagsisimula sa pahina 282. Paano makatutulong ang ating pagmamahal sa Diyos para hindi tayo madaig ng kamunduhan?
3. Itinuro ni Pangulong Snow na nakipagtipan tayong "gamitin ang ating panahon, talento at kakayahan sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa" (pahina 286). Pag-isipan kung ano ang magagawa ninyo para matupad ang tipang ito.
4. Repasuhin ang huling bahagi sa kabanata. Sa paanong paraan makatutulong ang sumusunod na mga katotohanan para matupad natin ang ating mga tipan? "Ang buhay sa mundong ito ay maikli kumpara sa kawalang-hanggan." Walang sinumang "tunay na makapagsasabi na kanya ang anumang bagay sa mundong ito."

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 6:19–24; Juan 17:15; I Ni Juan 2:15–17; Jacob 2:13–19; Mormon 8:35–39; D at T 38:39; 63:47–48; 104:13–18

*Tulong sa Pagtuturo:* Ang mga talakayan sa maliliit na grupo ay "[nagbibigay sa] maraming tao ng pagkakataong makilahok sa aralin. Ang mga taong karaniwang atubiling makilahok ay maaaring magbahagi ng mga ideya sa maliliit na grupo [na hindi nila nasasabi] sa harapan ng buong grupo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 213).

## *Mga Tala*


1. *Deseret Semi-Weekly News,* Hunyo 4, 1889, 4.
2. *Deseret Semi-Weekly News,* Hunyo 4, 1889, 4.
3. *Deseret Semi-Weekly News,* Hunyo 4, 1889, 4.
4. *Deseret News,* Abr. 11, 1888, 200; mula sa isang detalyadong pakahulugan ng isang mensaheng ibinigay ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1888.
5. *Deseret Semi-Weekly News,* Hunyo 4, 1889, 4.
6. *Deseret News,* Abr. 11, 1888, 200.
7. *Deseret Semi-Weekly News,* Hunyo 4, 1889, 4.
8. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ene. 23, 1877, 1.
9. *Deseret Semi-Weekly News,* Hunyo 4, 1889, 4.
10. Sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 486.
11. *Brigham City Bugler, Supplement,* Ago. 1, 1891, 2.
12. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ene. 23, 1877, 1.



*Habang naglalakbay patawid sa estado ng Iowa, tumanggap ng tulong ang pamilya Snow mula sa isang taong natulungan nila sa nakalipas na araw.*

KABANATA 22

# Paggawa ng Mabuti sa Kapwa

*"Magkaroon ng pag-ibig sa kapwa; maging handang gumawa para sa iba ng higit pa kaysa inaasahan ninyo sa kanila kung nagkapalit kayo ng sitwasyon."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Si Lorenzo Snow at ang kanyang pamilya ay bahagi ng unang paglalakbay ng mga Banal sa mga Huling Araw mula sa Nauvoo, Illinois. Kasama ang isang grupo ng iba pang mga pamilya, nagpunta sila sa kanluran patungong estado ng Iowa noong Pebrero 1846. Naging mahirap ang kanilang paglalakbay dahil sa lagay ng panahon—araw-araw ay hirap sila dahil sa ulan, niyebe, at putik.

Habang naglalakbay ang pamilya Snow isang araw, isang miyembro ng grupo ang nagpatulong sa kanila. Isinulat ni Lorenzo Snow sa kanyang journal na isang lalaki ang "nakiusap na mailagay ang kanyang bagahe sa aking bagon, at sinabing hindi niya ito mailagay sa iba." Ang bagon ay "punung-puno ng mga bagay na inakala naming kaya naming dalhin," paggunita ni Lorenzo, ngunit "sinabi ko pa rin sa kanya na ilagay iyon doon at sumama at makibahagi sa amin."

Nang sumunod na gabi naranasan ng pamilya ang tinatawag ni Lorenzo na "hindi kanais-nais na pangyayari": nabali ang isang ehe ng kanilang bagon. Pagsasalaysay niya: "Napakalakas ng ulan noon at napakalamig. Agad naming itinayo ang aming tolda [at] gumawa kami ng malaking siga gamit ang kahoy na hickory. . . . Napakalalim ng tubig at putik at hindi kami makapunta sa bagon nang hindi lumulusong. . . . Mga labinlimang milya na kami mula sa kampo at siyam o sampung milya papunta sa unang bahay, at dahil walang mekaniko sa amin, hindi kami gaanong umasa na makukumpuni ang aming bagon."

Hindi inaasahang dumating ang tulong mula sa lalaking natulungan nila bago ang araw na iyon. "Nalulungkot ako sa kamalasan ko," sabi ni Lorenzo, "nang lumapit siya sa akin at ipinaalam na ang trabaho niya ay paggawa ng bagon at madali niyang makukumpuni ang aking bagon. . . . Nang umigi ang lagay ng panahon, sinimulan nang gumawa ni brother Wilson (ang pangalan ng taong nabanggit sa itaas) ng ehe na mas matibay pa kaysa sa nabali ko. Nang mayari ang aming bagon, nilisan namin ang lugar na ito, kung saan ilang araw kaming nanatili dahil sa ulan at putik."

Para kay Lorenzo Snow, ang karanasang ito ay nagpatibay sa mahalagang aral tungkol sa paglilingkod at pakikisama. Isinulat niya sa kanyang journal, "Kapag tumulong ka, tutulungan ka rin ng iba."[1] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 297.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Tayo ay mga anak ng iisang Ama sa Langit, at ipinadala tayo sa mundo upang gumawa ng mabuti sa isa't isa.

Iisa ang ating Ama sa mga mundong selestiyal. . . . Kung kilala natin ang isa't isa na siyang nararapat, . . . mas dadamayan natin ang ibang tao kaysa dati, at nanaisin ng bawat tao na pag-aralan sa kanyang isipan kung paano siya makagagawa ng mabuti sa kanyang kapwa, paano nila mapapagaan ang kanilang mga problema at mapapalakas sila sa katotohanan, paano [nila] maaalis ang kadiliman mula sa kanilang isipan. Kung nauunawaan natin ang isa't isa at ang tunay na kaugnayan natin sa isa't isa, dapat tayong makadama ng kakaiba sa ating ginagawa; ngunit ang kaalamang ito ay matatamo lamang kapag napasaatin ang Espiritu, at hinangad nating patatagin ang isa't isa sa kabutihan.[2]

Isinugo tayo sa mundo upang gumawa ng mabuti sa kapwa; at sa paggawa ng mabuti sa kapwa gumagawa tayo ng mabuti sa ating sarili. Dapat natin itong panatilihin sa ating isipan, ang lalaki kaugnay ng kanyang asawa, ang babae kaugnay ng kanyang asawa, ang mga anak kaugnay ng kanilang mga magulang, at ang mga magulang kaugnay ng kanilang mga anak. Laging may pagkakataong gumawa ng mabuti sa isa't isa.[3]

Dalangin ko sa Diyos, sa pangalan ni Jesus, na sikapin nating higit na manalig, na sikapin nating maging mas mabuti ngayon kaysa kahapon, na sikapin nating magkaroon ng higit na pagmamahal at malasakit sa ating kapwa, dahil sinabi sa atin na dito nakasalalay ang batas at ang mga propeta, "na iibigin ang Panginoon nating Diyos nang buo nating kakayahan, pag-iisip, at lakas, at ang ating kapwa tulad sa ating sarili." [Tingnan sa Mateo 22:37–40.] "Na gawin natin sa iba ang nais nating gawin nila sa atin." Ito ay alinsunod sa batas at mga propeta. [Tingnan sa Mateo 7:12.] Ito ang mga alituntuning dapat at kailangan nating matutuhan. . . . Dapat tayong maging kaibigan ng lahat sa lahat ng dako. Walang Banal sa mga Huling Araw na namumuhi sa mundo: sa halip tayo ay mga kaibigan sa mundo, obligasyon nating maging gayon, basta't patungkol sa kanila. Dapat nating matutuhang ibigin ang ating kapwa at magsikap para sa kapakanan ng buong sangkatauhan. Ito ang misyon ng mga Banal sa mga Huling Araw—hindi lamang ang ibigin ang ating sarili, kundi palaganapin ito sa iba pa, dahil kailangan itong ipaabot sa buong sangkatauhan.[4]

Maging matwid, makatarungan at maawain, marangal at banal sa lahat ng inyong hangarin at pagpapasiya—sa lahat ng inyong gawain at pakikitungo. Magkaroon ng pag-ibig sa kapwa; maging handang gumawa para sa iba ng higit pa kaysa inaasahan ninyo sa kanila kung nagkapalit kayo ng sitwasyon. Hangaring maging dakila, hindi sa opinyon ng may makamundong isipan, kundi sa mga mata ng Diyos, at maging dakila sa ganitong paraan, *"Ibigin ang Panginoon ninyong Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, at ang inyong kapwa tulad sa inyong sarili."* Dapat ninyong mahalin ang sangkatauhan dahil sila ay inyong mga kapatid, ang mga anak ng Diyos. Masigasig na manalangin na maging matulungin, na mapasaiyo ang paglawak na ito ng kaisipan at damdamin, at ang kapangyarihan at kakayahang lubos na magsikap para sa kapakanan ng kaharian ng Mesiyas.[5] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 297.]

---

## Nag-iibayo ang ating kaligayahan kapag tinutulungan nating lumigaya ang iba.

Dapat tayong magkaroon ng matinding hangaring gumawa ng mabuti sa kapwa. Huwag nating isiping masyado ang ating sarili.

Talagang may mabuting idudulot sa atin kung iisipin natin ang ating kapwa, at sisikapin nating mas pasayahin at mas ilapit pa sila sa Panginoon. . . . Kapag nadarama ninyong medyo nalulungkot kayo, tumingin kayo sa paligid at maghanap ng taong mas malala ang kalagayan kaysa sa inyo; lapitan siya at alamin kung ano ang problema, at sikaping lutasin iyon gamit ang karunungang kaloob ng Panginoon sa inyo; at ang una ninyong mapapansin, wala na ang inyong kalungkutan, magaan na ang pakiramdam ninyo, ang Espiritu ng Panginoon ay nasa inyo, at ang lahat ay tila maliwanag.[6] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 298.]

---

## Kapag inuna natin ang kapakanan ng iba, mas mabilis ang pag-unlad natin.

Isa sa mga pinakamainam na bagay na maiisip ng isang kabataang lalaki o babae, sa pagsisikap na maging dakila, ay tulungan din ang iba na maging dakila; at huwag alalahanin ang naiukol na kaunting oras sa pagpapaunlad sa iba. Ang pinakamainam na paraan para mapaunlad ang ating sarili ay ang masanay tayo sa paggawa ng mabuti sa kapwa. Panatilihin ito sa inyong isipan.[7]

Sa anumang uri ng pag-aaral kailangang patuloy na magsikap ang isang tao, at kapag nakatapos siya ng isang kurso kailangan siyang mag-aral ng iba pa, at patuloy na magsikap pa hanggang sa mapagtagumpayan niya ang mga ito, at hindi niya lubos na mauunawaan ito kung hindi niya ibabahagi ang natutuhan niya. Hayaan siyang magsumikap at tipunin ang kanyang mga kaibigan at ibahagi sa kanila ang kaalamang iyon na natanggap niya, at matatanto niya na naliliwanagan siya tungkol sa mga bagay na iyon na hindi niya sana nalaman kailanman kung hindi niya itinuro at ibinahagi sa iba ang natutuhan niya. Sinumang naging guro sa paaralan ay mauunawaan akong mabuti tungkol sa bagay na ito. . . .

Ipaalala sa isang tao na may iba pang nasa kadiliman at hindi pa umuunlad ang kaalaman, karunungan at katalinuhan, at ipabahagi sa kanya ang kaalamang iyon, katalinuhan at kapangyarihan sa kanyang mga kaibigan at kapatid, yamang mas marami siyang alam kaysa kanila, at sa paggawa niyon hindi maglalaon ay matutuklasan niya na lalawak ang kanyang isipan, at ang liwanag at kaalamang natamo niya ay mas mabilis na lalago at madaragdagan. . . .



*"Lawakan ang inyong isipan upang maunawaan at magkaroon ng malasakit sa kapakanan ng inyong mga kaibigan na nakapaligid sa inyo."*

Kung nais ninyong kaibiganin at mahalin kayo ng inyong mga kaibigan magsumikap at panatagin sila sa liwanag na iyon na natanggap ninyo, na inaalala na ang mga pagpapalang iyon ay nagmula sa Diyos, at na sa paggawa nito ay ginagawa lamang ninyo ang dapat gawin ng bawat tao. . . .

Ngayon ang isang tao para makamtan niya ang pinakamataas at pinakadakilang mga pagpapala, para kasihan siya ng Makapangyarihang Diyos, at para patuloy siyang umunlad sa mga bagay na nauukol sa kabutihan, kailangan niyang gawin ang pinakamainam sa lahat ng bagay. Hayaang magsumikap siya at maging handang magsakripisyo para sa kapakanan ng kanyang mga kaibigan. Kung nais niyang patatagin ang kanyang sarili, ang pinakamainam na alituntuning mapagbabatayan niya para magawa ito ay ang patatagin ang kanyang mga kaibigan. . . .

. . . Lawakan ang inyong isipan upang maunawaan at mapagmalasakitan ang kapakanan ng inyong mga kaibigang nakapaligid sa inyo, at anuman ang kaya ninyong gawin para sa kabutihan ng inyong mga kaibigan gawin ninyo iyon, at makikita ninyo na ang mga bagay na kailangan ninyo ay mapapasakamay ninyo nang mas mabilis kaysa kung magsusumikap kayong matamo ito para sa inyong sarili nang hindi iniisip ang kapakanan ng inyong mga kaibigan. Alam kong ito ay isang mabuti at mahalagang alituntunin.[8] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 298.]

---

**Kapag nagsakripisyo tayo para sa kabutihan ng iba, nagiging mas mabait tayo.**

Dapat lang nating madama . . . na may iba pang mga tao maliban sa atin; kailangan nating isaalang-alang ang puso't damdamin ng iba, at maging mas makadiyos tayo kaysa ngayon.

. . . Kakailanganin nating magsakripisyo para sa kapakanan ng mga nakakasama natin. Nakikita natin ito sa Tagapagligtas, at kay brother Joseph, at nakikita natin ito sa ating Pangulong [Brigham Young]. Sina Jesus, brother Joseph, at brother Brigham ay lagi nang handang isakripisyo ang lahat ng pag-aari nila para sa kabutihan ng mga tao; iyan ang nagbibigay ng kapangyarihan kay brother Brigham upang makasama ang Diyos at maimpluwensyahan ang tao, ito ang pagsasakripisyo ng sarili na ipinakikita niya sa tuwina. Gayon din sa iba; kapag handa silang magsakripisyo para sa iba, lalo silang nagiging makadiyos, at ang mga pagpapala ng mga walang-hanggang mundo ay napapasakanila, at sila ang magtatamo hindi lamang ng mga karapatan sa mundong ito kundi pati na ng mga pagpapala ng kawalang-hanggan. Kapag kayo ay . . . nagsakripisyo para sa iba, uunlad din kayo sa mga bagay ng Diyos. Ngayon kung nais ninyong maging mabuti at makapasok sa langit, tatahakin ninyo ang landas na iyon na tulad ng mga anghel na nasa langit. Kung nais ninyong malaman kung paano kayo lalago, sasabihin ko sa inyo, iyon ay sa pamamagitan ng pagiging makadiyos.

. . . Matatamasa ng mga tao ang langit sa kanilang paligid sa lahat ng lugar. Kailangan nating sikaping gawin ito; kailangang sikapin nating maitatag ang langit dito sa lupa, sa kabila ng mga kasamaan

sa ating paligid, mga diyablo sa ating paligid, at kasamaang umiiral, kailangan pa rin nating sikaping maitatag ang langit dito sa lupa.

Ang isang tao ay hindi magtatamasa ng langit kailanman hangga't hindi siya natututong tamuhin ito, at kumilos ayon sa mga alituntunin nito. Ngayon pumili kayo ng ilang tao, at balikan ang mga sitwasyong nakapaligid sa kanila 20 taon na ang nakararaan, . . . nang may kaunti silang kagalakan, kapayapaan, kaligayahan sa panahong iyon kahit hindi maayos ang kalagayan nila. Ngayon maaaring maayos na ang sitwasyon nila at sapat na nilang natutugunan ang pangangailangang temporal, ngunit kung wala silang mga kaibigan, at mabuting pakikisama ng kanilang mga kapatid, hindi sila masaya, at mas malala pa kaysa sa sitwasyon nila 20 taon na ang nakararaan.

. . . Nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon, mga kapatid, at nawa'y isipin ninyo ang mga bagay na ito at mahalin natin ang isa't isa, at mamuhay tayo sa paraang mapapadakila natin ang ating sarili ayon sa ibinigay na katalinuhan at kakayahan ng Panginoon sa atin at magkaroon tayo ng tiwala sa isa't isa.[9] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 298.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Repasuhin ang kuwento sa mga pahina 291 at 292. Kailan ninyo nakita na "kapag tumulong ka, tutulungan ka rin ng iba"?

2. Ipinaalala sa atin ni Pangulong Snow na tayong lahat ay mga anak ng Diyos (mga pahina 292–293). Paano nito dapat maapektuhan ang ating mga pakikitungo sa isa't isa? Ano ang mga pagkakataong iniaalok ng Relief Society sa kababaihan para gumawa ng mabuti sa kapwa? Ano ang mga pagkakataong ibinibigay ng korum ng priesthood para sa kalalakihan upang makagawa ng mabuti sa kapwa?

3. Pagnilayan ang talatang nagsisimula sa pahina 293. Paano nag-iibayo ang ating kaligayahan kapag tinutulungan nating lumigaya ang iba? Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na matutuhan ang katotohanang ito?
4. Sa inyong palagay bakit nadaragdagan ang karunungan natin kapag ibinabahagi natin ang ating kaalaman sa iba? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 294–296.) Ano ang mga naranasan ninyo na nagpakita sa inyo na totoo ang alituntuning ito?
5. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 296. Sa inyong palagay bakit nagagawa ng simpleng mga paglilingkod na higit tayong mapalapit sa langit? Habang pinagninilayan ninyo ang mga mensahe sa kabanatang ito, mag-isip ng mga paraan para magawa ninyong mas higit na katulad ng langit ang inyong tahanan.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 25:31–45; Lucas 6:36–38; Mosias 2:17; 4:14–27; D at T 81:5; 82:3

*Tulong sa Pagtuturo:* "Mas makabubuting kumuha ng ilang magagandang ideya at magkaroon ng magandang talakayan—at matutong mabuti—kaysa magmadali, [sa pagsisikap na] ituro ang lahat ng nasa manwal. . . . Talagang mahalaga na hindi magmadali kung gusto ninyong mapasa inyong klase ang Espiritu ng Panginoon" (Jeffrey R. Holland, "Pagtuturo at Pag-aaral sa Simbahan," *Liahona,* Hunyo 2007, 59).

## *Mga Tala*

1. Journal of Lorenzo Snow, 1841–47, Church History Library, 39–42.
2. *Deseret News,* Ene. 28, 1857, 371.
3. Sa Conference Report, Abr. 1899, 2.
4. *Salt Lake Daily Herald,* Okt. 11, 1887, 2.
5. Sa Eliza R. Snow Smith, *Biography and Family Record of Lorenzo Snow* (1884), 486–87.
6. Sa Conference Report, Abr. 1899, 2–3.
7. *Improvement Era,* Hulyo 1901, 714.
8. *Deseret News,* Mar. 11, 1857, 3; sa orihinal na pinagmulan, ang pahina 3 ay nalagyan ng maling pahina 419.
9. *Deseret News,* Mar. 11, 1857, 4.

# Si Propetang Joseph Smith

*"Kilala ko si Joseph Smith bilang isang taong tapat, panig sa katotohanan, marangal, handang isakripisyo ang lahat ng pag-aari niya, maging ang kanyang buhay, bilang patotoo sa kalangitan at sa mundo na naibahagi niya ang katotohanan sa sangkatauhan."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

"Marahil ay iilang tao na lang ang nabubuhay ngayon na kilalang-kilala si Propetang Joseph Smith na katulad ko," sabi ni Pangulong Lorenzo Snow noong 1900. "Madalas kaming magkasama noon. Binisita ko siya sa kanyang pamilya, naupo sa kanyang mesa, nakasama siya sa iba't ibang sitwasyon, at nakausap siya nang sarilinan para hingan ng payo."[1]

Bukod pa sa mga sarilinang pag-uusap na ito, nasaksihan ni Lorenzo Snow si Joseph Smith sa publiko—sa kanyang ministeryo bilang kaibigan sa mga Banal at bilang Propeta ng Panunumbalik. Ikinuwento niya ang isang pulong na dinaluhan ni Joseph Smith sa itinatayo noon na Nauvoo Temple. Lumakad ang Propeta papunta sa pulpito, kasama ang isang ministro ng ibang relihiyon. Ang ministro "ay pormal na pormal. Nang magsalita na [ang propeta] na nagpasaya o nagpatawa sa mga tao, nanatili [itong] napakatahimik, ni walang makitang anumang ekspresyon sa mukha ng ministro." Sa kabilang banda, si Joseph Smith naman ay "magandang-maganda ang pakiramdam sa umagang iyon" at may sinabi pa na "nagpatawa sa mga tao" bago nagsimula ang pulong. "Nang magsimula ang pulong," paggunita ni Lorenzo, "tumayo si Pangulong Smith, at noon ko lang siya narinig magsalita nang may napakalakas na kapangyarihan. Tuwang-tuwa ang mga tao, napuspos siya ng Espiritu ng Diyos at nagsalita nang buong lakas at husay."[2]



*Si Propetang Joseph Smith ay "isang taong maka-Diyos, puno ng determinasyong gampanan ang kanyang tungkulin."*

Bagaman humanga si Pangulong Snow sa mga karanasan niya kay Joseph Smith, ang kanyang patotoo sa misyon ng Propeta ay hindi batay sa mga karanasang iyon. Paulit-ulit niyang ipinahayag na natanggap niya ang kanyang patotoo mula sa Espiritu Santo. Sabi niya: "Ako, o sinumang nakakakilala sa kanya, ay walang anumang dahilang mag-alinlangan kahit saglit na [si Joseph Smith] ay tapat at marangal. Ngunit nang humayo ako para ipangaral ang mga alituntunin ng Ebanghelyong ito kailanman ay hindi ako umasa sa anumang impormasyong tinanggap ko sa pamamagitan niya o ng ibang tao; ngunit naniwala ako sa kanyang mga salita, na ang dating sa akin ay mga salita ng katotohanan, mula sa isang taong binigyang-inspirasyon ng Diyos. . . . Ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu Santo na maaaring tanggapin at tamasahin ng lahat ng tao, . . . ay pinagtibay ang katotohanan ng kanyang sinabi sa akin, at nalaman ko ang bagay na iyon na hindi maibibigay o makukuha ninuman."[3] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 308.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Nang tanggapin ni Joseph Smith ang kanyang banal na tungkulin, siya ay isang dalisay, at tapat na binatilyo.

Si Joseph Smith, na pinili ng Diyos upang pasimulan ang gawaing ito, ay maralita at hindi nakapag-aral, at nabibilang sa hindi popular na sekta ng mga Kristiyano. Isa lang siyang bata, tapat, puno ng integridad, walang alam na panloloko, katusuhan at kasanayan na ginagamit ng mga pulitiko at mapagkunwaring relihiyoso, para isakatuparan ang kanilang mga layunin. Gaya ni Moises noong unang panahon, nadama niya na wala siyang kakayahan at hindi karapat-dapat sa tungkulin, upang tumayo bilang repormador ng relihiyon, sa isang katungkulang hindi popular sa lahat—ang labanan ang mga opinyon at doktrinang matagal nang umiiral, na inaayunan at sinusuportahan ng mga tao, ang pinakamalalim sa teoriya ng relihiyon; ngunit tinawag siya ng Diyos upang iligtas ang mapagpakumbaba at tapat ang puso sa lahat ng bansa mula sa kanilang espirituwal at temporal na pagkaalipin. At pinangakuan siya ng Diyos na sinumang tumanggap at sumunod sa kanyang

mensahe—magpabinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, na may tapat na layunin—ay tatanggap ng mga banal na paghahayag, dapat tumanggap ng Espiritu Santo, ng mga pagpapalang ipinangako at natamo sa pamamagitan ng Ebanghelyo, na ipinangaral ng mga sinaunang Apostol. At ang mensaheng ito, ang pangakong ito, ay matutupad saanman at kaninuman ito dalhin ng mga Elder, ang mga awtorisadong sugo ng Diyos. Iyan ang sabi ni Joseph Smith, ang batang hindi nakapag-aral, hindi maarte, simple, at tapat.[4]

Mga labing-walong taong gulang ako nang una kong makita si Propetang Joseph Smith. Bandang 1832 iyon, sa taglagas ng taon. Nabalita na magdaraos ng pulong ang Propeta sa Hiram, Portage county, Ohio, mga dalawang milya mula sa tahanan ng tatay ko. Matapos marinig ang maraming kuwento tungkol sa kanya, tumindi ang pagnanais kong mag-usisa at naisip kong samantalahin ang pagkakataong ito na makita at marinig siya. Kaya nga, kasama ang ilang miyembro ng pamilya ng tatay ko, nagpunta ako sa Hiram. Pagdating namin doon nakatipon na ang mga tao sa isang maliit na silid; mga isang daan at limampu o dalawang daang tao ang naroon. Nagsimula na ang pulong at nakatayo si Joseph Smith sa may pintuan ng bahay ni [John] Johnson, at nakatingin sa loob ng silid at nagsasalita sa mga tao. Kinilatis ko ang kanyang hitsura, pananamit, at kilos habang pinakikinggan ko siyang magsalita. Nakasentro ang kanyang pananalita sa sarili niyang mga karanasan, lalo na sa pagbisita ng anghel, nagbibigay ng matindi at malakas na patotoo tungkol sa kagila-gilalas na mga pagpapakitang ito. Noong una tila medyo atubili siya at mahina ang boses niya, ngunit nang lumaon naging malakas at makapangyarihan ito, at tila naantig ang lahat ng naroon at nadama nila na siya ay tapat. Talagang naantig ako nito sa ganitong paraan at tumatak ito sa aking isipan na nananatili pa rin hanggang ngayon.[5]

Habang nakatingin ako sa kanya [sa unang pagkakataon] at nakikinig, naisip ko sa aking sarili na ang isang lalaking nagbabahagi ng gayong nakaaantig na patotoo na katulad niya, at ang mukha ay katulad ng sa kanya, ay hindi maaaring maging isang huwad na propeta.[6] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 308.]

## Sa buong buhay niya, pinanatili ni Propetang Joseph ang kanyang katapatan at mataas na moralidad.

Si Joseph Smith, ang Propeta, na lubos kong nakilala nang ilang taon, na katulad sa pagkakilala ko sa aking kapatid, alam ko na siya ay isang taong may integridad, isang taong tapat sa kapakanan ng sangkatauhan at sa mga ipinagagawa ng Diyos sa buong buhay niya. Walang taong nagtaglay ng mas mataas na integridad at mas tapat sa kapakanan ng sangkatauhan kaysa kay Propetang Joseph Smith.[7]

Kilala ko si Joseph Smith bilang isang taong tapat, panig sa katotohanan, marangal, handang isakripisyo ang lahat ng pag-aari niya, maging ang kanyang buhay, bilang patotoo sa kalangitan at sa mundo na naibahagi niya ang katotohanan sa sangkatauhan.[8]

Kilala ko siya bilang isang taong maka-Diyos, puno ng determinasyong gampanan ang kanyang tungkulin—isang taong hindi matatawaran ang integridad, at tapat sa lahat ng kanyang adhikain. Walang sinumang katulad ko na lubos na nakakakilala sa kanya ang nakakita ng anumang mali sa kanya, patungkol sa kanyang moralidad. . . . Pinatototohanan ko ang mabuting pagkatao ni Brother Joseph Smith, ang kanyang katapatan, pananampalataya, kabutihang-loob, at kabaitan, bilang isang tao at bilang lingkod ng Diyos.[9] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 308.]

## Hindi mapagkunwari, si Joseph Smith ay maaaring makibahagi sa mabuting paglilibang gayundin sa pagtuturo nang may kapangyarihan ng Diyos.

Dumalo ako . . . sa mga pulong sa Templo nang regular at nakinig sa mensahe ng Propeta tungkol sa pinakamagagandang paksa. Kung minsan ay puspos siya ng Espiritu Santo, na nagsasalita sa tinig ng isang arkanghel at puspos ng kapangyarihan ng Diyos, ang kanyang buong katauhan ay nagliliwanag at maaliwalas ang kanyang mukha. . . .

Kung minsan hindi gaanong mahalaga ang sinasabi niya, at kung minsan ipinaliliwanag niya ang mga hiwaga ng kaharian. Kapansin-pansin ang pagbabago kaya tila nakalutang siya sa langit habang



*Tuwang-tuwa si Joseph Smith sa "mabuting paglilibang" kasama ang mga miyembro ng kanyang pamilya at mga kaibigan.*

nagsasalita sa mga tao rito sa lupa, pagkatapos ay muling nagbabalik sa mas pamilyar na kapaligiran. . . .

Laging natural ang kilos at talagang mahinahon si Joseph Smith, hindi siya kailanman nalito o nayamot sa mga tao o sa mga bagay na nasa kanyang paligid. Maraming ministrong bumisita sa kanya at nagsikap na hulihin siyang hindi nakahanda, na gumagawa ng isang bagay na mali, ngunit kapag wala siyang kasamang ibang tao ay gayon pa rin ang kilos niya. Hindi siya naging mapagkunwari kailanman. Sumali siya sa lahat ng isports na makabubuti sa kalusugan, at hindi inisip na hindi bagay sa kanya ang maglaro ng bola, makipagkarerahan sa takbuhan o sumali sa iba pang laro. Isang ministro, habang naroon sa bahay ng Propeta, ang napatingin sa bintana at nakita ang Propeta na nakikipagbuno o nakikipag-wrestling sa

isang kaibigan sa hardin. Ito, at ang iba pang mabuting paglilibang ang nakakumbinsi sa ministro na ang Propeta ay tapat at walang bahid ng pagkukunwari. . . .

Sa isa pang pagkakataon, nakipaglaro ng bola si Joseph Smith sa ilang kabataang lalaki sa Nauvoo. Nang makita iyon ng kanyang kapatid na si Hyrum ninais niyang iwasto ang Propeta at pagsabihan ito, at sinabi na ang gayong pagkilos ay hindi bagay sa isang Propeta ng Panginoon. Mahinahong sumagot ang Propeta, "Brother Hyrum, ang pakikihalubilo ko sa mga batang lalaki sa isang hindi nakasasakit na isport na katulad nito ay hindi magpapahamak sa akin sa anumang paraan, kundi sa kabilang banda ay nagpapasaya ito sa kanila at napapalapit sila sa akin."[10] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 308.]

---

**Pinalakas ng Espiritu Santo, nag-ibayo ang espirituwal na lakas at impluwensya ni Joseph Smith.**

Si Joseph Smith, ang dakilang propeta, ay hindi nakapag-aral nang piliin siya ng Diyos at ipaalam sa kanya ang kanyang misyon. Binibigyan ng Panginoon ng mga espirituwal na kaloob at kaalaman ang hindi nakapag-aral, at ipinaaalam sa kanila ang kadakilaan ng kaharian sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, at unti-unting lumalaki ang kaalaman nila tungkol sa mga bagay ng Diyos.[11]

Noong mga huling sandali ng kanyang buhay lalo pang lumakas ang impluwensya ni Joseph Smith sa kanyang kapwa. Ang katotohanang ito ay lubos na napansin ko pagbalik ko mula sa misyon sa Europe. Napansin ko at sinabi ko pa sa kanya na napakalaki ng kanyang pagbabago mula noong huli ko siyang makita; na naging mas malakas at makapangyarihan siya. Inamin niya ito at sinabi na idinagdag sa kanya ng Panginoon ang Kanyang Espiritu.

Isang araw tinawag niyang lahat ang mga kapatid na Labindalawang Apostol at iba pang kilalang mga Elder ng Simbahan upang atasan sila sa iba't iba nilang responsibilidad at misyon. Bawat isa ay naupo at sabik na naghintay na marinig ang sasabihin ng Propeta tungkol sa mga magiging tungkulin nila. Nadama nila na nasa piling sila ng isang napakadakilang nilalang. Habang nasa Kirtland tila walang taglay na gayong lakas at kapangyarihan ang Propeta,

. . . ngunit kalaunan ay naging napakalakas niya sa kapangyarihan ng Panginoon kaya ito nadama ng mga tao. Ganoon ang nangyari sa pagkakataong ito. Natanto ng mga Elder ang kanyang matinding lakas. "Brother Brigham," sabi niya, "gusto kong magpunta ka sa silangan at asikasuhin ang mga gawain ng Simbahan sa Eastern States, at maaari kang samahan ni Brother Kimball." Bumaling siya sa isa pa at sinabing, "Ituon mo ang atensyon mo sa paglalathala ng ating pahayagan," at gayon niya hinirang ang bawat isa sa kanyang espesyal na misyon; tinanggap naming lahat ang kanyang sinabi bilang kalooban ng Panginoon. . . .

Ang Propeta ay may kakayahang antigin sa pambihirang paraan ang lahat ng lumalapit sa kanya. May isang bagay tungkol sa kanya na nagpalambot sa kanilang puso. Ito ang partikular na nangyari sa mga kapatid nang tanggapin nila ang kanilang mga tungkulin mula sa kanya na humayo at ipangaral ang Ebanghelyo. Ang inspirasyong dumaloy mula sa kanya ay nanaig sa kanilang kaluluwa at tumagos ang kanyang mga salita sa kaibuturan ng kanilang pagkatao. Minahal nila siya, at naniwala sila sa kanya, at handa silang gawin ang anumang iniutos niya para maisulong ang gawain ng Diyos. Pinuspos niya sila ng kapangyarihan ng kanyang presensya, at pinasaya sila sa patotoo tungkol sa kanyang misyon bilang propeta. Maraming tao sa mundo ang nagtataglay ng kakaibang diwa ng pakikipagkaibigan at pagmamahal at nadarama ito ng lahat ng nakikilala nila. Nakakilala na ako ng gayong mga tao, ngunit hindi pa ako nakakilala ng isa pang tao na nang makasama ko ay nadama ako ng kakaiba at malakas na impluwensyang nadama ko habang kasama ko si Propetang Joseph Smith. Ito ay dahil malaking bahagi ng Espiritu ng Diyos ang taglay niya, makipagkamay lang ang isang tao sa kanya ay mapupuspos na ito ng kanyang impluwensya, at sinumang sensitibo ay malalaman na pambihirang tao ang kinakamayan niya.[12] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 308.]

---

## Bawat isa sa atin ay maaaring magkaroon ng patotoo na si Joseph Smith ay isang propeta at na ang ebanghelyo ay ipinanumbalik sa pamamagitan niya.

Sa integridad ng aking puso, tapat kong hangad na malaman ang katotohanan, tinanggap ko ang mensahe [ni Joseph Smith]—sinunod

ko ang doktrinang ito, at tumanggap ako, sa napakalinaw at nakasisiyang paraan, ng isang banal na paghahayag—ang ipinangakong pagpapala—ang kaalaman sa gawaing ito. Ako lang ba ang saksi? Paano ito nararanasan ng libu-libong kausap ko ngayon? Saksi rin ba kayo?[13]

Ano ang nilalaman ng ating patotoo? Ito iyon: Na ito ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon; na ang anghel na nakita ni Juan na Tagapaghayag na lumilipad sa kalangitan na taglay ang walang-hanggang Ebanghelyo upang ipangaral sa kanila na naninirahan sa lupa, at sa bawat bansa, at lahi at wika at tao—na ang anghel na iyon ay nagpakita at ipinanumbalik ang Ebanghelyo sa lupa, na si Joseph Smith ang kinasangkapan upang maipanumbalik ito [tingnan sa Apocalipsis 14:6].[14]

Pinagtibay ni Joseph Smith na binisita siya nina Pedro, Santiago at Juan, at ipinagkaloob sa kanya ang awtoridad na pangasiwaan ang mga banal na ordenansa ng Ebanghelyo kaya bawat lalaki at babaeng tapat ang puso ay pinangakuan ng Espiritu Santo, at ng lubos na kaalaman tungkol sa doktrina.[15]

Si Joseph Smith ay binigyan ng awtoridad na magbukas ng daan at maglatag ng plano para malaman ng tao ang mga bagay na ito, nang sa gayon ay hindi tayo umasa sa patotoo ng mga Propeta, o sa patotoo ng mga sinaunang Apostol, o sa patotoo ng mga Apostol sa kasalukuyan, o sa Aklat ni Mormon, o sa anupamang ginawa o sinabi noong araw, kundi upang malaman natin mismo sa ating sarili. Sarili itong kaalaman.[16]

Alam ko na si Joseph Smith ay tunay na propeta ng buhay na Diyos. Pinatototohanan ko na nakita at nakausap niya ang Diyos at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Ibinigay sa akin ng Panginoon ang buhay na patotoong ito at nag-aalab ito sa aking kaluluwa simula nang matanggap ko ito. Ibinibigay ko ito ngayon sa buong mundo. Hindi ko lamang pinatototohanan sa buong sangkatauhan na si Joseph Smith ay isinugo ng Diyos at ang gawaing itinatag sa pamamagitan niya ay gawain ng Diyos, kundi binabalaan ko ang lahat ng bansa sa mundo tungkol sa mga propesiya ng Propeta, at taos-puso kong pinatototohanan na alam kong totoo ang mga ito.[17] [Tingnan sa mga mungkahi 5 at 6 sa pahina 308.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Sa inyong isipan, ilarawan ang pangyayaring nasa pahina 299. Ano ang ipinahihiwatig ng salaysay na ito tungkol kay Joseph Smith?
2. Repasuhin ang mga paglalarawan ni Pangulong Snow sa pagkatao ni Joseph Smith (mga pahina 301–302). Sa palagay ninyo, sa anong mga paraan nakatulong ang pagkatao ni Joseph Smith para maging kasangkapan siya sa mga kamay ng Panginoon?
3. Ano ang mga naiisip o nadarama ninyo tungkol sa pagbibigay ng oras ni Propetang Joseph sa "mabuting paglilibang"? (mga pahina 303–305). Paano natin matitiyak na ang ating mga paglilibang ay nakadaragdag, sa halip na nakababawas, sa kakayahan nating mapuspos ng Espiritu Santo?
4. Sa paanong paraan "unti-unting lumaki ang kaalaman [ni Joseph Smith] tungkol sa mga bagay ng Diyos"? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 305–306.) Ano ang magagawa natin para masunod ang halimbawa ng Propeta kapag hinangad nating umunlad sa espirituwal?
5. Basahin ang talata sa ibaba ng pahina 306 na parang sa inyo mismo nagsasalita si Pangulong Snow. Paano ninyo sasagutin ang kanyang mga tanong?
6. Hanapin ang bahaging nagsisimula sa pahina 306. Ano na ang mga naranasan ninyo na kinailangan ninyong malaman para sa inyong sarili na ang ebanghelyo ay naipanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith? Ano ang maipapayo ninyo sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan na gustong matamo ang patotoong ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* D at T 1:17; 5:9–10; 35:17–18; 135:3; Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–26

*Tulong sa Pagtuturo:* "Kapag nagtatanong ang isa[ng tao], isiping anyayahan ang iba na sagutin ito sa halip na kayo mismo ang sumagot nito. Halimbawa, maaari ninyong sabihing, 'Iyan ay isang [nakakatuwang] tanong. Ano ang palagay ng iba sa inyo?' o '[May makakasagot ba] sa tanong na ito?'" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 79).

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Okt. 1900, 61.
2. "Reminiscences of the Prophet Joseph Smith," *Deseret Semi-Weekly News,* Dis. 29, 1899, 1.
3. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 27, 1882, 1.
4. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mar. 9, 1886, 1.
5. "Reminiscences of the Prophet Joseph Smith," 1.
6. "The Grand Destiny of Man," *Deseret Evening News,* Hulyo 20, 1901, 22.
7. Sa Conference Report, Abr. 1898, 64.
8. *Millennial Star,* Nob. 25, 1889, 738; mula sa isang detalyadong pakahulugan ng isang mensaheng ibinigay ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1889.
9. *Millennial Star,* Hunyo 27, 1895, 402.
10. "Reminiscences of the Prophet Joseph Smith," 1.
11. Sa Journal History, Nob. 14, 1898, 4; mula sa isang detalyadong pakahulugan ng isang mensaheng ibinigay ni Lorenzo Snow sa Box Elder Stake conference noong Nobyembre 1898.
12. "Reminiscences of the Prophet Joseph Smith," 1.
13. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mar. 9, 1886, 1.
14. *Deseret News,* Nob. 22, 1882, 690.
15. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mar. 9, 1886, 1.
16. *Deseret News,* Nob. 22, 1882, 690.
17. "Reminiscences of the Prophet Joseph Smith," 1.



*"Pinatototohanan natin sa buong mundo na alam natin, sa pamamagitan ng banal na paghahayag, maging sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Espiritu Santo, na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos."*

# Mga Paggunita sa Misyon ni Jesucristo

*"Lahat tayo ay umaasa kay Jesucristo, sa kanyang pagparito sa mundo upang buksan ang daan para magkaroon tayo ng kapayapaan, kaligayahan, at kadakilaan."*

## Mula sa Buhay ni Lorenzo Snow

Noong Oktubre 1872, inatasan ni Pangulong Brigham Young ang kanyang Unang Tagapayo, si Pangulong George A. Smith, na maglakbay sa mga bahagi ng Europe at Middle East. Sa isang liham kay Pangulong Smith, sinabi ni Pangulong Young at ng kanyang Pangalawang Tagapayo, si Pangulong Daniel H. Wells, "Hangad naming obserbahan ninyong mabuti ang mga bukas na lugar ngayon, o kung saan tayo maaaring magbukas, para sa pangangaral ng Ebanghelyo sa iba't ibang bansang bibisitahin ninyo." Ang paglalakbay ay magwawakas sa Banal na Lupain, kung saan "ilalaan at babasbasan [ni Pangulong Smith] ang lupaing iyon sa Panginoon." Isinulat nina Pangulong Young at Wells, "Dalangin namin na mapangalagaan kayo sa paglalakbay nang payapa at ligtas, na sagana kayong mabiyayaan ng mga salita ng karunungan at mahusay na makapagsalita sa lahat ng pakikipag-usap ninyo tungkol sa Banal na Ebanghelyo, na pinapawi ang diskriminasyon, at nagtatanim ng mga binhi ng kabutihan sa mga tao."[1] Isinama ni Pangulong Smith ang maliit na grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kabilang na si Elder Lorenzo Snow, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Bahagi rin ng grupo ang kapatid ni Elder Snow na si Eliza R. Snow, na naglilingkod noon bilang Relief Society general president.

Habang naglalakbay si Elder Snow, madalas siyang sumulat ng mga liham na naglalarawan ng heograpiya, mga gusali, at mga kaugalian at kalagayan ng mga tao. Ngunit nang bumisita siya at ang kanyang mga kasama sa mga lugar sa Banal na Lupain, nagbago ang nilalaman ng kanyang mga liham. Nabaling ang kanyang isipan sa Anak ng Diyos, na madalas na pumunta sa mga lugar na iyon ilang siglo na ang nakararaan. Halimbawa, sumulat siya tungkol sa kanyang karanasan noong Pebrero 1873 nang malapit na ang grupo sa lungsod ng Jerusalem:

"Isang oras na paglalakbay na lang . . . at nasa Jerusalem na kami. Nagpatuloy kami at kalaunan ay umakyat kami sa isang kahanga-hangang lugar [o sa burol], at tinanaw ang 'Banal na Lungsod,' ang Jerusalem. Naroon sa bandang kanan ang Bundok ng Sion, ang lungsod ni David. Sa kaliwa namin, ang mataas na bundok na iyon, na mukhang tigang na tigang, ay ang Bundok ng mga Olivo, na minsan ay paboritong puntahan ng ating Tagapagligtas, at siyang huling niyapakan ng Kanyang sagradong mga paa bago Siya umakyat sa kinaroroonan ng Kanyang Ama. Ang nakaaaliw na makasaysayang mga lugar na ito, pati na lahat ng sagradong bagay na nauugnay rito, ay nagbibigay ng inspirasyon at paghanga at katahimikan sa isipan. Oo, hayun ang Jerusalem! Doon tumira at nagturo si Jesus, na ipinako sa krus, kung saan Niya sinabing 'Naganap na,' at iniyukayok ang Kanyang ulo at namatay! Dahan-dahan at nag-iisip kaming bumaba ng burol, . . . hanggang sa makarating kami sa lungsod."[2]

Matapos magpunta sa Ilog Jordan, isinulat ni Elder Snow: "Nang uminom kami sa masarap at sariwang tubig at maghugas kami sa sagradong ilog nito, nagunita namin ang mga panahon ng aming kabataan, noong nakasanayan naming magbasa ng mga Banal na Kasulatan na naglalarawan ng mahahalagang kaganapang nangyari sa lugar na ito—ang pagdaan ng mga Israelita nang matuyo ang ilog, nang lumusong sa ilog ang mga saserdote, na pasan sa balikat ang sagradong kaban [ng tipan]; ang paghati ni Elias sa tubig pagdaan niya sa tuyong lupa sa ilalim nito at tangayin siya ng ipuipo paakyat sa langit mula sa kapatagan sa kabilang panig; at si Eliseo, sa kanyang pagbalik, ay kinuha niya ang balabal ni Elias na nahulog mula rito, at hinampas ang tubig, na sinasabing, 'Saan nandoon

ang Panginoon, ang Dios ni Elias?' sa gayon ay tatlong beses hinati ang Ilog Jordan. Ngunit may isa pang kaganapang napakaganda na nauugnay sa lugar na ito—ang binyag ng ating Tagapagligtas, na binanggit nang ganito—'Nangaral si Juan sa ilang ng Judea, at nagpunta si Jesus sa Jordan mula sa Galilea para magpabinyag sa kanya;' [tingnan sa Mateo 3] at naroon kami sa o malapit sa lugar na iyon mismo kung saan nangyari ang lahat ng mahahalagang kaganapan, nakatayo sa pampang, nakatingin sa makitid na lambak, at naliligo sa ilog na iyon na naging tahimik na saksi sa mga dakilang pangyayaring ito."[3] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 318.]

## Mga Turo ni Lorenzo Snow

### Naparito sa lupa si Jesucristo upang gawin ang kalooban ng Ama at ihanda ang daan para sa ating kapayapaan, kaligayahan, at kadakilaan.

Itinuro ang ebanghelyong ito sa iba't ibang panahon sa mundo. Alam ito ng mga Propeta. Naunawaan nila nang simple at malinaw na si Jesus ang korderong pinaslang bago pa man nilikha ang mundo [tingnan sa Apocalipsis 13:8; Moises 7:47], at sa tamang panahon magpapakita siya sa mga anak ng tao, na mamamatay siya para sa kanilang mga kasalanan, at ipapako sa krus upang kumpletuhin ang plano ng kaligtasan.[4]

Habang nakahiga si Jesus sa sabsaban, isang walang-malay na sanggol, hindi Niya alam na Siya ang Anak ng Diyos, at na Siya ang lumikha ng daigdig. Nang ipalabas ang utos ni Herodes, wala Siyang alam tungkol dito; wala Siyang kapangyarihang iligtas ang Kanyang sarili; at kinailangan Siyang dalhin [nina Jose at Maria] at [itakas] patungo sa Egipto upang protektahan Siya mula sa mga epekto ng utos na iyon. . . . Nagbinata Siya, at habang lumalaki ay inihayag sa Kanya kung sino Siya, at kung ano ang Kanyang layunin sa mundo. Ang kaluwalhatian at kapangyarihang taglay Niya bago Siya naparito sa mundo ay ipinaalam sa Kanya.[5]

Sinabi ni Jesus sa mga tao, habang naglalakbay Siya rito sa daigdig, sa pagtupad sa Kanyang misyon, na hindi Niya isinagawa ang mga himalang ginawa Niya sa kanilang harapan sa pamamagitan ng Kanyang sariling kapangyarihan, ni sa Kanyang sariling



*Noong mga huling buwan ng 1872 at mga unang buwan ng 1873, naglakbay si Elder Lorenzo Snow at ang iba pa sa Banal na Lupain.*

karunungan; kundi naroon Siya upang isagawa ang kalooban ng Kanyang Ama. Hindi Siya naparito para luwalhatiin at purihin ng mga tao, kundi para purihin at luwalhatiin ang Kanyang Ama na nagsugo sa Kanya. Sabi niya, "Naparito ako sa pangalan ng aking Ama, at ayaw ninyo akong tanggapin: kung iba ang pumarito sa kaniyang sariling pangalan, ay siya ninyong tatanggapin." [Juan 5:43.]

Ngayon, ang pagkakaiba ng Kanyang misyon, at ang kaibhan nito sa ibang mga misyon, ay ito: hindi Siya naparito upang luwalhatiin at purihin ng mga tao, kundi upang purihin at luwalhatiin ang Kanyang Ama, at isagawa ang gawain ng Kanyang Ama na nagsugo sa Kanya. Nasa katotohanang ito ang lihim ng Kanyang tagumpay; at narito rin ang lihim ng tagumpay ng bawat taong nagsisikap sundin ang alituntuning iyon.[6]

Si Jesucristo na Anak ng Diyos ay minsang nalagay sa sitwasyon na nangailangan ng Kanyang pinakamalaking pagsisikap upang maisagawa ang kinakailangan para sa kaligtasan ng milyun-milyong anak ng Diyos. Kailangang magkaroon ng pinakamalaking pagsisikap at determinasyon bago maranasan ng Anak ng Diyos ang paghihirap, ang sakripisyong kinailangan Niyang gawin.[7]

Si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay isinugo sa mundo upang maging posible para sa inyo at sa akin na matanggap ang pambihirang

mga pagpapalang ito. Kinailangan Niyang gumawa ng malaking sakripisyo. Kinailangan ang lahat ng kapangyarihan at pananampalatayang taglay Niya upang maisagawa ang ipinagawa sa Kanya ng Ama. . . . Hindi Siya nabigo, bagaman napakatindi ng pagsubok kaya malalaking patak ng dugo ang Kanyang ipinawis. . . . Hindi siguro mailarawan ang Kanyang damdamin. Sinabi Niya mismo sa atin, na mababasa ninyo sa bahagi 19 ng Doktrina at mga Tipan, na napakatindi ng Kanyang pagdurusa na naging dahilan upang maging Siya ay "manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu: at nagnais na kung maaari ay hindi Niya lagukin ang mapait na saro at manliit." Ngunit buong puso Niyang sinabi, "Ama, huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang Iyo." [Tingnan sa D at T 19:15–19.][8]

Lahat tayo ay umaasa kay Jesucristo, sa kanyang pagparito sa mundo upang buksan ang daan para magkaroon tayo ng kapayapaan, kaligayahan, at kadakilaan." At kung hindi niya isinagawa ang mga sakripisyong ito hindi natin matatamo ang mga pagpapala at pribilehiyong ito na tiniyak sa atin sa ebanghelyo, sa pamamagitan ni Jesucristo, sapagkat isinagawa niya ang mga kailangang gawin. . . .

. . . Bagaman isinakripisyo niya ang kanyang sarili at isinagawa ang kanyang bahagi sa plano ng pagtubos sa mga tao, maliban kung sikapin ng mga tao na matamo ang pakikipagkaisang iyon sa kanya, hindi sila maliligtas kailanman.[9]

Lubos naming nauunawaan, na nang magkatawang-tao rito si Jesucristo at matanggap ang katawang iyon at nabubuhay ngayon sa katawang iyon na niluwalhati, na tayo ay may karapatang matanggap ang pagpapala, kadakilaan, at kaluwalhatian ding iyon.[10] [Tingnan sa mga mungkahi 2 at 3 sa mga pahina 318–319.]

---

### Dinalaw ni Jesucristo ang daigdig sa mga huling araw, na naghahayag ng mga banal na katotohanan para sa ating kaligtasan.

Ang Nilalang na iyon na nanirahan sa Langit, na naghari doon bago pa nilikha ang mundo, na lumikha sa mundo, at sa kalagitnaan

ng panahon, ay naparito upang gawing sakdal at iligtas ang Kanyang nilikha, ay nagpakita sa mga tao sa panahong ito.[11]

Pinatototohanan natin sa buong mundo na alam natin, sa pamamagitan ng banal na paghahayag, maging sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Espiritu Santo, na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos, at na personal siyang nagpakita kay Joseph Smith katulad ng ginawa niya sa kanyang mga apostol noong araw, matapos siyang magbangon mula sa libingan, at ipinaalam niya rito [ang] mga banal na katotohanan na siyang tanging makapagliligtas sa sangkatauhan.[12]

May dalawang lalaki sa Templo sa Kirtland na nakakita sa Kanya. . . . Nagpakita sa kanila ang Anak ng Diyos, Siya na pinaslang ng mga Judio, at kanilang sinabi, "ang tabing ay inalis mula sa aming mga isipan, at ang mata ng aming pang-unawa ay nabuksan, at aming nakita ang Panginoon na nakatayo sa sandigan ng pulpito, sa aming harapan." . . . Sa ilalim ng Kanyang mga paa ay lantay na ginto. Ang Kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw. Ang Kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng malalawak na tubig. Iyon ang tinig ni Jehova, na nagsasabing, "Ako ang una at ang huli[.] Ako ang Siyang nabuhay[.] Ako ang Siyang pinaslang[.] Ako ang inyong tagapamagitan sa Ama. Masdan, ang inyong mga kasalanan ay pinatatawad na sa inyo. Kayo ay malinis na sa aking harapan; samakatwid, itaas ang inyong mga ulo at magsaya. Itinayo [ninyo] ang bahay na ito sa aking pangalan. [Tatanggapin] ko ang bahay na ito, at [ibubuhos ko ang aking Espiritu sa mga yaong sumusunod sa aking mga kautusan, at hindi ko tutulutang marumihan] ang banal na bahay na ito." [Tingnan sa D at T 110:1–8.] Ito ang tinig ng tao ring iyon na tinanggihan ng mga Judio, at nakita Siya roon. Ngayon alam ko na ang mga bagay na ito ay totoo tulad ng ang Diyos ay totoo. Ngunit hindi alam ng mga bansa sa mundo na si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay naparito at nagpakita sa mga tao, at binigyan sila ng karapatang ipangaral ang Ebanghelyo at ipangako ang Espiritu Santo sa lahat ng maniniwala at susunod sa mga alituntuning ito, at dapat tumanggap ng kaalaman na ang mga alituntuning ito ay totoo.[13] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 319.]



*Hinikayat ni Pangulong Snow ang mga Banal na tularan ang halimbawa ng limang matatalinong dalaga sa talinghaga ng Tagapagligtas tungkol sa sampung dalaga.*

## Paparitong muli ang Tagapagligtas, at dapat nating paghandaan ang Kanyang pagparito.

May patotoo tayo hinggil kay Cristo, na Siya ay paparito sa lupa, upang maghari.[14]

Si Jesus ay paparito sa huli, at magpapakita sa atin, katulad noong naroon Siya sa mga Judio, at kakain at iinom na kasama natin at kakausapin tayo, at ipaliliwanag niya ang mga hiwaga ng Kaharian, at sasabihin sa atin ang mga bagay na hindi marapat pag-usapan ngayon.[15]

Kung nakasakay kayo sa umaandar na tren, basta't panatag kayong nakaupo sa inyong upuan dadalhin kayo ng tren na iyon sa nais ninyong puntahan; ngunit kung iibis kayo ng tren manganganib kayo, at maaaring matagal pa bago dumating ang susunod na tren. Gayon din tayo—kung mamumuhay tayo nang tama, gagawin ang ating gawain, susulong tayo, at kung tutuparin natin ang ating mga tipan, ginagawa natin ang gawain ng Diyos at isinasakatuparan

ang Kanyang mga layunin, at magiging handa tayo sa panahon na paparito si Jesus na Anak ng Diyos sa karangalan at kaluwalhatian, at ipagkakaloob Niya sa lahat ng matatapat ang lahat ng pagpapalang inaasam nila, at maraming-maraming iba pa. . . .

. . . Sinasabi ko sa mga Banal sa mga Huling Araw, kung may inaantok sa inyo, basahin ang sinabi ng Tagapagligtas noong narito Siya sa lupa tungkol sa sampung dalaga, na ang lima ay matalino, at nilagyan nila ng langis ang kanilang ilawan, at pagdating ng Kasintahang Lalaki ay kalahati lang ang handang sumalubong sa Kanya [tingnan sa Mateo 25:1–13; D at T 45:56–59]. Huwag nating tulutang mangyari iyan sa ating mga Banal sa mga Huling Araw. Sikapin nating maging tapat sa walang-hanggang mga tipang ginawa natin at maging tapat sa Diyos. Pagpalain nawa ng Diyos ang mga Banal sa mga Huling Araw at ibuhos ang Kanyang Espiritu sa inyo. Nawa'y maging tapat kayo sa inyong Diyos, tapat sa inyong pamilya, at maging maingat sa pagkilos sa lahat ng bagay, at gumawa para sa kapakanan ng kaharian ng Diyos, at nang hindi tayo mapabilang sa mga hangal na dalaga, kundi matagpuan tayong karapat-dapat na mapabilang sa mga puputungan bilang mga hari at reyna at maghahari sa buong kawalang-hanggan.[16] [Tingnan sa mga mungkahi 5 at 6 sa pahina 319.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–x.

1. Pagnilayan ang mga salita ni Pangulong Snow tungkol sa mga karanasan niya sa Banal na Lupain (pahina 312). Bakit sa palagay ninyo "paghanga at katahimikan" ang pumasok sa kanyang isipan habang naroon siya? Sa anong mga paraan tayo magkakaroon ng gayon ding mga damdamin tungkol sa Tagapagligtas, kahit hindi natin mapuntahan ang Banal na Lupain?

2. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 313, na iniisip kung ano ang nagawa ni Jesucristo para sa inyo. Habang pinagninilayan ninyo ang hangarin ng Tagapagligtas na "purihin at luwalhatiin ang Kanyang Ama," isipin kung ano ang

kailangan ninyong gawin upang masunod ang kalooban ng Diyos.

3. Sa pahina 314, ibinahagi ni Pangulong Snow "ang lihim ng tagumpay." Paano gumagana sa atin ang lihim na ito?
4. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 315. Paano nakaimpluwensya sa inyong buhay ang inyong patotoo tungkol kay Jesucristo? Pagnilayan ang iba't ibang paraan na magagawa natin ang ating bahagi upang maibahagi sa mundo ang ating patotoo tungkol kay Jesucristo. Halimbawa, ano ang magagawa natin upang maibahagi ang ating patotoo sa ating pamilya? sa mga pinaglilingkuran natin bilang mga home teacher o visiting teacher? sa ating mga kapitbahay? sa mga taong nakakasalamuha natin araw-araw?
5. Sa anong mga paraan natin maihahanda ang ating sarili para sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 317–318.) Paano natin matutulungang maghanda ang iba?
6. Sa paanong paraan nakaimpluwensya ang mga turo ni Pangulong Snow sa inyong patotoo tungkol kay Jesucristo? Humanap ng mga paraan para maibahagi ninyo ang inyong patotoo sa mga kapamilya at sa iba.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Lucas 12:31–48; II Mga Taga Corinto 8:9; 2 Nephi 2:7–8; 25:23, 26; Alma 7:11–13; D at T 35:2; Joseph Smith—Kasaysayan 1:17

*Tulong sa Pagtuturo:* "Papiliin ng isang bahagi ang mga miyembro ng klase at ipabasa ito nang tahimik sa kanila. Sabihing magsama sa dalawahan o tatluhang grupo ang magkakapareho ang napiling bahagi at ipatalakay ang natutuhan nila" (mula sa pahina ix ng aklat na ito).

## *Mga Tala*

1. Liham mula kina Brigham Young at Daniel H. Wells kay George A. Smith, sa *Correspondence of Palestine Tourists* (1875), 1–2.
2. Sa *Correspondence of Palestine Tourists,* 205.
3. Sa *Correspondence of Palestine Tourists,* 236–37.
4. *Deseret News,* Ene. 24, 1872, 597.
5. Sa Conference Report, Abr. 1901, 3.
6. *Deseret News,* Dis. 8, 1869, 517.

7. Sa Conference Report, Okt. 1900, 2.
8. *Millennial Star,* Ago. 24, 1899, 531.
9. *Deseret News,* Mar. 11, 1857, 3; sa orihinal na pinagmulan, ang pahina 3 ay nalagyan ng maling pahina 419.
10. *Deseret News,* Nob. 22, 1882, 690.
11. Sa Journal History, Abr. 5, 1884, 9.
12. *Deseret News: Semi-Weekly,* Ene. 23, 1877, 1.
13. *Millennial Star,* Abr. 18, 1887, 245.
14. *Deseret News,* Abr. 11, 1888, 200; mula sa isang detalyadong pakahulugan ng isang mensaheng ibinigay ni Lorenzo Snow sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1888.
15. Sa Conference Report, Abr. 1898, 13–14.
16. *Millennial Star,* Abr. 18, 1887, 244–46.

# Listahan ng mga Larawan


Pabalat: *Lorenzo Snow,* ni John Willard Clawson; papel na parang marmol © Artbeats.

Pahina vi: Larawan sa kagandahang-loob ng Church History Library.

Pahina 2: Larawang inukit sa kagandahang-loob ng Church History Library.

Pahina 5: Retrato sa kagandahang-loob ng Church History Library.

Pahina 8: Detalye mula sa *Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol, 1853,* larawang inukit ni Frederick Hawkins Piercy.

Pahina 14: *Barko Patungong Sion,* ni Glen S. Hopkinson. © Glen S. Hopkinson. Bawal kopyahin.

Pahina 16: *Binabasbasan ni Lorenzo Snow ang Isang Lalaking Sugatan,* ni Brian Call. © Brian Call.

Pahina 20: *Mga Pioneer na Nakasakay sa mga Bagon na may Takip,* ni Minerva Teichert. Sa kagandahang-loob ng Church History Museum.

Pahina 40: *Lorenzo Snow,* ni Lewis Ramsey. Sa kagandahang-loob ng Church History Museum.

Pahina 46: Retrato sa kagandahang-loob ng Church History Library.

Pahina 50: *Binibinyagan ni Juan si Jesus,* ni Harry Anderson. © IRI.

Pahina 54: *Araw ng Pentecostes,* ni Sidney King. Sa kagandahang-loob ng Church History Museum.

Pahina 64: Larawang kuha ni Frank Helmrich. © 2009 Frank Helmrich.

Pahina 67: *Nagdarasal si Lorenzo Snow,* ni Brian Call. © Brian Call.

Pahina 78: Larawang kuha ni William Arley Cole.

Pahina 80: *Binabasbasan nina William Cluff at Alma Smith si Lorenzo Snow,* ni Sam Lawlor. © Sam Lawlor.

Pahina 82: Larawang kuha ni Steve Bunderson. © 2000 Steve Bunderson.

Pahina 92: Larawan © Corbis.

Pahina 97: *Si Pablo na Apostol,* ni Jeff Ward. © Jeff Ward.

Pahina 104: *Ang Sermon sa Bundok,* ni Carl Heinrich Bloch. Ginamit sa pahintulot ng National Historic Museum at Frederiksborg sa Hillerød, Denmark.

Pahina 108: *Si Abraham sa Kapatagan ng Mamre,* ni Grant Romney Clawson, batay sa orihinal na gawa ni Harry Anderson. © IRI.

Pahina 120: Detalye mula sa *Sugar Creek, 1846,* ni Gregory Sievers. © Gregory Sievers.

Pahina 122: Drowing ni Peter O. Hansen sa diary ni Heber C. Kimball.

Pahina 137: *Jonas,* ni Robert T. Barrett. © Robert T. Barrett.

Pahina 166: Detalye mula sa *Si Cristo sa Getsemani,* ni Heinrich Hofmann. Sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.

Pahina 173: *Paghawi ni Moises sa Dagat na Mapula,* ni Robert T. Barrett. © 1983 IRI.

Pahina 185: Larawang kuha ni Ivan Ortiz Ponce. © 2002 Ivan Ortiz Ponce.

Pahina 198: *Pinahiran Niya ng Langis ang Mata ng Lalaking Bulag,* ni Walter Rane. Sa kagandahang-loob ng Church History Museum.

Pahina 208: Retrato sa kagandahang-loob ng Church History Library.

Pahina 222: *Pag-alis sa Nauvoo,* ni Glen S. Hopkinson. © Glen S. Hopkinson.

Pahina 227: Larawang kuha ni Steve Bunderson. © 2006 Steve Bunderson.

Pahina 232: Larawan © Getty Images.

Pahina 240: *Panunumbalik ng Melchizedek Priesthood,* ni Walter Rane. © IRI.

Pahina 268: *Ang Unang Pangitain,* ni Minerva Teichert. Sa kagandahang-loob nina Ray M. at LaFond Pope Hall. Bawal kopyahin.

Pahina 272: *Joseph Smith Jr. Pagtanggap ng Paghahayag,* ni Daniel A. Lewis. © 2007 Daniel A. Lewis.

Pahina 280: *Nagpakita ang Panginoon sa Kirtland Temple,* ni Del Parson. © 2001 IRI.

Pahina 287: *Si Cristo at ang Mayamang Batang Pinuno,* ni Heinrich Hofmann. Sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.

Pahina 290: *Tumanggap ng Tulong si Lorenzo Snow at ang Kanyang Pamilya Habang Nasa Daan,* ni Sam Lawlor. © Sam Lawlor.

Pahina 300: *Joseph Smith,* hindi kilala ang pintor. Ang larawang ito ay sa kagandahang-loob ng Community of Christ Archives, Independence, Missouri.

Pahina 304: *Nakikipaglaro si Joseph sa Kanyang mga Anak,* ni Robert T. Barrett. © 1991 Robert T. Barrett.

Pahina 310: *Si Cristo Suot ang Pulang Bata,* ni Minerva Teichert. © IRI. Sa kagandahang-loob ng Church History Museum.

Pahina 314: *Jerusalem,* ni James Fairman. Sa kagandahang-loob ng Church History Museum.

Pahina 317: *Talinghaga ng Sampung Dalaga,* ni Dan Burr. © IRI.

# Indeks


**A**

Ama sa Langit. *Tingnan sa* Diyos Ama

Anak, mga
- dapat matutuhan ang batas ng ikapu, 187
- isang mahalagang pamana, 146

Apostasiya
- sa Kirtland, Ohio, 281–282
- sinusunod ang kamunduhan, 282–284

Apostol, mga responsibilidad ng mga, 21–22

**B**

Banal na kasulatan, itinuturo ang ating banal na potensyal, mga, 95–99

Batas na selestiyal, pagkakaroon sa ating buhay ng, 219

Binyag
- isinasagawa ng wastong awtoridad, 58–60
- isinasagawa sa pamamagitan ng paglulubog, 55–58
- kailangan para sa kapatawaran ng mga kasalanan, 53–55, 57–58
- nauuna bago ang kaloob na Espiritu Santo, 53–55
- ni Jesucristo, 56, 312
- ni Lorenzo Snow, 7, 51
- pagtupad sa mga tipan ng, ay nagdudulot ng mga pagpapala, 60–62

Biyaya, 199

Brigham City, Lorenzo Snow sa, 25–26

Bundok ng Pisgah
- libangan sa, 121–23
- si Lorenzo Snow ang namuno sa, 20, 119–23

**C**

Cluff, William, tumulong sa pagsagip sa buhay ni Lorenzo Snow, 77–80

**D**

Disiplina, kailangan upang maging perpekto, 106

Diyos Ama
- gawin ang kalooban ng, 169–70
- ginawa ni Jesucristo ang kalooban ng, 313–15
- lahat ng tao ay mga anak ng, 292–93
- naghahanda ng kagila-gilalas na mga bagay para sa matatapat, 158
- paghahangad sa kaluwalhatian ng, tumitiyak ng tagumpay, 169–70
- pagkilala sa kapangyarihan ng, sa kabutihang ating ginagawa, 174
- pinangangalagaan ang Kanyang mga tao, 274–75
- potensyal na maging katulad ng, 91–99
- sa tulong ng, magagawa natin ang anumang ipagawa, 201–2

**E**

Edukasyon
- espirituwal, 43, 68–69
- kahalagahan ng, kay Lorenzo Snow, 3–4, 39–42
- kailangan ng pananampalataya, sikap, at tiyaga, 41–43

England
misyon ni Lorenzo Snow sa, 11–17, 245, 246–47
paglalayag ni Lorenzo Snow papunta sa, 199–200

Espiritu Santo
bilang ating kaibigan, 83–84, 87
inihahanda tayo para sa kaluwalhatiang selestiyal, 86–87
inihahayag ang mga bagay na ukol sa Diyos, 83–84
inuudyukan ang mga miyembro na magmisyon, 260
ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, 56–57
kaloob na, ipinagkakaloob sa pamamagitan ng wastong awtoridad, 58–59
kaloob na, may kaugnayan sa pananampalataya at pagsisisi, 53–54
nagdudulot ng kapayapaan at kaligayahan, 84–85
nagpapanatili sa atin na sumulong, 88
nagpapayo, 84
paramdam ng, iniligtas ang buhay ni Lorenzo Snow, mga, 77–80
patnubay ng, humahantong sa mga pagpapala, 59–62
tinutulungan tayong gampanan ang mga tungkulin, 85–86
tinutulungan tayong makayanan ang mga pagsubok, 85–87
tumutulong sa pambihirang mga kalagayan, 78–80, 86
umaakay sa lahat ng katotohanan, 80–83
umaantig sa puso ng mga investigator, 260

Espirituwal na mga kaloob, paghahangad ng, 239–42

**F**

Family history, pagsasakripisyo upang magawa ang, 162

**G**

Gawaing misyonero
at pag-ibig sa kapwa-tao, 263
dahilan sa paglilingkod nang full time, mga, 256–57
kagalakan sa pakikibahagi sa, 256, 263–64
naghahatid ng mabuti at magandang balita, 260–61
naglilingkod ang mga miyembro sa, 211–12
naglilingkod bilang mga kinatawan ng langit, 261
natatanggap ang tulong ng Panginoon sa, 255–56
pagsasakripisyo upang maglingkod, 258–60, 264
payo kung paano maglingkod, 260–63
tinutulungan ang iba na tanggapin ang mga pagpapala ng ebanghelyo, 257–60

Gawain ng Panginoon
kailangan natin ang tulong ng Diyos upang maisagawa, 205
maaaring maging mahirap, 218–19
nagdudulot ng kagalakan, 218–19
nagdudulot ng kaunlaran, 205

Guro, mga
dapat maglingkod nang may pagmamahal, 248
kailangan ng patnubay mula sa Espiritu, 45–47, 248–50
nabigyang-liwanag sa pamamagitan ng pagtuturo sa iba, 294
turuan ang mga bata na magbayad ng ikapu, 187

Guy, Joseph, gumaling sa pamamagitan ng pagbabasbas ni Lorenzo Snow, 234–35

**H**

Haka-haka, diwa ng, humantong sa apostasiya sa Kirtland, 282–84

Halimbawa
- ay mahusay na guro, 250–251
- dapat sundin ng mga lider at guro ang Tagapagligtas, 248–50
- magulang nagpapakita ng, para sa mga anak, mga, 147–49

**I**

Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, 317–18

Ikapu
- batas na hindi mahirap unawain at ipamuhay, 183–84
- dapat turuan ang mga bata na magbayad ng, 187
- lahat ng mga Banal sa mga Huling Araw ay dapat magbayad ng buong, 179–80, 184
- Lorenzo Snow nabigyang-inspirasyon na mangaral tungkol sa, 34, 179–80
- magulang at guro dapat magpakita ng halimbawa sa pagbabayad, mga, 187
- nagbabayad para sa mga templo, 185, 186
- pagbabayad ng, nagdudulot ng mga espirituwal at temporal na pagpapala, 181, 186–87
- pinadadalisay ang lupain, 185–86
- pinalaya ang Simbahan sa pagkakautang, 34, 181–82

Italian Mission, itinatag ni Lorenzo Snow, 22–25, 233–36

**J**

Jensen, Ella, nagbalik ang buhay sa pamamagitan ng pagbabasbas ni Lorenzo Snow, 29–30

Jesucristo
- ay darating sa lupa upang maghari, 316–17
- binyag ni, 55, 312
- halimbawa ng paglaban sa tukso, 286
- halimbawa ng paglilingkod ng priesthood, 213
- kadakilaan sa pamamagitan ni, 96–98, 314–15
- kapatawaran sa pamamagitan ng nagbabayad-salang dugo ni, 59
- misyon ni, 313–15
- nagpakita kay Lorenzo Snow, 30, 267–69
- nagpakita sa Kirtland Temple, 282–84, 315–16
- nananalangin na magkaisa ang lahat, 223–24
- Pagbabayad-sala ni, para sa lahat ng tao, 213
- pagkaorden noon pa man ni, 124
- pagpapailalim sa kalooban ng Ama, 169–70, 314–15
- pagsilang ni, 313
- patotoo ni, 66, 211–12, 315–16
- pinuno ng Simbahan, 267–69

**K**

Kaalaman
- pagbabahagi ng, sa iba, 294
- pagkakaroon ng espirituwal na, kailangan ng pagsisikap, 69–72
- pagpapaunlad ng espirituwal na, 68–69
- *Tingnan din sa* Pagkatuto

Kababaihan, sa gawain ng Panginoon, 191

*Tingnan din sa* Relief Society

Kadakilaan
maaaring makamtan sa pamamagitan ni Jesucristo, 314–15
potensyal para sa, 93–99, 146–47

Kagalakan
katapatan sa layunin ng katotohanan ay nagdudulot ng, 218–19
sa kabila ng mga paghihirap, 99–100, 128–29

Kahariang selestiyal
inihahanda tayo ng Espiritu Santo para sa, 86–87
pagsisikap para sa, 101

Kaharian ng Diyos
hangarin muna ang, 287
hindi mawawasak, 273–74
isinusulong ng mga miyembro ng Relief Society, 192–93
katapatan sa, 285–86
pagtatayo, 275, 286–88
patuloy na pag-unlad ng, 267–71
*Tingnan din sa* Paglilingkod sa Simbahan; Simbahan ni Jesucristo

Kaligayahan
dumarating sa pamamagitan ng priesthood, 238–39
makakamtan sa pamamagitan ni Jesucristo, 314–15
nadaragdagan habang tinutulungan natin ang iba na mahanap, 293–94
paglakad sa liwanag ng Banal na Espiritu ay nagdudulot, 84–85
pagtanggap sa ebanghelyo ay nagdudulot ng, 257
sa gitna ng pagdurusa, 119–23

Kalooban ng Diyos, paghahangad at pagsunod, 169–74

Kaluwalhatian ng Diyos, ang isipan ay dapat nakatuon sa, 205

Kamunduhan
babala laban sa, mga, 281–84
ibinabaling tayo palayo sa walang hanggang mga alituntunin, 282–84
paghihiwalay ng ating sarili sa, 114–15, 201–2, 285–86
pagtangging ipagpalit ang mga kaluwalhatian ng kawalang-hanggan sa, 286–88

Kapakanan, debosyon sa, ng iba, 250–51

Kapalaluan, halimbawa ng isang lider ng Simbahan, 245, 246–47

Kapayapaan
Espiritu Santo ay makapagdudulot ng, 84–85
sa pamamagitan ni Jesucristo, 314–15

Kasal
hinihikayat ng Relief Society ang katapatan sa, 193
pagkakaisa ng damdamin sa, 147–48
walang hanggan, dapat hikayatin, 145
walang hanggan, para sa mga hindi nakasal sa buhay na ito, 146–47
walang hanggan, sa mga templo, 158–59

Katotohanan, kaloob ng Espiritu Santo ay umaakay sa lahat ng, 80–83

Kaunlaran, sikreto ng, 313

Kawalang-hanggan, kaluwalhatian ng, higit kaysa mga kayamanan ng daigdig, 286–88

Kirtland Temple
pagpapala sa paglalaan ng, mga, 282–84
si Jesucristo ay nagpakita sa, 155, 282–84, 315–16

Korum, nagkakaisa sa, mga, 224–26

Korum ng Labindalawang Apostol, pagtawag kay Lorenzo Snow sa, 21–22

Kumpirmasyon. *Tingnan sa* Espiritu Santo

**L**

Layunin ng buhay, 175

**M**

Magulang, mga
- hinihikayat ang pagmamahalan at kabaitan sa tahanan, 147–49
- kailangang magpakita ng halimbawa sa mga bata, 149–51
- turuan ang mga bata na magbayad ng ikapu, 187
- upang linangin ang mga alituntunin ng buhay at kaligtasan, 151
- *Tingnan din sa* Pamilya

Malta, paglilingkod ni Lorenzo Snow sa, 209–10

Milenyo, gawain sa templo sa, 162

**O**

Oposisyon, hindi mawawasak ang kaharian, 273–74

Ordenansa, mga
- nagdudulot ng mga walang hanggang kaloob at mga pagpapala, 59
- para sa mga patay, 158–59, 162
- pinangangasiwaan ng priesthood, 58–60, 236–38

**P**

Pagbabalik-loob
- nagsisimula sa patotoo, 68
- ni Lorenzo Snow, 6–7, 65, 66–67
- sa pagpapalakas ng pananampalataya, 68–72

Paggawa
- kung saan tayo ilagay ng Panginoon, 199
- pagsasakatuparan, ipinagkatiwala sa atin, 275–77
- para sa kapakanan ng mga kaibigan, 294–96

Paghahayag
- itinayo ang Simbahan sa ibabaw ng bato ng, 81–83
- kailangan ang pagpapakumbaba sa, 88
- tumutulong sa gitna ng mga kahirapan, 80–82

Paghalili sa Panguluhan, 267–71

Paghihirap. *Tingnan sa* Pagsubok, mga

Pag-ibig, pagmamahal
- ng isa't isa, 226–30, 292–93
- ng mga misyonero para sa mga tao, 263–64
- sa Diyos higit sa pagmamahal sa daigdig, 285
- sa gawaing misyonero, 260

Pag-ibig sa Kapwa-Tao
- ipinaaabot sa lahat, 292–93
- ipinakikita ng mga miyembro ng Relief Society, 192

Pagiging perpekto
- dumarating sa kabila ng mga kahirapan, 125
- kailangan ang pagsisisi sa, 109–10
- kailangan ang tulong ng langit upang makamtan, 106–8
- kautusang hangarin, 106–8
- proseso sa araw-araw, 110–14, 116
- sa ating ginagalawan, 108–9

Pagkakaibigan
- kailangan ng pagsisikap ng dalawang panig, 226
- sa mga taong iba ang relihiyon, 257

Pagkakaisa
dumarating kapag naglilingkod tayo sa isa't isa, 226–29
ginagawa tayong makapangyarihang lahi, 229
inihahanda tayo upang makapiling ang Diyos, 229
ipinakikita sa mundo ang katangian ng Panginoon, 223–24
nagdudulot ng liwanag at katalinuhan, 229–30
sa mga korum at organisasyon, 224–26
sa mga pamilya, 225
sa Simbahan, 224–26

Pagkamasayahin, naglilingkod sa Diyos nang may, 216

Pagkatuto
kailangan ng pagtitiyaga, 41–42
nakabubuti ang pag-uulit sa, 44
sa pamamagitan ng Espiritu, 43–44
sa pamamagitan ng pananampalataya, 41–42
*Tingnan din sa* Kaalaman

Paglilingkod sa kapwa
dinaragdagan ang ating kaligayahan, 293–94
nagtutulot na mapasaating puso ang langit, 296–97
paggamit ng mga talento sa, 250
pagpapabuti sa ating sarili sa pamamagitan ng, 294–96
pagpapala nagmumula sa, mga, 291, 292
pagsusuri sa personal na mga motibo sa, 246–47
*Tingnan din sa* Paglilingkod sa Simbahan

Paglilingkod sa Simbahan
mahalaga ang bawat tungkulin, 213–16
mahirap ngunit nakagagalak, 218–19
matapat at masigasig, 216–18
Relief Society nagbibigay ng mga pagkakataon para sa, 193–94
tinutulungan ang iba na tumanggap ng kaligtasan, 212–13
*Tingnan sa* Paglilingkod sa kapwa

Pagpapakumbaba
kailangan ng mga lider, 250–51
kailangan upang maisakatuparan ang gawain, 275–77
kailangan upang matanggap ang Espiritu, 88

Pagpapatawad, 229

Pagsisisi
itinataguyod ang ating sariling layunin, 138
may kaugnayan sa binyag at kumpirmasyon, 53–55
nadadaig ang kabiguan, 110–14
sa hindi pagbabayad ng ikapu, 184

Pagsubok, mga
inihahanda tayo para sa kaluwalhatiang selestiyal, 124–25
makadama ng kagalakan sa oras ng, 99–101, 119–23
nagtutulot upang maipakita ang pagmamahal natin sa Diyos, 125–26
pananatiling matapat sa oras ng, 119–23, 125–26
pinalalakas tayo ng Panginoon upang malampasan ang, 126–28
tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na magtiis, 85–87
tumutulong na mas mapalapit tayo sa Diyos, 128–29

Pagsunod
nagdudulot ng mga pagpapala, 52–53
sa kalooban ng Diyos, nagdudulot ng kapangyarihan, 170–74

Pagtitiwala
sa Diyos, 195–96, 199–200
sa mga pangako ng Panginoon, 275–77

Pagtitiyaga, kailangan upang maging perpekto, 106

Pag-uugali
itinuturo ng mga banal na kasulatan ang tungkol sa pagpapabuti pa ng, 136–38
mabuti, lalo tayong inilalapit sa Panginoon, 139–41
pagkakaroon ng wastong, 134–36
pagpapanatili ng mabuting, 139–41
pinalalakas ng pagsisisi, 139
unti-unting bumubuti, 138–39

Pamilya
nabuklod sa mga templo, 159
pagkakaisa sa, 147–49, 225
pagpapala ng, makakamit ng lahat ng matatapat, mga, 146–47
pagtuturo ng ebanghelyo sa, 149–51
Relief Society mabuting impluwensya sa, 193
sagrado at walang hanggang mga ugnayan sa, 145–46

Pananampalataya
espirituwal na kaalaman nagpapalakas ng, 69–70
isang kaloob ng Espiritu, 80–83
may kaugnayan sa binyag at kumpirmasyon, 53–55
pagkakaroon ng, nagpapatatag ng pagkatao, 138
pagpupunyagi nagpapalakas ng, 70–72
pagtupad sa mga tungkulin nang may, 216–18

Panghihina ng loob, pagdaig, 114, 195–96

Pang-uusig, hindi mawawasak ang Simbahan, 273–74

Panunumbalik
ipinropesiya, 267
isinagawa sa pamamagitan ni Joseph Smith, 236–38, 306–7
patotoo ni Lorenzo Snow tungkol sa, 306–7

Patotoo
ay mabuting simula, 68
tungkol kay Jesucristo, 66, 211–12, 315–16
tungkol kay Joseph Smith at sa Pagpapanumbalik, 306–7

Patten, David W., nagpatotoo kay Lorenzo Snow, 1, 3

Perpetual Emigrating Fund, 221–23

Pinuno, mga
dapat ipagawa sa iba ang mga responsibilidad, 250
dapat maglingkod nang may pagmamahal, 248–50
hindi dapat maghangad ng karangalan para sa kanilang sarili, 245, 246–47
inutusang pakainin ang mga tupa ng Panginoon, 247–48
kailangang magmalasakit sa kapakanan ng iba, 245, 246–51
kailangan ng patnubay mula sa Espiritu, 250–51

Plano ng kaligtasan
buhay at pagkamatay ni Jesucristo bahagi ng, 313–15
ebanghelyo ang, 267
pinasimulan bago pa ang pagkalikha ng daigdig, 267

Priesthood
awtoridad na ipinagkaloob mula sa langit, 236–38
ginagabayan at ginagawa tayong perpekto, 238–39
ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith, 236–38

mayhawak ng, hahangarin at gagamitin ang mga espirituwal na kaloob, mga, 239–42
mayhawak ng, maglilingkod sa iba, mga, 239–42
mayhawak ng, nakikipagtulungan sa kababaihan ng Relief Society, mga, 192–93
mayhawak ng, susundin ang mga alituntunin ng kabutihan, mga, 239–42
tinutulungan tayong mahanap ang kaligayahan, 238–39

**R**

Relief Society
mabuting impluwensya sa mga tahanan, 193
misyon ng, 192
nagpapakita ng halimbawa ng pagibig sa kapwa-tao at ng dalisay na relihiyon, 192
nagpapatatag sa pagiging ina, 193
nakikipagtulungan sa mga mayhawak ng priesthood, 183
pagsusulong ng kaharian ng Diyos, 192–93
pagtanggap ng karagdagang mga oportunidad na makapaglingkod, 194–95
tinutulungan ang mga miyembrong mithiin ang kaluwalhatiang selestiyal, 195–96

**S**

Sakripisyo
kailangan para sa temporal na kaligtasan, 274–75
kailangan sa mga misyonero, 257–60
maaaring hingin ng Panginoon, 277
nagagawa sa tulong ng Diyos, 203–4
na gawin ang gawain sa templo, 162
para sa ikabubuti ng iba, 227–28, 296–97

Sampung dalaga, talinghaga ng, 317–18

Sigaw na Hosana, 156–57

Simbahan ni Jesucristo
nakatayo sa matibay na pundasyon, 273–74
sumusulong sa kabila ng oposisyon, 267–71, 273–74
*Tingnan din sa* Kaharian ng Diyos; Paglilingkod sa Simbahan

Smith, Alma L., tumulong sa pagliligtas sa buhay ni Lorenzo Snow, 77–80

Smith, Hyrum, pagpaslang kay, 267

Smith, Joseph
banal na tungkulin ni, 301
ipinanumbalik ang priesthood sa pamamagitan ni, 236–38
isang matapat na binata noong tinawag, 301–2
karanasan ni Lorenzo Snow kasama si, mga, 299–301
mataas ang moralidad ng pagkatao, 301–3
nadagdagan ang espirituwal na kapangyarihan at impluwensya, 305–6
nagsalita nang may kapangyarihan sa Nauvoo Temple, 299
nasiyahan sa simpleng paglilibang, 303–5
pagpaslang kay, 267
patotoo ni Lorenzo Snow tungkol kay, 301, 306–7
unang pagkakita ni Lorenzo Snow kay, 301
walang pagpapaimbabaw, 303–5

Snow, Eliza R. (kapatid ni Lorenzo Snow)
ikalawang Relief Society general president, 191

kalagayan ni, na walang anak, 146–47
sinamahan si Lorenzo Snow papunta sa Banal na Lupain, 311–13

Snow, Lorenzo
at gawain sa templo, 27–28
bilang full-time missionary, 8–17, 22–25, 77–80, 233–36
binasbasan ang isang batang Waldenses, 234–35
binasbasan ang nasugatang tauhan ng barko, 14–17
binasbasan si Ella Jensen, 28–29
binyag ni, 7, 51
bumisita sa Banal na Lupain, 311–13
ginampanang mabuti ang tungkulin sa priesthood, 133, 134
itinatag ang Italian mission, 22–25
itinatag ang Simbahan sa Malta, 209–10
itinuro ang batas ng ikapu, 34–35, 179–82
kabataan ni, 3–4
karanasan kasama si Joseph Smith, mga, 299–301
naging Pangulo ng Simbahan, 30
nag-iwan ng pera sa asawa ni Brigham Young, 11
nagkaroon ng mahigit sa isang asawa, 19
nagkaroon ng patotoo, 6–7
nagkuwento ng mga problema at tagumpay sa pagsasalita sa publiko noong una, 103–6
nagpadala ng liham sa mga lider ng priesthood sa London, 245, 246–47
nagpakita si Jesucristo kay, 30, 269–71
nagpasiyang maglilingkod sa full-time mission, 255–56
nagsalita sa isang aktibidad ng Relief Society, 191
nakaranas ng unos papunta sa England, 199–200
nakipagkaibigan sa mga lider ng ibang mga relihiyon, 32–33
naligtas ang buhay bilang misyonero sa Hawaiian Islands, 78–80
nangolekta ng mga donasyon para sa Perpetual Emigrating Fund, 221–23
pag-aaral ni, 4–6
pagbabalik-loob ni, 6–7, 65, 66–68
pinamahalaan ang isang reunion ng pamilya, 143, 145
pinamunuan ang mga Banal sa Brigham City, 25–27
pinamunuan ang mga Banal sa Bundok ng Pisgah, 20–21
sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan, 269–70
tinawag sa Korum ng Labindalawang Apostol, 21–22
tumanggap ng tulong mula sa isang taong kanyang pinaglingkuran, 291, 292
tumugon sa panawagan ni Brigham Young na magbago, 133, 134
uhaw na matuto, 3–4, 39–41

Snow, Oliver (ama ni Lorenzo Snow), 3–4

Snow, Rosetta Leonora Pettibone (ina ni Lorenzo Snow), 3–4

**T**

Tadhana ng matatapat, 91–95

Tagumpay
dumarating sa pagsunod sa kalooban ng Ama, 169–74
pagsunod ay nagdudulot ng, sa gawain ng Diyos, ang, 216–18

Tahanan. *Tingnan sa* Pamilya

Talento, mga
ginagamit ng mga lider, ng iba, 250
talinghaga ng, 213–16

Templo, mga
at mga ordenansa para sa patay, 158–62
inihahanda tayo upang mapaglabanan ang tukso, 162–63
kahalagahan kay Lorenzo Snow, 26–27
lugar upang malaman ang tungkol sa mga pagpapala ng Diyos, mga, 158
paanyayang pumasok sa, 158
pagpapala ng paglilingkod sa, mga, 162–63
pagpasok nang may dalisay na puso, 163
pagsasakripisyo upang makagawa sa, 162
pamilya nabuklod sa, mga, 158
pangunahing gawain sa Milenyo, 162
tinutulutan tayong maging mga tagaligtas, 162

Tipan, mga
kabiguang tuparin ang, 285–86
pagtupad ng, ay nagdudulot ng kagalakan, 218–19
pagtupad sa, ng binyag, ay nagdudulot ng mga pagpapala, 60–62

Tukso, mga
gawain sa templo tumutulong sa ating paglabanan ang, 163
hindi nadaraig ng, 282–84
misyonero dapat lumayo sa, mga, 263
paano matatakasan, 281–82
pananatiling matapat sa oras ng, 125–26
pinalalakas tayo ng Panginoon upang madaig ang, 126–28

Tungkulin, mga
ay mahalagang lahat sa gawain ng Diyos, 213–216
kailangan ang tulong ng Panginoon sa pagsasakatuparan ng, 170–74, 199–200
pagtupad sa, 213–216

**W**

Waldenses, ang, 23–24, 233–6

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02367 87893 1
36787 893